


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • NOBYEMBRE 2017

Liahona

Mga Mensahe
sa Pangkalahatang
Kumperensya





© MARK MISSMAN AT MARK MABRY, HINDI MAAARING KOPYAHIN

“Paano tayo lalapit sa Kanya? Noong Abril, hinikayat tayo nina Pangulong Russell M. Nelson at Elder M. Russell Ballard na pag-aralan ang ‘Ang Buhay na Cristo’ bilang bahagi ng pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas. . . .

“Nang pag-aralan ko ang buhay at mga turo ni Jesucristo nang may higit na pokus at maisaulo ko ang ‘Ang Buhay na Cristo’ nag-ibayo ang pasasalamat at pagmamahal ko sa ating Tagapagligtas. Bawat pangungusap ng inspiradong pahayag na iyon ay may aral at lalo kong naunawaan ang Kanyang banal na tungkulin at misyon sa lupa. Ang natutuhan at nadama ko sa panahong ito ng pag-aaral at pagninilay ay nagpapatunay na talagang si Jesus ‘ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo.’”

Jean B. Bingham, Relief Society General President, “Upang Malubos ang Inyong Kagalakan,” 85.

Sa Pamamagitan ng Pananampalayang Higit pa sa Nakikita ng Mata, nina Mark Missman at Mark Mabry

Mga Nilalaman Nobyembre 2017

Tomo 20 • Bilang 11

Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

- 6 **Pagliwanagin ang Inyong Ilaw**
Sharon Eubank
- 10 **Pagsunod sa Diyos at Pag-alis ng Agwat**
Neill F. Marriott
- 13 **Halagang Hindi Masusukat**
Joy D. Jones
- 16 **Tatlong Magkakapatid na Babae**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Sesyon sa Sabado ng Umaga

- 21 **Pananabik na Makauwi**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 25 **Ang mga Pangangailangan na Nasa Ating Harapan**
Bonnie L. Oscarson
- 28 **Ang Plano at ang Pagpapahayag**
Elder Dallin H. Oaks
- 32 **“Ako ay May Gawain Para sa Iyo”**
Elder John C. Pingree Jr.
- 36 **Ang Tinapay na Buhay na Bumabang Galing sa Langit**
Elder D. Todd Christofferson
- 40 **Kayo Nga’y Mangagpakasakdal—Sa Wakas**
Elder Jeffrey R. Holland

Sesyon sa Sabado ng Hapon

- 43 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
Pangulong Henry B. Eyring
- 44 **Espirituwal na Eklipse**
Elder Gary E. Stevenson
- 48 **Ang Pagsisisi ay Palaging Positibo**
Stephen W. Owen
- 51 **Ang Araw-araw na Walang-Hanggan**
Elder Quentin L. Cook
- 55 **Sa Banal na Plano**
Elder Ronald A. Rasband
- 58 **Ang Puso ng Balo**
Elder O. Vincent Haleck
- 60 **Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?**
Pangulong Russell M. Nelson

Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

- 64 **Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas**
Elder Dale G. Renlund
- 68 **Ang Katotohanan ng Lahat ng Bagay**
Elder David F. Evans
- 75 **Makamtan ang Tiwala ng Panginoon at ng Inyong Pamilya**
Elder Richard J. Maynes
- 78 **Mga Tagadala ng Makalangit na Liwanag**
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 81 **Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan**
Pangulong Henry B. Eyring

Sesyon sa Linggo ng Umaga

- 85 **Upang ang Inyong Kagalakan ay Malubos**
Jean B. Bingham
- 88 **Tumigil na ba ang Araw ng mga Himala?**
Elder Donald L. Hallstrom
- 90 **Napakadakila at Mahahalagang Pangako**
Elder David A. Bednar
- 94 **Bumaling sa Panginoon**
Bishop W. Christopher Waddell
- 97 **Panginoon, Itulot Ninyo Nawang Mabuksan ang Aking mga Mata**
Elder W. Craig Zwick
- 100 **Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti**
Pangulong Henry B. Eyring

Sesyon sa Linggo ng Hapon

- 104 **Patuloy ang Paglalakbay!**
Elder M. Russell Ballard
- 107 **Makapangyarihang Saksi ng Diyos: Ang Aklat ni Mormon**
Tad R. Callister
- 110 **Magkalayo, Subalit Nananatiling Iisa**
Elder Joni L. Koch
- 112 **Nagitiwala ba Tayo sa Kanya? Ang Mahirap ay Mabuti**
Elder Stanley G. Ellis
- 115 **Mahahalagang Katotohanan—Ang Pangangailangan Nating Kumilos**
Elder Adilson de Paula Parrella
- 117 **Maghanap Kayo sa Pinakamabubuting Aklat**
Elder Ian S. Arden
- 119 **Mangag-ibigan sa Isa’t Isa Tulad ng Pag-ibig Niya sa Atin**
Elder Jose L. Alonso
- 122 **Ang Tinig ng Panginoon**
Elder Neil L. Andersen
- 72 **Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 127 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**
- 128 **Mga Balita sa Simbahan**
- 137 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society**



Ang Ika-187 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Sabado ng Gabi, Setyembre 23, 2017, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

Nangangasiwa: Jean B. Bingham. Pambungad na Panalangin: Megumi Yamaguchi. Pangwakas na Panalangin: Leslie P. Layton. Musika ng isang Relief Society choir mula sa mga stake sa Park City, Utah, area; Jane Fjeldsted, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: "Let Zion in Her Beauty Rise," *Hymns*, blg. 41, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; "Sing Praise to Him," *Hymns*, blg. 70, isinaayos nina Fjeldsted at Goodliffe; "Tapat sa Pananampalataya," *Mga Himno*, blg. 156; "We Have Partaken of Thy Love," *Hymns*, blg. 155, isinaayos nina Fjeldsted at Goodliffe.

Sabado ng Umaga, Setyembre 30, 2017, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder Larry R. Lawrence. Pangwakas na panalangin: Elder Massimo De Feo. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Halina, mga Nagmamahal sa Diyos," *Mga Himno*, blg. 66; "O Diyos, Magliwanag," *Mga Himno*, blg. 166, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford University Press; "Ang Aming Propeta'y Basbasan Nawa," *Mga Himno*, blg. 18, isinaayos ni Wilberg; "Sa Tuktok ng Bundok," *Mga Himno*, blg. 4; "Diyos ay Pag-ibig," *Mga Himno*, blg. 50, isinaayos ni Murphy; "Faith in Every Footstep," Dayley, inilathala ng Jackman.

Sabado ng Hapon, Setyembre 30, 2017, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Lawrence E. Corbridge. Pangwakas na Panalangin: Elder Allan F. Packer. Musikang handog ng isang koro ng mga kabataan mula sa mga stake sa Midvale at Sandy, Utah; Leah Tarrant, tagakumpas; Linda Margetts, organista: "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno*, blg. 30, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Deseret Book; medley, isinaayos ni Sally DeFord: "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata*, 40–41; "Isinugo, Kanyang Anak," *Aklat ng mga Awit Pambata*, 20–21; "May Liwanag sa 'King Kaluluwa,'" *Mga Himno*, blg. 141; "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno*, blg. 33, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman.

Sabado ng Gabi, Setyembre 30, 2017, Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Kevin W. Pearson. Pangwakas na Panalangin: Elder Rafael E. Pino. Musikang handog ng isang koro ng mag-aama mula sa mga stake sa Cache County, Utah; Geoffrey Anderson, tagakumpas; Clay Christiansen, organista; "Lakas Mo ay Idagdag," *Mga Himno*, blg. 154, isinaayos ni Dalton, inilathala ng LDS Music Source; "Dalangin Taimtim," *Mga Himno*, blg. 86, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; "Saligang Kaytibay," *Mga Himno*, blg. 47; "Para sa Inyo Kami'y Nagdarasal," *Mga Himno*, blg. 17, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman.

Linggo ng Umaga, Lunes, Oktubre 1, 2017, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Michael T. Ringwood. Pangwakas na Panalangin: Elder José A. Teixeira. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: "Praise to the Lord, the Almighty," *Hymns*, blg. 72; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno*, blg. 43, isinaayos ni Wilberg; "Consider the Lilies," Hoffman, isinaayos ni Lyon, inilathala ng Sonos; "O, Makinig Lahat ng Bansa!" *Mga Himno*, blg. 165, isinaayos ni Wilberg; "Luwalhati sa Ating Diyos," *Mga Himno*, blg. 37; "Nasa Puso ng Pastol," *Mga Himno*, blg. 134, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Ako'y Naniniwala kay Cristo," *Mga Himno*, blg. 76, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Jackman.

Linggo ng Hapon, Lunes, Oktubre 1, 2017, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Joseph W. Sitati. Pangwakas na Panalangin: Elder Evan A. Schmutz. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: "Halina, Hari ng Lahat," *Mga Himno*, blg. 32, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno*, blg. 135, isinaayos ni Zabriskie, inilathala ng LDS Music Source; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno*, blg. 3; "Kung ang Katabi'y si Cristo," DeFord, isinaayos ni Cardon; "Israel, Diyos ay Tumatawag," *Mga Himno*, blg. 6, isinaayos ni Wilberg.

Makukuhanang mga Mensahe sa Kumperensya

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Ang importasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay makukuha sa disability.lds.org.

Mga Mensahe sa Home at Visiting Teaching

Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

Sa Pabalat

Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.
Likod: Larawang kuha ni Craig Dimond.

Mga Retratang Kinunan sa Kumperensya

Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kinunan nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly, Randy Collier, Weston Colton, Craig Dimond, Ashlee Larson, Leslie Nilsson, Matt Reier, at Dave Ward.



NOBYEMBRE 2017 TOMO 20 BLG. 11
LIAHONA 14451 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard,
Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook,
D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband,
Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Hugo E. Martinez

Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie

Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R.
Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom,
Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Debbie Bacon

Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H.
Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Remington,
Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk,
Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy
Anne Selu, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott,
Thomas Child, David Green, Colleen Hincley, Eric P. Johnson,
Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington,
Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G.

Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Pamamahagi: Troy K. Vellinga

Pagsasalini: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines
sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan
ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive,
Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila,
Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue,
Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono
635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat
taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay “kompas” o “panuro ng direksyon”) ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung
iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga
indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na
gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang
ito ay maaaring bawin anumang oras. Ang visual material ay hindi
maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal
sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa
karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office,
50 E. North Temple St., Fl. 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email:
cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

November 2017 Vol. 20 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.
(Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



Index ng mga
Tagapagsalita

Alonso, Jose L., 119
Andersen, Neil L., 122
Ardern, Ian S., 117
Ballard, M. Russell, 104
Bednar, David A., 90
Bingham, Jean B., 85
Callister, Tad R., 107
Christofferson, D. Todd, 36
Cook, Quentin L., 51
Ellis, Stanley G., 112
Eubank, Sharon, 6
Evans, David F., 68
Eyring, Henry B., 43, 81, 100
Haleck, O. Vincent, 58
Hallstrom, Donald L., 88
Holland, Jeffrey R., 40
Jones, Joy D., 13
Koch, Joni L., 110
Marriott, Neill F., 10
Maynes, Richard J., 75
Nelson, Russell M., 60
Oaks, Dallin H., 28
Oscarson, Bonnie L., 25
Owen, Stephen W., 48
Parrella, Adilson de Paula, 115
Pingree, John C., Jr., 32
Rasband, Ronald A., 55
Renlund, Dale G., 64
Stevenson, Gary E., 44
Uchtdorf, Dieter F., 16, 21, 78
Waddell, W. Christopher, 94
Zwick, W. Craig, 97

Indeks ng mga Paksa

Aaronic Priesthood, 64
Aklat ni Mormon, 60, 68,
100, 107, 117
Banal na katangian, 13, 16,
55, 90
Bishop, mga, 81
Biyaya, 36, 40
Buong paglalaan, 58
Calling sa Simbahan, mga, 81
Diyos Ama, 10, 40, 115
Espiritu Santo, 13
Espirituwalidad, 55
Gabay, Patnubay, 55
Galak, Kagalakan, 6, 16,
21, 85
Gawaing misyonero, 48,
51, 60
Himala, mga, 88
Ikapu, 112
Integridad, 75
Jesucristo, 10, 13, 16, 21, 36,
40, 48, 51, 60, 64, 78, 81,
85, 94, 97, 100, 107, 112,
115, 119, 122
Joseph Smith, 107, 115, 122
Kababaang-loob, 44, 51
Kababaihan, 6
Kabanalan, 36
Kadisentehan, 51
Kagipitan, Paghihirap, 21,
32, 44, 85, 88, 94, 97,
100, 112
Kahalagahan ng sarili, 13, 40
Kalayaan, 55, 94
Kaligtasan, 44
Kapalaluan, pagmamalaki, 10,
44, 51
Kapatawaran, 48, 51, 119
Kapayapaan, 13, 75, 85
Kasal, Pag-aasawa, 75
Katotohanan, 68, 78
Komunikasyon, 6
Liwanag ni Cristo, 21, 78
Media, 44
Melchizedek Priesthood, 64
Ordenansa, mga, 90
Pag-aaral ng banal na
kasulatan, 60, 117

Pag-asa, 94
Pagbabalik-loob, 13, 58, 60,
115, 117
Pagbabayad-sala, 10, 13, 36,
40, 48, 64, 85, 88, 94
Paggaling, 78, 85, 88, 94, 97
Paghahayag, 81, 122
Pagiging ama, 75
Pagkadisipulo, 16, 21
Pagkakaisa, 110
Diyos Ama, 10, 40, 115
Paglilingkod, 21, 25, 32, 36,
78, 100, 119
Pagmamahal, Pag-ibig, 10, 25,
100, 119
Pagsisisi, 6, 36, 48
Pamilya, Mag-anak, 25, 28,
75, 115
Pamimintas, Pangungutya,
97, 110
Pananampalataya, 68, 81, 85,
88, 100, 104, 112, 117
Pananaw, Perspektibo, 40,
44, 97
Pangamba, Takot, 10, 100
Pangkalahatang
kumperensya, 122
Panguluhang Diyos, 112
Pasasalamat, 58
Patotoo, 68, 78, 85, 100, 107
Pinuno ng Simbahan, mga,
81, 122
Pioneer, mga, 104, 112
Plano ng kaligtasan, 28, 88,
112, 115
Priesthood, 64
Propeta, mga, 115, 122
Relief Society, 6
Sabbath, 90, 117
Sakramento, 36, 97
Sakripisyo, 58, 112
Tahanan, 21, 90
Talento, mga, 32
Tapang, Lakas-ng-loob, 100
Templo, mga, 58, 68, 90
Tipan, mga, 64, 68, 90
Tiwala, 75, 94, 112
Tiyaga, 68, 117
Trabaho, 32



Mga Tampok sa Ika-187 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

*Ang aming propeta
Ay basbasan nawa,
O Diyos Ama.
Sa aming kalul'wa,
Ang bawat N'yang wika,
Manatili't maging
Gabay t'wina.*

(“Ang Aming Propeta’y Basbasan Nawa,” *Mga Himno*, blg. 18, kinanta sa sesyon sa Sabado ng umaga)

Mahigit 50 taon nang naging bahagi ng pangkalahatang kumperensya ang mga personal na salaysay at malalakas na patotoo ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol kay Jesucristo. Ngunit dahil sa paghina ng katawan, napansin na kapwa wala sa kumperensya sina Pangulong Monson at Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Wala man sila, hindi sila kinalimutan. Bagama’t nanood si Pangulong

Monson mula sa bahay at payapang pumanaw si Elder Hales sa ospital bago nagsimula ang huling sesyon, hindi lamang sila kapwa nasa ating isipan nang ipagdasal natin sila, kundi nadama rin ang kanilang impluwensya sa lahat ng mensahe.

Sumipi mula kay Pangulong Monson ang mahigit isang dosenang tagapagsalita, kabilang na si Pangulong Russell M. Nelson (tingnan sa pahina 60), na partikular na tinukoy ang paanyaya ni Pangulong Monson noong nakaraang kumperensya na “pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw.”¹

Sinabi ni Elder Neil L. Andersen, ang huling tagapagsalita (tingnan sa pahina 122), na matagal nang naghahanda si Elder Hales para sa kumperensya ngunit hindi na niya kayang magsalita: “Kapag pinili nating

manampalataya, handa tayong tumayo sa harapan ng Diyos,” pagsulat ni Elder Hales. Siyempre pa, pinili ni Elder Hales ang pananampalataya.

Wala man, ngunit hindi talaga nawawala, wala man sina Pangulong Monson at Elder Hales sa pulpito, ngunit mahalaga ang bahaging ginampanan nila sa pagiging makabuluhan ng kumperensya sa maraming tao.

*Para sa 'nyo kami'y nagdarasal,
O propeta naming minamahal,
Na mabigyang ligaya at ginhawa,
Habang mga tao'y lumilipas,
Liwanag n'yo sana'y 'di kukupas.*
(“Para sa Inyo Kami’y Nagdarasal,” *Mga Himno*, blg. 17, kinanta sa pangkalahatang sesyon ng priesthood) ■

TALA

1. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 87.





Ni Sharon Eubank

Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

Pagliwanagin ang Inyong Ilaw

Nananawagan sa atin ang mga propeta, mga kapatid. Magiging matwid ba kayo? Malinaw ba ninyong maipaliliwanag ang inyong pananampalataya? Pagliliwanagin ba ninyo ang inyong ilaw?

Maaaring hindi ninyo alam ito, pero kambal kami ni Pangulong Monson. Sa mismong araw na isinilang ako—sa mismong oras na iyon—sa Hilagang California, ang 36-anyos na si Thomas S. Monson ay sinang-ayunan bilang pinakabagong Apostol. Gustung-gusto ko ang espesyal at personal na ugnayan ko sa propeta ng Diyos na si Pangulong Monson.

Nagsasalita ang mga propeta tungkol sa kababaihan.¹ Maririnig ninyo sa pulong na ito ang ilan sa mga sinabi nila. Sa aking mensahe gugunitain ko ang napakagandang propesiya na isinulat ni Pangulong Spencer W. Kimball halos 40 na ang nakararaan. Noong Setyembre 1979 ikalawang pagkakataon pa lamang nagkaroon ng sariling pangkalahatang pulong ang kababaihan ng Simbahan. Naihanda na ni Pangulong Kimball ang kanyang mensahe, pero nang sumapit ang araw ng kumperensya, nasa ospital siya. Kaya't hiniling niya sa kanyang asawang si Camilla Eyring Kimball na basahin nito ang kanyang mensahe.²

Binasa ni Sister Kimball ang mensahe ng propeta, na nagbigay-diin sa

impluwensya ng kababaihang LDS sa mabubuting babae sa mundo bago dumating ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Bago natapos ang mensahe, nakadama ng matinding kagalaan ang kababaihan ng Simbahan na pinag-uusapan na natin noon pa man.

Babanggitin ko ang ilan sa sinabi ni Pangulong Kimball:

“Sa huli, mahal kong mga kapatid, may imumungkahi akong isang bagay sa inyo na hindi pa nasabi noon o sa ganitong paraan. Mabilis na darami



Noong Setyembre 1979, binasa ni Camilla Eyring Kimball ang mensahe sa ngalan ni Pangulong Spencer W. Kimball.

ang mga miyembro ng Simbahan sa mga huling araw dahil marami sa mabubuting babae sa mundo . . . ang magiging miyembro ng Simbahan. Mangyayari ito kapag ipinamuhay ng kababaihan ng Simbahan ang kabutihan at kahusayan sa kanilang buhay at kapag nakitang sila ay natatangi at naiiba—sa masasayang paraan—mula sa kababaihan ng mundo.

“Makakabilang sa mga tunay na bayaning babae sa mundo na darating sa Simbahan ang kababaihang higit na inaala ang pagiging matwid kaysa sa pagiging makasarili. Ang mga tunay na bayaning ito ay may tunay na pagpapakumbaba, na higit na pinahahalagahan ang integridad kaysa pagpapakitang-tao. . . .

“ . . . Ang mga ulirang babae ng Simbahan [ang] magiging *malaking puwersa* sa pagdami at sa espirituwal na pag-unlad ng Simbahan sa mga huling araw.”³

Napakaganda ng propesiyang iyan. Ibubuod ko ito:

- Ang mabubuting ugnayan ng kababaihan ang magiging dahilan ng malaking pag-unlad sa Simbahan sa darating na mga taon.
- Ang mga pagkakaibigang binubuo ng kababaihan ng Relief Society, mga kabataang babae, at mga batang Primary sa matatapat at makadiyos na kababaihan at mga bata ng ibang relihiyon ay magiging *malaking puwersa* sa pag-unlad ng Simbahan sa mga huling araw.
- Tinawag ni Pangulong Kimball ang kababaihang ito mula sa ibang relihiyon na “mga bayani” na mas inaala ang pagiging matwid kaysa sa pagiging makasarili, na magpapakita sa atin na ang integridad ay higit na mahalaga kaysa pagpapakitang-tao.

Nakilala ko ang napakarami sa mabubuting babaeng ito habang tinutupad ko ang aking gawain sa iba’t ibang dako ng mundo. Mahalaga sa akin ang kanilang pakikipagkaibigan. Makikilala rin ninyo sila sa inyong mga kaibigan at kapitbahay. Maaaring miyembro o hindi pa sila miyembro

ngayon ng Simbahan, pero napakahalagang kaibiganin natin sila. Paano natin gagampanan ang ating tungkulin? Ano ang dapat nating gawin? Limang bagay ang tinukoy ni Pangulong Kimball:

Ang una ay maging matwid. Ang maging matwid ay hindi nangangahulugang perpekto o hindi nagkakamali. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng matibay na ugnayan sa Diyos, pagsisi sa ating mga kasalanan at pagkakamali, at lubos na pagtulong sa iba.

Binabago ng kababaihang nakapagsisi ang takbo ng kasaysayan. May kaibigan ako na naaksidente sa sasakyan noong bata pa siya, at simula noon ay nalulong siya sa gamot para sa kirot. Kalaunan, nagdiborsyo ang kanyang mga magulang. Nagdalantao siya bunga ng isang panandaliang relasyon, at patuloy na nalulong. Pero isang gabi, napagtanto niya ang gulo at gusot sa kanyang buhay at naisip, “Tama na.” At humingi siya ng tulong sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Sinabi niya na nalaman niya na kaya ng kapangyarihan ni Jesucristo kahit ang pinakamasamang nangyari sa buhay niya at makakaasa siya sa Kanyang lakas habang tinatahak niya ang landas ng pagsisi.

Sa pagbalik sa Panginoon at sa Kanyang mga paraan, nabago niya ang takbo ng kanyang buhay at ng buhay ng kanyang anak at ng kanyang bagong asawa. Siya ay matwid; at napakamaawain sa mga taong nagkamali at gustong magbago. At tulad nating lahat, hindi siya perpekto, pero alam niya kung paano magsisi at patuloy na magpakabuti.

Ang pangalawa ay maging malinaw sa pagsasalita. Ang ibig sabihin ng pagiging malinaw sa pagsasalita ay malinaw ninyong naipahahayag ang inyong damdamin tungkol sa isang bagay at kung bakit. Sa mga unang buwan ng taong ito, may post sa Facebook news feed ko na kumukutya sa Kristiyanismo. Binasa ko ito at medyo nainis ako pero hindi ko ito pinansin. Gayunman, isang kakilala na hindi miyembro ng ating Simbahan ang nag-post ng sarili niyang comment dito. Isinulat niya: “[Ito ay] lubos na kabaligtaran ng pinaninindigan ni Jesus—siya



ay . . . radikal [noong] panahon niya dahil . . . binalanse niya ang mundo. . . [Kinausap] niya ang [mga] patutot, [kumain siya] kasama ang [mga] maniningil ng buwis . . . kinaibigan ang mahihinang kababaihan at mga bata . . . [at] ikinuwento sa atin ang tungkol sa Mabuting Samaritano. . . Dahil dito . . . sisikapin ng mga tunay na Kristiyano na maging PINAKA-mapagmahal na mga tao sa buong mundo.” Nang mabasa ko iyon, naisip ko, “Bakit hindi ko isinulat iyon?”

Kailangang maging mas malinaw ang pagpapaliwanag ng bawat isa sa atin tungkol sa ating pananampalataya. Ano ang pakiramdam ninyo tungkol kay Jesucristo? Bakit kayo nananatili sa Simbahan? Bakit kayo naniniwala na banal na kasulatan ang Aklat ni Mormon? Saan kayo nagtatamo ng kapayapaan? Bakit mahalaga na may sabihin ang propeta sa taong 2017? Paano ninyo nalaman na siya ay totoong propeta? Gamitin ang inyong tinig at lakas para ipaliwanag nang malinaw ang nadarama at nalalaman ninyo—sa social media, sa pakikipag-usap sa inyong mga kaibigan, sa pakikipag-chat sa inyong mga apo. Sabihin sa kanila kung bakit kayo naniniwala, ano ang pakiramdam ninyo dito, kung nagduda man kayo, paano ninyo nalagpasan iyon, ano ang kahalagahan ni Jesucristo sa inyo. Tulad ng sabi ni Apostol Pedro, “Huwag kayong mangatakot . . . ; kundi inyong ariing banal si Cristo na Panginoon sa inyong mga puso: na lagi

kayong handa ng pagsagot sa bawa’t tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo.”⁴

Ang pangatlo ay maging naiiba. Ikukuwento ko sa inyo ang nangyari nitong Hulyo sa Panama City Beach sa Florida.⁵ Noong hapong iyon, nakita ni Roberta Ursrey ang dalawang anak niyang lalaki na humihingi ng tulong mula sa karagatan na 100 yarda (90 m) ang layo mula sa pampang. Natangay sila ng malakas na alon at nadala sa laot. Sinikap ng isang mag-asawang malapit doon na sagipin ang mga bata, at natangay rin sila ng malakas na alon. Tumalon din sa dagat ang mga miyembro ng pamilya Ursrey para sagipin ang nahihirapang mga manlalangoy, at siyam na katao kaagad ang natangay ng malakas na alon.

Walang mga lubid. Walang lifeguard. Nagpadala na ng rescue boat ang mga pulis, pero 20 minuto nang hirap sa paglangoy ang mga taong nasa dagat at pagod na sila at lumulubog na sa ilalim ng tubig. Isa sa mga naroon sa beach si Jessica Mae Simmons. Naisip nila ng kanyang asawa na gumawa ng human chain. Humingi sila ng tulong sa mga tao sa beach, at maraming tao ang nagkapit-bisig at lumusong sa dagat. Isinulat ni Jessica sa pahayagan: “Ang makitang nagsisikilos ang mga tao mula sa iba’t ibang lahi at kasarian para tumulong sa mga taong LUBOS nilang hindi kilala [ay] talagang kahanga-hanga!”⁶ Naabot ng 80-taong nagkapit-bisig ang mga manlalangoy. Tingnan

ninyo ang larawang ito ng kahanga-hangang sandaling iyon.

Karaniwang solusyon lamang ang naisip ng lahat ng nasa beach at hindi sila makakilos. Pero sa isang iglap, isang mag-asawa ang nakaisip ng ibang solusyon. Ang inobasyon at pagkamalikhain ay mga espirituwal na kaloob. Kapag tinutupad natin ang ating mga tipan, maaari tayong maiba sa mga tao sa ating kultura at lipunan, pero nabibigyan tayo niyan ng inspirasyon para makaisip ng naiibang mga solusyon, naiibang mga paraan, naiibang mga pagsasagawa. Hindi tayo palaging aakma sa mundo, ngunit ang pagiging naiiba sa mga positibong paraan ay maaaring makatulong sa ibang taong nahihirapan.

Ang pang-apat ay maging nata-tangi. Ang ibig sabihin ng natatangi ay ibang-iba ka sa lahat. Balikan natin ang kuwento tungkol kay Jessica Mae Simmons sa beach. Nang maaabot na ng mga taong nagkapit-bisig ang mga manlalangoy, alam niyang makakatulong siya. Sabi ni Jessica Mae, “Kaya kong magpigil ng hininga . . . at madali kong malalangoy ang isang Olympic pool! [Alam ko kung paano makaalpas sa malakas na alon.] Alam ko na madadala ko [ang bawat manlalangoy] sa nagkapit-bisig na mga tao.”⁷ Kumuha silang mag-asawa ng mga boogie board at nilangoy nila ang dulo ng nagkapit-bisig na mga tao hanggang sa marating nila at ng isa pang sumasagip ang mga manlalangoy, at isa-isa silang dinala pabalik sa nagkapit-bisig na mga tao, na nagdala naman sa kanila nang ligtas sa pampang. Si Jessica ay may natatanging kakayahan: marunong siyang lumangoy nang pasalungat sa malakas na alon.

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay ibang-iba sa lahat. Pero kailangan nating maging natatangi sa paraan ng pagsunod dito. Tulad ni Jessica na nagpraktis sa paglangoy, kailangan nating ipamahay ang ebanghelyo bago may mangyaring masama para sapat ang lakas nating tumulong, nang walang takot, kapag tinangay ng malakas na alon ang iba.

At ang huli, at panlima ay gawin ang una hanggang pang-apat sa masasayang paraan. Ang maging masaya ay hindi nangangahulugan na

pakunwari kayong ngumiti anuman ang nangyayari. Pero nangangahulugan ito ng pagsunod sa mga batas ng Diyos at pagpapalakas at pagtulong sa iba.⁸ Kapag pinalalakas natin ang iba, kapag pinagagaan natin ang pasanin ng iba, pinagpapala nito ang ating buhay sa mga paraang hindi kayang alisin ng ating mga pagsubok. May kopya ako ng sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley na nakalagay kung saan ko ito nakikita araw-araw. Sabi niya: “Hindi ninyo magagawa[ng] . . . sumalig sa negatibong pananaw [o pag-aalinlangan]. Magkaroon ng magandang pananaw, gumawa nang may pananampalataya, at mangyayari ang mga bagay-bagay.”⁹

Bilang halimbawa ng masaya at magandang pananaw na iyan, may kilala akong 13-anyos na bata na nagngangalang Elsa na ang pamilya ay lumipat sa Baton Rouge, Louisiana, 1,800 milya (2,900 km) ang layo mula sa kanyang mga kaibigan. Hindi madaling lumipat sa isang bagong lugar kapag 13 anyos ka. Nag-alangan si Elsa sa paglipat, kaya binasbasan siya ng kanyang ama. Sa sandali mismo ng pagbabasbas, may nag-text sa kanyang ina. Ipinadala ng mga dalagita sa ward sa Louisiana ang larawang ito na may nakasaad na “Sana lumipat kayo sa ward namin!”¹⁰

Maganda ang pananaw ng mga dalagitang ito na magugustuhan nila si Elsa kahit hindi pa nila siya nakikita. Ang kasiglahan nila ay nagbigay ng magandang pananaw kay Elsa sa paglipat nila at sagot sa kanyang dalangin kung magiging maayos ba ang lahat.

Ang kasiglahang ito na nagmula sa kaligayahan at magandang pananaw ay hindi lamang nagpapala sa atin—nagpapalakas ito sa lahat ng nasa paligid natin. Anumang maliit na bagay na ginagawa ninyo para tunay na pasayahin ang iba ay nagpapakita na sinusunod ninyo ang bilin ni Pangulong Kimball.

Ako ay 15 anyos nang ibigay ni Pangulong Kimball ang mensaheng ito. Tayo na lampas na sa 40 anyos ay sinusunod ang utos na ito ni Pangulong Kimball simula noon. Ngayo’y nakatingin ako sa mga 8 anyos, 15 anyos, at 20 anyos, at 35 anyos, at ipapasa ko sa inyo ang responsibilidad na ito. Kayo ang magiging mga lider sa Simbahang ito, at kayo ang maghahatid ng liwanag na ito at magiging katuparan ng propesiyang ito. Ikakapit naming mga mahigit nang 40 anyos ang aming bisig sa inyo at daramhin namin ang inyong lakas at sigla. Kailangan namin kayo.

Pakinggan ang banal na kasulatang ito na matatagpuan sa D at T 49:26–28. Marahil ay isinulat ito sa iba’t ibang sitwasyon, pero ngayong gabi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sana’y ituring ninyo itong personal na tawag sa inyo sa sagradong gawaing ito.

“Masdan, sinasabi ko sa inyo, humayo kayo gaya ng aking ipinag-uutos sa inyo; magsisi sa lahat ng inyong kasalanan; humingi at kayo ay makatatanggap; kumatok at kayo ay pagbubuksan.

“Masdan, ako ay magpapatiuna sa inyo at mapapasainyong likuran; at ako



Nagkabit-kabit ang 80 taong mga boluntaryo para iligtas ang mga manlalangoy mula sa malakas na agos.

ay mapapasagitna ninyo, at kayo ay hindi malilito.

“Masdan, ako si Jesucristo, at ako ay madaling paparito.”¹¹

Nakikiusap ako sa bawat isa sa inyo na lumugar kung saan ninyo mada-rama ang saganang pagmamahal ng Diyos para sa inyo. Hindi ninyo maaaring ilugar ang inyong sarili sa hindi maaabot ng pagmamahal na iyon. Kapag nadarama ninyo ang Kanyang pagmamahal, kapag minamahal ninyo Siya, kayo ay magsisisi at susunod sa Kanyang mga kautusan. Kapag sumusunod kayo sa Kanyang mga kautusan, magagamit Niya kayo sa Kanyang gawain. Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay ang kadakilaan at buhay na walang hanggan ng kababaihan at kalalakihan.

Nananawagan sa atin ang mga propeta, mga kapatid. Magiging matwid ba kayo? Malinaw ba ninyong maipali-liwanag ang inyong pananampalataya? Makakaya ba ninyong maging natatangi at naiiba? Ang inyo bang kaligayahan sa kabila ng inyong mga pagsubok ay mag-aanyaya sa ibang mabubuti at mararangal at nangangailangan ng inyong pakikipagkaibigan? Pagliliwanagin ba ninyo ang inyong ilaw? Pinatototohanan ko na ang Panginoong Jesucristo ay mangunguna sa atin at makakasama natin.

Magtatapos ako sa mga salita ng ating mahal na propetang si Thomas S. Monson: “Mahal kong mga kapatid, ito ang araw ninyo, ito ang panahon ninyo.”¹² Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Pangulong Brigham Young: “Hayaang iorganisa [ng kababaihan] ang mga Female Relief Society sa iba’t ibang ward. Marami sa ating kababaihan ang may angking talino, at sana makatulon sila sa atin sa bagay na ito. Maaaring isipin ng ilan na maliit na bagay lamang ito, ngunit hindi; at makikita ninyong ang kababaihan ang mangunguna sa pagkilos” (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* [2011], 49).

Pangulong Lorenzo Snow: “Palagi kayong nasa panig ng Priesthood, handang . . . gawin ang inyong bahagi sa pagtulon na isulong ang kapakanan ng kaharian ng Diyos; at sa pakikibahagi ninyo sa mga gawaing ito, makatitayak kayo na kabahagi kayo sa tagumpay ng gawain at



sa kadakilaan at kaluwalhatian ibibigay ng Panginoon sa Kanyang matatapat na anak” (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 8).

Pangulong Spencer W. Kimball: “May kapangyarihan sa organisasyong ito [ng Relief Society] na hindi pa lubusang nagagamit para palakasin ang mga tahanan ng Sion at itayo ang Kaharian ng Diyos—at hindi ito magagamit hangga’t hindi nauunawaan kapwa ng kababaihan at ng [kalalakihan ng] priesthood ang mithiin ng Relief Society” (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 166).

Pangulong Howard W. Hunter: “Talagang kailangang magkaisa ang kababaihan ng Simbahan sa paninindigan kasama ng mga Kapatid sa pagpigil sa kasamaan na nakapalibot sa atin at sa pagsusulong ng gawain ng ating Tagapagligtas. . . . ‘Kaya’t hinihiling namin sa inyo na maglingkod taglay ang malakas ninyong impluwensya sa kabutihan sa pagpapatatag ng ating mga pamilya, simbahan, at komunidad” (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 184).

Pangulong Gordon B. Hinckley: “Malakas at malaki ang kakayahan ng kababaihan ng Simbahang ito. May pamumuno at patutunguhan, isang tiyak na diwa ng kasarinlan, gayunman may malaking kasiyahan sa pagiging bahagi ng kahariang ito ng Panginoon, at sa pakikiisa sa pagtulon sa priesthood upang maisulong ito” (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 167).

Binanggit ni Pangulong Thomas S. Monson, ang sinabi ni Belle Smith Spafford, ikasiyam na Pangkalahatang Pangulo ng Relief Society, na isinulat ang: “Ngayon lamang nagkaroon ng mas malaking impluwensya sa mundo ang kababaihan. Ngayon lamang sila nabigyan ng maraming oportunidad. Ito ay nakasisigla, nakatutuwat, at mapaghamon at abalang panahon para sa kababaihan. Ito ay panahong puno ng biyaya kung mamumuhay tayo nang balanse, aalamin ang tunay na kahulugan ng buhay, at matalinong tutukuyin ang

mga priyoridad” [*A Woman’s Reach* (1974), 21]. Mahal kong mga kapatid, ito ang araw ninyo, ito ang panahon ninyo” (“The Mighty Strength of the Relief Society,” *Ensign*, Nob. 1997, 95).

Pangulong Russell M. Nelson: “Hinihiling ko sa aking mga kapatid na babae sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na kayo ay kumilos at sumulong! Gawin ang inyong responsibilidad sa inyong tahanan, komunidad, at kaharian ng Diyos—nang mas mahusay kaysa rati. Nakikiusap ako sa inyo na isakatuparan ang propesiya ni Pangulong Kimball. At ipinapangako ko sa inyo sa pangalan ni Jesucristo na kapag ginawa ninyo ito, pag-iibayuhin ng Espiritu Santo ang inyong impluwensya nang higit pa kaysa noon!” (“Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” *Liahona*, Nob. 2015, 97).

2. Panoorin ang video ni Sister Camilla Kimball na binabasa ang mensahe ni Pangulong Spencer W. Kimball sa conference.lds.org; tingnan din sa Spencer W. Kimball, “The Role of Righteous Women,” *Ensign*, Nob. 1979, 102–4.
3. Spencer W. Kimball, “The Role of Righteous Women,” 103–4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. I Ni Pedro 3:14–15.
5. Tingnan sa McKinley Corbley, “80 Beachgoers Form Human Chain to Save Family Being Dragged Out to Sea by Riptide,” *Hulyo* 12, 2017, goodnewsnetwork.org.
6. Jessica Mae Simmons, sa Corbley, “80 Beachgoers Form Human Chain.”
7. Simmons, sa Corbley, “80 Beachgoers Form Human Chain.”
8. Tingnan sa Alma 41:10; 34:28; Doktrina at mga Tipan 38:27; Lucas 16:19–25.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 78.
10. Maikling sulat mula sa pamilya ni Virginia Pearce.
11. Doktrina at mga Tipan 49:26–28.
12. Thomas S. Monson, “The Mighty Strength of the Relief Society,” 95.



Ni Neill F. Marriott

Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Pagsunod sa Diyos at Pag-alis ng Agwat

May kapangyarihan si Cristo na mailapit tayo sa Ama at sa isa't isa.

Kailangan nating patuloy na palawakin ang ating kaalaman at pagsunod sa Ama sa Langit. Ang ating kaugnayan sa Kanya ay walang hanggan. Tayo ay Kanyang minamahal na mga anak, at hindi iyan magbabago. Paano natin buong pusong tatanggapin ang Kanyang paanyayang lumapit sa Kanya at sa gayo'y matamasa ang mga pagpapalang nais Niyang ibigay sa atin sa buhay na ito at sa mundong darating?

Sinabi ng Panginoon sa sinaunang Israel, at sinasabi Niya sa atin, “Oo, iniibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya’t ako’y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob.”¹ Gaya ng Ama, sinabi rin Niya sa atin, “Ikaw ay manahanan sa akin, at ako sa iyo; kaya nga, lumakad kang kasama ko.”² Sapat ba ang tiwala natin sa Kanya para sumunod sa Kanya at lumakad na kasama Siya?

Narito tayo sa mundo upang matuto at umunlad, at ang pinakamahalagang pagkatuto at pag-unlad ay magmumula sa ating relasyon sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Mula sa ating tapat na relasyon sa Kanila, nagtatamo tayo ng banal na kaalaman, pagmamahal, kapangyarihan, at kakayahang maglingkod.

“Tungkulin nating alamin ang lahat ng naihayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili.”³ Kailangan nating maunawaan na inutusan ng Diyos Ama ang Kanyang Anak na si Jesucristo na likhain ang mundo *para sa ating pag-unlad*, na ibinigay ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak upang pagbayaran ang mga hinihingi ng katarungan *para sa ating kaligtasan*, at na ipinanumbalik ang kapangyarihan ng priesthood ng Ama at ang tunay na Simbahan ng

Anak na kasama ang mahahalagang ordenansa *para sa ating mga pagpapala*. Nadarama ba ninyo ang lalim ng pagmamahal sa Kanilang mga paghahanda para sa ating kagalakan at pag-unlad? Kailangan nating malaman na ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit ay sumunod tayo sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo at magtamo ng buhay na walang hanggan at sa gayo’y maging katulad ng Diyos.⁴ Ito ang tunay at walang-hanggang kaligayahang iniaalok sa atin ng Ama sa Langit. Wala nang ibang tunay at walang-hanggang kaligayahan.

Ang mga hamon sa atin ay kaya tayong ilayo mula sa landas na ito ng kaligayahan. Maaaring mawala ang ating mapagtiwalang koneksyon sa Diyos kung magagambala tayo ng mga pagsubok sa halip na paluhurin tayo.

Ang simpleng couplet na ito ay sumasamang gumawa tayo ng kaunting pagsala ng prayoridad:

Mahalaga ang ilang bagay; ang ilan ay hindi.

*Nagtatagal ang ilang bagay, ngunit karamiha’y hindi.*⁵

Mga kapatid, ano ang mahalaga sa inyo? Ano ang walang hanggan sa inyo? Walang-hanggan ang kahala-gahan sa Ama na tayo ay matuto sa Kanya, magpakumbaba, at lumago sa pagsunod sa Kanya sa mga karanasan



natin sa lupa. Nais Niyang palitan natin ng paglilingkod ang ating pagkamakasari at ng pananampalataya ang ating takot. Maaaring napakahirap na pagsubok sa atin ang mga walang-hanggang bagay na ito.

Pinakikiusapan tayo *ngayon* ng Ama, sa kabila ng ating mga limitasyon sa mortalidad, na magmahal kapag napakahirap magmahal, maglingkod kapag hindi madaling maglingkod, magpatawad kapag hirap tayong magpatawad. Paano? Paano natin ito gagawin? Masigasig nating hingin ang tulong ng Ama sa Langit, sa ngalan ng Kanyang Anak, at gawin ang mga bagay sa Kanyang paraan sa halip na buong pagmamalaking igiit ang gusto natin.

Napansin ko ang aking pagiging mapagmalaki nang magsalita si Pangulong Ezra Taft Benson tungkol sa paglilinis ng ating kalooban.⁶ Inisip ko na ang buhay ko ay isang pitsel. Paano ko aalisin ang pagiging mapagmalaki ko mula sa aking pitsel? Ang pagpipilit nating magpakumbaba at pagsubok nating mahalin ang iba ay hindi tapat, walang saysay, at talagang hindi umuubra. Ang ating mga kasalanan at pagiging mapagmalaki ay lumilikha ng sira—o agwat—sa pagitan natin at ng pinagmumulan ng lahat ng pagmamahal, ang ating Ama sa Langit.

Ang Pagbabayad-sala lamang ng Tagapagligtas ang makapaglilinis sa ating mga kasalanan at makapagsasara sa agwat o sira na iyon.

Nais nating mayakap sa mga bisig ng pagmamahal at patnubay ng ating Ama sa Langit, kaya nga inuuna natin ang Kanyang kalooban at bagbag ang pusong isinasamo na ibuhos ni Cristo ang naglilinis na tubig sa ating pitsel. Sa simula maaaring paunti-unti ang pagtulo nito, ngunit habang tayo'y naghahangad, humihiling, at sumusunod, bubuhos ito nang sagana. Sisimulan tayong punuin ng tubig na buhay na ito, at nag-uumapaw sa Kanyang pagmamahal, maititikwas natin ang pitsel ng ating kaluluwa at maibabahagi ang laman nito sa iba na uhaw sa paggaling, pag-asa, at pagiging kabilang. Kapag malinis na ang ating kalooban, nagsisimulang



maghilom ang ating mga kaugnayan dito sa mundo.

Kailangang isakripisyo ang ating mga personal na plano para bigyang-puwang ang mga walang-hanggang plano ng Diyos. Ang Tagapagligtas, na nagsasalita para sa Ama, ay sumasamo sa atin na “Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo.”⁷ Ang paglapit sa Diyos ay maaaring mangahulugan ng pag-alam sa Kanyang katotohanan sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, pagsunod sa payo ng propeta, at pagsisikap na mas lubusang gawin ang Kanyang kalooban.

Nauunawaan ba natin na may kapangyarihan si Cristo na mailapit tayo sa Ama at sa isa't isa? Mabibigyan Niya tayo, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ng kailangang kaalaman tungkol sa mga kaugnayan.

Ikinuwento sa akin ng isang guro sa Primary ang isang magandang karanasan niya sa klase ng mga batang lalaki na 11 taong gulang. Tatawagin kong Jimmy ang isa sa kanila na ayaw maki-sama sa klase. Isang araw ng Linggo, nagkainspirasyon ang guro na isantabi ang kanyang lesson at sabihin kung bakit niya minahal si Jimmy. Sinabi niya na nagpapasalamat siya at naniniwala sa batang ito. Pagkatapos ay hiniling ng guro sa mga miyembro ng klase na sabihin kay Jimmy ang isang bagay na gusto nila sa kanya. Habang isa-isang sinabi ng mga miyembro ng klase kay

Jimmy kung bakit siya espesyal sa kanila, yumuko ang bata at nagsimulang umiyak. Napalapit ang gurong ito at ang klase sa nalulumbay na puso ni Jimmy. Simpleng pagmamahal, na tapat na ipinahayag, ang nagbibigay ng pag-asa at halaga sa iba. Tinatawag ko itong “pag-aalis ng agwat.”

Marahil ang ating buhay sa mapagmahal na premortal na daigdig ang sanhi ng ating matinding pananabik sa tunay at walang-hanggang pagmamahal dito sa lupa. Tayo ay nilayon ng langit na magmahal at mahalin, at ang pinakamatinding pagmamahal ay dumarating kapag kaisa tayo ng Diyos. Inaanyayahan tayo ng Aklat ni Mormon na “makipagkasundo sa [Diyos] sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo.”⁸

Binanggit ni Isaias yaong mga tapat na ipinamumuhay ang batas ng ayuno at sa gayo'y nagiging tagaalis ng agwat para sa sarili nilang inapo. Sila yaong pinangakuan ni Isaias na “magtatayo ng mga dating sirang dako.”⁹ Sa gayon ding paraan, inalis ng Tagapagligtas ang agwat sa pagitan natin at ng Ama sa Langit. Binuksan Niya ang daan, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo, para makabahagi tayo sa mapagmahal na kapangyarihan ng Diyos, at sa gayo'y maalís natin ang “mga sirang dako” sa ating personal na buhay. Ang pagpaphilom ng emosyonal na distansya sa



ng Tagapagligtas ay daluyan ng patuloy na pag-ibig sa kapwa mula sa ating Ama sa Langit. Kailangan nating piliing manahanan sa pag-ibig na ito para mahalin natin ang lahat.

Kapag ibinigay natin ang ating puso sa Ama at sa Anak, binabago natin ang ating mundo—kahit hindi magbago ang sitwasyon sa ating paligid. Mas napapalapit tayo sa Ama sa Langit at nadarama natin ang Kanyang magiliw na pagtanggap sa mga pagsisikap nating maging tunay na mga disipulo ni Cristo. Lumalago ang ating pag-unawa, pagtitiwala, at pananampalataya.

Sinabi ni Mormon na manalangin tayo nang buong lakas ng puso para sa pagmamahal na ito at ipagkakaloob ito sa atin mula sa pinagmulan nito—ang Ama sa Langit.¹¹ Noon lamang tayo magiging mga tagaalis ng agwat sa mga kaugnayan sa lupa.

Tinutulungan tayo ng walang-hanggang pagmamahal ng ating Ama, upang ibalik tayo sa Kanyang kaluwalhatian at kagalakan. Ibinigay Niya ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo upang alisin ang malaking agwat na nakapagitan sa atin at sa Kanya. Ang muling pakikipagkita sa Ama sa Langit ang diwa ng walang-hanggang pagmamahal at layunin. Kailangan nating makipag-ugnayan sa Kanya ngayon upang malaman kung ano talaga ang mahalaga, upang magmahal na katulad Niya at maging katulad Niya. Pinatototohanan ko na ang ating matapat na kaugnayan sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas ay walang hanggan ang kahalagahan sa Kanila at sa atin. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Jeremias 31:3.
2. Moises 6:34.
3. Bruce R. McConkie, “The Mystery of Godliness” (Brigham Young University fireside, Ene. 6, 1985), 1, speeches.byu.edu.
4. Tingnan sa Bruce R. McConkie, “The Mystery of Godliness.” 4.
5. Hindi kilala ang awtor.
6. Tingnan sa Ezra Taft Benson, “Cleansing the Inner Vessel,” *Ensign*, Mayo 1986, 4–7.
7. Doktrina at mga Tipan 88:63.
8. Jacob 4:11.
9. Isaias 58:12.
10. Isaias 30:26.
11. Tingnan sa Moroni 7:48.

pagitan ng isa’t isa ay mangangailangan ng ating pagtanggap sa pagmamahal ng Diyos, lakip ang sakripisyo ng ating likas na pagkamakasari at nakakabagabag na pag-uugali.

Isang di-malilimutang gabi, nagtalo kami ng isang kamag-anak tungkol sa isang isyung pampulitika. Mabilis at lubusan niyang pinintasan ang aking mga komento, para patunayan na mali ako na abot sa pandinig ng mga kapamilya. Para akong hangal at walang alam—at siguro nga. Noong gabing iyon habang nakaluhod para magdasal, nagmadali akong ipaliwanag sa Ama sa Langit kung gaano kakulit ang kamag-anak na ito! Nagsalita ako nang walang patid. Siguro huminto ako sa karerek-lamo at napansin ko na ang Espiritu Santo, dahil, sa gulat ko, narinig kong sinasabi ko na, “Gusto mo sigurong mahalin ko siya.” Mahalin siya? Patuloy akong nagdasal, na ganito ang sinasabi, “Paano ko siya mamahalin? Ni hindi ko man lang yata siya gusto. Matigas ang

puso ko, at nasaktan ang damdamin ko. Hindi ko magagawa.”

Pagkatapos, siguradong sa tulong ng Espiritu, may bago akong naisip nang sabihin kong, “Pero mahal po Ninyo siya, Ama sa Langit. Mababahaginan ba Ninyo ako ng pagmamahal Ninyo sa kanya—para mahalin ko rin siya?” Lumambot ang matigas na damdamin ko, nagsimulang magbago ang puso ko, at nagsimulang mag-iba ang tingin ko sa taong ito. Naramdaman ko ang tunay niyang halaga na nakita ng Ama sa Langit. Isinulat ni Isaias, “[Tinatalian] ng Panginoon ang sugat ng kaniyang bayan, at [pinagagaling] ang bugbog na kanilang sugat.”¹⁰

Sa paglipas ng panahon nakatu-tuwang nawala ang agwat sa pagitan namin. Pero kahit hindi niya tinanggap ang pagbabago ng puso ko, nalaman ko na tutulungan tayo ng Ama sa Langit na mahalin kahit ang mga iniisip nating hindi kanais-nais, kung hihingi tayo ng tulong sa Kanya. Ang Pagbabayad-sala



Ni Joy D. Jones
Primary General President

Halagang Hindi Masusukat

Maaari nating namnamin nang madalas ang magiliw na mga bulong ng Espiritu Santo, na nagpapatunay sa katotohanan ng ating espirituwal na halaga.

Habang bumibisita sa bansang Sierra Leone sa West Africa, nakilahok ako sa isang pulong na isinagawa ng isang stake Primary leader. Namuno si Mariama nang may pagmamahal, dignidad, at tiwala sa sarili kaya iisipin mong matagal na siyang miyembro ng Simbahan. Gayunman, kailan lang nabinyagan si Mariama.

Sumapi sa Simbahan ang nakababata niyang kapatid at isinama nito si Mariama sa isang klase sa Simbahan. Hangang-hanga si Mariama sa mensahe. Ang lesson ay tungkol sa batas ng kalinisang-puri. Nagpaturo siya sa mga missionary at agad siyang nakatanggap ng patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith. Nabinyagan siya noong 2014, at nabinyagan ang kanyang anak na babae noong isang buwan. Isipin ninyo, ang dalawang pangunahing turo na humantong sa pagpapabinyag ni Mariama ay tungkol sa batas ng kalinisang-puri at kay Propetang Joseph Smith, dalawang paksang madalalas ituring ng mundo na walang halaga, makaluma, o hindi madaling gawin. Ngunit nagpatotoo si Mariama na para siyang isang gamu-gamo na naakit sa liwanag. Sabi niya, “Nang matagpuan ko

ang ebanghelyo, natagpuan ko ang aking sarili.” Natuklasan niya ang kanyang halaga sa pamamagitan ng mga banal na alituntunin. Ang kanyang halaga bilang anak ng Diyos ay inihayag sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ngayon ay kilalanin natin ang magkakapatid na Singh mula sa India. Si Renu, sa dulong kanan, ang una



Natuklasan ni Mariama, na nakalarawan kasama ang kanyang anak, ang kanyang kahalagahan matapos matuklasan ang mga banal na alituntunin.

sa limang magkakapatid na sumapi sa Simbahan, ang nagbahagi ng mga ideyang ito:

“Bago ako maging investigator ng Simbahan, hindi ko talaga nadama na napakaespesyal ko. Isa lang ako sa maraming tao, at hindi talaga itinuro sa akin ng aking lipunan at kultura na may halaga ako bilang isang indibidwal. Nang matutuhan ko ang ebanghelyo at malaman ko na ako ay anak ng ating Ama sa Langit, binago ako nito. Bigla kong nadama na napakaespesyal ko—talagang nilikha ako ng Diyos at nilikha ang aking kaluluwa at buhay na may halaga at layunin.

“Bago ako nagkaroon ng ebanghelyo sa aking buhay, sinikap ko palagi na patunayan sa iba na espesyal ako. Pero nang malaman ko ang katotohanan, na ako ay anak ng Diyos, wala na akong kailangang patunayan kaninuman. Alam kong espesyal ako. . . . Huwag isipin kailanman na wala kayong halaga.”

Perpekto ang pagkasabi rito ni Pangulong Thomas S. Monson nang sabihin niyang: “Ang kahalagahan ng isang kaluluwa ay ang kakayahan nitong maging katulad ng Diyos.”¹

Kamakailan ay pinagpala akong makilala ang isa pang dalagitang naka-uunawa sa katotohanan ding ito. Siya’y si Taiana. Nakilala ko siya sa Primary Children’s Hospital sa Salt Lake City. Si Taiana ay junior high school nang



Batid na siya ay anak ng Diyos, nagkaroon ng kapayapaan at tapang si Taiana na harapin ang kanyang pagsubok.

masuri siyang may kanser. Matapang siyang nakibaka nang 18 buwan bago siya pumanaw ilang linggo pa lang ang nakararaan. Si Taiana ay puspos ng liwanag at pagmamahal. Kilala siya sa kanyang nakahahawang ngiti at sa trademark niyang “double thumbs-up.” Kapag tinatanong ng iba na, “Bakit ikaw pa, Taiana?” ang sagot niya ay, “Bakit hindi ako?” Hinangad ni Taiana na maging katulad ng kanyang Taga-pagligtas, na minahal niya nang husto. Sa mga pagbisita namin, nalaman ko na nauunawaan ni Taiana ang kanyang banal na kahalagahan. Ang pagkabatid na siya ay anak ng Diyos ay nagbigay sa kanya ng kapayapaan at tapang na harapin ang napakabigat niyang pagsu-bok sa positibong paraan.

Itinuturo sa atin nina Mariama, Renu, at Taiana na pagtitibayin ng Espiritu sa bawat isa sa atin ang ating banal na kahalagahan. Ang tunay na pagkaalam na kayo ay anak ng Diyos ay makaaapekto sa lahat ng aspeto ng inyong buhay at gagabay sa inyong paglilingkod bawat araw. Nagpaliwanag si Pangulong Spencer W. Kimball sa napakagandang mga salitang ito:

“Siya ang inyong Ama. Mahal Niya kayo. Ang pagpapahalaga Niya at ng inyong ina sa langit sa inyo ay hindi masusukat. . . . Kayo ay kakaiba. Wala kayong katulad, ginawang may walang-hanggang katalinuhan para magkaroon kayo ng buhay na walang hanggan.

“Huwag hayaang magkaroon ng pagdududa sa inyong isipan tungkol sa inyong kahalagahan bilang indibidwal. Ang buong layunin ng plano ng ebanghelyo ay bigyan ng oportunidad ang bawat isa sa inyo na maabot ang inyong buong potensyal, ang walang-hanggang pag-unlad at ang posibilidad na maging diyos.”²

Ipaliliwanag ko sa inyo ang pangangailangang masabi ang pagkakaiba ng dalawang mahalagang salita: *halaga* at *pagkamarapat*. Hindi sila magkapareho. Ang ibig sabihin ng espirituwal na *halaga* ay pahalagahan ang ating sarili ayon sa pagpapahalaga sa atin ng Ama sa Langit, hindi ayon sa pagpapahalaga sa atin ng mundo. Tukoy na ang ating halaga bago pa tayo pumarito sa mundong ito. “Ang pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at mananatili magpakailanman.”³

Sa kabilang dako, ang *pagkamarapat* ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagsunod. Kung nagkasala tayo, hindi tayo gaanong karapat-dapat, ngunit hindi kailanman nababawasan ang ating halaga! Patuloy tayong nagsisisi at nagsisikap na maging katulad ni Jesus nang hindi tayo nawawalan ng halaga. Tulad ng itinuro ni Pangulong Brigham Young: “Ang pinakamaliit at pinaka-abang espiritu ngayon sa lupa . . . ay singhalaga ng mga daigdig.”⁴ Anuman ang mangyari, palagi tayong may halaga sa paningin ng ating Ama sa Langit.

Sa kabila ng kagila-gilalas na katotohanang ito, ilan kaya sa atin ang nahihirapan, paminsan-minsan, sa mga negatibong palagay o damdamin tungkol sa ating sarili? Isa ako riyan. Madaling mabitag nito. Si Satanas ang ama ng lahat ng kasinungalingan, lalo na pagdating sa mga maling paglalarawan sa ating sariling banal na katangian at layunin. Ang paghamak sa ating sarili ay hindi makatutulong sa atin. Sa halip ay pinipigilan tayo nito. Tulad ng madalas ituro sa atin, “Walang sinumang makapagpapadama sa inyo na hamak kayo nang wala kayong pahintulot.”⁵ Maaari tayong tumigil sa pagkukumpara ng mga bagay na napakapangit sa atin sa napakaganda sa iba. “Ang pagkukumpara ay magnanakaw ng kagalakan.”⁶

Sa kabilang dako, tinitiyak sa atin ng Panginoon na kapag malinis ang ating isipan, bibiyayaan Niya tayo ng tiwala, maging ng tiwalang malaman kung sino talaga tayo. Wala nang mas mahalagang panahon para sundin ang Kanyang mga salita. “Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay,” sabi Niya. “Sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at . . . ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina.”⁷

Inihayag ng Panginoon ang dagdag na katotohanang ito kay Propetang Joseph Smith: “Siya na tumatanggap mula sa Diyos, siya ay magsaalang-alang sa Diyos; at magsaya siya na siya ay isinaalang-alang ng Diyos na karapat-dapat tumanggap.”⁸ Kapag nadarama natin ang Espiritu, tulad ng paliwanag sa talatang ito, napapansin natin na ang ating nadarama ay nagmula sa ating Ama sa Langit. Kinikilala at pinupuri natin Siya sa pagpapala Niya sa atin. Sa gayo’y nagagalak tayong maituring na karapat-dapat tumanggap.

Kunwari’y nagbabasa kayo ng mga banal na kasulatan isang umaga at mahinang bumulong sa inyo ang Espiritu na ang binabasa ninyo ay totoo. Makikilala ba ninyo ang Espiritu at magiging masaya ba kayo na nadama ninyo ang Kanyang pagmamahal at karapat-dapat kayong tumanggap?



Sa pamamagitan ng ebanghelyo, nalaman ni Renu Singh (dulong kanan) ang kanyang halaga bilang anak ng Diyos at naging una sa limang magkakapatid na babae na sumapi sa Simbahan.

Mga ina, maaaring nakaluhod kayo sa tabi ng inyong apat-na-taong-gulang na anak habang nagdarasal siya bago matulog. May nadama kayo habang nakikinig. Nadarama ninyo ang sigla at kapayapaan. Saglit lang ang damdamin, ngunit napansin ninyo na kayo, sa sandaling iyon, ay itinuring na karapat-dapat tumanggap. Maaaring bihira tayong makatanggap, kung sakali man, ng malalaking espirituwal na paramdam sa ating buhay; ngunit maaari nating namnamin nang madalas ang magiliw na mga bulong ng Espiritu Santo, na nagpapatunay sa katotohanan ng ating espirituwal na halaga.

Ipinaliwanag ng Panginoon ang kaugnayan ng ating halaga sa Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo nang sabihin Niyang:

“Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos;

“Sapagkat, masdan, ang Panginoon na inyong Manunubos ay nakaranas ng kamatayan sa laman; dahil dito kanyang tiniis ang mga pasakit ng lahat ng tao, upang ang lahat ng tao ay magsisi at lumapit sa kanya.”⁹

Mga kapatid, dahil sa ginawa Niya para sa atin, tayo ay nakabuklod sa Kanya “hanggang tayo’y naro’n sa piling N’ya.”¹⁰ Sabi Niya, “Isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin.”¹¹

Ipinaliwanag din ni Haring Benjamin ang nagpapatibay na kaugnayang ito sa ating Tagapagligtas: “At masdan, siya ay magdaranas ng mga tukso, at sakit ng katawan, gutom, uhaw, at pagod, nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan; sapagkat masdan, ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao.”¹² Ang pagdurusang iyon at ang mga resulta ng pagdurusang iyon ay pinupuspos ng pagmamahal at pasasalamat ang ating puso. Itinurow ni Elder Paul E. Koelliker, “Kapag inalis natin ang mga gambalang humihila sa



atin na maging makamundo at ginamit natin ang ating kalayaang hanapin Siya, binubuksan natin ang ating puso sa isang selestiyal na puwersang humahatak sa atin palapit sa Kanya.”¹³ Kung ang pagmamahal na nadarama natin para sa Tagapagligtas at sa ginawa Niya para sa atin ay higit pa sa lakas na ibinibigay natin sa mga kahinaan, pagdududa sa sarili, o masasamang gawi, tutulungan Niya tayong madaig ang mga bagay na nagsasanhi ng pagdurusa sa ating buhay. Inililigtas Niya tayo mula sa ating sarili.

Muli kong binibigyang-diin: kung ang hatak ng mundo ay mas malakas kaysa sa pananampalataya at tiwala natin sa Tagapagligtas, mananaig ang hatak ng mundo sa tuwina. Kung pipiliin nating magtuon sa ating mga negatibong ideya at magdududa tayo sa ating halaga, sa halip na kumapit sa Tagapagligtas, nagiging mas mahirap madama ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo.

Mga kapatid, huwag tayong mali-tong kung sino tayo! Bagama’t madalas ay mas madaling walang gawin sa espirituwal kaysa sikaping alalahanin at yakapin ang ating banal na pagkatao, hindi natin kakayaning magpalayaw nang gayon sa mga huling araw na ito. Tayo nawa, bilang magkakapatid, ay

“maging matapat kay Cristo; . . . nawa ay dakilain [tayo] ni Cristo, at nawa ang kanyang pagdurusa at kamatayan, . . . at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa [ating] isipan magpakailanman.”¹⁴ Habang inaangat tayo ng Tagapagligtas sa mas mataas na lugar, mas malinaw nating makikita hindi lamang kung sino tayo kundi na tayo ay mas malapit sa Kanya kaysa inakala natin. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Ang Banal na Priesthood na Ipinagkatiwala sa Atin,” *Liahona*, Mayo 2006, 55.
2. Spencer W. Kimball, “Privileges and Responsibilities of Sisters,” *Ensign*, Nob. 1978, 105.
3. D. Todd Christofferson, “Magsipanahan sa Aking Pag-ibig,” *Liahona*, Nob. 2016, 48.
4. Brigham Young, “Remarks,” *Deseret News*, Mar. 6, 1861, 2.
5. Mula kay Eleanor Roosevelt.
6. Mula kay Theodore Roosevelt.
7. Doktrina at mga Tipan 121:45, 46.
8. Doktrina at mga Tipan 50:34.
9. Doktrina at mga Tipan 18:10–11.
10. “Ang Pag-ibig ng Ating Tagapagligtas,” *Mga Himno*, blg. 64.
11. 3 Nephi 27:14.
12. Mosias 3:7.
13. Paul E. Koelliker, “Talagang Mahal Niya Tayo,” *Liahona*, Mayo 2012, 18.
14. Moroni 9:25.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Tatlong Magkakapatid na Babae

Responsibilidad natin ang sarili nating pagkadisipulo, at maliit—kung mayroon man—ang kinalaman niyan sa pagtrato sa atin ng iba.

Mahal na mga kapatid, mahal na mga kaibigan, ang simulan ang pangkalahatang kumpe-rensya sa isang pandaigdigang sesyon ng kababaihan ay mahalaga at kagilagilas. Isipin lang ninyo: ang kababaihang iba't iba ang edad, pinagmulan, nasyonalidad, at wika ay nagkaisa sa pananampalataya at pagmamahal sa Panginoong Jesucristo.

Nang makapulung namin kama-kailan ang ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Thomas S. Monson, ipinahayag niya sa amin kung gaano niya kamahal ang Panginoon. At alam ko na labis na nagpapasalamat si Pangulong Monson sa inyong pagmamahal, mga dalangin, at katapatan sa Panginoon.

Noong araw sa isang malayong lupain nakatira ang pamilya ng tatlong magkakapatid na babae.

Ang panganay ay **malungkot**. Hindi siya nasisiyahan sa anumang bahagi ng kanyang katawan mula sa kanyang ilong hanggang sa baba niya at mula sa balat niya hanggang sa mga daliri niya sa paa. Kapag nagsasalita siya, kung minsan ay kakatwa ang labas ng mga salita niya, at nagtatawanan ang mga tao. Kapag

may namintas sa kanya o “nakalimot” na imbitahan siya sa kung saan, namumula siya, lumalayo, at naghahanap ng lihim na lugar kung saan siya malungkot na magbubuntong-hininga at mag-iisip kung bakit napakalungkot at napakawalang-sigla ng buhay.

Ang pangalawa ay **galit**. Inisip niya na napakatalino niya, pero laging may ibang mas mataas sa kanya ang marka sa mga test sa eskuwela. Itinuring niya ang kanyang sarili na nakakatuwa,

maganda, pusturyosa, at kaakit-akit. Pero parang lagi na lang may ibang mas nakakatuwa, mas maganda, mas pusturyosa, o mas kaakit-akit.

Hindi siya manguna sa anumang bagay, at hindi niya ito matanggap. Hindi dapat magkaganito ang buhay!

Kung minsa'y pinagagalitan niya ang iba, at parang palagi siyang handang magalit sa anumang bagay.

Mayyari pa, hindi siya nagustuhan o naging popular dahil dito. Kung minsa'y nakatiim ang kanyang mga bagang, nakakuyom ang kanyang mga palad, at iniisip niya, “Hindi makatarungan ang buhay!”

At nariyan naman ang pangatlong kapatid. Di tulad ng kanyang malungkot at galit na mga kapatid, siya'y—ah, **masaya**. At hindi ito dahil sa siya'y mas matalino o mas maganda o mas may kakayahan kaysa mga ate niya. Hindi, iniwasan o binalewala rin siya ng mga tao paminsan-minsan. Pinagtawanan nila ang kanyang pananamit o ang kanyang sinasabi paminsan-minsan. May sinasabi silang masasakit tungkol sa kanya paminsan-minsan. Pero hindi niya hinahayaang maapektuhan siyang masyado ng mga ito.

Mahilig kumanta ang kapatid na ito. Hindi siya mahusay kumanta, at pinagtatawanan ito ng mga tao, pero hindi siya napipigilan niyon. Ang sinasabi niya, “Hindi ko hahayaan ang ibang mga tao at ang opinyon nila na pigilan akong kumanta!”



Dahil patuloy siyang kumakanta, nalungkot ang panganay niyang kapatid at nagalit ang pangalawa.

Maraming taon ang lumipas, at kalauna'y pumanaw na ang magkakapatid na ito.

Ang panganay, na paulit-ulit na natuklasan na maraming kabiguan sa buhay, ay pumanaw kalaunan na *malungkot*.

Ang pangalawa, na araw-araw ay nakakikita ng bagong ikakagalit, ay pumanaw na *galit*.

At ang pangatlo, na ginugol ang kanyang buhay na buong lakas na kinakanta ang kanyang awitin at may tiwalang ngiti sa kanyang mukha, ay pumanaw na *masaya*.

Mangyari pa, kailanma'y hindi simple ang buhay, at kailanma'y hindi isang dimensyonal lang ang mga tao na tulad ng tatlong magkakapatid sa kuwentong ito. Pero kahit ang matitinding halimbawang tulad ng mga ito ay may maituturo sa atin tungkol sa ating sarili. Kung katulad kayo ng karamihan sa atin, maaari ninyong makilala ang bahagi ng inyong sarili sa isa, sa dalawa, o marahil ay sa tatlong magkakapatid na ito. Isa-isahin natin ang mga ito.

Ang Biktima

Ang tingin ng unang kapatid sa kanyang sarili ay biktima—tulad ng isang taong pinakikilos ng iba.¹ Parang sunud-sunod ang mga nangyari sa kanya kaya siya miserable. Sa ganitong pananaw sa buhay, hinahayaan niyang kontrolin ng iba ang kanyang damdamin at pag-uugali. Kapag ginawa natin ito, matatangay tayo ng lahat ng opinyon—at sa panahong ito ng social media sa buong paligid, napakapopular at maraming tumatanggap sa mga opinyong iyon.

Mahal na mga kapatid, bakit ninyong isusuko ang inyong kaligayahan sa isang tao, o grupo ng mga tao, na walang malasakit sa inyo o sa inyong kaligayahan?

Kung nag-aalala kayo sa sinasabi ng ibang tao tungkol sa inyo, imumungkahi ko ang remedyong ito: tandaan kung sino kayo. Tandaan na kayo ay nagmula sa maharlikang tahanan sa



kaharian ng Diyos, mga anak ng mga Magulang sa Langit, na naghahari sa buong sansinukob.

Nasa inyo ang espirituwal na DNA ng Diyos. Kayo ay may kakaibang mga kaloob na nagmula sa espirituwal na paglikha sa inyo at lumago ang mga iyon bago kayo isinilang. Kayo ay anak ng ating maawain at walang-hanggang Ama sa Langit, ang Panginoon ng mga Hukbo, ang Lumikha ng sansinukob, nagpakalat ng umiinog na mga bituin sa buong kalawakan, at naglagay ng mga planeta sa kanilang nakatalagang mga orbit.

Kayo ay nasa Kanyang mga kamay. Napakabuting mga kamay.

Mapagmahal na mga kamay.

Mapagmalasakit na mga kamay.

At hindi iyan mababago ng anumang sinasabi ng sinuman tungkol sa inyo. Ang kanilang mga salita ay walang kabuluhan kumpara sa sinabi ng Diyos tungkol sa inyo.

Kayo ay pinakamamahal Niyang anak.

Mahal Niya kayo.

Magkamali man kayo, tumalikod man kayo sa Kanya, mahal kayo ng Diyos. Kung pakiramdam ninyong ay nawawala kayo, napabayaan, o nakaligtaan—huwag matakot. Hahanapin kayo ng Mabuting Pastol. Papasanin Niya kayo sa Kanyang mga balikat. At iuuwi Niya kayo.²

Mahal kong mga kapatid, itanim sana ninyong nang malalim sa inyong puso ang mga banal na katotohanang

ito. At malalaman ninyong na maraming dahilan para hindi malungkot, dahil may walang-hanggang tadhana kayong makakamtan.

Ibinuwis ng pinakamamahal na Tagapagligtas ng mundo ang Kanyang buhay para ipasiya ninyong magkatotoo sa inyo ang tadhanang iyon. Taglay ninyong ang Kanyang pangalan; kayo ay Kanyang mga disipulo. At dahil sa Kanya, maaari kayong magtamo ng walang-hanggang kaluwalhatian.

Ang Namumuhi

Ang pangalawang kapatid ay galit sa mundo. Gaya ng kanyang malungkot na kapatid, nadama niya na ang sanhi ng lahat ng problema niya sa buhay ay ang ibang tao. Sinisi niya ang kanyang pamilya, mga kaibigan, kanyang boss at mga katrabaho, ang pulisya, mga kapitbahay, lider ng Simbahan, usong damit, init ng araw, at simpleng kalamasan. At pinagsalitaan niya silang lahat ng masakit.

Hindi niya inisip na isa siyang masamang tao. Bagkus, nadama niya na ipinagtatangol lang niya ang kanyang sarili. Lahat, sa kanyang paniwala, ay sakim, makitid, at pagkamuhang motibo. Samantalang siya ay may mabuting layunin—katarungan, integridad, at pagmamahal.

Sa kasamaang-palad, lubhang karaniwan ang pag-iisip ng galit na kapatid. Napansin ito sa isang pag-aaral kamakailan nang siyasatin ang alitan ng magkakaribal na grupo. Bilang bahagi

ng pag-aaral, ininterbyu ng mga researcher ang mga Palestino at Israelita sa Middle East, at ang mga Republican at Democrat sa Estados Unidos. Natuklasan nila na “iniisip ng bawat panig na ang higit na motibo ng sarili nilang grupo [ay] pagmamahal kaysa pagkamuhi, ngunit nang tanungin kung bakit ang karibal na grupo nila [ay] kasali sa alitan, sinabi [nila] na pagkamuhi ang motibo [ng kabilang] grupo.”³

Sa madaling salita, akala ng bawat grupo ay sila ang “mga bida”—makatarungan, mabait, at tapat. Sa kabilang dako, ang tingin nila sa karibal nila ay “mga kontrabida”—walang alam, manloloko, at masasama pa.

Noong taon na isinilang ako, may kahila-hilakbot na digmaan sa mundo na nagdulot ng malaking pighati at kalungkutan sa mga tao. Ang digmaang ito ay idinulot ng sarili kong bansa—ng isang grupo ng mga tao na itinuring na masama ang iba pang mga grupo at naghikayat na kamuhian ang mga ito.

Pinatahimik nila ang mga hindi nila gusto. Hiniya nila at pinalitaw na masama ang mga ito. Itinuring nila ang mga ito na mas mababa kaysa kanila—at hindi pa makatao. Kapag hinamak ninyo ang isang grupo ng mga tao, mas malamang na pangatwiranan ninyo ang mga sinabi at ginawang karahasan laban sa kanila.

Nangangatog ako kapag naiisip ko ang nangyari sa Germany noong ika-20 siglo.

Kapag may tumutol o hindi sumangayon sa atin, nakakatuksong ipalagay na baka may diperensya sila. At mula roon napakadali nang kabitan ng masasamang motibo ang kanilang sinasabi at ginagawa.

Mangyari pa, kailangan nating ipagtanggol palagi ang tama, at may mga pagkakataon na kailangan nating laksan ang ating boses para doon. Gayunman, kapag ginawa natin iyon nang may galit o pagkamuhi sa ating puso—kapag kinagalitan natin ang iba para saktan, pahiyain, o patahimikin sila—malamang ay hindi matwid ang ginagawa natin.

Ano ang itinuro ng Tagapagligtas?

“Sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [pagpalain

ang sa inyo’y sumusumpa, gawan ng mabuti ang napopoot sa inyo,] at idalangin ninyo ang sa inyo’y nanlalait at nagsisiusig;

“Upang kayo’y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit.”⁴

Ito ang paraan ng Tagapagligtas. Ito ang unang hakbang sa pagsira sa mga hadlang na lumilikha ng labis na galit, poot, pagkakahati, at karahasan sa mundo.

“Oo,” sasabihin ninyo siguro, “handakong mahalin ang aking mga kaaway—kung handa silang gawin din iyon.”

Pero hindi talaga mahalaga iyan, hindi ba? Responsibilidad natin ang sarili nating pagkadisipulo, at maliit—kung mayroon man—ang kinalaman niyan sa pagtrato sa atin ng iba. Malinaw na umaasa tayo na magiging maunawain sila at mahabagin bilang kapalit, ngunit ang ating pagmamahal sa *kanila* ay walang kinalaman sa kanilang saloobin sa *atin*.

Marahil palalambutin ng pagsisikap nating mahalin ang ating mga kaaway ang kanilang puso at iimpluwensiya-han sila sa kabutihan. Marahil ay hindi. Ngunit hindi niyan binabago ang ating pangakong sundin si Jesucristo.

Kaya, bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, mamahalin natin ang ating mga kaaway.

Daraigin natin ang galit o poot.

Pupuspendin natin ng pagmamahal ang ating puso para sa lahat ng anak ng Diyos.

Tutulungan nating mapagpala ang iba at paglilingkuran sila—maging

yaong mga maaaring “sa [ati’y] nanlalait at nagsisiusig.”⁵

Ang Tunay na Disipulo

Ang pangatlong kapatid ay kumakatawan sa tunay na disipulo ni Jesucristo. May ginawa siyang isang bagay na maaaring lubhang mahirap gawin: nagtiwala siya sa Diyos maging sa oras ng pangungutya at paghihirap. Kahit paano, nanatili siyang sumasampalataya at umaasa, sa kabila ng panlilibak at pangungutya sa kanyang paligid. Masaya siyang namuhay, hindi dahil masaya ang kanyang sitwasyon kundi dahil masaya *siya*.

Walang sinuman sa atin ang nagdaraan sa buhay nang walang kumakalaban. Sa napakaraming puwersang nagtatangkang ilihis tayo ng landas, paano tayo mananatiling nakatuon sa maluwalhating kaligayahang ipinangako sa matatapat?

Naniniwala ako na ang sagot ay matatagpuan sa panaginip ng isang propeta, libu-libong taon na ang nakararaan. Ang pangalan ng propeta ay Lehi, at ang kanyang panaginip ay nakatala sa katangi-tangi at kamanghamanghang Aklat ni Mormon.

Sa kanyang panaginip, nakita ni Lehi ang isang malawak na parang, at doo’y may napakagandang puno, na di-kayang ilarawan. Nakita rin niya ang malalaking grupo ng mga taong papunta sa puno. Gusto nilang tikman ang masarap na bunga nito. Nadama nila at nagtiwala sila na bibigyan sila niyon ng malaking kaligayahan at kapayapaan.



May makitid na landas papunta sa puno, at sa tabi ay may gabay na bakal na tumulong sa kanila na manatili sa landas. Ngunit may abu-abo rin ng kadiliman na nagpalabo sa tingin nila sa landas at sa puno. At ang mas mapanganib pa siguro ay ang malakas na tawanan at pangungutyang nagmumula sa malaki at maluwang na gusali sa malapit. Ang nakagugulat, nakumbinsi pa ng pangungutya ang ilang taong nakarating na sa puno at nakatikim ng masarap na bunga na mahiya at lumayo.⁶

Siguro'y nag-alinlangan na sila na ang puno ay talagang singganda ng inakala nilang minsan. Siguro nagduda na sila sa katotohanan ng kanilang naranasan.

Siguro naisip nila na kung tatalikuran nila ang puno, magiging mas madali ang buhay. Siguro hindi na sila kukutyain o pagtatawanan.

At ang totoo, ang mga taong humamak sa kanila ay mukhang mga tao na masaya at nagkakasiyahan. Kaya siguro kung tatalikuran nila ang puno, tatanggapin sila ng kongregasyon sa malaki at maluwang na gusali at papalangkapan sa kanilang pasiya, katalinuhan, at kamunduhan.

Manatili sa Landas

Mahal na mga kapatid, mahal na mga kaibigan, kung nahihirapan kayong kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal at lumakad nang matatag patungo sa kaligtasan; kung nag-aatubili kayo dahil sa halakhakan at pangungutya ng iba na tila tiwalang-tiwala; kung nababagabag kayo sa mga tanong na hindi pa nasasagot o mga doktrinang hindi pa ninyo nauunawaan; kung nalulungkot kayo dahil sa mga kabiguan, hinihimok ko kayong tandaan ang panaginip ni Lehi.

Manatili sa landas!

Huwag bumitaw sa gabay na bakal—ang salita ng Diyos!

At kapag tinangka ninuman na pahiyain kayo sa pagtanggap sa pagmamahal ng Diyos, huwag silang pansinin.

Huwag kalimutan, kayo ay anak ng Diyos; naghihintay ang saganang mga pagpapala; kung matututo kayong



sumunod sa Kanyang kalooban, makakapiling ninyo Siyang muli!⁷

Ang mga pangakong papuri at pagtanggap ng mundo ay hindi maaasahan, hindi totoo, at hindi kasiyasiya. Ang mga pangako ng Diyos ay tiyak, tapat, at masaya—ngayon at magpakailanman.

Inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang relihiyon at pananampalataya sa mas mataas na pananaw. Walang inihahandog sa malaki at maluwang na gusali na maihahambing sa bunga ng pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Talagang “hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, [ang] mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangag-sisiibig sa kaniya.”⁸

Natutuhan ko sa sarili ko na ang landas ng pagkadisipulo sa ebanghelyo ni Jesucristo ang landas tungo sa kagalaan. Ito ang landas tungo sa kaligtasan at kapayapaan. Ito ang landas tungo sa katotohanan.

Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ito sa inyong sarili.

Samantala, kung maging mahirap ang landas para sa inyo, sana’y

makakita kayo ng kanlungan at lakas sa ating kamangha-manghang mga organisasyon ng Simbahan: ang Primary, Young Women, at Relief Society. Sila ay parang mga pahingahan sa landas, kung saan ninyo mapapanibago ang inyong tiwala at pananampalataya para sa paglalakbay sa hinaharap. Ligtas na tahanan ang mga ito, kung saan madarama ninyo na kayo ay kabilang at tatanggap ng panghihikayat mula sa inyong mga kapatid at kapwa disipulo.

Ang mga bagay na natutuhan ninyo sa Primary ay inihahanda kayo para sa iba pang mga katotohanang natutuhan ninyo bilang mga kabataang babae. Ang landas ng pagkadisipulo na tinatahak ninyo sa inyong mga klase sa Young Women ay humahan-tong sa pakikisama at kapatiran ng Relief Society. Sa bawat hakbang sa kahabaan ng daan, binibigyan kayo ng dagdag na pagkakataong magpakita ng pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng pagpapakita ng pananampalataya, habag, pag-ibig sa kapwa, kabanalan, at paglilingkod.

Ang pagpili sa landas na ito ng pagkadisipulo ay hahantong sa di-masayod na kaligayahan at katuparan ng inyong banal na katangian.



Hindi ito magiging madali. Mangailangan ito ng pinakamainam sa inyo—buong talino, pagkamalikhain, pananampalataya, integridad, lakas, determinasyon, at pagmamahal. Ngunit balang araw ay lilingunin ninyo ang inyong mga pagsisikap, at ah, lubos kayong magpapasalamat na nanatili kayong matatag, na nanalig kayo, at hindi kayo lumihis ng landas.

Magpatuloy

Maaaring maraming bagay tungkol sa buhay na hindi ninyo mapipigilan. Ngunit sa huli, may kakayahan kayong piliin kapwa ang inyong patutunguhan at ang marami sa inyong mga karanasan habang daan. Ang inyong mga pasiya, hindi ang inyong mga kakayahan, ang gumagawa ng kaibhan sa buhay.⁹

Huwag ninyong tulutang palungkitin kayo ng inyong sitwasyon.

Huwag ninyo itong tulutang pagalitn kayo.

Maaari kayong magsaya na kayo ay anak ng Diyos. Maaari kayong makasumpong ng kagalakan at kaligayahan sa biyaya ng Diyos at sa pag-ibig ni Jesucristo.

Maaari kayong sumaya.

Hinihimok ko kayo na puspusin ng pasasalamat ang inyong puso sa sagana

at walang-hanggang kabutihan ng Diyos. Mahal kong mga kapatid, magagawa ninyo ito! Idinadalangin ko nang buong pagmamahal ng kaluluwa na gumawa kayo ng pasiya na magpatuloy patungo sa punungkahoy ng buhay. Nawa'y piliin ninyong lakasan ang inyong boses at gawing maluwalhating awitin ng papuri ang inyong buhay, na nagagalak sa maihahatid ng pag-ibig ng Diyos, ang mga himalang nagagawa ng Kanyang Simbahan, at ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mundo.

Ang awit ng tunay na pagkadisipulo ay maaaring sintunado o masyadong malakas para sa ilan. Noon pa mang unang panahon, ganito na talaga.

Ngunit para sa ating Ama sa Langit at sa mga nagmamahal at gumagalang sa Kanya, ito'y isang katangi-tangi at magandang awitin—ang napakaganda at nagpapabanal na awit ng mapagtubos na pagmamahal at paglilingkod sa Diyos at sa kapwa-tao.¹⁰

Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas bilang Apostol ng Panginoon na makasumpong kayo ng lakas at tapang na mabuhay nang masaya bilang anak ng Diyos habang masigla kayong naglalakad bawat araw sa maluwalhating landas ng pagkadisipulo. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa 2 Nephi 2:14, 26.
2. Tingnan sa Lucas 15:4–6.
3. Boston College, “Study Finds Intractable Conflicts Stem from Misunderstanding of Motivation,” *ScienceDaily*, Nob. 4, 2014, sciencedaily.com.
4. Mateo 5:44–45.
5. Mateo 5:44.
6. Tingnan sa 1 Nephi 8.
7. Tingnan sa “Ako ay Anak ng Diyos,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 2–3.
8. 1 Mga Taga Corinto 2:9.
9. Tingnan sa “The Most Inspirational Book Quotes of All Time,” pegasuspublishers.com/blog.
10. Tingnan sa Alma 5:26.





Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pananabik na Makauwi

Ibalik ang inyong kaluluwa sa liwanag. Simulan ang sarili ninyong magandang paglalakbay pauwi. Kapag ginawa ninyo ito, ang inyong buhay ay magiging mas mabuti, mas masaya, at mas makabuluhan.

Kamakailan lamang, sa pulong namin kasama si Pangulong Thomas S. Monson, mataimtim at magiliw niyang ipinahayag kung gaano niya kamahal ang Panginoon at na alam niyang mahal siya ng Panginoon. Mahal kong mga kapatid, alam ko na labis na nagpapasalamat si Pangulong Monson sa inyong pagmamahal, mga dalangin, at katapatan sa Panginoon at sa Kanyang dakilang ebanghelyo.

Si Bobbie the Wonder Dog

Halos isang siglo na ang nakararaan, isang pamilya mula sa Oregon ang noo'y nagbabakasyon sa Indiana—mahigit 2,000 milya (3,200 km) ang layo—nang mawala ang kanilang mahal na aso na si Bobbie. Hinanap ng nag-aalalang pamilya ang aso sa lahat ng dako ngunit hindi nila ito natagpuan. Hindi mahanap si Bobbie.

Sila ay malungkot na naglakbay pauwi at bawat milya ay papalayo sa kanilang mahal na aso.

Pagkaraan ng anim na buwan, nagulat ang pamilya nang makita nila si Bobbie sa kanilang pintuan sa Oregon. “Marumi at sugat-sugat na kaya halos makita na ang buto sa mga paa nito—tila ba nilakad [nito] ang mahabang distansya . . . nang mag-isa.”¹ Naging

interesado ang mga tao sa Estados Unidos sa kuwento tungkol kay Bobbie at nakilala ito bilang si Bobbie the Wonder Dog.

Hindi lamang si Bobbie ang hayop na nagpamangha sa mga siyentipiko dahil sa husay sa paghahanap ng direksyon at pag-uwi sa tahanan. Ang ilang monarch butterfly ay naglalakbay ng 3,000 milya (4,800 km) ang layo kada taon patungo sa mga rehiyon na mas angkop sa kanila para mabuhay. Ang mga leatherback turtle ay naglalakbay patawid sa Pacific Ocean mula sa Indonesia hanggang sa mga baybayin

ng California. Ang mga humpback whale ay lumalangoy mula sa malamig na mga tubig ng North Pole at South Pole papunta sa equator at pabalik mula roon. Marahil ang mas pambihira pa ay ang arctic tern na lumilipad mula sa Arctic Circle papunta sa Antarctica at pabalik mula roon kada taon, na ang layo ay mga 60,000 milya (97,000 km).

Kapag pinag-aaralan ng mga siyentipiko ang pambihirang pag-uugaling ito, ganito ang mga tanong nila “Paano nila nalalaman kung saan pupunta?” at “Paano natututuhan ng bawat sumusunod na henerasyon ang pag-uugaling ito?”

Nang mabasa ko ang pambihirang pag-uugaling ito ng mga hayop, hindi ko maiwasang isipin, “Posible kaya na may gayon ding pananabik ang mga tao—isang sistemang gumagabay, kung mamarapatin ninyong ganito ang itawag ko rito—na humihikayat sa kanila patungo sa kanilang *tahanan sa langit?*”

Naniniwala ako na nadama na ng bawat lalaki, babae, at bata ang pananabik sa kanilang tahanan sa langit sa ilang pagkakataon sa kanilang buhay. Sa kaibuturan ng puso natin ay naroon ang pananabik na makadaan sa tabing at mayakap ang mga Magulang sa Langit na kilala natin at mahal natin.

Maaaring pinipigilan ng ilan ang pananabik na ito at namamanhid ang kanilang kaluluwa sa tawag nito. Ngunit yaong hindi sinusupil ang liwanag na ito sa kanilang puso ay





makapagsisimula sa isang napakagandang paglalakbay—isang kahanga-hangang paglalakbay patungo sa langit.

Tinatawag Kayo ng Diyos

Ang napakagandang mensahe ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang Diyos ay ating Ama, nagmamalaskit Siya sa atin, at may paraan upang makabalik sa Kanya.

Tinatawag kayo ng Diyos.

Alam ng Diyos ang lahat ng inyong iniisip, pighati, at pinakaasam. Alam ng Diyos ang maraming beses na paghahanap ninyo sa Kanya. Ang maraming beses na nakadama kayo ng walang hanggang kaligayahan. Ang maraming beses ninyong pag-iyak dahil sa kalungkutan. Ang maraming beses na nanghi-na kayo, nalito, o nagalit.

Subalit, anuman ang nangyari sa inyo—kung kayo man ay nanghina, nabigo, nalungkot, naghinanakit, pinagtaksilan, o sinaktan—dapat ninyong malaman na hindi kayo nag-iisa. Tinatawag pa rin kayo ng Diyos.

Iniaabot ng Tagapagligtas ang Kanyang kamay sa inyo. At, tulad ng sinabi Niya sa mga mangingisda na nakatayo noon sa mga baybayin ng Dagat ng Galilea, nangungusap Siya sa inyo nang may walang hanggang pagmamahal: “Magsisunod kayo sa hulihan ko.”²

Kung pakikilingan ninyo Siya, mag-sasalita Siya sa inyo sa mismong araw na ito.

Kapag tinatahak ninyo ang landas ng pagkadisipulo—kapag naglalakad kayo patungo sa Ama sa Langit—may isang bagay sa puso ninyo na magpapatibay na narinig ninyo ang tawag ng Tagapagligtas at itinutuon ang inyong puso sa liwanag. Sasabihin nito sa inyo na nasa tama kayong landas at papauwi na kayo.

Sa simula pa lamang, hinikayat na ng mga propeta ng Diyos ang mga tao sa kanilang panahon na “[sundin] ang tinig ng Panginoon mong Dios, . . . tuparin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan . . . , [at manumbalik] sa [Kanya] ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa.”³

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan ang napakaraming dahilan kung bakit dapat nating gawin ito.

Ngayon, magbibigay ako ng dalawang dahilan kung bakit dapat tayong magsibalik sa Panginoon.

Una, magiging mas mabuti ang inyong buhay.

Pangalawa, gagamitin kayo ng Diyos upang mas mapabuti ang buhay ng iba.

Magiging Mas Mabuti ang Inyong Buhay

Pinatototohanan ko na kapag nagsimula o nagpatuloy tayo sa paglalakbay

patungo sa Diyos, magiging mas mabuti ang ating buhay.

Hindi ito nangangahulugan na hindi na tayo daranas ng lungkot sa ating buhay. Kilala nating lahat ang matatapat na tagasunod ni Cristo na nagdanas ng pagdurusa at kawalan ng katarungan—si Jesucristo mismo ay nagdusa nang higit kaninuman. Tulad ng ginagawa ng Diyos na “pinasisikat ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti,” tinutulutan Niya ring mangyari ang paghihirap upang subukan ang matwid at hindi matwid.⁴ Katunayan, kung minsan tila mas mahirap ang ating buhay *dahil* sinisikap nating mamuhay ayon sa ating pananampalataya.

Ang pagsunod sa Tagapagligtas ay hindi mag-aalis ng lahat ng inyong pagsubok. Gayunman, aalisin nito ang mga hadlang sa pagitan ninyo at ng tulong na gustong ibigay sa inyo ng Ama sa Langit. Sasamahan kayo ng Diyos. Ituturo Niya ang inyong tatahakin. Lalakad Siya sa tabi ninyo at papasanin kayo kapag nahihirapan na kayo.

Mararanasan ninyo ang napakagandang bunga ng Espiritu: “pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinhod, kagandahang-loob, kabutihan, [at] pagtatapat.”⁵

Ang mga espirituwal na bungang ito ay hindi bunga ng temporal na pag-unlad, tagumpay, o magandang kapalaran. Nagmumula ang mga ito sa pagsunod sa Tagapagligtas, at makatutulong ang mga ito maging sa pinakamatitinding unos sa ating buhay.

Ang mga paghihirap at kaguluhan ng mortal na buhay ay maaaring magbanta at magpadama ng takot, ngunit ang mga taong itinutuon ang kanilang puso sa Diyos ay palilibutan ng Kanyang kapayapaan. Ang kanilang kagalakan ay hindi mapapawi. Sila ay hindi pababayaan o kalilimutan.

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo” ang itinuturo ng banal na kasulatan, “at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”⁶

Ang mga sumusunod sa tawag na iyon at hinahanap ang Diyos,

nagdarasal, naniniwala, at lumalakad sa landas ng pagkadisipulo—kahit natiti-sod kung minsan sa pagtahak sa landas na iyon—ay tatanggap ng nakapapanatag na katiyakan na “lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa [kanilang] ikabubuti.”⁷

Sapagkat ang Diyos ay “nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan.”⁸

“Sapagka’t ang matuwid ay nabu-buwal na makapito, at bumabangon muli.”⁹

At ang Panginoon sa Kanyang kabu-tihan ay itinatanong:

Gusto ba ninyong madama nang matagal ang kagalakan?

Kinasasabikan ba ninyong madama sa inyong puso ang kapayapaan na di masayod ng pag-iisip?¹⁰

Kung gayon ibalik ang inyong kalu-luwa sa liwanag.

Simulan ang sarili ninyong magan-dang paglalakbay pauwi.

Kapag ginawa ninyo ito, ang inyong buhay ay magiging mas mabuti, mas masaya, at mas makabuluhan.

Gagamitin Kayo ng Diyos

Sa inyong paglalakbay pauwi sa Ama sa Langit mauunawaan ninyo na ang paglalakbay na ito ay hindi lang nakatuon sa sarili ninyong buhay. Ang landas na ito ay magbibigay-daan sa inyo upang maging isang pagpapala kayo sa iba pang mga anak ng Diyos—ang inyong mga kapatid. At ang masaya sa paglalakbay na ito ay kapag naglilingkod kayo sa Diyos, at kapag nagmamalasakit kayo at tumutulong sa inyong kapwa, makikita ninyo ang malaking pag-unlad sa sarili ninyong buhay, na hindi ninyo sukat-akalain.

Marahil hindi ninyo iniisip na kapaki-pakinabang kayo; marahil hindi ninyo iniisip na pagpapala kayo sa buhay ng isang tao. Madalas, kapag tinitingnan natin ang ating sarili, nakikita lamang natin ang ating mga limitasyon at kahinaan. Maaaring maisip natin na kailangang “mas” nakahihigit tayo para magamit tayo ng Diyos—mas matalino, mas mayaman, mas kalugud-lugod, mas mahusay, mas espirituwal. Ang mga



pagpapala ay hindi dumarating dahil lamang sa inyong mga kakayahan kundi dahil sa inyong pagpili. Ang Diyos ng sansinukob ay gagawa sa inyo at sa pamamagitan ninyo, palalakasin kayo para sa Kanyang mga layunin.

Ang Kanyang gawain ay patuloy na sumusulong sa mahalagang alituntuning ito: “Mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila.”¹¹

Nang sumulat sa mga Banal sa Corinto, sinabi ni Apostol Pablo na ilan lang sa kanila ang maituturing na marunong ayon sa mga pamantayan ng mundo. Ngunit hindi iyon mahalaga, dahil “pinili ng Dios ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga bagay na malalakas.”¹²

Ang kasaysayan ng gawain ng Diyos ay puno ng mga taong itinuturing ang kanilang sarili na may kakulangan. Ngunit naglingkod sila nang may pag-papakumbaba, nang umaasa sa biyaya ng Diyos at sa Kanyang pangako: “Ang kanilang bisig ay magiging aking bisig at ako ang kanilang magiging panang-galang . . . , at sila ay matapang na makikipaglaban para sa akin; at . . . sila ay aking pangangalagaan.”¹³

Nitong nakaraang tag-init ang aming pamilya ay nagkaroon ng magandang pagkakataon na mapuntahan ang ilan sa mga lugar sa kasaysayan ng Simbahan sa silangang Estados Unidos. Sa espes-yal na paraan, ginunita namin ang

kasaysayan sa panahong iyan. Ang mga nabasa ko tungkol sa mga tao—tulad nila Martin Harris, Oliver Cowdery, at Thomas B. Marsh—ay lalong naging makatotohanan sa akin habang nagla-lakad kami kung saan sila naglakad at iniisip ang mga sakripisyong ginawa nila upang maitayo ang kaharian ng Diyos.

Marami silang magagandang katangian na nakatulong nang mala-ki sa Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo. Ngunit sila ay mga tao rin, mahihina, at hindi perpekto—tulad natin. Ang ilan ay nakipagtalo kay Propetang Joseph Smith at lumayo sa Simbahan. Kalaunan, marami sa mga tao ring iyon ang nagbago ng puso, nagpakumbaba ng kanilang sarili, at muling naghangad ng pakikipagkapati-ran sa mga Banal.

Maaaring may inklinasyon tayong husgahan ang mga kapatid na ito at ang iba pang mga miyembro na tulad nila. Maaaring sabihin natin, “Hindi ko kailanman iiwanan si Propetang Joseph.”

Bagama’t maaaring totoo ito, hindi natin talagang alam kung ano ang buhay noon sa panahong iyon, sa mga sitwasyong iyon. Hindi sila perpekto, ngunit nakasisiglang malaman na gina-mit pa rin sila ng Diyos. Alam Niya ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, at binigyan Niya sila ng pambihirang oportunidad na makapag-ambag ng



isang talata o isang himig sa maluwalhating himno ng Panunumbalik.

Nakasisiglang malaman na bagama't hindi *tayo* perpekto, kung ang ating puso ay nakatuon sa Diyos, Siya ay magiging mapagbigay at mabait at gagamitin tayo para sa Kanyang mga layunin.

Ang mga nagmamahal at naglilingkod sa Diyos at sa kapwa at mapagpakumbaba at aktibong nakikibahagi sa Kanyang gawain ay makikita ang magagandang bagay na nangyayari sa kanilang buhay at sa buhay ng mga taong mahal nila.

Ang mga pintong tila nakasara ay mabubuksan.

Ang mga anghel ay magpapatuina sa harapan nila at ihahanda ang daan.

Anuman ang katayuan ninyo sa inyong komunidad o sa Simbahan, gagamitin kayo ng Diyos, kung handa kayo. Pag-iibayuhin Niya ang inyong mabubuting hangarin at ang tulong na itinatanim ninyo ay aani ng maraming kabutihan.

Hindi Tayo Makararating Doon Kung Naka-autopilot Tayo

Bawat isa sa atin, ay, “taga ibang bayan at manglalakbay”¹⁴ sa mundong ito. Sa maraming bagay, malayo tayo sa ating tahanan. Ngunit hindi ibig sabihin niyan na naliligaw o nag-iisa tayo.

Pinagkalooban tayo ng ating mahal na Ama sa Langit ng Liwanag ni Cristo. At sa kaibuturan ng puso ng bawat

isa sa atin, isang pahiwatig mula sa langit ang naghihikayat sa atin na ituon ang ating mga mata at puso sa Kanya habang naglalakbay tayo pauwi sa ating selestiyal na tahanan.

Kailangan dito ang pagsusumigasig. Hindi kayo makararating doon kapag hindi kayo nagsisikap na matuto sa Kanya, kapag hindi ninyo nauunawaan at sinusunod ang Kanyang mga tagubilin, at kapag hindi ninyo inihahakbang ang inyong paa.

Ang buhay ay hindi kotse na nagmamanehong mag-isa. Hindi ito isang eroplano na naka-autopilot.

Hindi kayo maaaring basta na lang lumutang sa mga tubig ng buhay at magtiwala na dadalhin kayo ng agos saanman ninyo gustong makarating balang-araw. Kailangan sa pagiging disipulo na handa tayong lumangoy nang salungat sa agos ng tubig kung kailangan.

Walang sinuman ang responsable sa inyong personal na paglalakbay. Tutulongan kayo ng Tagapagligtas at maghahanda ng paraan para sa inyo, ngunit ang pangako na susundin Siya at ang Kanyang mga kautusan ay kailangang manggaling sa inyo. Iyan ay mag-isang responsibilidad ninyo, ang mag-isang pribilehiyo ninyo.

Iyan ang malaking pakikipagsapalaran ninyo.

Mangyaring pakinggan ang tawag ng inyong Tagapagligtas.

Sumunod sa Kanya.

Itinatag ng Panginoon Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw upang matulungan kayo sa pangakong ito na maglingkod sa Diyos at sa inyong kapwa. Ang layunin nito ay maghikayat, magturo, tumulong, at magbigay ng inspirasyon. Binibigyan kayo nito ng mga pagkakataon na makapagpakita kayo ng pagkahabag, matulungan ang iba, at mapanibago at matupad ang mga sagradong tipan. Layunin nito na pagpalain ang inyong buhay at paunlarin ang inyong tahanan, komunidad, at bansa.

Halina, sumama sa amin at magtiwala sa Panginoon. Gamitin ang inyong mga talento sa Kanyang dakilang gawain. Tumulong, maghikayat, magpagaling, at sumuporta sa lahat ng nagnanais na madama at sundin ang pananabik na makauwi sa ating tahanan sa langit. Magkaisa tayo sa maluwalhating paglalakbay na ito pauwi sa ating tahanan sa langit.

Ang ebanghelyo ay maluwalhating mensahe ng pag-asa, kaligayahan, at kagalakan. Ito ang landas pauwi sa ating tahanan.

Kapag tinanggap natin ang ebanghelyo nang may pananampalataya at gawa, bawat araw at oras, mapapalapit tayo nang paunti-unti sa ating Diyos. Magiging mas mabuti ang ating buhay, at gagamitin tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng mga paraan upang mapagpala ang nasa paligid natin at maisakutaparan ang Kanyang walang hanggang mga layunin. Ito ay pinatotohanan ko at iniwan ko sa inyo ang aking basbas sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Susan Stelljes, “Bobbie the Wonder Dog,” *The Oregon Encyclopedia*, oregonencyclopedia.org.
2. Tingnan sa Mateo 4:19; Lucas 18:22.
3. Deuteronomio 30:10.
4. Mateo 5:45.
5. Mga Taga Galacia 5:22.
6. Mga Kawikaan 3:5–6.
7. Doktrina at mga Tipan 90:24.
8. Isaiah 40:29, New International Version.
9. Proverbs 24:16, New International Version.
10. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:7.
11. Doktrina at mga Tipan 64:33.
12. 1 Mga Taga Corinto 1:27.
13. Doktrina at mga Tipan 35:14.
14. Sa Mga Hebreo 11:13; 1 Ni Pedro 2:11.



Ni Bonnie L. Oscarson
Young Women General President

Ang mga Pangangailangan na Nasa Ating Harapan

Ang ilan sa pinakamahalagang mga pangangailangan na matutugunan natin ay ang pangangailangan ng ating sariling pamilya, mga kaibigan, ward, at komunidad.

Nitong mga huling araw nasaksihan natin ang malaking bilang ng mga kalamidad sa Mexico, Estados Unidos, Asia, ang Caribbean, at Africa. Dahil dito, nakita natin ang kabutihan ng mga tao nang libu-libo ang tumulong sa mga taong nanganganib o nangangailangan at nawalan. Natuwa ako nang makita ko ang mga dalagita sa Texas at Florida, kasama ang marami pang iba, na nagsuot ng dilaw na Helping Hands T-shirt at tumulong sa paglilinis ng mga bahay na napuno ng basura na dulot ng mga nagdaang huling bagyo. Napakarami sa inyo ang gustong pumunta sa mga lugar na may matinding pangangailangan kung hindi lamang malayo ang mga ito. Sa halip, nagbigay kayo ng malalaking donasyon para maibsan ang kanilang paghihirap. Ang kabutihang-loob at pagkaha-bag ninyo ay nakaaantig at katulad ng kay Cristo.

Ngayon gusto kong banggitin ang isang aspeto ng paglilingkod na

sa palagay ko ay mahalaga para sa lahat—saanman tayo naroon. Para sa ating mga nakapanood ng mga balita tungkol sa mga nangyari kamakailan at hindi natin alam ang gagawin, ang sagot ay maaaring nariyan na sa harapan natin.

Itinuro ng Tagapagligtas, “Sapagka’t ang sinomang magibig ilitas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito; data-puwa’t sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin, ay maililigtas nito yaon.”¹ Tungkol sa banal na kasulatang ito, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Naniniwala ako na sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangungulunttoy at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay.”²

Nabubuhay tayo sa isang kultura kung saan mas lalo nating pinagtutuhan ang maliit na gadget sa ating mga kamay kaysa sa mga tao sa paligid natin. Ipinalit natin ang pagte-text at tweeting para aktuwal na tingnan ang isang tao sa mga mata at ngumiti o, makipag-usap nang harapan, na bibihira nang gawin. Madalas na mas inaalala natin kung ilan ang nag-follow at naglike sa atin kaysa akbayan ang isang kaibigan at magpakita ng pagmamahal, pagmamalasakit, at tunay na pagkawili. Bagama’t ang makabagong teknolohiya ay mahusay na paraan para sa pagpapalaganap ng mensahe ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagtulong sa atin na palaging makaugnayan ang ating





pamilya at mga kaibigan, kung hindi tayo mag-iingat sa paggamit ng ating mga digital device, tayo rin ay maaaring magsimulang magtuon sa ating sarili at malimutan na ang pinakadiwa ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay paglilingkod.

Malaki ang pagmamahal at pagti-tiwala ko sa inyong mga kabataan at young single adult. Nakita at nadama ko ang inyong hangaring maglingkod at makagawa ng kaibhan sa mundo. Naniniwala ako na karamihan sa mga miyembro ay itinuturing ang paglilingkod bilang mahalagang bahagi ng kanilang mga tipan at pagkadisipulo. Ngunit naisip ko rin na kung minsan mas madaling hindi pansinin ang pinakamagagandang pagkakataon na makapaglingkod sa iba dahil sa kaabalahan natin o dahil naghahanap tayo ng malalaking paraan na mabago ang mundo at hindi natin nakikita na ang ilan sa pinakamahalagang mga pangangailangan na matutugunan natin ay ang pangangailangan ng sarili nating pamilya, mga kaibigan, ward, at komunidad. Nalulungkot tayo kapag nakikita natin ang pagdurusa at matinding mga pangangailangan ng mga nasa kabilang panig ng mundo, ngunit maaaring hindi natin nakikita ang isang tao na katabi natin sa klase na nangangailangan ng ating pakikipagkaibigan.

Ikinuwento ni Sister Linda K. Burton ang tungkol sa isang stake Relief Society president na, katuwang ang

iba pa, ay nangalap ng mga quilt para sa mga taong nangangailangan noong 1990s. “[Pinatakbo] nila ng kanyang anak na babae ang isang trak na puno ng mga quilt na iyon mula London papunta sa Kosovo. Habang nasa daan pauwi, nakadama siya ng malinaw na espirituwal na impresyon na tumimo sa kaibuturan ng kanyang puso. Ang impresyong ito ay: ‘Napakabuti ng ginawa mo. Ngayo’y umuwi ka na, tumawid ka ng kalye, at paglingkuran mo ang kapitbahay mo!’”³

Anong buti ang maidudulot ng pagliligtas sa mundo kung pababayaan natin ang mga pangangailangan ng mga taong pinakamalapit sa atin at pinakamamahal natin? Gaano kahalaga ang tulungan ang mundo kung ang mga tao sa paligid natin ay naghihirap at hindi natin napapansin? Maaaring inilagay ng Ama sa Langit ang mga taong nangangailangan sa atin na pinakamalapit sa atin, dahil alam Niya na tayo ang higit na makatutugon sa kanilang mga pangangailangan.

Lahat ay makahahapan ng paraan para makapaglingkod nang tulad ni Cristo. Kamakailan ay ikinuwento sa akin ng counselor ko na si Sister Carol F. McConkie ang tungkol sa kanyang 10-taong-gulang na apo na si Sarah na, nang malaman niya na maysakit ang kanyang ina, ay nagkusang tumulong. Siya ang gumigising sa kanyang nakababatang kapatid, tumutulong sa pagbibihis, pagsisipilyo, pagsusuklay ng buhok nito, at pagkain ng almusal para makapagpahinga ang kanyang ina. Tahimik niyang ginawa ang simpleng paglilingkod na ito nang hindi na kailangang utusan pa dahil nakita niya ang pangangailangan at nagnais na makatulong. Hindi lamang natulungan ni Sarah ang kanyang ina, kundi nakatitiyak ako na nakadama rin siya ng kagalakan dahil alam niya na napagaan niya ang pasanin ng isang taong mahal niya, at sa paggawa nito, ay tumibay ang samahan nilang magkapatid. Sinabi ni Pangulong James E. Faust: “Ang paglilingkod sa iba ay maaaring magsimula sa anumang gulang. . . . Hindi naman kailangang kagila-gilalas ito, at ito ay pinakadakilang kapag ginawa sa sariling pamilya.”⁴

Natatanto ba ninyong mga anak na napakahalaga sa inyong mga magulang at kapamilya kapag naghahanap kayo ng mga paraan na makapaglingkod sa tahanan? Para sa inyong mga kabataan, ang pagpapalakas at paglilingkod sa inyong pamilya ay dapat kabilang sa inyong pinakamataas na priyoridad kapag naghahanap kayo ng paraan na mabago ang mundo. Ang pagpapakita ng kabaitan at malasakit sa inyong mga kapatid at magulang ay nakatutulong sa pagkakaroon ng pagkakaisa at nag-aanyaya sa Espiritu sa tahanan. Ang pagbabago ng mundo ay nagsisimula sa pagpapatatag ng inyong sariling pamilya.

Ang iba pang paglilingkod ay magagawa sa ating mga ward family. Kung minsan ay itinatanong sa atin ng ating mga anak, “Bakit kailangan kong pumunta sa Mutual? Wala naman akong gaanong napapala roon.”

Bilang isang magulang, isasagot ko, Bakit naisip mo na pumupunta ka lang sa Mutual para mayroon kang mapala?”

Mga bata kong kaibigan, tinitiyak ko sa inyo na sa bawat miting ng Simbahan na dinadaluhan ninyo ay may isang taong nalulungkot, na nahihi-rapan at nangangailangan ng kaibigan, o nakadarama na hindi siya kabilang. May mahalagang bagay kayong maitutulong sa lahat ng miting o aktibidad at nais ng Panginoon na tingnan ninyo ang mga kaedad ninyo at pagkatapos ay maglingkod tulad ng gagawin Niya.

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson, “Ang isang pangunahing dahilan kung bakit may simbahan ang Panginoon ay upang lumikha ng isang komunidad ng mga Banal na susuportahan ang isa’t isa sa ‘makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan.’” Sinabi pa niya, “Ang relihiyong ito ay hindi lamang nakatuon sa sarili; sa halip, tayong lahat ay tinawag na maglingkod. Tayo ang mga mata, kamay, ulo, paa, at iba pang mga bahagi ng katawan ni Cristo.”⁵

Totoo na dumadalo tayo sa mga miting natin sa Simbahan tuwing linggo upang makibahagi sa mga ordenansa, matutuhan ang doktrina, at mabigyang-inspirasyon, ngunit ang isa pang

napakahalagang dahilan sa pagdalo ay, bilang isang ward at mga disipulo ng Tagapagligtas na si Jesucristo, pinangangalagaan natin ang isa't isa at naghahanap ng paraan na paglingkuran at palakasin ang bawat isa. Hindi lang tayo basta tumatangap at kumukuha sa ibinibigay ng simbahan; kailangan tayong magbigay at tumulong. Mga kabataang lalaki at babae, sa susunod na nasa Mutual kayo, sa halip na kunin ang inyong phone at tingnan ang ginagawa ng inyong mga kaibigan, tumigil kayo at tumingin sa inyong paligid at tanungin ang inyong sarili, "Sino ang nangangailangan sa akin ngayon?" Maaaring maging susi kayo sa pagtulung at pag-impluwensya sa buhay ng isang kabataan o sa pagpapalakas ng loob ng isang kaibigan na tahimik na nagdurusa.

Hilingin sa inyong Ama sa Langit na ipakita sa inyo ang mga nangangailangan ng tulong ninyo at ipabatid sa inyo kung paano ninyo sila pinakamainam na mapaglingkuran. Alalahanin na madalas ay isa-isang pinaglilingkuran ng Tagapagligtas ang mga tao.

Ang apo naming si Ethan ay 17 taong gulang na. Natuwa ako nang sabihin niya sa akin noong tag-init, sa impluwensya ng halimbawa ng kanyang ina, na nagdarasal siya bawat araw para magkaroon ng pagkakataong mapaglingkuran ang isang tao. Nang makasama namin ang kanyang pamilya, nakita ko kung paano nagpasensya, nagmahal, at nagpakita ng kabaitan si Ethan sa kanyang mga kapatid; tumulong sa kanyang mga magulang; at naghahanap ng mga paraan na matulungan ang iba. Humanga ako na napapansin niya ang mga taong nakapaligid sa kanya at sa hangarin niyang paglingkuran sila. Siya ay isang halimbawa sa akin. Sa paggawa ng ginagawa ni Ethan—paghingi ng tulong sa Panginoon na makapaglingkod tayo—bubuksan ng Espiritu ang ating mga mata upang makita ang mga pangangailangan sa paligid natin, makita ang "isang taong" nangangailangan sa atin sa araw na iyon, at malaman kung paano maglingkod sa kanya.

Bukod pa sa paglilingkod sa inyong pamilya at sa mga ka-ward ninyo,

maghanap ng mga pagkakataong makapaglingkod sa inyong kapitbahay at komunidad. Bagama't kung minsan ay hinihilingan tayong tumulong sa mga napinsala ng matinding kalamidad, hinihikayat tayo araw-araw na maghanap ng mga pagkakataon na mapalakas at matulungan ang mga nangangailangan sa ating lugar. Kamakailan ay pinayuhan ako ng isang Area President, na naglilingkod sa isang bansa na maraming problemang temporal, na ang pinakamainam na paraan para mapaglingkuran ang mga nangangailangan sa ibang dako ng mundo ay magbigay ng fast offering, magbigay ng donasyon sa Humanitarian Aid Fund ng Simbahan, at maghanap ng mga paraan para makapaglingkod sa inyong komunidad. Isipin na lang ninyo kung gaano mapagpapala ang buong mundo kung susundin ng lahat ng tao ang payo na ito!

Mga kapatid, at lalo na sa mga kabataan, kapag sinikap ninyong maging mas katulad ng Tagapagligtas na si Jesucristo at tinupad ang inyong mga tipan, patuloy kayong pagkakalooban ng hangaring mapagaan ang pagdurusa at matulungan ang mga kapus-palad. Tandaan na maaaring ang ilan sa pinakamalalaking pangangailangan ay ang



nasa harapan ninyo mismo. Simulan ang inyong paglilingkod sa mga sarili ninyong tahanan at sa mismong pamilya ninyo. Ito ang mga ugnayang maaaring maging walang hanggan. Kahit na—marahil lalo na kung—ang sitwasyon ng pamilya ay kailangang pabutihin, makahahanap kayo ng mga paraan para makapaglingkod, magpasaya, at magpalakas. Magsimula kung saan kayo naroon, mahalin sinuman sila, at maghanda para sa pamilya na gusto ninyong magkaroon kayo sa hinaharap.

Manalangin na tulungan kayo na malaman kung sino sa mga ka-ward ninyo ang nangangailangan ng pagmamahal at panghihikayat. Sa halip na magsimba na iniisip kung "Ano ang mapapala ko sa miting na ito?" itanong, "Sino ang nangangailangan sa akin ngayon? Ano ang maitutulong ko?"

Habang tinutulungan ninyo ang sarili ninyong pamilya at ang mga ka-ward ninyo, maghanap ng mga paraan na matulungan ang inyong komunidad. May oras man kayo para sa mas mahabang paglilingkod o iilang oras lang ang maibibigay ninyo kada buwan, ang inyong pagsisikap ay magpapala ng buhay at pagpapalain din kayo sa paraang hindi ninyo aakalain.

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at binabantayan Niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan."⁶ Nawa'y makita ng bawat isa sa atin ang pribilehiyo at pagpapala ng pakikibahagi sa gawain ng ating Ama sa Langit kapag tinutugunan natin ang mga pangangailangan ng Kanyang mga anak ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 9:24.
2. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona*, Nob. 2009, 85.
3. Linda K. Burton, "Ako'y Taga Ibang Bayan," *Liahona*, Mayo 2016, 15.
4. James E. Faust, "Pagiging Babae: Ang Pinakamataas na Karangalan," *Liahona*, Hulyo 2000, 117.
5. D. Todd Christofferson, "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Liahona*, Nob. 2015, 108, 109.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 100.



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Plano at ang Pagpapahayag

Ang pagpapahayag tungkol sa pamilya ay ang muling pagbibigay-diin ng Panginoon sa mga katotohanan ng ebanghelyo na kinakailangan natin upang mapatatag tayo sa mga hamon sa pamilya sa kasalukuyan.

Malinaw na makikita sa ating pagpapahayag tungkol sa pamilya na ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay biniyayan ng kakaibang doktrina at ibang mga paraan sa pag-unawa sa sanlibutan. Nakikibahagi tayo at nangunguna pa nga sa maraming gawaing nauukol sa sanlibutan, ngunit hindi tayo nakikibahagi sa iba pang mga gawain nito dahil sinisikap nating sundin ang mga turo ni Jesucristo at ng Kanyang mga Apostol, noon at ngayon.

I.

Sa isang talinghaga, inilarawan ni Jesus ang mga taong “dumirinig ng salita” ngunit naging “walang bunga” nang ang salitang iyon ay “[in]inis” ng “pagsusumakit na ukol sa sanglibutan” (Mateo 13:22). Kalaunan, pinagsabihan ni Jesus si Pedro dahil hindi nito ninanamnam “ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao,” sinasabing, “Sapagka’t ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay?” (Mateo 16:23, 26).

Sa Kanyang huling pagtuturo, sinabi Niya sa Kanyang mga Apostol, “Kung kayo’y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: ngunit sapagka’t kayo’y hindi taga sanglibutan, . . . napopoot sa inyo ang sanglibutan” (Juan 15:19; tingnan din sa Juan 17:14, 16).

Tulad nito, ginamit din sa mga isinulat ng mga orihinal na Apostol ni Jesus

ang “sanglibutan” para kumatawan sa mga taong sumasalungat sa mga turo ng ebanghelyo. “Huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito” (Mga Taga Roma 12:2), ang itinuro ni Apostol Pablo. “Sapagka’t ang karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa Dios” (I Mga Taga Corinto 3:19). At, “Magsipagingat,” babala niya, “baka sa inyo’y may bumihag . . . ayon sa salit saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo” (Mga Taga Colosas 2:8). Itinuro ni Apostol Santiago na “ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios[.] Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios” (Santiago 4:4).

Madalas gamitin sa Aklat ni Mormon ang “sanlibutan” bilang paglalarawan sa oposisyon. Ipinropesiya ni Nephi ang lubos na pagkawasak ng “mga yaong itinayo upang maging tanyag sa paningin ng sanlibutan, at ang mga yaong naghahangad ng . . . mga makamundong bagay” (1 Nephi 22:23; tingnan din sa 2 Nephi 9:30). Kinundena ni Alma ang mga taong “nagmamataas . . . sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig” (Alma 31:27). Ipinakita sa panaginip ni Lehi na yaong nagsisikap na sundin ang gabay na bakal, ang salita ng Diyos, ay makararanas ng pagsalungat ng sanlibutan. Ang mga naroon sa “malaki at maluwang



na gusali” na nakita ni Lehi ay nasa “panlalait at pagtuturo” ng “mapanlibak nilang daliri” (1 Nephi 8:26–27, 33). Sa kanyang pangitain na nagpapaliwanag sa panaginip na ito, nalaman ni Nephi na ang panlalait at pagsalungat na ito ay mula sa “maraming tao ng mundo, . . . ang sanlibutan at ang karunungan nito; . . . ang kapalaluan ng sanlibutan” (1 Nephi 11:34–36).

Ano ang ibig sabihin ng mga babala at utos na ito sa banal na kasulatan na huwag maging “taga sanglibutan” o ang utos sa makabagong panahong ito na “talikdan ang sanlibutan”? (D at T 53:2). Ibinuod ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga turong ito: “Kailangan tayong maging maingat sa isang mundong nagpakalayu-layo na sa bagay na espirituwal. Mahalagang ayawan natin ang anumang hindi umaayon sa ating mga pamantayan, tumanggi tayong isuko ang ating pinakamimithi: ang buhay na walang-hanggan sa kaharian ng Diyos.”¹

Nilikha ng Diyos ang mundong ito ayon sa Kanyang plano na bigyan ng lugar na matitirhan ang Kanyang mga espiritung anak upang maranasan nila ang mortalidad na mahalagang hakbang tungo sa mga kaluwalhatianang hangad Niya para sa lahat ng Kanyang mga anak. Bagama’t may iba-ibang kaharian at kaluwalhatian, ang pinakadakilang hangarin ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak ay ang sinabi ni Pangulong Monson na “buhay na walang-hanggan sa kaharian ng Diyos,” na siyang kadakilaan sa mga pamilya. Ito ay higit pa sa kaligtasan. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson, “Sa walang hanggang plano ng Diyos, ang kaligtasan ay [responsibilidad ng bawat] tao; [ngunit] ang kadakilaan ay [responsibilidad ng] pamilya.”²

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at ang pagpapahayag tungkol sa pamilya, na tatalakayin ko maya-maya, ay mahahalagang turo na gagabay sa atin sa paghahanda sa buhay na ito para sa kadakilaan. Bagama’t sinusunod natin ang mga batas sa kasal at iba pang mga tradisyon ng mundong ito na patuloy sa pagsama, dapat piliin ng mga nagsisikap para sa



kadakilaan ang mga bagay na ayon sa paraan ng Panginoon para sa kanilang pamilya sa tuwing naiiba ito sa paraan ng sanlibutan.

Sa buhay na ito, wala tayong naaalala kung ano ang nangyari bago tayo isinilang, at dumaranas tayo ngayon ng pagsalungat. Espirituwal na umuunlad at natututo tayo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos sa patuloy na pagpili ng tama. Kabilang dito ang mga tipan at ordenansa at pagsisisi kapag mga mali ang pinili natin. Sa kabilang banda, kung hindi sapat ang pananampalataya natin sa plano ng Diyos at sumusuway tayo o sadyang hindi ginagawa ang mga kinakailangang gawin, hindi tayo uunlad at matututo. Itinuturo ng Aklat ni Mormon, “Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos” (Alma 34:32).

II.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakauunawa sa plano ng kaligtasan ng Diyos ay may naiibang pananaw sa sanlibutan na tumutulong sa kanila upang maunawaan ang mga dahilan sa mga kautusan ng Diyos, ang hindi pabagu-bagong katangian ng Kanyang mga ordenansa, at ang pangunahing gawain ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Sinagip tayo ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas mula sa kamatayan at, kung tayo ay magsisisi, ililigtas tayo mula sa ating

mga kasalanan. Dahil sa pananaw na iyan sa sanlibutan, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may natatanging prioridad at gawain at binibiyayaan ng lakas na matiis ang kabiguan at pasakit ng mortal na buhay.

Ang mga ginagawa ng mga taong nagsisikap na sundin ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan o pagtatalo sa pamilya o mga kaibigan na hindi naniniwala sa mga alituntunin nito. Palaging nangyayari ang gayong pagtatalo. Bawat henerasyon na nagsisikap sundin ang plano ng Diyos ay nahaharap sa mga hamon. Noong unang panahon, pinalakas ni Isaias ang mga Israelita, na tinawag niyang “[kayong] nakakaalam ng katuwiran, . . . na ang puso ay kinaroonan ng aking kautusan.” Sinabi Niya sa kanila, “Huwag ninyong katakutan ang pula ng mga tao, o manglupaypay man kayo sa kanilang mga paglait” (Isaias 51:7; tingnan din sa 2 Nephi 8:7). Ngunit anuman ang dahilan ng pakikipagtalo ng mga hindi nakauunawa o naniniwala sa plano ng Diyos, patuloy na iniuutos sa mga nakauunawa na piliin ang paraan ng Panginoon sa halip na ang paraan ng sanlibutan.

III.

Ang plano ng ebanghelyo na dapat sundin ng bawat pamilya upang makapaghanda para sa buhay na walang hanggan at kadakilaan ay nakasaad



sa pagpapahayag ng Simbahan noong 1995, “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”³ Mangyari pa, ang mga nakasaad dito ay ibang-iba sa ilang batas, gawain, at adbokasiya nga-yon ng mundong ginagalawan natin. Sa ating panahon, ang mga pagkakai-bang pinakalantad ay ang pagsasama nang walang kasal, pagpapakasal ng magkaparehong kasarian, at ang pagpapalaki ng mga anak sa relasyong iyan. Itinuturing ng mga hindi nanini-wala o hindi nagnanais ng kadakilaan at ng mga taong lubos na napaniwala ng mga paraan ng sanlibutan na ang pagpapahayag na ito tungkol sa pamilya ay isang tuntunin lamang na dapat baguhin. Sa kabilang banda, pinagtiti-bay ng mga Banal sa mga Huling Araw na ang pagpapahayag ay nagpapaliwa-nag ng mga ugnayan ng pamilya kung saan nangyayari ang pinakamahala-gang bahagi ng ating walang hanggang pag-unlad.

Nasaksihan natin ang mabilis at patuloy na pagtanggap ng publiko sa pagsasamang walang kasal at pagpapakasal ng mga taong magkapareho ang kasarian. Ang adbokasiya ng media, edukasyon, at maging ang mga kinakailangan sa trabaho ay nagdulot ng matitinding hamon sa mga Banal sa mga Huling Araw. Kailangan nating pagsumikapang sundin ang batas ng ebanghelyo sa ating personal na buhay at pagtuturo at kasabay nito ay sikapin ding ipakita ang pagmamahal sa lahat ng tao.⁴ Sa paggawa nito, nahaharap tayo kung minsan sa sinabi ni Isaias

na “pula ng mga tao” ngunit hindi tayo dapat matakot.

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na ang pagpapahayag tungkol sa pamilya, na ipinahayag halos dalawampu’t limang taon na ang nakararaan at naisalin na ngayon sa maraming wika, ay ang muling pagbibigay-diin ng Panginoon sa mga katotohanan ng ebanghelyo na kina-kailangan natin upang mapatatag tayo sa mga hamon sa pamilya sa kasalukuyan. Ang dalawang halimbawa ay ang pagpapakasal ng dalawang taong magkapareho ng kasarian at pagsasama nang hindi kasal. Pagkaraan ng 20 taon matapos mailabas ang pagpapahayag tungkol sa pamilya, pinahintulutan ng United States Supreme Court ang pagpapakasal ng magkaparehong kasarian, binale-wala ang kasal na limitado sa isang lalaki at isang babae na napakaraming taon nang ginagawa. Ang naka-gigimbal na porsiyento ng mga bata sa Estados Unidos na isinilang sa isang ina na hindi kasal ay unti-unting tumaas: 5 porsiyento noong 1960,⁵ 32 porsiyento noong 1995,⁶ at ngayon 40 porsiyento.⁷

IV.

Nagsimula ang pagpapahayag tungkol sa pamilya sa pahayag na “ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.” Pinagtiti-bay rin nito na “ang kasarian ay mahalagang katangian ng

pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.” Iniha-hayag din nito na “[iniutos ng Diyos na] ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.”

Nakasaad sa pagpapahayag na nananatiling tungkulin ng mag-asawa na magpakarami at kalatan ang lupa at sila ay “may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak”: “Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal.” Mahigpit na nagbabala ito laban sa pang-aabuso sa asawa o anak, at nakasaad dito na “ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo.” Sa huli, nanawagan ito na magtatag ng opisyal na “mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan.”

Noong 1995, inilabas ng Pangulo ng Simbahan at ng 14 pang Apostol ng Panginoon ang mahahalagang pahayag na ito ng doktrina. Dahil isa ako sa pitong Apostol na iyon na buhay pa, nadama ko na kinakailangan kong ibahagi kung paano nabuo ang pagpapahayag tungkol sa pamilya sa kaalaman ng lahat ng nagsasaalang-alang nito.

Ang inspirasyon na kinakailangang magkaroon ng pagpapahayag sa pamilya ay dumating sa pamunuan ng Simbahan mahigit 23 taon na ang nakararaan. Ikinagulat ito ng ilang nagakala na malinaw nang naunawaan at hindi na kailangang linawin muli ang mga katotohanan ng doktrina tungkol sa kasal at pamilya.⁸ Gayunman, kinumpirma ito sa amin at isinagawa namin ito. Ang mga paksa ay tinukoy at tinalakay ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawa sa loob ng halos isang taon. Ang teksto ay iminungkahi, nirepaso at binago. Patuloy kaming nagsumamo sa Panginoon na bigyan



Niya kami ng inspirasyon sa dapat naming sabihin at kung paano namin ito sasabihin. Lahat kami ay natuto nang “taludtod sa taludtod, utos sa utos,” tulad ng ipinangako ng Panginoon (D at T 98:12).

Sa panahong ito ng paghahayag, ipinakita namin ang nagawa naming teksto sa Unang Panguluhan, na siyang namamahala at naghahayag ng mga turo at doktrina ng Simbahan. Matapos gumawa ng ilan pang mga pagbabago ang Panguluhan, ang pagpapahayag tungkol sa pamilya ay ibinalita ng Pangulo ng Simbahan na si Gordon B. Hinckley. Sa pulong ng mga kababaihan noong Setyembre 23, 1995, ipinakilala niya ang pagpapahayag sa ganitong mga salita: “Sa dami ng maling ideya ng daigdig na nagsasabing iyon ang totoo, sa dami ng panlilinlang hinggil sa mga pamantayan at pinahahalagahan, sa dami ng tukso at pang-aakit na unti-unti ay natatangay kayo, nadama namin na kailangan kayong bigyang-babala at patuloy na balaan.”⁹

Pinatotohanan ko na ang pagpapahayag tungkol sa pamilya ay isang pahayag ng katotohanan na walang hanggan, ang kalooban ng Panginoon

para sa Kanyang mga anak na naghahangad ng buhay na walang hanggan. Naging batayan ito sa pagtuturo at gawain ng Simbahan sa loob ng nakalipas na 22 taon at magpapatuloy sa hinaharap. Pag-isipan ito, ituro ito, ipamuhay ito, at kayo ay pagpapalain sa inyong pagsulong tungo sa buhay na walang hanggan.

Apatnapung taon na ang nakaraan, itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na “bawat henerasyon ay may mga pagsubok at pagkakataong manindigan at patunayan ang sarili.”¹⁰ Naniniwala ako na ang saloobin natin sa pagpapahayag tungkol sa pamilya at ang paggamit nito ay isa sa mga pagsubok na iyon para sa henerasyong ito. Dalangin ko na lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay manatiling matatag sa pagsubok na iyan.

Magtatapos ako sa mga turo ni Pangulong Gordon B. Hinckley na sinambit niya dalawang taon matapos ibalita ang pagpapahayag tungkol sa pamilya. Sinabi niya, “Nakikita ko ang napakagandang hinaharap sa isang mundong walang-katiyakan. Kung maninindigan tayo sa ating mga pinahahalagahan, kung sasalig tayo sa

ating pamana, kung susundin natin ang Panginoon, kung ipamumuhay natin ang ebanghelyo, pagpapalain tayo sa kahanga-hanga at napakagandang paraan. Kikilalanin tayo bilang mga kakaibang tao na nakatagpo ng susi tungo sa natatanging kaligayahan.”¹¹

Pinatotohanan ko ang katotohanan at walang hanggang kahalagahan ng pagpapahayag tungkol sa pamilya, na inihayag ng Panginoong Jesucristo sa Kanyang mga Apostol para sa kadakilaan ng mga anak ng Diyos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4), sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 83.
2. Russell M. Nelson, “Kaligtasan at Kadakilaan,” *Liahona*, Mayo 2008, 10.
3. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
4. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Pag-ibig at Batas,” *Liahona*, Nob. 2009, 26–29.
5. Tingnan sa “‘Disastrous’ Illegitimacy Trends,” *Washington Times*, Dis. 1, 2006, washingtontimes.com.
6. Tingnan sa Stephanie J. Ventura and others, “Report of Final Natality Statistics, 1996,” *Monthly Vital Statistics Report*, Hunyo 30, 1998, 9.
7. Tingnan sa Brady E. Hamilton and others, “Births: Provisional Data for 2016,” *Vital Statistics Rapid Release*, Hunyo 2017, 10.
8. Mahusay na sinabi ng aming General Young Women President 20 taon na ang nakaraan: “Hindi natin gaanong naunawaan noon, na lubha nating kakailanganin ang mahahalagang pahayag na ito sa mundo ngayon bilang sukatang ating paghatol sa bawat bagong pilosopiya ng mundo na inilalahad sa atin ng media, Internet, mga scholar, TV at mga pelikula, at maging ng mga mambabatas. Ang pahayag tungkol sa pamilya ang naging sukatang ating paghatol sa mga pilosopiya ng mundo, at pinatotohanan ko na ang mga alituntuning itinakda sa pahayag na ito ay totoo ngayon katulad noong ibigay ito sa atin ng propeta ng Diyos halos 20 taon na ang nakalipas” (Bonnie L. Oscarson, “Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag ukol sa Mag-anak,” *Liahona*, Mayo 2015, 14–15).
9. Gordon B. Hinckley, “Stand Strong against the Wiles of the World,” *Ensign*, Nob. 1995, 100.
10. Ezra Taft Benson, “Our Obligation and Challenge” (mensaheng ibinigay sa regional representatives’ seminar, Set. 30, 1977), 2; sa David A. Bednar, “Sa Panig ng Panginoon: Mga Aral mula sa Kampong Sion,” *Liahona*, Hulyo 2017, 19.
11. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 208; tingnan din sa Gordon B. Hinckley, “Look to the Future,” *Ensign*, Nob. 1997, 69.



Ni Elder John C. Pingree Jr.
Ng Pitumpu

“Ako ay May Gawain Para sa Iyo”

Bawat isa sa atin ay may makabuluhang gawaing gagampanan sa pagsusulong ng gawain ng Diyos.

Kay Moises, sinabi ng Diyos, “Ako ay may gawain para sa iyo” (Moises 1:6). Naisip na ba ninyo kung may gawain para sa inyo ang Ama sa Langit? May inihanda ba Siyang mahahalagang bagay sa inyo—at sa bawat isa sa inyo—na gagawin? Pinato-totohanan ko na ang sagot ay oo!

Isipin si Girish Ghimire, na ipinanganak at lumaki sa bansang Nepal. Noong tinedyer siya, nag-aral siya sa China, at doon ay ibinahagi sa kanya ng isang kaklase ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kalaunan, pumunta si Girish sa Brigham Young University para sa karagdagang pag-aaral at doon ay nakilala niya ang kanyang magiging asawa. Nanirahan sila sa Salt Lake Valley at nag-ampon ng dalawang bata mula sa Nepal.

Makalipas ang ilang taon, noong ilipat sa Utah ang mahigit 1,500 refugee mula sa mga kampo sa Nepal,¹ nainspirasyon si Girish na tumulong. Gamit ang katutubong wika at kaalaman sa kultura, nagsilbing interpreter, titser, at mentor si Girish. Matapos mailipat sa komunidad, ilan sa mga Nepali refugee ay naging interesado sa ebanghelyo. Isang Nepali-speaking branch ang

naorganisa, at kalaunan ay naglingkod si Girish bilang branch president nito. Siya ay nakibahagi rin sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa wikang Nepali.

Nakita ba ninyo kung paano inihanda at ginagamit ng Ama sa Langit si Girish?

Ang Diyos ay May Gawain Para sa Bawat Isa sa Atin

Mga kapatid, ang Diyos ay may mahalagang gawain para sa bawat isa



sa atin. Nagsasalita sa mga kababaihan ngunit nagtuturo ng mga katotohanang angkop para sa ating lahat, itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Bago tayo naparito sa lupa, [tayo ay] binigyan ng mga partikular na gawain. . . . Bagama’t hindi natin naaalala ngayon ang mga detalye, hindi nito nababago ang maluwalhating katotohanan ng pinagkasunduan natin noon.”² Napakagandang katotohanan nito! Ang ating Ama sa Langit ay may mga partikular at mahahalagang bagay na ipagagawa para sa inyo at sa akin (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:10).

Ang mga banal na gawaing ito ay hindi nakalaan para sa iilan lamang kundi para sa ating lahat—anuman ang kasarian, edad, lahi, nasyonalidad, trabaho, katayuan sa lipunan, o tungkulin sa Simbahan. Bawat isa sa atin ay may makabuluhang gawaing gagampanan sa pagsusulong ng gawain ng Diyos (tingnan sa Moises 1:39).

Ilan sa atin ay nagtatanong kung magagamit *tayo* ng Ama sa Langit para makagawa ng mahahalagang bagay. Ngunit tandaan, Siya ay palaging gumagamit ng mga karaniwang tao upang maisakatuparan ang mga pambihirang bagay (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 1:27–28; D at T 35:13; 124:1). “[Tayo ay] kinatawan” at “ang kapangyarihan ay nasa [atin]” upang “isakatuparan ang maraming kabutihan” (D at T 58:27–28).³

Ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson:

“Ang Panginoon ay may plano para sa inyo na higit pa sa plano ninyo para sa inyong mga sarili! Kayo ay inilaan para sa panahon at lugar na ito. . . .

Kailangan kayo ng Panginoon upang mabago ang mundo. Kapag tinanggap at sinunod ninyo ang Kanyang kalooban para sa inyo, magagawa ninyo ang imposible!”⁴

Kaya paano natin mauunawaan at magagawa ang gawain ng Diyos para sa atin? Magbabahagi ako ng apat na alituntunin na makatutulong.

Pagtuunan ng Pansin ang Iba

Una, pagtuunan ng pansin ang iba. Matutularan natin si Cristo, “na

naglilibot na gumagawa ng mabuti” (Mga Gawa 10:38; tingnan din sa 2 Nephi 26:24).

Matapos bumalik mula sa full-time mission, naalala ko ang araw-araw na layunin ko roon. Alam ko na kailangan kong tuparin ang aking mga tipan, mag-aral, magpamilya, at magtrabaho. Ngunit inisip ko kung may mas mahalaga o espesyal na bagay pa na ipagagawa sa akin ang Panginoon. Matapos magnilay nang ilang buwan, nabasa ko ang talatang ito: “Kung iyong nanaisin, ikaw ang magiging daan upang magawa ang maraming kabutihan sa salinlahing ito” (D at T 11:8). Tinulungan ako ng Espiritu na maunawaan na ang pangunahing layunin ng mga banal na gawain ay pagpalain ang iba at gumawa ng “maraming kabutihan.”

Makagagawa tayo ng mahahalagang pasiya sa ating buhay—tulad ng kung ano ang pag-aaralan, ano ang gagawin sa trabaho o kung saan titira—sa konteksto ng pagtulong sa iba.

Isang pamilya ang lumipat sa isang bagong lunsod. Sa halip na maghanap ng matitirhan sa isang marangyang komunidad, nadama nila na manirahan sa lugar na maraming pangangailangan sa aspetong ukol sa lipunan at sa ekonomiya. Sa pagdaan ng mga taon, ginamit sila ng Panginoon para matulungan ang maraming tao at mapalakas ang kanilang ward at stake.

Isang doktor ang binabayaran sa kanyang serbisyo ngunit nadama niyang maglaan ng isang araw kada linggo para magbigay ng libreng pangagamot sa mga taong walang health insurance. Dahil handang tulongan ng lalaking ito at ng kanyang asawa ang iba, ang Panginoon ay naglaan ng paraan para matulungan nila ang maraming pasyenteng nangangailangan habang inaaruga rin nila ang kanilang malaking pamilya.

Tuklasin at Pagbutihin ang mga Espirituwal na Kaloob

Pangalawa, tuklasin at pagbutihin ang mga espirituwal na kaloob. Ibini-gay ng Ama sa Langit ang mga kaloob na ito upang tulongan tayo na matukoy, maisakatuparan, at tamasahin ang ipinagagawa Niya sa atin.



Inisip ng ilan sa atin, “Mayroon ba akong *anumang* kaloob?” Ang sagot pa rin ay oo! “Sa *bawat* [lalaki at babae] ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos . . . upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan” (D at T 46:11–12; idinagdag ang pagbibigay-diin).⁵ Ang maraming espirituwal na kaloob ay nakatala sa banal na kasulatan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:1–11, 31; Moroni 10:8–18; D at T 46:8–26), ngunit marami pang iba.⁶ Maaaring kabilang ang pagiging maawain, pagpapakita ng pag-asa, kahusayan sa pakikipag-ugnayan sa mga tao, pagiging epektibo sa pag-oorganisa, nakahihikayat ang pagsasalita o pagsusulat, pagtuturo nang malinaw, at kasipagan sa pagtatrabaho.

Paano natin malalaman kung ano ang ating mga kaloob? Basahin natin ang ating patriarchal blessing, magtanong sa mga taong nakakikilala sa atin nang lubos, at alamin kung saan tayo mahusay at ano ang gustung-gusto nating gawin. Pinakamahalaga, maaari tayong magtanong sa Diyos (tingnan sa

Santiago 1:5; D at T 112:10). Alam Niya ang mga kaloob natin, dahil Siya ang nagbigay ng mga ito sa atin (tingnan sa D at T 46:26).

Kapag natuklasan natin ang ating mga kaloob o talento, responsibilidad nating pagyamanin ang mga ito (tingnan sa Mateo 25:14–30). Maging si Jesucristo ay “hindi tinanggap ang kaganapan sa simula, subalit nagpatuloy nang biyaya sa biyaya” (D at T 93:13).

Isang binatilyo ang gumuguhit upang mailarawan ang mga espirituwal na pinahahalagahan. Ang paborito ko ay ang larawan ng Tagapagligtas, na nakadispley sa aming tahanan. Pinagbuti at ginamit ng binatilyong ito ang kanyang mga kaloob o talento sa pagguhit. Sa pamamagitan niya, nabigyang-inspirasyon ng Ama sa Langit ang iba na pagbutihin ang kanilang pagkadisipulo.

Kung minsan nadarama natin na wala tayong anumang partikular na mahahalagang kaloob o talento. Isang araw, isang malungkot na babae ang nagsumamo, “Panginoon, ano po ang ipagagawa ninyo sa akin?” Sumagot



Siya, “Pansinin mo ang iba.” Iyan ay espirituwal na kaloob! Mula noon, nakadama siya ng kagalakan sa pagpansin sa iba na madalas makaligtaan, at sa pamamagitan niya ay napagpala ng Diyos ang maraming tao. Bagama’t ang ilan sa mga espirituwal na kaloob ay hindi mahalaga ayon sa mga paman-tayan ng mundo, ang mga ito ay mahalaga sa Diyos at sa Kanyang gawain.⁷

Gamitin ang Natutuhan mula sa Paghihirap

Pangatlo, gamitin ang natutuhan mula sa paghihirap. Ang mga pagsubok ay tumutulong sa atin na matuklasan at mapaghandaan ang ipagagawa sa atin ng Ama sa Langit. Ipinaliwanag ni Alma, “Matapos ang labis na pagdurusa, . . . ginawa akong kasangkapan [ng Panginoon] sa kanyang mga kamay” (Mosias 23:10).⁸ Tulad ng Tagapagligtas, na natutulungan tayo dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo (tingnan sa Alma 7:11–12), magagamit natin ang natutuhan mula sa mahihirap na karanasan natin upang bigyang-inspirasyon, palakasin, at pagpalain ang iba.

Matapos mawalan ng trabaho ang isang matagumpay na human resources executive, binasa niya ang kanyang

patriarchal blessing at nabigyang-inspirasyon na magtayo ng kompanya upang matulungan ang iba pang mga propesyonal na makahanap ng trabaho. (Tinulungan niya rin ako na makahanap ng trabaho nang bumalik ang aming pamilya mula sa paglilingkod sa misyon.) Ginamit ng Panginoon ang pagsubok niya bilang paraan para mapagpala ang iba, habang binibigyan siya ng mas makabuluhang trabaho.

Isang bata pang mag-asawa ang nagkaroon ng anak na patay na nang isilang ito. Sa kanilang pagdadalamhati, nagpasiya sila na bilang pag-alaala sa kanilang anak ay magbibigay sila ng payo at suportang materyal sa mga magulang na dumaranas din ng gayong sitwasyon. Ginamit ng Panginoon ang mag-asawang ito dahil sa pagiging mahabagin nila, na nata-mo nila dahil sa mga paghihirap na naranasan nila.

Umasa sa Diyos

At pang-apat, umasa sa Diyos. Kapag humihingi tayo sa Kanya nang may pananampalataya at may tunay na layunin, ipahahayag Niya ang mga banal na gawain natin.⁹ Kapag natuklasan natin ang mga ito, tutulungan Niya

tayo na magawa ang mga ito. “Lahat ng bagay ay nakikita ng [Kanyang] mga mata” (D at T 38:2; tingnan din sa Abraham 2:8), at sa tamang mga panahon, bubuksan Niya ang mga pinto ng oportunidad na mahalaga para sa atin (tingnan sa Apocalipsis 3:8). Isinugo Niya ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, upang makaasa tayo sa Kanyang lakas na nakahihigit sa ating taglay na lakas (tingnan sa Mga Taga Filipos 4:13; Alma 26:12).

Isang lalaking miyembro ng Simbahan, na nabahala sa mga ginagawa ng lokal na pamahalaan, ang nagpasiyang tumakbo sa eleksyon. Kahit mahirap mangampanya, nanampalataya siya at nagtipon ng resources para makatakbong sa eleksyon. Sa huli, hindi siya nanalo ngunit nadama niyang pinatubayan siya at pinalakas ng Panginoon upang maiparating ang mga isyung mahalaga sa komunidad.

Isang ina na mag-isang nagpapalaki ng mga anak na may mga kapansanan ang nag-alala kung sapat niyang matutugunan ang mga pangangailangan ng kanyang pamilya. Bagama’t mahirap, nadama niyang pinalakas siya ng Panginoon upang magampanan nang mabuti ang kanyang pinakamahaling misyon.

Isang Babala

Kasabay ng pagtulong sa atin ng Diyos upang magawa ang mga banal na gawain natin, ginagambala at inilalayo tayo ng kaaway mula sa makabuluhang buhay.

Ang kasalanan marahil ang pinakamalaking bato na kinatitisan natin, pinahihina ang kamalayan natin sa Espiritu Santo at nililimitahan tayo sa pagtanggap ng espirituwal na lakas. Upang maisagawa ang gawain ng Ama sa Langit para sa atin, kailangan nating sikaping maging malinis (tingnan sa 3 Nephi 8:1). Namumuhay ba tayo sa paraang magagamit tayo ng Diyos?

Ginagambala rin tayo ni Satanas gamit ang mga bagay na hindi gaanong mahalaga. Binalaan ng Panginoon ang isang lider ng Simbahan noon, “Subalit ang iyong isip ay nakatuon sa mga bagay ng mundo kaysa sa mga

bagay na para sa akin . . . at sa paglingkod kung saan ka tinawag” (D at T 30:2). Abala ba tayo sa mga bagay ng mundo kaya’t hindi natin nagagawa ang ating mga banal na gawain?

Bukod pa rito, pinahihina ni Satanas ang ating loob sa pamamagitan ng pagpapadama sa atin ng ating mga kakulangan. Ipinapadama niya sa atin na napakahirap o nakatatatag ang ating gawain. Gayunman, maaari tayong magtiwala sa Diyos! Mahal Niya tayo. Gusto Niyang magtagumpay tayo. Siya ay “magpapauna sa [atin]; siya’y sasa[atin], hindi niya [tayo] iiwan” (Deuteronomio 31:8; tingnan din sa Mga Awit 32:8; Mga Kawikaan 3:5–6; Mateo 19:26; D at T 78:18).

Maaari rin tayong udyukan ni Satanas na isipin na mas mahalaga ang gawaing ibinigay sa iba kaysa sa atin. Ngunit lahat ng gawaing mula sa Diyos ay mahalaga, at makadarama tayo ng kagalakan kapag “ipinagkakapuri [natin] yaong ipinag-utos sa [atin] ng Panginoon” (Alma 29:9).

Kapag kumikilos ang Diyos sa pamamagitan natin, uudyukan tayo ng kaaway na magmalaki sa anumang nagawa natin. Gayunman, maaari nating tularan ang pagpapakumbaba ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagbibigay ng papuri at pagluwalhati sa Ama (tingnan sa Mateo 5:16; Moises 4:2). Nang tangkaing purihin ng isang mamamahayag si Mother Teresa para sa kanyang misyon sa buhay na pagtulong sa mga maralita, sinabi niya: “Ito ay gawain [ng Diyos]. Ako ay parang isang . . . lapis sa kanyang kamay. . . . Siya ang nag-iisip. Siya ang nagsusulat. Walang kinalaman ang lapis doon. Ang lapis ay ginagamit lang.”¹⁰

Katapusan

Mahal kong mga kapatid, inaanayayahan ko ang bawat isa sa atin na “ihandog [natin] ang [ating] sarili sa Dios . . . na pinaka-kasangkapan ng katuwiran” (Mga Taga Roma 6:13). Ang paghahandog ng sarili ay kinapapalooban ng pagpapatid sa Kanya na gusto nating tumulong, hinahangad ang Kanyang patnubay, at humihingi ng Kanyang lakas.

Tulad ng dati, makakaasa tayo kay Jesucristo, ang ating perpektong huwaran. Sa buhay bago tayo isinilang, itinanong ng Ama sa Langit, “Sino ang isusugo ko?”


At sumagot si Jesus, “Narito ako, isugo ako” (Abraham 3:27; tingnan din sa Isaias 6:8).

Tinanggap, pinaghandaan, at isinagawa ni Jesucristo ang Kanyang gawain na inorden noon pa man bilang ating Tagapagligtas at Manunubos. Ginawa Niya ang kalooban ng Ama (tingnan sa Juan 5:30; 6:38; 3 Nephi 27:13) at tinapos ang Kanyang mga banal na gawain.

Kapag tinularan natin ang halimbawa ni Cristo at inihandog ang ating sarili sa Diyos, pinatotohanan ko na gagamitin din Niya tayo upang maisulong ang Kanyang gawain at mapagpala ang iba. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Refugee Processing Center, “Admissions and Arrivals,” ireports.wrapsnet.org/Interactive-Reporting.
2. Spencer W. Kimball, “The Role of Righteous Women,” *Ensign*, Nob. 1979, 102.
3. Hinikayat tayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Maniwala sa iyong sarili. Maniwala sa kakayahan ninyong gawin ang malalaki[ng] . . . bagay. . . . Kayo ay anak ng Diyos, na walang hanggan ang kakayahan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Gordon B. Hinckley [2016], 87).
4. Russell M. Nelson, *Accomplishing the Impossible: What God Does, What We Can Do* (2015), 147.
5. Sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Nakikita ng ating Ama sa Langit ang ating tunay na potensyal. Ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa ating sarili ay alam Niya. Hinikayat Niya tayo sa buhay na ito na abutin ang hangganan ng paglikha sa atin. . . . “Magpasiya tayong tularan ang Tagapagligtas at magsumikap na maging uri ng tao na dapat nating kahinatnan. Pakinggan natin at sundin ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu. Sa paggawa nito, ihahayag sa atin ng Ama sa Langit ang mga bagay na hindi natin alam tungkol sa ating sarili. Ipakikita Niya sa atin ang daan at tutulungan tayong makita ang mga talento na hindi natin alam at marahil hindi natin sukat-akalain na taglay natin” (*Mga Panghihinayang at Pagpapasaya*, *Liahona*, Nob. 2012, 22,3).
6. Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie: “Ang mga espirituwal na kaloob ay walang katapusan sa bilang at walang hanggan sa iba’t ibang kaparaanan. Ang mga nakasulat na ito sa inihayag na salita ay paglalarawan lamang ng walang katapusan pagbuhos



ng biyaya ng langit na ibinigay ng isang mapagmahal na Diyos sa mga nagmamahal at naglingkod sa kanya” (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 371).

7. Itinuro ni Elder Marvin J. Ashton:

“Hayaan ninyong banggitin ko ang ilang kaloob na hindi laging nakikita o napapansin ngunit napakahalaga. Ilan sa mga ito ay maaaring ang inyong mga kaloob—mga kaloob na hindi kitang-kita ngunit gayunpaman ay tunay at kapaki-pakinabang.

“Isa-isahin natin ang ilan sa di-gaanong napapansing mga kaloob na ito: kaloob na humiling; kaloob na makinig; kaloob na makarinig at gumamit ng marahan at bayanad na tinig; kaloob na manangis; kaloob na umiwas na makipagtalo; kaloob na maging kalugud-lugod; kaloob na umiwas sa walang kabuluhang paulit-ulit; kaloob na hangarin ang yaong matwid; kaloob na huwag manghuga; kaloob na umasa sa patnubay ng Diyos; kaloob na maging disipulo; kaloob na pangalagaan ang iba; kaloob na makapagnilay-nilay; kaloob na mag-alay ng panalangin; kaloob na magbigay ng malakas na patotoo; at kaloob na tumanggap ng Espiritu Santo” (“There Are Many Gifts,” *Ensign*, Nob. 1987, 20).

8. Itinuro rin ni Pablo, “[Ang Diyos ang] umaaliw sa atin sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa anomang kapighatian, sa pamamagitan ng pagaliw na inialiw din sa atin ng Dios” (II Mga Taga Corinto 1:4).
9. Ipinaliwanag ni Elder Richard G. Scott: “May natatanging plano ang Diyos sa inyong buhay. Ihahayag Niya ang mga bahagi ng planong iyon sa inyo habang hinahanap ninyo ito nang may pananampalataya at patuloy na tatalima” (“Paano Mamuhay nang Maayos sa Gitna ng Tumitinding Kasamaan,” *Liahona*, Mayo 2004, 102).
10. Mother Theresa, sa Edward W. Desmond, “Interview with Mother Teresa: A Pencil in the Hand of God,” *Time*, Dis. 4, 1989, time.com.



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Tinapay na Buhay na Bumabang Galing sa Langit

Kung hinahangad nating manahan kay Cristo at tinutulutan Siyang manahan sa atin, sinisikap natin kung gayon na matamo ang kabanalan.

Ilang araw matapos mahimalang mapakain ni Jesus ang 5,000 tao sa Galilea sa pamamagitan lamang ng “limang tinapay na sebada, at dalawang [maliliit na] isda,”¹ nagsalita Siyang muli sa mga tao sa Capernaum. Nahiwatigan ng Tagapagligtas na mas interesado ang maraming tao na mapakain muli kaysa sa Kanyang mga turo.² Kaya, sinikap Niyang hikayatin sila tungkol sa napakatindi at napakalaking kahalagahan ng “pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao.”³ Ipinahayag ni Jesus:

“Ako ang tinapay ng kabuhayan.

“Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila’y nangamatay.

“Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang taong makakain, ay huwag mamatay.

“Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya’y mabubuhay magpakailan man: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan.”⁴

Ang kahulugang nais iparating ng Tagapagligtas ay hindi naunawaan ng mga nakikinig na literal lamang ang pagkaunawa sa ipinahayag Niyang. Nangilabot sa pahayag na ito, sinabi nila, “Paanong maipapakain sa atin ng taong ito ang kaniyang laman?”⁵ Ipinaliwanag pa ni Jesus ang bagay na ito:

“Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili.



“Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya’y aking ibabangon sa huling araw.

“Sapagka’t ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin.”⁶

Pagkatapos ay inihayag Niyang ang malalim na kahulugan ng Kanyang metapora:

“Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako’y sa kaniya.

“Kung paanong sinugo ako ng Amang buhay, at ako’y nabubuhay dahil sa Ama; gayon din naman ang kumakain sa akin, siya nama’y mabubuhay dahil sa akin.”⁷

Hindi pa rin naunawaan ng mga nakikinig ang sinabi ni Jesus, at “marami . . . , nang kanilang marinig ito, ay nangagsabi, Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon? . . . [At] marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.”⁸

Ang pagkain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo ay isang di-karaniwang paraan para maipakita kung paano magiging lubos na bahagi ng ating buhay ang Tagapagligtas—sa ating pagkatao—upang tayo ay maging isa. Paano ito nangyayari?

Una, nauunawaan natin na sa pag-aalay ng Kanyang laman at dugo, si Jesucristo ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan at nadaig ang kamatayan, kapwa pisikal at espirituwal.⁹ Malinaw kung gayon na kinakain natin ang Kanyang laman at iniinom ang Kanyang dugo kapag tinatanggap natin mula sa Kanya ang kapangyarihan at mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Nakasaad sa doktrina ni Cristo kung ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang nagbabayad-salang biyaya. Iyon ay ang maniwalang at manampalataya kay Cristo, magsisi at magpabinyag, at tanggapin ang Espiritu Santo, “at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo.”¹⁰ Ito ang pasukan, ang daan para makamitan natin ang biyaya ng

pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ang daan tungo sa makipot at makitid na landas patungo sa Kanyang kaharian.

“Samakatwid, kung kayo ay magpatuloy [sa landas na iyon], nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtititig hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

“... Masdan, ito ang doktrina ni Cristo, at ang tangi at tunay na doktrina ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, na isang Diyos, na walang katapusan.”¹¹

Ang simbolismo ng sakramento ng Hapunan ng Panginoon ay magandang pagnilayan. Ang tinapay at tubig ay sumasagisag sa laman at dugo Niya na siyang Tinapay na Buhay at Tubig na Buhay,¹² ipinapaalala sa atin nang lubos ang ibinayad Niya upang matubos tayo. Habang pinagpuputol-putol ang tinapay, naaalaala natin ang napunit na laman ng Tagapagligtas. Minsan ay sinabi ni Elder Dallin H. Oaks “dahil pinagputul-putol at pinirapiraso ito, ang bawat piraso ng tinapay ay naiiba, tulad ng pagiging naiiba ng mga taong kumakain nito. Lahat tayo ay may iba-ibang kasalanan na dapat pagsisihan. Lahat tayo ay may iba-ibang pangangailangan na dapat palakasin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, na inaalaala natin sa ordenansang ito.”¹³ Kapag iniinom natin ang tubig, iniisip natin ang dugong itinigis niya sa Getsemani at sa krus at ang nakapagpapabanal na kapangyarihan nito.¹⁴ Dahil alam natin na “walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian,” ipinasya nating mapabilang “sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng dugo [ng Tagapagligtas], dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisihan ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas.”¹⁵

Binanggit ko ang tungkol sa pagtanggap ng nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas na mag-aalis ng ating mga kasalanan at ng mga batik ng mga kasalananang iyon sa atin. Ngunit ang matalinghagang pagkain ng Kanyang

laman at pag-inom ng Kanyang dugo ay may mas malalim na kahulugan, at iyan ay ang taglayin ang mga katangian at pagkatao ni Cristo sa ating buhay, hubarin ang likas na tao at maging mga Banal “sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon.”¹⁶ Kapag tumatanggap tayo ng tinapay at tubig sa sacrament tuwing linggo, makabubuting isipin kung gaano natin kalubos na gagawing bahagi ng ating sariling buhay at pagkatao ang Kanyang katangian at ang halimbawa ng Kanyang buhay na walang kasalanan. Hindi makapagbabayad-sala si Jesus para sa mga kasalanan ng iba kung Siya ay nagkasala. Dahil ang katarungan ay walang pag-angkin sa Kanya, maiaalay Niya ang Kanyang sarili para sa atin para matugunan ang katarungan at maibigay ang awa. Kapag inalala natin at iginalang ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, dapat din nating isipin ang Kanyang buhay na walang kasalanan.

Ipinahihiwatig nito na kailangan nating magsumigasig upang magawa natin ang ating bahagi. Hindi tayo maaaring makuntento na manatili kung saan tayo naroon kundi kailangan nating patuloy na kumilos hanggang sa “sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo.”¹⁷ Tulad ng ama ni Haring Lamoni sa Aklat ni Mormon, dapat handa tayong talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan¹⁸ at magtuon sa inaasahan sa atin ng Panginoon, sa bawat isa at nang magkakasama.

Kamakailan, ikinuwento sa akin ng isang kaibigan ang isang karanasan habang naglilingkod siya bilang mission president. Naoperahan siya at nangangailangan ng ilang linggo ng pagpapagaling. Sa kanyang pagpapagaling, nag-ukol siya ng oras sa pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan. Isang hapon habang pinagninilayan niya ang mga salita ng Tagapagligtas sa ika-27 kabanata ng 3 Nephi, nakatulog siya. Pagkatapos ay ikinuwento niya:

“Nanaginip ako at ipinakita sa akin nang malinaw ang kabuuan ng aking buhay. Ipinakita sa akin ang mga kasalanan ko, ang mga maling pasiya ko, ang mga pagkakataong ... hindi ako



naging mapagpasensya sa mga tao, pati na ang mabubuting bagay na hindi ko nasabi o nagawa. ... [Isang] kumple-tong ... [pagbabalik-tanaw ng] aking buhay ang ipinakita sa akin nang ilang minuto, ngunit tila mas matagal ito. Nagising ako, natigilan at ... kaagad na lumuhod sa gilid ng aking kama at nagsimulang manalangin, upang magsumamo na patawarin ako, ibinuhos ang nilalaman ng aking puso na hindi ko pa ginawa noon.

“Bago ang panaginip na iyon, hindi ko alam na [mayroon] akong malaking pangangailangan na magsisi. Ang mga kasalanan at kahinaan ko ay biglang naging napakalinaw sa akin na ang pagitan ng pagkatao ko at ng kabanalan at kabutihan ng Diyos ay [tila] milyun-milyon ang layo. Sa aking panalangin nang hapong iyon, nagpasalamat ako nang lubos at buong puso sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas para sa ginawa Nila para sa akin at para sa mahal kong asawa at mga anak. Habang nakaluhod nadama ko rin ang labis na pagmamahal at awa ng Diyos, sa kabila ng pagiging hindi ko karapat-dapat. ...

“Masasabi kong hindi na ako tulad ng dati mula noong araw na iyon. ... Nagbago ang puso ko. ... Kasunod nito ay mas naging mahabagin ako sa iba, nag-ibayo ang kakayahan kong magmahal, lakip ang pagsusumigasig



na ipangaral ang ebanghelyo. . . . Mas naunawaan ko ang mga mensahe ng pananampalataya, pag-asa, at kaloob na pagsisisi na matatagpuan sa Aklat ni Mormon nang higit pa kaysa dati.”¹⁹

Mahalagang maunawaan na ang malinaw na paghahayag na ito tungkol sa mga kasalanan at pagkukulang ng mabuting taong ito ay hindi nagpahina ng kanyang loob o naging dahilan para mawalan siya ng pag-asa. Oo, nakadama siya ng pagkabigla at pagsisisi. Lubos niyang nadama na kailangan niyang magsisi. Siya ay pinagpakumbaba, subalit nakadama siya ng pasasalamat, kapayapaan, at pag-asa—tunay na pag-asa—dahil kay Jesucristo, “ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit.”²⁰

Binanggit ng kaibigan ko ang tungkol sa nadama niyang layo ng pagitan ng kanyang buhay sa kabanalan ng Diyos. *Kabanalan* ang tamang salita. Ang ibig sabihin ng kainin ang laman at inumin ang dugo ni Cristo ay magsikap na matamo ang kabanalan. Iniutos ng Diyos, “Kayo’y mangagpakabanal; sapagka’t ako’y banal.”²¹

Ipinayo ni Enoc sa atin, “Ituro ito sa iyong mga anak, na ang lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kinakailangang magsisi, o sila sa anumang paraan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, sapagkat walang maruming bagay ang makatatahan doon, o makatatahan sa kanyang kinaroroonan; sapagkat, sa

wika ni Adan, Tao ng Kabanalan ang kanyang pangalan, at ang pangalan ng kanyang Bugtong na Anak ay Anak ng Tao, maging si Jesucristo.”²² Noong bata pa ako, inisip ko kung bakit madalas tukuyin si Jesus (at madalas Niya ring tukuyin ang Kanyang sarili) sa Bagong Tipan bilang ang Anak ng Tao gayong Siya ay literal na Anak ng Diyos, ngunit nilinaw sa pahayag ni Enoc na ang mga pagtukoy na ito ay talagang pagkilala sa Kanyang pagka-Diyos at kabanalan—Siya ay Anak ng Tao ng Kabanalan, ang Diyos Ama.

Kung hinahangad nating manahan kay Cristo at tinutulutan Siyang manahan sa atin,²³ sinisikap natin kung gayon na matamo ang kabanalan, kapwa sa katawan at espiritu.²⁴ Sinisikap nating matamo ito sa templo, kung saan nakasulat doon ang “Kabanalan sa Panginoon.” Sinisikap nating matamo ito sa ating kasal, pamilya, at tahanan. Sinisikap nating matamo ito kada linggo kapag nagagalak tayo sa banal na araw ng Panginoon.²⁵ Sinisikap nating matamo ito maging sa lahat ng aspeto ng araw-araw nating buhay: sa ating pananalita, sa ating pananamit, sa ating mga iniisip. Tulad ng sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, “Tayo ang kinalabasan ng lahat ng binabasa natin, lahat ng pinanonood natin, lahat ng naririnig natin at lahat ng iniisip natin.”²⁶ Sinisikap nating matamo ang kabanalan kapag pinapasan natin ang ating krus araw-araw.²⁷

Sinabi ni Sister Carol F. McConkie: “Alam natin na maraming pagsubok, tukso, at paghihirap na maaaring maglayo sa atin sa lahat ng marangal at kapuri-puri sa harapan ng Diyos. Ngunit ang ating mga karanasan sa mundo ay binibigyan tayo ng pagkaka-taong piliin ang kabanalan. Kadalasan, ang mga sakripisyong ginagawa natin sa pagtupad ng mga tipan ang nagpapakabanal sa atin.”²⁸ At idaragdag ko sa mga “sakripisyong ginagawa natin” ang paglilingkod na ibinibigay natin.

Alam natin na “kung [tayo] ay nasa paglilingkod ng [ating] kapwa-tao, [tayo] ay nasa paglilingkod lamang ng [ating] Diyos.”²⁹ At ipinapaalala sa atin ng Panginoon na ang gayong paglilingkod ay mahalagang bahagi ng Kanyang buhay at pagkatao: “Sapagka’t ang Anak ng tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami.”³⁰ Mahusay na ipinaliwanag ni Pangulong Marion G. Romney: “Ang paglilingkod ay hindi isang bagay na tinitiiis natin dito sa lupa para makamantan ang karapatang manirahan sa kahariang selestiyal. Ang paglilingkod ay pinakadiwa ng buhay na pinadakila sa kahariang selestiyal.”³¹

Iprinopesiya ni Zacarias na sa panahon ng paghahari ng Panginoon sa milenyong, maging sa mga kampanilya ng mga kabayo ay masusulat doon ang pahayag na, “Kabanalan sa Panginoon.”³² Sa diwang iyan, iniuugnay ng mga Banal na pioneer sa mga lambak na ito ang paalalang iyan, “Kabanalan sa Panginoon,” sa tila karaniwan o mga bagay ng mundo pati na rin sa mga yaong mas direktang nauugnay sa mga gawaing pangrelihiyon. Ito ay nakasulat sa mga lalagyan ng tinapay at tubig sa sakramento at nakalimbag sa mga sertipiko ng ordinasyon ng mga Pitumpu at sa banner ng Relief Society. Ang “Kabanalan sa Panginoon” ay makikita rin sa mga bintana ng Zion’s Cooperative Mercantile Institution, ang ZCMI department store. Ito ay makikita sa ulo ng martilyo at sa isang tambol. Nakaukit ang “Kabanalan sa Panginoon” sa mga metal na doorknob ng tahanan ni Pangulong Brigham Young. Ang mga



bagay na ito na iniugnay sa kabanalan sa tila kakaiba o hindi inaasahang lugar ay tila hindi angkop sa paningin ng ilang tao, ngunit ang mga ito ay nagpapa-hiwatig na kinakailangang lubos at patuloy ang ating pagtuon sa kabanalan.

Ang ibig sabihin ng kainin ang laman at inumin ang dugo ng Tagapagligtas ay alisin ang anumang bagay sa ating buhay na hindi naaayon sa pagkatao na katulad ng kay Cristo at taglayin natin ang mga katangian Niya. Ito ang mas malawak na kahulugan ng pagsisisi: hindi lamang pagtalikod sa nagawang kasalanan noon kundi "[pagtuon [ng] puso at kalooban sa Diyos]"³³ tungo sa pag-unlad. Tulad ng nangyari sa aking kaibigan sa kanyang panaginip na isang paghahayag, ipakikita ng Diyos sa atin ang ating mga kahinaan at pagkakamali, ngunit tutulungan din Niya tayo na madaig ang ating mga kahinaan.³⁴ Kung taos-puso tayong magtatanong, "Ano pa ang kulang sa akin?"³⁵ Hindi Niya tayo pahuhulain, kundi sa pagmamahal Niya sa atin ay sasagot Siya para sa ating kaligayahan. At bibigyan Niya tayo ng pag-asa.

Ito ay isang matinding pagsisikap, at manghihina ang loob natin kung sa ating pagsisikap na matamo ang kabanalan ay nag-iisa tayo. Ang maluwalwhating katotohanan ay hindi tayo nag-iisa. Nasa atin ang pagmamahal ng Diyos, ang biyaya ni Cristo, ang

pag-alihwag at patnubay ng Banal na Espiritu, at ang kapatiran at panghihikayat ng mga kapwa natin Banal sa katawan ni Cristo. Huwag tayong makuntento sa kung nasaan na tayo, at huwag din tayong panghinaan ng loob. Tulad ng isang simple ngunit nakaaantig na himno na naghihikayat sa atin:

*Sikaping magpakabanal, habang mundo'y abala;
manalangin at makipag-ugnayan kay Jesus sa tuwina.*

*Sa pagsunod kay Jesus, ikaw ay magiging tulad niya;
mga kaibiga'y mapapansin na kilos mo'y katulad na niya.*³⁶

Pinatotohanan ko na si Jesucristo, ay "ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit,"³⁷ at "ang kumakain ng [Kanyang] laman at umiinom ng [Kanyang] dugo ay may buhay na walang hanggan,"³⁸ sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 6:9.
2. Tingnan sa Juan 6:26.
3. Juan 6:27.
4. Juan 6:48–51.
5. Juan 6:52.
6. Juan 6:53–55.
7. Juan 6:56–57.
8. Juan 6:60, 66. Sa pangyayaring ito itinanong ng Tagapagligtas sa Kanyang Labindalawang Apostol, "Ibig baga ninoyong magsialis din naman?" (Juan 6:67).

Sumasagot para sa Labindalawa nang may matatag na pananampalataya, sinabi ni Pedro: "Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan. At kami'y nagsisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Cristo, ang Banal ng Dios" (Juan 6:68–69). Hindi ko alam, sa sandaling iyon, kung mas naunawaan ni Pedro at ng kanyang mga kapatid ang itinuro ng Panginoon kaysa sa mga disipulo na sa sandaling iyon ay nagsitalikod sa Panginoon, ngunit alam ni Pedro sa pamamagitan ng matibay na patotoo ng Espiritu na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos (tingnan din sa Mateo 16:15–17), at hindi matatagpuan saan pa man ang kaligtasan. Kaya nga lubos ang determinasyon niya na sundin si Jesus anuman ang mangyari. Kung may mga tanong man siya, masasagot din ang mga ito kalaunan, ngunit hindi niya tatalikuran ang katapatan niya sa Anak ng Diyos— isang napakagandang halimbawa para sa ating lahat.

9. Tingnan sa Lucas 22:44; Sa Mga Hebreo 13:12; Mosias 3:7; 15:7–8; Alma 7:13; Doktrina at mga Tipan 19:18; 38:4; 45:4–5.
10. 2 Nephi 31:17.
11. 2 Nephi 31:20–21.
12. Tingnan sa Juan 4:10.
13. Dallin H. Oaks, "Introductory Message" (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 25, 2017), 2.
14. Tingnan sa Moises 6:60.
15. 3 Nephi 27:19; tingnan din sa Moroni 10:32–33.
16. Mosias 3:19.
17. Mga Taga Efeso 4:13.
18. Tingnan sa Alma 22:18.
19. Personal na liham.
20. Juan 6:51.
21. I Ni Pedro 1:16.
22. Moises 6:57.
23. Tingnan sa Juan 6:56.
24. Tingnan sa Mga Taga Roma 12:1.
25. Tingnan sa Isaias 58:13.
26. *Teachings of Thomas S. Monson*, comp. Lynne F. Cannegieter (2011), 267.
27. Tingnan sa Pagsasalain ni Joseph Smith, Mateo 16:25–26 (sa Mateo 16:24, footnote e); Lucas 9:23; 14:27–30; Joseph Smith Translation, Luke 14:27–28 (sa Luke 14:27, footnote b); Joseph Smith Translation, Luke 14:31 (sa Luke 14:30, footnote a).
28. Carol F. McConkie, "Ang Kagandahan ng Kabanalan," *Liahona*, Mayo 2017, 10.
29. Mosias 2:17.
30. Marcos 10:45; tingnan din sa Alma 34:28.
31. Marion G. Romney, "Ang Katangiang Selestial ng Pag-asa sa Sarili," *Liahona*, Mar. 2009, 19.
32. Zacarias 14:20.
33. Bible Dictionary, "Repentance."
34. Tingnan sa Eter 12:27.
35. Mateo 19:20.
36. William D. Longstaff, "Take Time to Be Holy," *The United Methodist Hymnal* (1989), blg. 395.
37. Juan 6:51.
38. Juan 6:54.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kayo Nga'y Mangagpakasakdal— Sa Wakas

Kung magsusumigasig tayo, sa isang dako ng kawalang-hanggan ang ating kadalisan ay magiging ganap at lubos.

Ang mga banal na kasulatan ay isinulat upang pagpalain at palakasin tayo, at iyan ang tiyak na ginagawa ng mga ito. Pinasalamatan natin ang langit para sa bawat kabanta at talata na ibinigay sa atin. Ngunit napansin ba ninyo na paminsan-minsan ay isang talata ng banal na kasulatan ang bigla nating mapapansin na nagpapaalala sa atin na nagkukulang *tayo*? Halimbawa, ang Sermon sa Bundok ay nagsisimula sa nakapapanatag at nakapapayapang sermon, ngunit sa kasunod na mga talata, iniutos sa atin—kabilang ang iba pang mga bagay—na hindi lamang huwag pumatay kundi huwag ding mapoot. Hindi lamang iniutos sa atin na huwag mangalunya kundi huwag din tayong mag-isip ng masama. Sa mga taong humihingi, ibibigay natin ang ating tunika at gayon din ang ating balabal. Mamahalin natin ang ating kaaway, pagpapalain ang mga umuugis sa atin, at gagawan ng mabuti ang napopoot sa atin.¹

Kung iyan ang banal na kasulatan na nabasa ninyo sa umaga at

pagkabasa ninyo ay nakatitiyak na kayo na hindi kayo makakukuha ng mataas na grado sa inyong gospel report card, ang huling kautusan ay tiyak na hindi ninyo masusunod: “Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal.”² Sa huling utos na iyan, gusto nating bumalik sa higaan at magtalukbong ng kumot. Tila hindi natin makakamit



ang gayong mga selestiyal na mithiin. Ngunit nakatitiyak ako na hindi magbibigay ang Panginoon ng kautusan na alam Niyang hindi natin masusunod. Tingnan natin kung saan tayo dadalhin ng sitwasyong ito.

Sa Simbahan naririnig ko sa mara-ming tao ang bagay na ito: “Hindi ako mahusay.” “Ang laki-laki ng kakulangan ko.” “Hindi ako kailanman magiging karapat-dapat.” Naririnig ko ito sa mga tinedyer. Naririnig ko ito sa mga missionary. Naririnig ko ito sa mga bagong miyembro. Naririnig ko ito sa matatagal nang miyembro. Sinabi ng isang matalinong Banal sa mga Huling Araw na si Sister Darla Isackson, na nagawa ni Satanas na maging tila mga sumpa at kaparusahan sa paningin ng tao ang mga tipan at kautusan. Para sa iba pang mga tao ay nagawa niyang ipaisip sa kanila na kasuklaman nila ang kanilang sarili dahil sa mga pamantayan at alituntunin ng ebanghelyo at ipadama sa kanila na dahil sa mga ito ay nagdurusa sila.³

Ang sinasabi ko ngayon ay hindi nagtatatwa o nagpapawalang-halaga sa anumang kautusan ng Diyos na ibinigay sa atin. Naniniwala ako sa Kanyang kasakdalan, at alam ko na tayo ay mga espirituwal na anak Niya na may banal na potensyal na maging katulad Niya. Alam ko rin na, bilang mga anak ng Diyos, hindi natin dapat ibinababa at minamaliit ang ating sarili, na para bang ang pagpaparusa sa ating sarili ay hahantong sa taong nais ng Diyos na kahinatnan natin. Hindi! Sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi at hangaring pag-ibayuhin ang kabutihan sa ating puso, umaasa ako na makakamtan natin ang pag-unlad sa paraang hindi kasama ang pagkakaron ng ulcer o anorexia, depresyon o ang pagmamaliit sa ating sarili. *Hindi* ganito ang nais ng Panginoon para sa mga bata sa Primary o kaninuman na tapat na inaawit ang, “Sinisikap kong tularan si Jesus.”⁴

Upang maliwanagan sa bagay na ito, ipapaalala ko sa ating lahat na nabubuhay tayo sa isang makasalanang mundo at sa ngayon tayo ay mga taong makasalanang. Tayo ay nasa kahariang *telestiyal*, ang ispelang ay *t*, at hindi *s*. Tulad

ng itinuro ni Pangulong Russell M.

Nelson, ang pagiging sakdal sa mortalidad na ito ay “hindi pa nangyayari.”⁵

Kaya’t naniniwala ako na ibinigay ni Jesus ang Kanyang sermon tungkol sa paksang ito hindi upang kundenahin tayo sa ating mga pagkukulang. Nani-niwala ako na ang layunin Niya rito ay kilalanin kung sino at kung ano ang Diyos ang Amang Walang Hanggan at ano ang matatamo natin sa kawalang-hanggan sa piling Niya. Ano’t anuman, salamat at nalaman ko na sa kabila ng *aking* mga kakulangan, ang Diyos ay sakdal—na nagagawa Niyang mahalin, halimbawa, ang Kanyang mga kaaway, dahil kadalasan, dahil sa pagiging “likas na tao”⁶ natin, tayo kung minsan ang kaaway na iyon. Nagpapasalamat ako na pinagpapala pa rin ng Diyos ang mga yaong ginagamit Siya nang may masamang hangarin dahil *lahat* tayo sa hindi sinasadyang pagkakataon kung minsan ay nagagamit Siya nang may masamang hangarin. Nagpapasalamat ako na ang Diyos ay maawain at isang tagapagpayapa dahil kailangan ko ng awa at kailangan ng daigdig ng kapayapaan. Mangyari pa, lahat ng sinasabi natin tungkol sa kabutihan ng Ama ay sinasabi rin natin sa Kanyang Bugtong na Anak, na nabuhay at namatay na sakdal din.

Tuwiran kong sasabihin na ang pag-tutuon sa mga nagawa ng Ama at ng Anak sa halip na sa ating mga kamalian ay hindi nagbibigay sa atin ng karapatang pangatwiranang nang kahit kaunti ang walang disiplinang pamumuhay o pagbababa ng ating mga pamantayan. Ang ebanghelyo ay itinuro mula pa sa simula “sa ikasasakdal ng mga banal, . . . hanggang sa abutin natin ang . . . sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo.”⁷ Ipinahihiwatig ko lamang na ang isang layunin ng isang banal na kasulatan o ng isang kautusan ay magpaalala sa atin kung gaano talaga kaluwalhati ang “pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo”⁸, umaantig sa atin na lalo Siyang mahalin at hangaan at magkaroon ng matinding hangarin na maging tulad Niya.

“Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya . . . ,” paghikayat ni



Moroni. “[Ibigin] ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon . . . *sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay magiging ganap kay Cristo.*”⁹ Ang tanging pag-asa natin upang tunay na maging sakdal ay tanggapin ito bilang kaloob ng langit—hindi natin ito “matatamo sa sariling sikap”. Kaya nga, ang biyaya ni Cristo ay hindi lamang nag-aalok sa atin ng kaligtasan mula sa kalungkutan at kasalanan at kamatayan kundi maging ng kaligtasan mula sa ating patuloy na panlalait sa sarili.

Gagamitin ko ang isa sa mga talinghaga ng Tagapagligtas para mailahad ito sa medyo naiibang paraan. Isang alipin ang may utang sa kanyang hari na nagkakahalaga ng 10,000 talento. Nang marinig ang pagsamo ng alipin na pagpasensyahan at kaawaan siya, “[na]habag [ang] panginoon sa aliping yaon, . . . at ipinatawad . . . ang utang [nito].” Ngunit pagkatapos, ang yaon ding alipin ay hindi nagpatawad sa inutang sa kanya ng kapwa niya alipin na nagkakahalaga ng 100 denario. Nang marinig ito, sinabi ng hari sa aliping pinatawad niya, “Hindi ba dapat na ikaw naman ay mahabag sa iyong

kapuwa alipin, na gaya ko namang nahabag sa iyo?”¹⁰

May mga pagkakaiba-iba ng opinyon ang mga iskolar hinggil sa laki ng perang binanggit dito, at para madalang makwenta, kung ang mas maliit, at hindi pinatawad na 100-denariong utang ay ipagpalagay nating \$100 sa ating kasalukuyang panahon, kung gayon ang utang na 10,000-talento na pinatawad ay maaaring umabot ng \$1 bilyon—o mahigit pa!

Sa isang taong may ganitong utang, napakalaking halaga nito—talagang hindi natin ito mauunawaan. (Walang makapamimili nang ganoon karami!) Mangyari pa, para sa mga layunin ng talinghagang ito, *nilayon* ito na hindi maunawaan; *nilayon* ito na hindi maa-rok ng ating kakayahang makaunawa, pati na rin ang kawalan natin ng kakayahang magbayad. Iyan ay sa kadahilanang ito ay hindi isang kuwento tungkol sa dalawang alipin na nagtatalo sa Bagong Tipan. Ito ay kuwento tungkol sa atin, ang makasalanang sangkatauhan—mga may utang, mga suwail, at mga bilanggo. Bawat isa sa atin ay may utang, at ang kaparusahan ay pagkabilanggo para sa bawat isa



sa atin. At mananatili tayong lahat sa bilanguang iyon kung hindi dahil sa biyaya ng ating Hari na siyang nagpapalaya sa atin dahil mahal Niya tayo at “[n]aantig sa habag para sa [atin].”¹¹

Si Jesus ay gumamit dito ng isang paraan na di-kayang maunawaan dahil ang Kanyang Pagbabayad-sala ay isang kaloob na hindi maaarok at hindi matumbasan. Iyan, sa palagay ko, ay bahagi ng kahulugan ng utos ni Jesus na magpakasakdal tayo. Maaaring hindi pa natin kayang gawin ang 10,000-talento ng pagiging sakdal ng Ama at ng Anak, ngunit *hindi* kalabisan para sa Kanila na hilingin na tulongan tayo na maging tulad ng Diyos sa maliliit na bagay, sa ating pagsasalita at pagkilos, pagmamahal at pagpapatawad, pagsisisi at pagpapakabuti nang hanggang 100-denariong lebel ng kasakdalan, na tiyak na kaya nating gawin.

Mga kapatid, maliban kay Jesus, walang hindi nagkasala sa paglalakbay sa buhay na ito, kaya habang tayo ay nasa mortalidad, pagsikapan nating patuloy na magpakabuti pa at iwasan ang sinasabi ng mga behavioral scientist na “toxic perfectionism” o obsesyon na maging perpekto.”¹² Huwag nating asahan ang bagay na iyan sa ating

sarili, sa iba, at idaragdag ko, sa mga yaong tinawag na maglingkod sa Simbahan—na para sa mga Banal sa mga Huling Araw ay nangangahulugang *lahat ng tao*, sapagkat tinawag tayong lahat na maglingkod saanman.

Hinggil dito, sumulat si Leo Tolstoy ng isang kuwento tungkol sa isang pari na binatikos ng isa sa mga dumadalo sa kanyang simbahan dahil sa mga maling nagagawa nito, sinabi ng bumabatikos na dahil nagkakamali ang paring ito ay mali na rin ang itinuturo ng alituntunin nito.

Bilang tugon sa pambabatikos na iyon, sinabi ng pari: “Tingnan ninyo ang buhay ko ngayon at ihambing ito sa buhay ko noon. Makikita ninyo na sinisikap kong ipamuhay ang katotohanang itinuturo ko.” Dahil hindi niya nasusunod ang matataas na pamantayang itinuro niya, inamin ng pari na bigo siya. Ngunit sinabi niya:

“Kutyain ninyo ako, [kung iyan ang nais n’yo,] ako ang dapat sisihin, ngunit [huwag] ninyong kutyain . . . ang landas na tinatahak ko. . . . Kung alam ko ang daang pauwi [at] pasuray-suray ko itong tinatahak nang mag-isa, hindi ba’t tamang daan pa rin ito kahit natitisod ako sa magkabi-kabila nito?”

“. . . Huwag matuwa at sabihing, ‘Tingnan n’yo siya! . . . Hayun siya, gumagapang sa lusak!’ Huwag matuwa, sa halip . . . ay tumulong kayo [sa sinumang nagsisikap na matahak ang landas pabalik sa Diyos.]”¹³

Mga kapatid, bawat isa sa atin ay naghahangad ng buhay na mas katulad ng kay Cristo kaysa sa pamumuhay natin ngayon. Kung tapat nating aaminin iyan, at nagsisikap na mas bumuti pa, hindi tayo mga mapagkunwari; tayo ay tao. Nawa’y huwag nating gawing dahilan ang ating sariling kakulangan, at ang mga pagkakamaling tiyak na magagawa maging ng pinakamabubuting kalalakihan at kababaihan sa paligid natin, para kutyain ang mga katotohanan ng ebanghelyo o ang pag-asa o posibilidad na tayo ay maging tulad ng Diyos balang-araw. Kung magsusumigasig tayo, sa isang dako ng kawalang-hanggan ang ating kadalisa-yan ay magiging ganap at lubos—na

siyang kahulugan ng *pagiging sakdal* sa Bagong Tipan.¹⁴

Pinatotohanan ko ang maringal na tadhanang iyan, na ginawang posible sa atin ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, na Siya mismo ay nagpatuloy “nang biyaya sa biyaya”¹⁵ hanggang matanggap Niya sa Kanyang imortalidad¹⁶ ang kaganapan ng kaluwaltiang selestiyal.¹⁷ Pinatotohanan ko na sa oras na ito at sa bawat oras ay nakaunat ang Kanyang mga kamay na may pilat ng bakas ng pako at ipinagkakaloob sa atin ang biyaya ring iyon, hindi tayo pinababayaan hanggang sa makauwi tayo nang ligtas sa bisig ng ating mga Magulang sa Langit. Para sa perpektong sandaling iyon, patuloy akong magsisikap, may kahinaan man ako. Para sa perpektong kaloob na iyon, patuloy akong magpapasalamat, may kakulangan man ako. Pinatotohanan ko ito sa mismong kahulugan ng katagang Kasakdalan, Siya na hindi kailanman nagkamali o nagkulang kundi nagmamahal sa ating lahat, maging ang Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mateo 5:1–47.
2. Mateo 5:48.
3. Tingnan sa Darla Isackson, “Satan’s Counterfeit Gospel of Perfectionism,” *Meridian Magazine*, Hunyo 1, 2016, ldsmag.com.
4. “Sinisikap Kong Tularan si Jesus,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 40–41.
5. Tingnan din sa Russell M. Nelson, “Perfection Pending,” *Ensign*, Nob. 1995, 86–88.
6. Mosias 3:19.
7. Mga Taga Efeso 4:12–13.
8. Mga Taga Efeso 4:13.
9. Moroni 10:32; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. Tingnan sa Mateo 18:24–33.
11. Doktrina at mga Tipan 121:4.
12. Tingnan sa Joanna Benson and Lara Jackson, “Nobody’s Perfect: A Look at Toxic Perfectionism and Depression,” *Millennial Star*, Mar. 21, 2013, millennialstar.org.
13. “The New Way,” *Leo Tolstoy: Spiritual Writings*, sel. Charles E. Moore (2006), 81–82.
14. Para malinaw na maunawaan ang kahulugan ng salitang Griyego na ginamit sa Bagong Tipan para sa salitang *sakdal* (“teleios”), tingnan sa mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1995 “Perfection Pending” (*Ensign*, Nob. 1995, 86–87).
15. Doktrina at mga Tipan 93:13.
16. Tingnan sa Lucas 13:32.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:13.



Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Mga kapatid, ilalahad ko na sa inyo ngayon ang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency ng Simbahan para sa inyong pagsang-ayon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson

bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.



Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng Korum na iyon: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, at Dale G. Renlund.

Ang mga sang-ayon, ipakita lamang.

Sinumang tutol ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang di-sang-ayon, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Sina Elder Donald L. Hallstrom at Richard J. Maynes ay ini-release sa paglilingkod bilang mga miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu.

Lahat ng nais magpakita ng pasasalamat sa mga Kapatid na ito sa ginawa nilang paglilingkod ay magtaas ng kamay.

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Elder Juan A. Uceda at Patrick Kearon, na tinawag na maglingkod bilang mga miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu.

Ang mga handang sang-ayunan ang mga Kapatid na ito sa kanilang bagong tungkulin, mangyaring ipakita.

Sinumang tutol ay maaaring ipakita sa ganito ring paraan.

Iminumungkahing i-release natin nang may pasasalamat para sa kanilang tapat na paglilingkod sina Elder Stanley G. Ellis, Larry R. Lawrence, at W. Craig Zwick bilang mga General Authority Seventy at ipagkaloob sa kanila ang emeritus status.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy: Pedro U. Adduru, Detlef H. Adler, Angel H. Alarcon, Winsor Balderrama, Robert M. Call, Christopher Charles, Gene R. Chidester, Ralph L. Dewsnup, Ángel A. Duarte, Peter F. Evans, Francisco D. N. Granja, Yuriy A. Gushchin, Clifford T. Herbertson, Aniefiok Udo Inyon, Luiz M. Leal, Alejandro Lopez, L. Jean Claude Mabaya, Declan O. Madu, Alexander T. Mestre, Jared R. Ocampo, Andrew M. O’Riordan, Jesús A. Ortiz, Abenir V. Pajaro, Siu Hong Pon, Robert C. Rhien, Jorge Luis Romeu, Jorge L. Saldívar, Ciro Schmeil, Alin Spannaus, Moroni B. Torgan, Steven L. Toronto, at Ricardo Valladares.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglingkod, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Torben Engbjerg upang maglingkod bilang Area Seventy.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga tutol, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang tutol, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi ay dapat kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na pananalig at mga panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan. ■



Ni Elder Gary E. Stevenson

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Espirituwal na Eklipse

Huwag hayaan ang mga gambala sa buhay na harangan ang liwanag ng langit.

Noong Agosto 21 ng taong ito, dalawang bihirang kaganapan ang nangyari na nakaagaw sa pansin ng mga tao sa iba’t ibang panig ng mundo. Una ay ang pagdiriwang ng ika-90 kaarawan ng ating mahal na Propeta, si Pangulong Thomas S. Monson. Noong panahong iyon, nakadestino ako sa Pacific Area at tuwang-tuwa na hindi lamang alam ng mga Banal sa Australia, Vanuatu, New Zealand, at French Polynesia ang mahalagang kaganapang ito sa buhay niya, kundi masaya rin nilang ipinagdiwang ito. Mapalad akong makibahagi sa kanilang taos na pagpapakita ng pananalig at pagmamahal para sa dakilang taong ito. Inspirasyon ang makita ang koneksyon ng mga

Banal sa mga Huling Araw sa kanilang propeta.

Siyempre, si Pangulong Monson, na nasasaisip ang mga taong nais siyang batiin ng maligayang kaarawan, ay naglarawan ng perpektong regalo: “Maghanap ng sinumang nahihirapan o maysakit o nalulungkot at gumawa ng isang bagay para sa kanila. Iyan lang ang hihilingin ko.”¹ Minamahal at sinusupportahan ka namin, Pangulong Monson.

Solar Eclipse

Ang isa pang bihira at napakagan-dang pangyayari noong araw ring iyon at nakaakit sa milyun-milyon sa buong mundo ay ang total solar eclipse. Ito ang unang pagkakataon na nangyari ang gayong eklipse sa buong Estados Unidos sa loob ng 99 na taon.² Nakakita na ba kayo ng solar eclipse? Marahil mailalarawan ko ito nang mas detalyado.

Ang total solar eclipse ay nangyayari kapag pumagitna ang buwan sa pagitan ng mundo at araw, na halos harangan ang anumang liwanag mula sa araw.³ Ang katotohanan na maaaring mangyari ito ay kahanga-hanga sa akin. Kung iisipin ninyo na ang araw ay sinlaki ng gulong ng karaniwang bisikleta, ang buwan, kung ikukumpara, ay sinlaki lang ng maliit na bato.



Paano posibleng matakpan nang husto ng isang bagay na napakaliit, kung ikukumpara, ang pinagmumulan mismo ng ating init, liwanag, at buhay?

Bagama't ang araw ay 400 beses na mas malaki kaysa sa buwan, 400 beses din ang layo nito sa mundo.⁴ Sa tingin ng mundo, mukhang pareho lang ang laki ng araw at buwan sa ganitong posisyon. Kapag ang dalawa ay magkahilera, parang natatakpan ng buwan ang buong araw. Inilarawan ng mga kaibigan at kapamilya kong nasa zone ng total eclipse kung paano pumalit sa liwanag ang kadiliman, naglaho ang mga bituin, at tumigil sa paghuni ang mga ibon. Lumamig ang hangin, dahil ang temperatura kapag may eklipse ay maaaring bumaba nang mahigit 20 degrees Fahrenheit (11 degrees Celsius).⁵

Inilarawan nila ang pagkamangha, panggigilalas, at pag-aalala, batid na may hatid na ilang panganib ang eklipse. Gayunman, nag-ingat silang lahat para maiwasan ang permanenteng pinsala sa mata o “eclipse blindness” noong may eklipse. Naging ligtas sila dahil nagsuot sila ng salamin na may espesyal na filtered lenses na nagprotekta sa kanilang mga mata mula sa pagkapinsala.

Ang Analohiya

Sa parehong paraan na maaaring harangan ng napakaliit na buwan ang napakalaking araw, pinapawi ang liwanag at init nito, ang *espirituwal* na eklipse ay nangyayari kapag tinututulan natin ang maliliit at nakaiinis na mga balakid—na mga kinakaharap natin sa buhay araw-araw—na ituon tayo rito nang husto kaya nahaharangan nito ang kalakhan, ningning, at init ng ilaw ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo.

Ginamit ni Elder Neal A. Maxwell ang analohiyang ito, at pinalawak pa nang sabihin niyang: “Kahit ang isang bagay na kasingliit ng hinlalaki ng tao, kapag inilapit nang husto sa mata, ay hindi niya makikita ang malaking araw. Gayunman, naroon pa rin ang araw. Ang pagkabulag ay dulot ng tao mismo sa kanyang sarili. Kapag nagtutuon tayong masyado sa ibang bagay, at



inuuna natin ito, pinalalabo natin ang ating tingin sa langit.”⁶

Malinaw na walang may gusto sa atin na sadyang palabuin ang ating tingin sa langit o magkaroon ng espirituwal na eklipse sa ating buhay. Magbabahagi ako ng ilang saloobin na makatutulong sa atin upang maiwasan ang mga espirituwal na eklipse na magdulot sa atin ng permanenteng espirituwal na pinsala.

Salamin ng Ebanghelyo: Panatilihin ang Pananaw ng Ebanghelyo

Natatandaan ba ninyo ang espesyal na salaming gamit para protektahan ang mga nanonood sa solar eclipse para hindi masira ang mata o kaya’y mabulag? Ang pagtingin sa espirituwal na eklipse gamit ang nagpoprotekta at nagpapalambot na lente ng Espiritu ay nagbibigay ng pananaw ng ebanghelyo, kaya’t napoprotektahan tayo mula sa espirituwal na pagkabulag.

Narito ang ilang halimbawa. Taglay ang mga salita ng mga propeta sa ating puso at ang Banal na Espiritu bilang ating tagapayo, makatitig tayo sa medyo nahaharangang liwanag ng langit gamit ang “salamin ng ebanghelyo,” na naiiwasang mapinsala ng espirituwal na eklipse.

Kaya paano natin isinusuot ang ating salamin ng ebanghelyo? Narito ang ilang halimbawa: Ipinaalam sa atin ng ating salamin ng ebanghelyo na nais ng Panginoon na tumanggap tayo ng sakramento bawat linggo at

nais Niyang pag-aralan natin ang mga banal na kasulatan at manalangin tayo araw-araw. Ipinaalam din nito sa atin na tutuksuhin tayo ni Satanas na huwag itong gawin. Alam natin na plano niyang alisin ang ating kalayaan sa pamamagitan ng mga gambala at makamundong tukso. Kahit sa panahon ni Job, may ilan sigurong dumanas ng espirituwal na eklipse, na inilarawan na: “Kanilang nasasalunuan ang kadiliman sa araw, at nagsisikapa sa katanghaliang tapat na gaya sa gabi.”⁷

Mga kapatid, kapag binabanggit ko ang paggamit ng salamin ng ebanghelyo, dapat ninyong malaman na hindi ko ipinahihiwatig na hindi natin kinikilala o pinag-uusapan ang mga hamong kinakaharap natin o na wala tayong kaalam-alam sa mga patibong at kasamaang ini harap sa atin ng kaaway. Hindi ko sinasabing magtakip tayo ng mga mata—kundi ang kabaligtaran nito. Ang sinasabi ko ay tingnan natin ang mga hamon gamit ang lente ng ebanghelyo. Napansin ni Elder Dallin H. Oaks na “ang pananaw ay ang kakayahang makita ang lahat ng makabuluhang impormasyon sa isang makabuluhang ugnayan.”⁸ Ang pananaw sa ebanghelyo ay nagpapalawig ng ating tingin tungo sa walang hanggang pananaw.

Kapag nagsuot kayo ng “salamin ng ebanghelyo,” gaganda ang inyong pananaw, pokus, at tingin sa paraan ng pag-iisip ninyo tungkol sa inyong mga prayoridad, problema, tukso, at maging sa inyong mga kamalian. Makikita ninyo ang higit na liwanag na hindi ninyo makikita kung wala ito.

Sa kabalintunaan, hindi lamang ang negatibo ang maaaring maging sanhi ng mga espirituwal na eklipse sa ating buhay. Kadalasan, ang kahanga-hanga o positibong mga adhikaing pinagsisikap natin ay maaaring labis nating pinagtutuunan kaya’t hinaharangan nito ang liwanag ng ebanghelyo at naghahatid ng kadiliman. Maaaring kasama sa mga panganib o gambalang ito ang edukasyon at pag-unlad, kapangyarihan at impluwensya, ambisyon, maging ang mga talento at kaloob.

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na “kahit anong kabutihan,

kapag labis, ay nagiging masamang gawi. . . . Dumarating ang panahon na ang mga tagumpay ay nagiging pasanin at ang mga ambisyon ay nagpapahirap sa atin.”⁹

Ibabahagi ko nang mas detalyado ang mga halimbawa na maaaring magpadali sa pag-iwas sa sarili nating mga espirituwal na eklipse.

Social Media

Ilang buwan na ang nakalilipas, nagsalita ako sa BYU Women’s Conference.¹⁰ Inilarawan ko kung paano ipinalaganap ng teknolohiya, pati ng social media, “ang kaalaman [tungkol sa] isang Tagapagligtas . . . sa bawat bansa, lahi, wika at tao.”¹¹ Kabilang sa mga teknolohiyang ito ang mga website ng Simbahan gaya ng LDS.org at Mormon.org; mga mobile app gaya ng Gospel Library, Mormon Channel, LDS Tools, at Family Tree; at mga social media platform, kabilang na ang Facebook, Instagram, Twitter, at Pinterest. Ang mga social media platform na ito ay nagkaroon na ng daan-daang milyong likes, shares, views, retweets, at pins at naging napakapektibo at mahusay sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan.

Sa kabila ng lahat ng kabutihan at angkop na paggamit ng mga teknolohiyang ito, may mga kasamang panganib ito na, kapag masyadong pinagtuunan, ay maaaring maglagay sa atin sa espirituwal na eklipse at maaaring humarang sa kaliwanagan at init ng ebanghelyo.

Ang paggamit ng social media, mga mobile app, at mga laro ay lubhang nakauubos ng oras at makababawas sa harapang pakikipag-ugnayan. Ang kawalan ng personal na pakikipag-usap ay maaaring makaapekto sa mga mag-asawa, pumalit sa mahalagang espirituwal na mga gawi, at pumigil sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pakikihalubilo, lalo na sa mga kabataan.


Ang dalawa pang peligrong nauugnay sa social media ay ang tila perpektong realidad at nakapanlulumong pagkukumpara.

Marami (kung hindi man karamihan) sa mga retratong naka-post sa social media ay may tendensiyang

ipakita ang pinakamainam sa buhay—kadalasang sa di-makatotohanang paraan. Nakita nating lahat ang magagandang larawan ng dekorasyon sa tahanan, magagandang bakasyon, nakangiting mga selfie, magaribong paghahanda ng pagkain, at tila mahirap gayahing hitsura ng katawan.

Narito, halimbawa, ang isang imahe na maaari ninyong makita sa social media account ng isang tao. Gayunman, hindi nito naipakita ang *buong* larawan ng *aktuwal* na nangyayari sa tunay na buhay.

Ang pagkukumpara ng sarili nating tila karaniwang buhay sa buhay ng iba na maayos na inedit at perpekto ayon sa nakalarawan sa social media ay maaaring nakasisira ng loob, nakaiinggit, at nakapanghihina.



Hindi nahuli ng naka-post sa social media ang buong larawan ng aktuwal na nangyayari sa tunay na buhay.

Sinabi ng isang taong nag-share ng maraming retrato niya, nang medyo pabiro siguro, “Ano ang saysay ng pagiging masaya kung hindi mo ito ipo-post?”¹²

Tulad ng paalala sa atin ni Sister Bonnie L. Oscarson kaninang umaga, ang tagumpay sa buhay ay hindi nagmula sa kung gaano karaming like ang nakuha natin o ilan ang kaibigan o follower natin sa social media. Gayunman, talagang may kinalaman ito sa makabuluhang pagkonekta sa iba at pagdaragdag ng liwanag sa kanilang buhay.

Sana, matuto tayong maging mas makatotohanan, mas masayahin, at mabawasan ang ating pagkadismaya kapag naharap tayo sa mga larawang maaaring magpakita ng tila perpektong realidad at kadalasang humahantong sa nakapanlulumong pagkukumpara.

Mukhang hindi lamang ngayon naging problema ang pagkukumpara kundi maging noon pa man. Binalaan ni Apostol Pablo ang mga tao noong panahon niya na “sila na sinusukat ang kanilang sarili sa kanila rin, at kanilang itinutulad ang sarili sa kanila rin ay mga walang uwawa.”¹³

Sa napakaraming angkop at inspiradong gamit ng teknolohiya, gamitin natin ito para magturo, magbigay-inspirasyon, at pasiglahin ang ating sarili at hikayatin ang iba na maging napakagaling—sa halip na ipakita ang ating tila perpektong sarili. Ituro at

ipakita rin natin ang tamang paggamit ng teknolohiya sa bagong henerasyon at balaan sila sa kaugnay na mga pang-nib at nakasisirang paggamit nito. Sa pagtingin sa social media sa mga lente ng ebanghelyo, maiiwasan natin na ito ay maging isang espirituwal na eklipse sa ating buhay.

Kayabangan

Talakayin natin ngayon ang napakatalag na balakid na kayabangan. Ang kayabangan ay kabaligtaran ng pagpapakumbaba, ang “kahandaang sumunod sa kagustuhan ng Panginoon.”¹⁴ Kapag mayabang, may tendensiya tayong angkinin ang karangalan sa halip na ibigay ito sa iba, pati na sa Panginoon. Ang kayabangan kadalasan ay mapagkumpitensya; iyon ay ang tendensiya na hangaring magtamo ng mas marami at ipalagay na mas magaling tayo kaysa iba. Ang kayabangan kadalasan ay humahantong sa galit at pagkamuhi; nagiging dahilan ito para magkimkim ng sama-ng-loob o hindi magpatawad ang isang tao. Gayunman, ang kayabangan ay madaraig sa pamamagitan ng pagpapakumbaba na tulad ni Cristo.

Ang mga ugnayan, maging ng malalapit na kapamilya at mga mahal sa buhay, *lalo na* ng malalapit na kapamilya at mga mahal sa buhay—maging ng mga mag-asawa—ay napagyayaman sa pagpapakumbaba at napipigilan ng kayabangan.

Maraming taon na ang nakalipas tinawagan ako ng isang executive sa isang malaking retailer para kausapin ako tungkol sa kanyang kumpanya na binibili ng isa sa mga kakumpitensya nito. Siya at ang marami pang mga tauhan sa headquarters ay alalang-alala na baka mawalan sila ng trabaho. Dahil alam niya na kilalang-kilala ko ang senior management ng kumpanyang nakabili, itinanong niya kung handa ba akong kapwa ipakilala siya at banggitin siya, at hiniling pang pagtagpuin ko sila. Ganito ang sabi niya sa huli: “Alam mo ba kung ano ang sabi nila? ‘Ang maamo ay masasawi!’”

Naunawaan ko na ang kanyang komento ay mas nilayon na magpatawa. Nasakyan ko ang biro. Ngunit may

mahalagang alituntuning sa pakiramdam ko ay magagamit niya. Sumagot ako, “Sa katunayan, hindi iyan ang sinasabi nila. Sa katunayan, ito ay kabaligtaran. ‘Ang maamo . . . [ay] mamanahin . . . ang lupa’¹⁵ ang sinasabi nila.”

Sa karanasan ko sa Simbahan gayundin sa aking propesyon, ang ilan sa pinakamagaling at pinakaepektibong mga taong nakilala ko ay kabilang sa mga pinakamaamo at mapagkumbaba.

Ang pagpapakumbaba at kaamuan ay lubhang magkaugnay. Nawa’y tandaan natin na, “walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso.”¹⁶

Dalangin ko na sikapin nating iwasan ang espirituwal na eklipse ng kayabangan sa pamamagitan ng pagyakap sa kabutihan ng pagpapakumbaba.

Katapusan

Bilang buod, ang solar eclipse ay tunay na pambihirang kaganapan ng kalikasan kung saan ang kagandahan, init, at liwanag ng araw ay maaaring lubusang matakpan ng isang bagay na napakaliit, na nagsasanhi ng kadiliman at lamig.

Isang katulad na kaganapan ang maaaring mangyari sa espirituwal na diwa, kapag ang maliit at walang-kabuluhang mga bagay ay pinagtuunan at naharangan ang kagandahan, init, at makalangit na liwanag ng ebanghelyo ni Jesucristo, at napalitan ito ng malamig na kadiliman.

Ang salamin sa mata na dinisenyo upang protektahan ang paningin ng mga taong nasa zone ng total solar eclipse ay mahahadlangan ang permanenteng pinsala at maging ang pagkabulag.¹⁷ Ang “salamin ng ebanghelyo” na binubuo ng kaalaman at patotoo tungkol sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay naglalaan ng isang pananaw ng ebanghelyo na makapaglalaan din ng higit na espirituwal na proteksyon at kaliwanagan sa isang taong nalantad sa mga panganib ng espirituwal na eklipse.

Kung may matuklasan kayong anuman na tila nakaharang sa inyong kagalakan at sa liwanag ng ebanghelyo sa *inyong* buhay, inaanyayahan ko

kayong ilagay ito sa pananaw ng ebanghelyo. Tumingin gamit ang salamin ng ebanghelyo at maging maingat na huwag tulutan ang walang-kabuluhan at walang-halagang mga bagay sa buhay na palabuin ang inyong walang-hanggang pananaw tungkol sa dakilang plano ng kaligayahan. Sa madaling salita, huwag hayaan ang mga gambala sa buhay na harangan ang liwanag ng langit.

Patotoo

Pinatotohanan ko na anuman ang humaharang sa ating paningin sa liwanag ng ebanghelyo, ang liwanag ay naroon pa rin. Ang pinagmumulan ng init, katotohanan, at kaliwanagan ay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Pinatotohanan ko ang mapagmahal na Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at ang papel na ginagampanan ng Anak bilang ating Tagapagligtas at Manunubos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, sa Sarah Jane Weaver, “What Gift Does President Monson Want for His 90th Birthday?” *Deseret News*, Ago. 17, 2017, deseretnews.com.
2. Tingnan sa Christina Zdanowicz at Judson Jones, “An Eclipse Will Cross the US for the First Time in 99 Years,” Hulyo 24, 2017, cnn.com.
3. Tingnan sa “Eclipse: Who? What? Where? When? and How?” eclipse2017.nasa.gov.
4. Tingnan sa EarthSky in Space, “Coincidence That Sun and Moon Seem Same Size?” earthsky.org.
5. Tingnan sa Brian Lada, “5 Surprising Effects the Total Solar Eclipse Will Have besides Darkness,” accuweather.com.
6. Neal A. Maxwell, *Of One Heart: The Glory of the City of Enoch* (1975), 19.
7. Job 5:14.
8. Tingnan sa Dallin H. Oaks, mensaheng ibinigay sa Salt Lake Bonneville Young Single Adult Stake fireside, Salt Lake City, Utah, Feb. 8, 2015.
9. Dieter F. Uchtdorf, “Sa mga Bagay na Pinakamahalaga,” *Liahona*, Nob. 2010, 20.
10. Tingnan sa Gary E. Stevenson, “The Knowledge of a Savior” (Brigham Young University Women’s Conference, Mayo 5, 2017).
11. Mosias 3:20.
12. Jade, “The Obsession of Creating a Picture-Perfect Life on Social Media.”
13. II Mga Taga Corinto 10:12.
14. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 138.
15. Mateo 5:5; 3 Nephi 12:5.
16. Moroni 7:44.
17. Tingnan sa “Solar Eclipse and Your Eyes,” preventblindness.org.



Ni Stephen W. Owen
Young Men General President

Ang Pagsisisi ay Palaging Positibo

Sa sandaling tahakin natin ang landas ng pagsisisi, inaanyayahan natin ang mapantubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay.

Lang taon na ang nakalipas, dumalo si Pangulong Gordon B. Hinckley sa isang laro ng college football. Naroon siya para ibalita na ang stadium ay ipapangalan sa matagal na at minamahal na coach ng team na magreretiro na. Gustung-gusto ng team na ipanalo ang laro bilang parangal sa kanilang coach. Inanyayahan si Pangulong Hinckley na bisitahin ang locker room at magbahagi ng mga salitang naka-hihikayat. Nabigyang-inspirasyon ng kanyang sinabi, naglaro ang team noong araw na iyon at nagwagi, at tinapos ang season na iyon nang may winning record.

Ngayon, gusto kong magsalita sa mga taong maaaring nag-aalala na hindi sila nagwawagi sa buhay. Ang totoo, siyempre pa, tayong “lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.”¹ Bagama’t may mga panahon na walang pagkatalo sa isports, walang ganito sa buhay. Ngunit nagpapatotoo ako na isinagawa ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang isang ganap na Pagbabayad-sala at ibinigay sa atin ang pagsisisi—ang ating landas pabalik sa ganap na kaliwanagan ng pag-asa at panalong buhay.

Ang Pagsisisi ay Naghahatid ng Kaligayahan

Kadalasan iniisip natin na ang pagsisisi ay isang bagay na miserable at nakalulungkot. Ngunit ang plano ng Diyos ay ang plano ng kaligtasan, hindi ang plano ng kalungkutan! Ang pagsisisi ay nakasisigla at nakadadakila. Kasalanan ang nagdudulot ng kalungkutan.² Ang pagsisisi ang ating landas

para makatakas! Gaya ng ipinaliwanag ni Elder D. Todd Christofferson: “Kung walang pagsisisi, walang tunay na pagsulong o pag-unlad sa buhay. . . . Sa pamamagitan lamang ng pagsisisi natin nakakamtan ang biyaya ng pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang kaligtasan. Inaakay tayo [ng pagsisisi] patungo sa kalayaan, pagkakaroon ng tiwala, at kapayapaan.”³ Ang mensahe ko sa lahat—lalo na sa kabataan—ang pagsisisi ay palaging positibo.

Kapag pinag-uusapan natin ang pagsisisi, hindi lang ito tungkol sa pagpapabuti sa sarili. Higit pa riyan ang tunay na pagsisisi—ito ay inspirado ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang kapangyarihang patawarin ang ating mga kasalanan. Gaya ng itinuro sa atin ni Elder Dale G. Renlund, “Kung wala ang Manunubos, . . . ang pagsisisi ay nagiging kahabag-habag na pagbabago na lamang ng ugali.”⁴ Maaari nating sikaping baguhin ang ating ugali nang tayo lang, ngunit maaaring alisin ng Tagapagligtas ang ating mga mantsa at pagaanin ang ating mga pasanin, upang matahak natin ang landas ng pagkamasunurin nang may tiwala at lakas. Ang kagalakan ng pagsisisi ay higit pa sa kagalakan ng disentang pamumuhay. Ito’y ang kagalakan ng pagpapatawad, ng pagiging malinis



muli, at ng mas paglapit sa Diyos. Sa sandaling maranasan mo na ang kagalakang iyon, walang mas mababa pa rito na magbibigay ng kasiyahan.

Ang tunay na pagsisisi ay nagbibigay sa atin ng inspirasyon na gawing pangako ang ating pagsunod—isang tipan, na nagsisimula sa binyag at pina-panibago bawat linggo sa Hapunan ng Panginoon, ang sakramento. Doon ay natatanggap natin ang pangako na “sa tuwina ay [mapapasaatin] ang kanyang Espiritu,”⁵ taglay ang lahat ng galak at kapayapaang nagmumula sa Kanyang pagpatnubay. Ito ang bunga ng pagsisisi, at ito ang dahilan kaya puno ng kagalakan ang pagsisisi!

Kailangan ng Pagtitiyaga sa Pagsisisi

Gustung-gusto ko ang talinghaga ng alibughang anak.⁶ May mahalagang bagay tungkol sa malaking pagbabago nang “makapag-isip” ang alibughang anak. Habang nakaupo sa kulungan ng mga baboy, naiisip na sana “mabusog ang kaniyang tiyan ng mga ipa na kinakain ng mga baboy,” natanto niya na hindi lamang niya sinayang ang pamana ng kanyang ama kundi maging ang kanyang buhay. Sa pananalig na baka tanggapin siyang muli ng kanyang ama—kung hindi man bilang anak kahit bilang alila lang—nagpasiya siyang talikuran ang kanyang rebeldeng nakaraan at umuwi.

Madalas kong maisip ang mahabang paglalakad ng anak pauwi. May mga pagkakataon kaya na nag-atubili siya at nag-isip na, “Paano kaya ang magiging pagtanggap sa akin ng aking ama?” Marahil lumakad pa siya nang paatras papunta sa mga baboy. Isipin na lang kung paano naiba ang kuwento kung sumuko siya. Ngunit dahil sa pananam-palataya ay patuloy siyang kumilos, at sa pananampalataya ang kanyang ama ay patuloy na nagmasid at matiyagang naghintay, hanggang sa huli:

“Datapuwa’t samantalang nasa malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kaniyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, ay siya’y hinagkan.

“At sinabi ng anak sa kaniya, Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa



iyong paningin: hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo.

“Datapuwa’t sinabi ng ama sa kaniyang mga alipin, Dalhin ninyo ritong madali ang pinakamabuting balabal, at isuot ninyo sa kaniya; at lagyan ninyo ng singsing ang kaniyang kamay, at mga panyapak ang kaniyang mga paa: . . .

“Sapagka’t patay na ang anak kong ito, at muling nabuhay; siya’y nawala, at nasumpungan.”

Ang Pagsisisi ay para sa Lahat

Mga kapatid, tayong lahat ay mga alibugha. Tayong lahat ay kailangang “makapag-isip”—karaniwan ay mahigit sa isang beses—at piliin ang landas pauwi. Ito ay pagpiling ginagawa natin araw-araw, sa habambuhay.

Madalas nating iniuugnay ang pagsisisi sa mabibigat na kasalanan na kailangan ng “malaking pagbabago.”⁷ Ngunit ang pagsisisi ay para sa lahat—sa mga nasa “ipinagbabawal na landas at [nawawala]”⁸ gayundin sa mga taong “[napasa]makipot at makitid na landas” at ngayon ay kailangang “magpatuloy sa paglakad.”⁹ Ang pagsisisi ay kapwa naglalagay sa atin sa tamang landas at pinananatili tayo sa tamang landas. Ito ay para sa mga nagsisimula pa lang maniwala, sa mga naniniwala na, at

sa mga kailangang maniwalang muli. Tulad ng itinuro ni Elder David A. Bednar: “Malinaw na nauunawaan ng marami sa atin na ang Pagbabayad-sala ay para sa mga makasalanan. Gayunman, hindi ako gaanong nakatitiyak na alam at nauunawaan natin na ang Pagbabayad-sala ay para rin sa mga banal—para sa mabubuting kalalaki-han at kababaihan na masunurin, karapat-dapat, at . . . nagsisikap na maging mas mabuti.”¹⁰

Kamakailan ay binisita ko ang isang missionary training center nang dumating ang grupo ng mga bagong missionary. Naantig ako habang minamasdan ko sila at napapansin ang liwanag sa kanilang mga mata. Tila masaya at maligaya at masigla sila. At naisip ko: “Sila ay nagkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi. Ito ang dahilan kaya sila ay puno ng galak at pag-asa.”

Sa palagay ko hindi ibig sabihin niyan ay nakagawa silang lahat ng mabibigat na kasalanan noon, kundi iniisip ko na alam nila kung paano magsisi; natutuhan nila na ang pagsisisi ay positibo; at handa at sabik silang ibahagi ang masayang mensaheng ito sa mundo.

Ito ang nangyayari kapag nadarama natin ang kagalakan sa pagsisisi. Isipin ang halimbawa ni Enos. May sandali

rin na siya ay “nakapag-isip,” at nang ang kanyang “pagkakasala ay napalis,” kaagad na bumaling ang kanyang puso sa kapakanan ng iba. Ginugol ni Enos ang kanyang buhay na nag-aanyaya sa lahat ng tao na magsisi at “nagsaya sa mga iyon nang higit sa anupaman sa daigdig.”¹¹ Iyan ang ginagawa ng pagsisisi; ibinabaling nito ang ating puso sa ating kapwa, dahil alam nating ang kagalakang nadarama natin ay para sa lahat.

Ang Pagsisisi ay Habambuhay na Mithiin

May kaibigan ako na lumaki sa isang pamilyang LDS na di-gaanong aktibo. Nang magbinata siya, siya rin ay “nakapag-isip” at nagpasiyang maghanda para sa misyon.

Siya ay naging mahusay na missionary. Sa huling araw niya bago siya umuwi, ininterbyu siya ng mission president at hiniling na magbigay ng kanyang patotoo. Ginawa niya ito, at matapos ang pagyakap na may kasabay na pagluha, sinabi ng president na, “Elder, maaari mong malimutan o itatwa ang lahat ng pinatotohanan mo sa loob lamang ng ilang buwan kung hindi mo itutuloy ang mga bagay na bumuo mismo ng iyong patotoo.”

Kalaunan ay sinabi ng kaibigan ko na nagdarasal siya at nagbabasa ng banal na kasulatan araw-araw simula nang umuwi siya mula sa misyon. Ang palaging “napangalagaan ng mabuting salita ng Diyos” ang nagpanatili sa kanya sa “tamang landas.”¹²

Kayo na mga naghahanda para sa full-time mission at kayong mga pabalik na, pakinggan ito! Hindi sapat ang magkaroon ng patotoo; kailangang ingatan ninyo at patatagin ito. Tulad ng alam ng bawat missionary, kung titigil ka sa pagpadyak sa bisikleta, ito ay tutumba, at kung ititigil mo ang pagpapakain sa iyong patotoo, ito ay hihina. Ang tuntunin ding ito ay akma sa pagsisisi—ito ay habambuhay na mithiin, hindi minsanang karanasan lamang.

Sa lahat ng naghahangad ng kapatawaran—kabataan, mga young single adult, mga magulang, lolo at lola, at oo, kahit mga lolo at lola-sa-tuhod—inaanyayahan ko



kayong umuwi. Ngayon ang oras para magsimula. Huwag ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi.¹³

At, kapag nagawa na ninyo ang desisyon na iyan, patuloy na sundan ang landas. Ang ating Ama ay naghihintay, sabik na tanggapin kayo. Nakaunat ang Kanyang mga bisig “sa buong maghapon” para sa inyo.¹⁴ Ang gantimpala sa pagsisikap ay sulit.

Alalahanin ang mga salitang ito mula kay Nephi: “Kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroong ng buhay na walang hanggan.”¹⁵

Kung minsan tila mahaba ang paglalakbay—kunsabagay, ito ang paglalakbay tungo sa buhay na walang-hanggan. Ngunit maaari itong maging masayang paglalakbay kung gagawin natin ito nang may pananampalataya kay Jesucristo at pag-asa sa Kanyang Pagbabayad-sala. Pinatotohanan ko na sa sandaling tahakin natin ang landas ng pagsisisi,

inaanyayahan natin ang mapantubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay. Ang kapangyarihang iyon ang magpapatatag sa ating mga paa, magpapalawak ng ating pang-unawa, at magpapatindi sa ating determinasyon na patuloy na sumulong, sa paisa-isang hakbang, hanggang sa maluwalhating araw na babalik tayo sa ating tahanan sa langit at marinig ang ating Ama sa Langit na magsasabi sa ating, “Mabuting gawa.”¹⁶ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Taga Roma 3:23.
2. Tingnan sa Alma 41:10.
3. D. Todd Christofferson, “Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi,” *Liahona*, Nob. 2011, 38.
4. Dale G. Renlund, “Pagsisisi: Isang Pagpiling Puno ng Kagalakan,” *Liahona*, Nob. 2016, 122.
5. Doktrina at mga Tipan 20:77.
6. Tingnan sa Lucas 15:11–32.
7. Alma 5:12.
8. 1 Nephi 8:28.
9. 2 Nephi 31:19, 20.
10. David A. Bednar, “Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad,” *Liahona*, Abr. 2012, 14.
11. Tingnan sa Enos 1.
12. Moroni 6:4.
13. Tingnan sa Alma 13:27.
14. Jacob 6:4.
15. 2 Nephi 31:20.
16. Mateo 25:21.



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Araw-araw na Walang-Hanggan

Ang kababaang-loob tungkol sa kung sino tayo at sa layunin ng Diyos para sa atin ay mahalaga.

Simula nang maglingkod ako sa British Mission noong binata ako, tuwang-tuwa na ako sa pagpapatawa ng mga Briton. Kung minsan kakikitaan ito ng pagtatakwil sa sarili, disente, at mapagpakumbabang pananaw sa buhay. Ang isang halimbawa nito ay ang paglalarawan sa tag-araw. Ang mga tag-araw sa Britanya ay maiikli at pabagu-bago. Tulad ng sinabi ng isang awtor sa mapagpakumbabang paraan, “Gustung-gusto ko ang tag-araw sa Britanya, ito ang paborito kong *araw* ng taon.”¹ Ang isa kong paboritong British cartoon character ay inilarawan na tinanghali ng gising at sinabi sa kanyang mga aso, “Naku po! Sa tingin ko’y napahaba ang tulog natin at lumampas na ang tag-araw.”²

May analohiya sa pagpapatawa na ito sa buhay natin sa magandang mundong ito. Malinaw sa mga banal na kasulatan na ang ating mahalagang pamumuhay sa mundo ay sandali lamang. Masasabi na mula sa walang-hanggan pananaw, ang panahon natin sa lupa ay kasing-ikli ng tag-araw sa Britanya.³

Minsan, ang layunin at mismong buhay ng tao ay inilalarawan din sa napakaabang kondisyon. Ang

propetang si Moises ay pinalaki noon sa masasabi natin ngayon na isang buhay na puno ng pribilehiyo. Ayon sa nakatala sa Mahalagang Perlas, ang Panginoon, sa paghahanda kay Moises sa tungkulin niya bilang propeta, ay ipinakita sa kanya ang maikling kasaysayan ng mundo at ng lahat ng anak ng tao na nilikha noon at ngayon.⁴ Ang medyo nakagugulat na reaksiyon ni Moises ay, “Ngayon . . . aking nalaman na ang tao ay walang kabuluhan, siyang bagay na hindi ko inakala kailanman.”⁵

Kasunod nito, ang Diyos, sa tila pagsansala sa nadamang kawalang-halaga ni Moises, ay ipinahayag ang Kanyang tunay na layunin: “Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”⁶

Tayong lahat ay pantay-pantay sa harapan ng Diyos. Malinaw ang Kanyang doktrina. Sa Aklat ni Mormon, mababasa natin na, “Pantay-pantay ang lahat sa Diyos,” pati ang “maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae.”⁷ Sang-ayon dito, lahat ay inaan-yayahang lumapit sa Panginoon.⁸

Ang sinumang nagsasabi na nakalalamang siya sa ilalim ng plano ng Ama dahil sa mga katangiang tulad ng lahi, kasarian, nasyonalidad, wika, o kabuhayan ay nagkakamali at hindi nauunawaan ang tunay na layon ng Panginoon para sa lahat ng anak ng ating Ama.⁹

Nakalulungkot na sa ating panahon sa halos bawat yugto ng lipunan, napapansin natin na ipinangangalandakan ang pagpapahalaga sa sarili at pagyayabang samantalang ang kababaang-loob at pananagutan sa Diyos ay minamaliit. Malaking bahagi ng lipunan ang nawalan na ng tamang asal at hindi nauunawaan kung bakit narito tayo sa lupa. Ang tunay na pagpapakumbaba, na kailangan upang makamit ang layon ng Panginoon para sa atin, ay bihirang makita.¹⁰

Mahalagang maunawaan ang tindi ng pagpapakumbaba, pagkamatuwid,



pag-uugali, at katalinuhan ni Cristo gaya ng makikita sa mga banal na kasulatan. Kahangalan ang malilitin ang kahalagahan ng patuloy na pagsisikap para sa mga katangiang ito ni Cristo sa araw-araw, lalo na ang kababaang-loob.¹¹

Malinaw sa mga banal na kasulatan na bagaman maikli lamang ang buhay, ito ay napakahalaga. Si Amulek na kompanyon ni Alma sa misyon sa Aklat ni Mormon, ay nagsabing, “Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain.”¹² Ayaw natin, tulad ng aking cartoon character, na makatulog nang matagal sa buhay na ito.

Ang halimbawa ng kababaang-loob ng Tagapagligtas at sakripisyo para sa sangkatauhan ang pinakamatininding pangyayari sa kasaysayan. Ang Tagapagligtas, kahit bilang miyembro ng Panguluhang Diyos, ay handa noong pumarito sa lupa bilang munting sanggol at simulan ang pamumuhay na may kasamang pagtuturo at pagpapagaling sa Kanyang mga kapatid at matinding pagdanas ng hindi maipaliwanag na pasakit sa Getsemani at sa krus upang gawing ganap ang Kanyang Pagbabayad-sala. Ang gawing ito ng pag-ibig at pagpapakumbaba sa panig ni Cristo ay kilala bilang Kanyang pagpapakababa.¹³ Ginawa Niya ito para sa bawat lalaki at babaring nilikha at lilikhain ng Diyos.

Ayaw ng ating Ama sa Langit na panghinaan ng loob ang Kanyang mga anak o isuko ang kanilang paghangad sa kaluwalhatianang selestiyal. Kapag talagang inisip natin ang Diyos Ama at si Cristong Anak, kung sino Sila, at ano ang nagawa nila para sa atin, napupuno tayo ng pagpipitagan, paghanga, pasasalamat, at pagpapakumbaba.

Ang Pagpapakumbaba ay Mahalaga sa Pagtulong sa Panginoon na Itatag ang Kanyang Simbahan

May itinanong si Alma noon na angkop sa atin ngayon: “Kung inyo nang

naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?”¹⁴ Nagpatuloy si Alma, “Masasabi ba ninyo . . . , kung kayo ay tatawaging mamatay sa mga sandaling ito, na kayo ay naging sapat na mapagpakumbaba?”¹⁵

Sa tuwing mababasa ko ang tungkol kay Nakababatang Alma na tinalikuran ang kanyang papel bilang puno ng estado upang ipangaral ang salita ng Diyos,¹⁶ humahanga ako. Malinaw na si Alma ay nagkaroon ng malalim na patotoo sa Diyos Ama at kay Jesucristo at nadamang mananatag siya sa Kanila nang lubusan at walang pasubali. Tama ang kanyang mga prayoridad at kababaang-loob na talikuran ang estado at posisyon dahil natanto niya na ang paglilingkod sa Panginoon ay mas mahalaga.

Ang pagkakaroon ng sapat na pagpapakumbaba sa ating buhay upang itatag ang Simbahan ay lalong mahalaga. Isang halimbawa sa kasaysayan ng Simbahan ang makapagsisiwalat. Noong Hunyo ng 1837, ang Propetang si Joseph ay nabigyang-inspirasyon habang nasa Kirtland Temple na tawagan si Apostol Heber C. Kimball na dalhin ang ebanghelyo ni Jesucristo sa “England . . . at buksan ang pinto ng kaligtasan sa bansang iyon.”¹⁷ Si Apostol Orson Hyde at ilang iba pa ay inatasang samahan siya. Pambihira ang isinagot ni Elder Kimball. “Ang ideya na maatasan sa gayon kahalagang misyon ay halos hindi ko makayanan. . . . Halos lumubog [ako] sa pasanang ibinigay sa akin.”¹⁸ Gayunman, nagmisyon siya nang may lubos na pananampalataya, katapatan, at pagpapakumbaba.

Kung minsan ang pagpapakumbaba ay pagtanggap sa mga calling kahit dama nating may kakulangan tayo. Kung minsan ang pagpapakumbaba ay matapat na paglilingkod kapag dama nating kaya natin ang isang mas mahalagang gawain. Ang mga mapagpakumbabang pinuno, sa salita at gawa, ay nagsabing hindi mahalaga kung saan tayo naglilingkod, kundi kung gaano tayo katapat maglilingkod.¹⁹ Kung

minsan ang pagpapakumbaba ay ang mapaglabanang masaktan ang damdamin kapag pakiramdam natin ay mali ang pagtrato sa atin ng mga lider o ng iba pang mga miyembro.

Noong Hulyo 23, 1837, si Propetang Joseph ay nakipagkita kay Elder Thomas B. Marsh, na Pangulo ng Korum ng Labindalawa. Si Elder Marsh ay halatang nadismaya na tinawag ng Propeta ang dalawang miyembro ng kanyang Korum para magpunta sa England nang hindi sumasangguni sa kanya. Nang kausap na ni Joseph si Elder Marsh, ang anumang pagdaramdam ay isinantabi, at ang Propeta ay tumanggap ng pambihirang paghahayag. Ito ngayon ang ika-112 bahagi ng Doktrina at mga Tipan.²⁰ Ito ay nagbibigay ng pambihirang direksyon mula sa langit ukol sa pagpapakumbaba at gawaing misyonero. Sa talata 10 mababasa na, “Maging *mapagpakumbaba* ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.”²¹

Ang paghahayag na ito ay nangyari sa mismong araw na sina Elder Kimball, Hyde, at John Goodson, ay puno ng pagpapakumbabang nagpapahayag ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa Vauxhall Chapel sa Preston, England.²² Ito ang unang pagkakataon na ipinangaral ng mga missionary ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa labas ng North America sa dispensasyong ito. Ang kanilang pagsisikap bilang missionary ay nagbunga ng halos agarang pagpapabinyag ng mga nagbalik-loob at ng maraming matatapat na miyembro.²³

Ang kasunod na mga bahagi ng paghahayag ang gumagabay sa pagsisikap ng missionary sa ating panahon. Mababasa rito na, “Sinuman ang iyong isusugo sa aking pangalan . . . ay magkakaroon ng kapangyarihang buksan ang pintuan ng aking kaharian sa alinmang bansa . . . yayamang sila ay *magpapakumbaba* sa harapan ko, at mananatili sa aking salita, at makikinig sa tinig ng aking Espiritu.”²⁴

Ang pagpapakumbaba na malakas na sumuporta sa pambihirang gawain ng missionary ang nagtulot na maitatag

ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa kagila-gilalas na paraan.

Salamat na lamang, patuloy natin itong nakikita sa Simbahan ngayon. Ang mga miyembro, at ang mga bagong henerasyon, ay naglalaan ng kanilang oras at ipinagpapaliban ang pag-aaral at trabaho para makapagmisyon. Maraming mga senior na miyembro ang tumitigil sa pagtatrabaho at gumagawa ng iba pang mga sakripisyo upang maglingkod sa Diyos sa anumang tungkulin sila matawag. Hindi natin hinahayaang maabala o iligaw tayo ng mga personal na isyu sa pagsasagawa ng Kanyang mga layunin.²⁵ Ang paglilingkod sa Simbahan ay nangangailangan ng pagpapakumbaba. Buong pagpapakumbaba tayong naglilingkod kapag tinawag, nang ating buong kakayahan, pag-iisip, at lakas. Sa bawat antas ng Simbahan, mahalagang maunawaan ang katangian ng pagpapakumbaba ni Cristo.

Ang Araw-araw na Pagpapakumbaba ay Mahalaga sa Pagtulong sa mga Tao sa Pagharap sa Diyos

Ang mithiin na igalang ang Panginoon at magpasakop sa Kanyang kagustuhan²⁶ ay pinahahalagahan sa lipunan noon kaysa noon. Ang ilang Kristiyanong pinuno ng iba pang mga relihiyon ay naniniwala na tayo ay nabubuhay sa mundong hindi na nangangailangan kay Cristo.²⁷

Sa loob ng maraming henerasyon, ang kagandahang asal na pagpapakumbaba ayon sa relihiyon at ang kagandahang asal na pagiging disente at simple ang nananaig na pamantayan.

Sa mundo ngayon, lalong nabibigyang-diin ang kapalaluan, pagpapahalaga sa sarili, at ang tinatawag na “pagpapakatotoo” na kung minsan ay humahantong sa kawalan ng tunay na pagpapakumbaba. Sinasabi ng ilan na kasama sa mga kagandahang-asal para sa kaligayahan ngayon ang “maging totoo, maging malakas, maging produktibo—at higit sa lahat, huwag umasa sa iba . . . dahil ang iyong kapalaran ay . . . nasa iyong sariling mga kamay.”²⁸

Ibang pamamaraan ang itinaguyod ng mga banal na kasulatan.



Iminumungkahi nito na tayo ay maging mga tunay na disipulo ni Jesucristo. Kaakibat nito ang pagkakaroon ng matinding damdamin ng pananagutan sa Diyos at mapagpakumbabang pananaw sa buhay. Itinuro sa atin ni Haring Benjamin na ang likas na tao ay kaaway ng Diyos at iminungkahi na kailangan tayong pasakop sa “panghihikayat ng Banal na Espiritu.” Ipinaliwanag Niya, bukod sa iba pang bagay, kailangan dito ang pagiging “masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, [at] puno ng pag-ibig.”²⁹

Ang ilan ay mali sa paggamit ng *pagpapakatotoo* bilang pagdiriwang sa likas na tao at sa mga katangian na kabaligtaran ng pagpapakumbaba, kabaitan, awa, pagpapatawad, at pagkamagalang. Maaari nating ipagdiwang ang ating pagiging kaiba bilang mga anak ng Diyos nang hindi ginagamit ang pagpapakatotoo bilang dahilan sa ating ugaling hindi tulad ng kay Cristo.

Sa ating paghahangad sa pagpapakumbaba, ang makabagong internet ay lumilikha ng mga hamon sa pag-iwas sa kapalaluan. Ang dalawang halimbawa ay ang pagpapasunod sa sarili na “tingnan mo ako” o pag-atake sa iba sa paghiyaw sa social media. Ang isa pang halimbawa ay ang “humblebrag.” Ito ay inilalarawan na “pakunwaring kahihinan o pahayag na pagtatakwil sa sarili [o paglalarawan] na ang talagang layon ay maituon ang pansin sa isang bagay na ipinagmamalaki ng isang tao.”³⁰ Ang mga propeta ay palaging nagbababala tungkol sa kapalaluan at nagbibigay-diin sa mga bagay ng mundo na walang-kabuluhan.³¹

Ang malawakang pagkasira ng magalang na usapan ay problema rin. Sa walang-hanggang tuntunin ng kalayaan ay kailangang igalang natin ang maraming pagpili na hindi natin inaayunan. Ang salungatan at pagtatalo ngayon ay kadalasang lumalampas sa “mga hangganan ng karaniwang kagandahang-asal.”³² Kailangan natin ng dagdag na kadisentihan at pagpapakumbaba.

Nagbabala si Alma laban sa “[pagmamataas] sa kapalaluan ng inyong mga puso,” na “[iniisip] na kayo ay nakahihigit sa iba,” at inaapi ang mga mapagpakumbaba na “lumalakad alin-sunod sa orden ng Diyos.”³³

Nakatagpo ako ng tunay na kabutihan sa mga tao sa lahat ng relihiyon na mapagpakumbaba at damang mananagot sila sa Diyos. Marami sa kanila ang sumusunod sa mga turo ng propetang si Mikas ng Lumang Tipan, na nagsabing, “Ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios?”³⁴

Kapag tunay tayong mapagpakumbaba, nananalangin tayo para sa kapatawaran at pinatatawad natin ang iba. Gaya ng mababasa natin sa Mosias, itinuro ni Alma na kung gaano kadalas tayong nagsisisi, ganoon din kadalas tayong patatawarin ng Panginoon sa ating mga pagkakasala.³⁵ Sa kabilang banda, gaya ng nakasaad sa Panalangin ng Panginoon,³⁶ kapag hindi natin pinatawad ang kasalanan ng iba, napapailalim tayo sa sumpa.³⁷ Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, sa pamamagitan ng pagsisisi

ang ating mga kasalanan ay pinatatawad. Kapag hindi natin pinatatawad ang mga nagkakasala sa atin, tinatanggihan natin ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang pagkikim ng sama-ng-loob at pagtanggap magpatawad at pagtanggap magpakumbaba sa ating mga pakikipag-ugnayan sa paraang itinuro sa atin ni Cristo ay talagang naglalagay sa atin sa sumpa. Ang pagkikim ng sama-ng-loob ay nakalalason sa ating mga kaluluwa.³⁸

Hayaang magbabala rin ako laban sa anumang pagmamataas. Ang Panginoon, sa pamamagitan ng propetang si Moroni, ay tinukoy ang malaking pagkakaiba ng mapagmataas at ng mapagpakumbaba: “Ang mga hangal ay nangungutya, subalit sila ay magdadalamhati; at ang aking biyaya ay sapat para sa maaamo.” Sinabi pa ng Panginoon, “Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay *magpakumbaba*; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananam-palataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila.”³⁹

Kabilang din sa pagpapakumbaba ang pagiging mapagpasalamat para sa maraming pagpapala at banal na tulong sa atin. Ang pagpapakumbaba ay hindi kinikilala na malaking tagumpay o kaya ay pagdaig sa malaking hamon. Ito ay tanda ng espirituwal na kalakasan. Ito ay pagkakaroon ng kumpiyansa na sa bawat araw at bawat oras ay makaaasa tayo sa Panginoon, maglilingkod sa Kanya, at makakamit ang Kanyang mga layunin. Dalangin ko na sa daigdig na ito na puno ng pagtatalo ay patuloy tayong magsikap na magtaglay ng tunay na kababaang-loob sa bawat araw. Ganito ang sabi ng isang paborito kong tula:

*Ang pagsubok sa kadakilaan ang paraan
Sa Araw-Araw na walang-hanggan.*⁴⁰

Pinatototohanan ko ang Tagapagligtas at ang Kanyang Pagbabayad-sala at ang napakalaking

kahalagahan ng mapagpakumbabang paglilingkod sa Kanya sa bawat araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Kathy Lette, sa “Town and Country Notebook,” ed. Victoria Marston, *Country Life*, Hunyo 7, 2017, 32; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Annie Tempest, “Tottering-by-Gently,” *Country Life*, Okt. 3, 2012, 128.
3. Tingnan sa Mga Awit 90:4. Maikli man o matagal kung pag-uusapan ang mga taon sa mundo, ang ating buhay ay napakaikli ayon sa walang-hanggang pananaw. “Ang lahat ay isang araw sa Diyos, at ang panahon ay sa tao lamang sinusukat” (Alma 40:8). Ipinahayag ni Apostol Pedro na, “Datapuwa’t, huwag ninyong kalimutan, mga minamahal, ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw” (II Ni Pedro 3:8).
4. Tingnan sa Moises 1:6–9. Ito si Cristo na nagsasalita na may sagradong awtoridad (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* [2013], 52, footnote 11).
5. Moises 1:10.
6. Moises 1:39.
7. 2 Nephi 26:33; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 1:34–35; 38:16; Opisyal na Pahayag 2.
8. Doktrina at mga Tipan 20:37 na nagsisimula sa, “Lahat ng yaong nagpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos.” At itinatakd nito ang mga kailangan para sa binyag. Tingnan din sa Mateo 11:28.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37.
10. Alam natin na kung hindi tayo magsisisi, kung hindi natin tatanggapin ang mga ordenansa, at susundin ang landas ng tipan na naghahanda sa atin para sa kawalang-hanggan, “ay darating ang gabi ng kadiliman kung saan ay maaaring wala nang gawaing magagawa” (Alma 34:33).
11. Tingnan sa 3 Nephi 27:27.
12. Alma 34:32.
13. Tingnan sa 1 Nephi 11:26–33; 2 Nephi 9:53; Jacob 4:7; Doktrina at mga Tipan 122:8.
14. Alma 5:26.
15. Alma 5:27.
16. Tingnan sa Alma 4:19.
17. Joseph Smith, sa Heber C. Kimball, “History of Heber Chase Kimball by His Own Dictation,” ca. 1842–1856, Heber C. Kimball Papers, 54, Church History Library; tingnan din sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball, an Apostle; the Father and Founder of the British Mission* (1888), 116.
18. Heber C. Kimball, “History of Heber Chase Kimball by His Own Dictation,” 54; tingnan din sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, 116.
19. Itinuro ni Pangulong J. Reuben Clark Jr.: “Sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ginagampanan ng isang tao ang tungkuling iniatas sa kanya, tungkuling hindi niya dapat hangarin o tanggihan” (sa Conference Report, Abr. 1951, 154).
20. Tingnan sa *The Joseph Smith Papers, Documents, Volume 5: October 1835–January 1838*, ed. Brent M. Rogers and others (2017), 412–17. Iniulat ni Vilate Kimball sa isang liham sa kanyang asawa na si Heber C. Kimball, na kinopya niya ang paghahayag mula sa “aklat ni Elder Marsh na idinikta sa kanya ni Joseph” (Vilate Murray Kimball to Heber C. Kimball, Set. 6, 1837, sa *The Joseph Smith Papers, Documents, Volume 5: October 1835–January 1838*, 412).
21. Doktrina at mga Tipan 112:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
22. Tingnan sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, 136–37.
23. Tingnan sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, 149.
24. Doktrina at mga Tipan 112:21–22; idinagdag ang pagbibigay-diin.
25. “Bagaman hindi natin hinihiling na ma-release mula sa isang calling, kung nagbabago ang ating katayuan nararapat lang na humingi tayo ng payo mula sa nagbigay ng calling at hayaang sila ang gumawa ng desisyon” (Boyd K. Packer, “Called to Serve,” *Ensign*, Nob. 1997, 8).
26. Tingnan sa “Pagpapakumbaba,” sa kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 138.
27. Tingnan sa Charles J. Chaput, *Strangers in a Strange Land* (2017), 14–15; tingnan din sa Rod Dreher, *The Benedict Option* (2017).
28. Carl Cederstrom, “The Dangers of Happiness,” *New York Times*, Hulyo 19, 2015, SR8.
29. Mosias 3:19.
30. *English Oxford Living Dictionaries*, “humblebrag,” en.oxforddictionaries.com/definition/humblebrag.
31. Sa ilang paraan inuulit nito ang paglalarawan ni Alma sa mga taong nagkaroon ng “lahat ng uri ng mahahalagang bagay, na kanilang natamo sa pamamagitan ng kanilang kasipagan; . . . [ngunit] naiangat . . . sa kapalaluan ng kanilang mga paningin” (Alma 4:6). Sinasabi na ang “humblebrag” ay pagyayabang pa rin.
32. David Brooks, “Finding a Way to Roll Back Fanaticism,” *New York Times*, Ago. 15, 2017, A23.
33. Alma 5:53, 54.
34. Mikas 6:8.
35. Tingnan sa Mosias 26:30.
36. Tingnan sa Mateo 6:12, 15.
37. Tingnan sa Mosias 26:31.
38. Gaya ng sinabi ni Nelson Mandela, “Ang hinanakit ay gaya ng pag-inom ng lason at pagkatapos ay umaasa na papatayin nito ang iyong mga kaaway” (sa Jessica Durando, “15 of Nelson Mandela’s Best Quotes,” *USA Today*, Dis. 5, 2013, usatoday.com).
39. Eter 12:26, 27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
40. Edmund Vance Cooke, “The Eternal Everyday,” *Impertinent Poems* (1907), 21.



Ni Elder Ronald A. Rasband
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Sa Banal na Plano

Ang kamay ng Panginoon ay gumagabay sa inyo. Sa “banal na plano,” may impluwensya Siya sa maliliit na detalye ng inyong buhay gayundin sa mahahalagang pangyayari.

Mga kapatid, habang nakatayo ako rito sa nagbibigay-inspirasyong pandaigdigang pangkalahatang kumperensyang ito at nadarama ang inyong lakas at espiritu, naiisip ko ang mga salita ni Apostol Pedro: “[Panginoon], mabuti sa atin ang tayo’y dumito.”¹

Hindi ito ang mismong sinabi ni Alma pagkatapos mangaral sa mga tao sa Ammonihás. Nilisan ni Alma ang lungsod dahil sa kasamaan ng mga tao. Hindi nagtagal ay nagpakita ang isang anghel kay Alma at tinawag siya upang “bumalik sa lunsod ng Ammonihás, at muling mangaral sa mga tao ng lunsod.”²

Ginawa ito ni Alma nang “mabilis,” pinasok “ang lunsod sa ibang daan.”³

“At nang pasukin niya ang lunsod siya ay nagugutom, at sinabi niya sa isang lalaki: Maaari ka bang magbigay sa isang hamak na tagapaglingkod ng Diyos ng kahit anong makakain?”

“At ang lalaki ay nagsabi sa kanya: Ako ay isang Nephi, at nalalaman kong isa kang banal na propeta ng Diyos, sapagkat ikaw ang lalaking sinabi ng anghel sa isang pangitain: Tanggapin mo.”⁴

Ang lalaki ay si Amulek.

Nagkataon lang ba na nakilala ni Alma si Amulek? Hindi, hindi

nagkataon lang na nagpunta siya sa lunsod sa daan na maghahatid sa kanya sa matapat na lalaking ito na magiging kanyang missionary companion.

Ipinaliwanag minsan ni Elder Neal A. Maxwell: “Hindi lubusang ginagamit ng sinuman sa atin ang mga pagkakataong laan sa atin sa pamamagitan ng ating mga kaibigan. Maaaring tinatawag natin ang mga ugnayang ito na ‘nagkataon.’ Ang salitang ito ay nauunawaang gamitin ng mga tao, ngunit ang *nagkataon* ay hindi akma ng salita para ilarawan ang mga ginagawa ng isang Diyos na nakaalam sa lahat. Hindi ‘nagkataon’ lang ang paggawa Niya sa mga bagay kundi ayon sa ‘banal na plano.’”⁵

Ang buhay natin ay parang chessboard at inililipat-lipat tayo ng Panginoon—kung tumutugon tayo sa mga espirituwal na paramdam. Kung ating pagninilayan, makikita natin ang Kanyang impluwensya sa ating buhay.

Nakikita natin ang ganitong tulong ng langit nang magbalik si Nephi para kunin ang mga lamina kay Laban. Siya “ay pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat [niyang] gawin.”⁶ Hindi nagtagal ay nasa harapan na niya si Laban na lasing,

at pinatay siya ni Nephi, kinuha ang mga lamina, at bumalik sa kanyang mga kapatid. Sinuwerte lang ba siya na nakita niya si Laban? O iyon ay ayon sa “plano ng Diyos”?

Nagaganap ang mahahalagang pangyayari sa ebanghelyo at sa Simbahan na nagsusulong sa kaharian ng Diyos sa lupa. Hindi nagkataon lang ang mga ito kundi ayon sa plano ng Diyos. Siya na lumikha sa mundong ito ay kayang payapain ang karagatan sa Kanyang salita at kayang gabayan kapwa sina Alma at Amulek at sina Nephi at Laban na mapunta sa tamang lugar sa eksaktong oras.

Gayundin, nagaganap ang mga pangyayari at ugnayan sa ating buhay na nagsusulong sa gawain ng Diyos sa lupa.

Binanggit ni Elder Joseph B. Wirthlin ang isang pagkakataon nang sabihin sa kanya ni Pangulong Thomas S. Monson na: “May kamay na gumagabay sa lahat ng bagay. Kadalasan kapag nangyayari ang mga bagay, hindi ito nagkataon lamang. Balang araw, kapag pinag-isipan nating muli ang mga pangyayaring tila nagkataon lang sa ating buhay, matatanto natin na marahil ay talagang hindi lamang nagkataon ang mga ito.”⁷

Kadalasan, iilan lang ang nakaalam sa ating mabubuting gawa. Gayunman, ang mga ito ay nakatala sa langit. Balang araw, tayo ay tatayo bilang saksi ng ating ganap na katapatan sa mga gawa ng kabutihan. Walang pagsubok o kalamidad na makasisira sa plano ng kaligayahan ng Diyos. Sa katotohanan, ayon sa “plano ng Diyos,” ang





“kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan.”⁸ “Ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama,”⁹ ang turo ni Jesus. Mahal na mga kapatid, gayon din tayo.

Sa karanasan ko sa paglalakbay sa buhay, alam kong ililipat tayo ng Panginoon sa tila chessboard na iyon para gawin ang Kanyang gawain. Ang tila nagkataon lang, sa katunayan, ay may patnubay ng mapagmahal na Ama sa Langit, na kayang bilangan ang mga buhok sa bawat ulo.¹⁰ Kahit ang maya ay hindi mahuhulog sa lupa kung hindi itutulot ng ating Ama.¹¹ Ang Panginoon ay nakatuon sa maliliit na detalye ng ating buhay, at ang mga pangyayari at oportunidad ay maghahanda sa atin upang iangat ang ating mga pamilya at ang iba habang itinatayo natin ang kaharian ng Diyos sa lupa. Tandaan, gaya ng sinabi ng Panginoon kay Abraham, “Nalalaman ko ang wakas mula sa simula; samakatwid, ang aking kamay ang gagabay sa iyo.”¹²

Inilagay ako ng Panginoon sa isang tahananang may mapagmahal na mga magulang. Sa mga pamantayan ng mundo, sila ay mga karaniwang tao; ang matapat kong ama ay drayber ng trak noon; ang butihin kong ina, ay namalagi sa tahanan. Tinulungan ako ng Panginoon na mahanap ang maganda kong asawa, si Melanie; ipinaramdam Niya sa isang negosyante, na naging malapit kong kaibigan, na bigyan ako ng pagkakataong makapagtrabaho. Tinawag ako ng Panginoon na

maglingkod sa misyon, kapwa noong binata ako at bilang mission president; tinawag Niya ako sa Korum ng Pitumpu, at ngayon ay tinawag Niya ako bilang Apostol. Sa pagninilay sa nakaraan, natanto ko na hindi ako ang nagtakda sa mga hakbang na iyon; ang Panginoon ang gumawa niyon, tulad ng pagtakda Niya sa mahahalagang hakbang para sa inyo at sa mga mahal ninyo.

Ano ang dapat ninyong hanapin sa sarili ninyong buhay? Ano ang mga himala ng Diyos na nagpapaalala sa inyo na malapit lang Siya, at nagsasabing, “Narito lang ako”? Isipin ang mga sandaling iyon, ang ilan ay araw-araw, nang kumilos ang Panginoon sa inyong buhay—at muling kumilos. Pahalagahan ito bilang mga sandali na nagpakita ang Panginoon ng tiwala sa inyo at sa mga pagpili ninyo. Ngunit hayaang hubugin Niya kayo at gawing mas mabuting tao kaysa magagawa ninyo nang mag-isa. Pahalagahan ang pakikibahagi Niya. Kung minsan itinuturing natin ang mga pagbabago sa ating mga plano na mga pagkakamali sa ating paglalakbay. Mas isipin na mga unang hakbang ito sa “paglilingkod sa Panginoon.”¹³

Ilang buwan na ang nakalipas ang aming apong babae ay sumali sa grupo ng kabataan na papasyal sa mga makasaysayang lugar ng Simbahan. Nakasaad sa huling itinerary na daraan siya sa mismong lugar kung saan ang kapatid niyang missionary, na aming apong lalaki, ay naglilingkod. Walang balak ang apo naming babae na makita

ang kanyang kapatid na nasa misyon. Gayunman, pagpasok ng bus sa bayan kung saan naglilingkod ang kanyang kapatid, makikita ang dalawang missionary na naglalakad sa kalye. Ang kapatid niya ang isa sa mga missionary.

Napuno ng pag-asam sa bus habang hinihiling ng mga estudyante na itigil ito ng drayber para mabati niya ang kanyang kapatid. Wala pang isang minuto, matapos ang iyakan at matatamis na salita, nagbalik na ang kanyang kapatid para gampanan ang kanyang tungkulin bilang missionary. Nalaman namin kalaunan na wala pang limang minuto sa kalyeng iyon ang kanyang kapatid, naglalakad mula sa isang appointment papunta sa kanyang kotse.

Maaari tayong ilagay ng Ama sa Langit sa mga sitwasyon na may partikular na layon. Ginawa Niya ito sa buhay ko, at ginagawa Niya ito sa buhay ninyo, gaya ng ginawa Niya sa buhay ng aming mga apo.

Bawat isa sa atin ay mahalaga at minamahal ng Panginoon, na nagmamalasakit, bumubulong, at nagmamamasid sa atin sa mga paraang kakaiba sa bawat isa. Walang katapusan ang Kanyang pagiging mas matalino at mas makapangyarihan kaysa mga mortal na tao. Alam Niya ang ating mga hamon, ang ating mga tagumpay, at mabubuting hangarin ng ating puso.

Mga isang taon na ang nakalipas, habang naglalakad ako sa Temple Square, isa sa mga sister missionary ang lumapit sa akin at nagtanong, “Natatandaan ba ninyo ako? Taga-Florida po ako.” Sinabi niya sa akin ang pangalan niya, Sister Aida Chilan. Oo, naaalala kong nakilala ko siya at ang pamilya niya. Iminungkahi ng kanyang stake president na bisitahin namin ang kanilang pamilya. Naging malinaw na naroon kami para sa anak nilang si Aida, na hindi pa nabinyagan. Pagkatapos ng aming pagbisita at mahigit isang taon ng pagtuturo at pag-fellowship, nabinyagan si Aida.

Pagkatapos ng pag-uusap namin sa Temple Square, sumulat sa akin si Aida. Sabi niya: “Alam ko nang buong puso ko na kilala ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin at patuloy Niya tayong

inilalagay sa landas ng bawat isa sa isang dahilan. Salamat sa pagiging isa sa mga missionary ko, sa pagtulong at paghanap sa akin limang taon na ang nakalipas.”¹⁴ Ipinadala rin sa akin ni Aida ang kuwento ng kanyang pagbabalik-loob na binabalikan ang “mga banal na pagkakataon” sa buhay niya na humantong sa kanyang binyag at kumpirmasyon, misyon sa Temple Square, at sa kanyang kasal sa templo kamakailan.¹⁵

Nagkataon lang ba na pinapunta kami ng stake president sa tahanan ng mga Chilán o na kalaunan ay magkikita kami sa Temple Square? Ang patotoo ni Aida ay patunay na lahat ng ito ay bahagi ng “banal na plano” ng Diyos.

Gustung-gusto ng Panginoon na makasama tayo. Hindi nagkakataon lang na kapag nadarama ninyo ang Kanyang Espiritu at kumikilos sa mga unang pahiwatig ay nadarama ninyo Siya gaya ng ipinangako Niya: “Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasanyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasanyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”¹⁶

Lahat tayo ay may magkakatulad na pangyayari sa ating buhay. Maaari nating makita ang isang taong tila pamilyar sa atin, muling makatagpo ang isang dating kakilala, o magkasundo sa isang parehas na bagay sa isang dayuhan. Kapag nangyayari ang mga ito, marahil ipinapaalala sa atin ng Panginoon na tayo ay magkakapatid. Talagang kabahagi tayo ng iisang layunin—na tinawag ni Joseph Smith na “layon ni Cristo.”¹⁷

Ngayon, saan akma ang ating kalayaan sa pagpili sa “banal na plano”? Maaari nating piliing sundin o hindi sundin ang ating Tagapagligtas at ang Kanyang piniling mga pinuno. Ang huwarang ito ay malinaw sa Aklat ni Mormon nang ang mga Nephi ay tumalikod sa Panginoon. Nanaghoy si Mormon:

“At natanto nila . . . na hindi na sila pinangangalagaan pa ng Espiritu ng Panginoon; oo, lumisan ito sa kanila sapagkat ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo—



“Anupa’t ang Panginoon ay tumigil sa pangangalaga sa kanila sa pamamagitan ng kanyang mapaghimala at walang kapantay na kapangyarihan, sapagkat sila ay nahulog sa kalagayan ng kawalang-paniniwala at kakilakilabot na kasamaan.”¹⁸

Hindi lahat ng hinihingi sa atin ng Panginoon ay bunga ng kung gaano tayo kalakas, gaano tayo katapat, o ano ang alam natin. Isipin si Saulo, na pinigilan ng Panginoon sa daan patungong Damasco. Mali ang tinatahak niyang direksyon sa buhay; wala itong kinalaman sa hilaga o timog. Si Saulo ay itinama ng langit. Nakilala kalaunan bilang si Pablo, nakita sa kanyang ministeryo bilang apostol ang alam na ng Panginoon na kaya niyang gawin at marating, hindi ang binalak niyang gawin bilang si Saulo. Sa gayunding paraan, alam ng Panginoon kung ano ang kayang gawin at marating ng bawat isa sa atin. Ano ang itinuro ni Apostol Pablo? “At nalalaman natin na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid bagay niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa.”¹⁹


Kapag tayo’y matwid, handa, at may kakayahan, kapag sinisikap nating maging marapat at kwalipikado, umuunlad tayo sa paraang hindi natin inakala at nagiging bahagi ng “banal na plano” ng Ama sa Langit. Bawat isa ay may kabanalan sa ating kalooban. Kapag nakikita nating kumikilos ang Diyos sa pamamagitan natin at kasama natin, nawa’y mahikayat tayo, at magpasalamat sa paggabay na iyon. Nang sinabi ng ating Ama

sa Langit na, “Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakaputaran ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao,”²⁰ tinutukoy Niya ang lahat ng Kanyang anak—lalo na kayo.

Ang kamay ng Panginoon ay gumagabay sa inyo. Sa “banal na plano,” may impluwensya Siya sa maliliit na detalye ng inyong buhay gayundin sa mahalagang pangyayari. Tulad ng pagkakasabi sa Mga Kawikaan, “Magtiwala sa Panginoon nang iyong buong puso; . . . at Kanyang ituturo ang iyong mga landas.”²¹ Pinatotohanan ko na pagpapalain Niya kayo, itataguyod kayo, at bibigyan kayo ng kapayapaan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 9:33.
2. Alma 8:16.
3. Alma 8:18.
4. Alma 8:19–20.
5. Neal A. Maxwell, “Brim with Joy” (Brigham Young University devotional, Ene. 23, 1996), 2, speeches.byu.edu.
6. 1 Nephi 4:6.
7. Joseph B. Wirthlin, “Mga Aral na Natutuhan sa Pagtahak sa Landas ng Buhay,” *Liahona*, Mayo 2001, 38; hango sa mensaheng ibinigay ni Elder Wirthlin sa isang CES fireside sa BYU, Nob. 7, 1999.
8. Mga Awit 30:5.
9. 3 Nephi 27:13.
10. Tingnan sa Lucas 12:7.
11. Tingnan sa Mateo 10:29.
12. Abraham 2:8.
13. Doktrina at mga Tipan 64:29.
14. Liham mula kay Aida Chilán, Abr. 20, 2017.
15. Liham mula kay Aida Chilán, Mayo 30, 2017.
16. Doktrina at mga Tipan 84:88.
17. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 409.
18. Halaman 4:24–25.
19. Mga Taga Roma 8:28.
20. Moises 1:39.
21. Mga Kawikaan 3:5–6.



Ni Elder O. Vincent Haleck
Ng Pitumpu

Ang Puso ng Balo

Gawin natin ang kinakailangan upang magkaroon ng puso ng balo, tunay na nagagalak sa mga pagpapalang magpupuno sa mga ibubungang “kasalatan.”

Napakapalad ko na makapaglingkod sa piling ng mga Banal ng Pacific sa malaking bahagi ng aking buhay. Dahil sa pananampalataya, pagmamahal, at pambihirang mga sakripisyo ng matatapat na Banal na ito ako ay napuno ng inspirasyon, pasasalamat, at galak. Ang kanilang mga kuwento ay tulad din ng sa inyo.

Napag-isip ko na ang mga Banal na ito ay katulad ng balo na napansin ng

Tagapagligtas habang Siya ay “[nakaupo] . . . at minasdan kung paanong inihuhulog ng karamihan ang salapi sa kabang-yaman: at maraming mayayaman ang nangaghuhulog ng marami.

“At lumapit ang isang babaing bao, at siya’y naghulog ng dalawang lepta. . . .

“At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at sinabi sa

kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dukhang baong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman:

“Sapagka’t sila . . . ay nagsipaghulog ng sa kanila’y labis, datapuwa’t siya sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga’y ang buong kaniyang ikabubuhay.”¹

Bagaman ang kanyang dalawang lepta ay maliit na ambag, sa Tagapagligtas ang kanyang kaloob ay napakahalaga, dahil ibinigay niya ang lahat. Sa sandaling iyon, lubusang nakilala ng Tagapagligtas ang balo, dahil ipina-kita ng kaloob ng babae ang kanyang puso sa Kanya. Ang kalidad at lalim ng kanyang pagmamahal at pananampalataya ay gayon kalaki kaya nagbigay siya batid na mapupunan ang kanyang “kasalatan.”

Nakita ko ang gayunding puso sa mga Banal sa Pacific. Sa isang munting nayon sa isa sa mga islang ito, isang matandang lalaki at kanyang asawa ang tumanggap sa paanyaya ng mga missionary na taimtim na itanong sa Panginoon kung ang mga lesson na itinuturo sa kanila ay totoo. Sa prosesong ito, inisip din nila ang mga ibubunga ng mga pangakong kailangan nilang gawin kung ang mata-tanggap nilang sagot ay hahantong sa pagtanggap nila sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Nag-ayuno at nanalangan sila para malaman ang katotohanan ng Simbahan at kung totoo ang Aklat ni Mormon. Ang sagot sa kanilang mga dasal ay dumating sa matamis at malinaw na pagpapatibay: “Oo! Totoo ito!”

Sa pagkakatanggap ng pagsaksing ito, pinili nilang magpabinyag. Hindi ito isang desisyon na walang negatibong epekto sa kanilang buhay. Ang kanilang desisyon at pagpabinyag ay may dalang malaking kapalit. Nawalan sila ng trabaho, isinakripisyo ang kanilang katayuan sa lipunan, nawala ang mahahalagang pakikipagkaibigan, at ang suporta, pagmamahal, at respeto ng pamilya ay naglaho. Ngayon ay lumalakad sila papunta sa Simbahan tuwing Linggo, na asiwang sumusulyap sa mga kaibigan



at kapitbahay na lumalakad sa kabilang direksyon.

Sa mahirap na kalagayang ito, ang butihing kapatid na ito ay tinanong tungkol sa damdamin niya sa desisyon nilang sumapi sa Simbahan. Ang kanyang simple at matatag na sagot ay “Totoo ito, ‘di ba? Malinaw ang aming pasiya.”

Ang dalawang bagong binyag na mga Banal na ito ay talagang taglay ang puso ng balo. Sila, tulad ng balo, ay “inihulog ang lahat” ng maibibigay nila, na nagbibigay sila sa kabila ng kanilang “kasalatan.” Bunga ng mapanalig nilang puso at matibay na pananampalataya sa mahirap na panahong iyon, ang kanilang mga pasanin ay pinagaan. Sila ay tinulungan at inalalayan ng mapag-suporta at maalagang mga miyembro ng Simbahan, at personal silang napalakas ng kanilang paglilingkod sa mga calling sa Simbahan.

Pagkatapos ihulog ang “lahat” ng mayroon sila, ang pinakamasayang araw ay dumating nang mabuklod sila sa templo bilang pamilyang walang-hanggan. Tulad ng mga nabinyagan sa ilalim ng pamumuno ni Alma, “pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.”² Gayon ang puso ng balo na ipinakita ng kahanga-hangang mag-asawang ito.

Babanggitin ko ang isa pang karanasan kung saan makikita ang puso ng balo. Sa Samoa, nakikipagtulungan kami sa mga konseho ng nayon upang mapayagan ang mga missionary na ipangaral ang ebanghelyo. Ilang taon na ang nakalipas, nakausap ko ang pinuno mula sa isang nayon kung saan pinagbawalang mangaral ang ating mga missionary sa loob ng maraming taon. Ang pakikipag-usap ko ay nangyari hindi pa natatagalan matapos buksan ng pinakamataas na pinuno ang nayon sa Simbahan, na pinapayagan ang ating mga missionary na turuan ang mga interesadong malaman ang tungkol sa ebanghelyo at mga doktrina nito.

Makalipas ang maraming taon, sa mahimalang pagbabagong ito, ginusto

kong malaman kung ano ang nangyari para gawin ng pinakamataas na pinuno ang ganitong hakbang. Nagtanong ako tungkol dito, at ang pinunong kausap ko ay sumagot, “Ang tao ay maaaring mabuhay sa dilim sa loob ng ilang panahon, ngunit darating ang oras na gugustuhin niyang magpunta sa liwanag.”

Ang pinakamataas na pinuno, sa pagbubukas sa nayon, ay ipinakita ang puso ng balo—isang pusong lumalambot kapag ang init at liwanag ng kato-tohanan ay naihayag. Ang pinunong ito ay naging handang salungatin ang matatagal nang tradisyon, harapin ang maraming oposisyon, at manindigan upang mapagpala ang iba. Ito ay isang pinuno na ang puso ay nakatuon sa kapakanan at kaligayahan ng kanyang mga tao, sa halip na isipin ang tradisyon, kultura, at personal na kapangyarihan. Ginawa niya ito sa kabila ng mga alalahanin bilang tugon sa itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson sa atin: “Kapag tinularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas, magkakaroon tayo ng pagkakataong maging liwanag sa buhay ng iba.”³

Sa huli, gusto kong ibahagi sa inyo ang isa pang karanasan sa piling ng mga Banal ng Pacific na nananatili sa aking kaluluwa at napakahalaga sa akin. Ilang taon na ang nakalipas, isa akong bata pang counselor noon sa bishop sa bagong ward sa American Samoa. Mayroon kaming 99 na miyembro na binubuo ng mga karaniwang magsasaka, manggagawa sa cannery, empleyado ng gobyerno, at kanilang mga pamilya. Nang ibalita ng Unang Panguluhan noong 1977 na magtatayo ng templo sa Samoa, kagalakan at pasasalamat ang nasambit naming lahat. Ang pagpunta sa templo mula sa American Samoa noong panahong iyon ay nangailangan ng paglalakbay papuntang Hawaii o kaya’y sa New Zealand. Magastos ang biyaheng ito na hindi kaya ng maraming matatapat na miyembro ng Simbahan.

Sa panahong ito hinikayat ang mga miyembro na mag-ambag sa building fund para tumulong sa pagtatayo ng mga templo. Sa ganitong diwa, hiniling

ng aming bishopric sa mga miyembro ng ward na mapanalanging isipin kung ano ang ibibigay nila. Nagtakda ng petsa upang magtipon ang mga pamilya para ibigay ang kanilang mga donasyon. Kalaunan, habang binubuksan ang mga donasyong ito nang pribado, nakadama ng pagpapakumbaba ang aming bishopric at naantig sa pananampalataya at pagkabukas-palad ng kahanga-hangang mga miyembro ng aming ward.

Nakikilala ang bawat pamilya at mga kalagayan nila, nakadama ako ng matinding paghanga, paggalang, at pagpapakumbaba. Ang mga ito, sa bawat paraan, ay makabagong lepta ng balo na kusang ibinigay mula sa kanilang “kasalatan” at nang may kagalakan sa ipinangakong pagtatayo ng isang banal na templo ng Panginoon sa Samoa. Inihandog ng mga pamilyang ito ang lahat ng mayroon sila sa Panginoon, taglay ang pananampalataya na ibibigay ang kailangan nila. Ipinakita ng kanilang kaloob ang kanilang puso ng balo. Lahat ng nagbigay ay ginawa ito nang kusa at buong kagalakan dahil ang puso ng balo na nasa kanilang kalooban ay nakikita sa mata ng pananampalataya ang maraming pagpapalang laan para sa kanilang mga pamilya, at sa lahat ng tao sa Samoa at American Samoa, sa darating na mga henerasyon. Alam ko na ang kanilang inilaang mga handog, ang kanilang lepta ng balo, ay batid at tanggap ng Panginoon.


Ang puso ng balo na nagbigay ng kanyang dalawang lepta ay isang puso na ibibigay ang lahat sa pamamagitan ng pagsasakripisyo; pagtitiis ng hirap, pang-aapi, at pagtanggap; at pagtitiis ng maraming pasanin. Ang puso ng balo ay pusong nakahihiwatig, nakadarama, at nakaaaalam sa liwanag ng katotohanan at ibibigay ang lahat para yakapin ang katotohanang iyon. Natutulungan din nito ang iba na makita ang liwanag ding iyon at madama ang gayunding kaligayahan at kagalakan na walang-hanggan. Sa huli, ang puso ng balo ay kakikitaan ng kahandaang ibigay ang lahat para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

Makiisa tayo bilang mga Banal sa buong mundo sa paggawa ng kina-kailangan upang magkaroon ng puso ng balo, tunay na nagagalak sa mga pagpapalang magpupuno sa mga ibubungang “kasalatan.” Dalangin ko na bawat isa sa atin ay magkaroon ng puso na magtitiis ng ating mga pasanin, gagawa ng kailangang mga sakripisyo, at handang magbigay at gawin ito. Nangangako ako na hindi kayo iiwan ng Panginoon sa kasalatan. Ang puso ng balo ay puno ng pasasalamat na ang Tagapagligtas ay “isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman”⁴ upang hindi natin kailangang matikman ang “mapait na saro.”⁵ Sa kabila ng ating mga kahinaan at kabiguan, at dahil sa mga ito, patuloy Niyang iniuunat ang Kanyang mga kamay, na ipinako para sa ating kapakanan. Iaangat Niya tayo kung handa tayong magpunta sa liwanag ng Kanyang ebanghelyo, yakapin Siya, at hayaang punan Niya ang ating “kasalatan.”

Pinatotohanan ko ang dakilang pagmamahal na maaari nating ibahagi bilang mga disipulo at tagasunod ng Panginoong Jesucristo. Mahal at sinasang-ayunan ko si Pangulong Thomas S. Monson bilang propeta ng Diyos sa lupa. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang saksi ni Jesucristo sa mundo, at inaanyayahan ko ang lahat na basahin ito at tuklasin ang mensahe nito para sa inyo. Lahat ng tumatanggap sa paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya ay magkakaroon ng kapayapaan, pagmamahal, at liwanag. Si Jesucristo ang ating dakilang Huwaran at Manunubos. Tanging sa pamamagitan ni Jesucristo, at sa himala ng Kanyang walang katapusang Pagbabayad-sala, natin matatanggap ang buhay na walang-hanggan. Ito ay pinatotohanan ko sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Marcos 12:41–44.
2. Mosias 24:15.
3. Thomas S. Monson, “Maging Huwaran at Liwanag,” *Liahona*, Nob. 2015, 88.
4. Isaias 53:3.
5. 3 Nephi 11:11.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?

Sa pinakamahimala at pambihirang paraan, itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Noong 1986, naimbitahan akong magbigay ng espesyal na lektur sa isang unibersidad sa Accra, Ghana. Marami akong nakilalang mga dignitaryo roon, kabilang na ang hari ng isang tribo sa Africa. Habang nag-uusap kami bago ako maglektur, kinausap ako ng hari sa pamamagitan ng kanyang linguist, na nagsalin para sa akin. Sumasagot ako sa linguist, at isinasalin ng linguist ang mga sagot ko sa hari.

Pagkatapos kong maglektur, direkta akong nilapitan ng hari, ngunit sa sandaling ito ay wala ang kanyang linguist. Nagulat ako, nagsalita siya sa perpektong Ingles—sa Ingles pa ng Reyna, idaragdag ko lang!

Tila naguluhan ang hari. “Sino ka ba talaga?” tanong niya.

Sagot ko, “Ako ay inordenang Apostol ni Jesucristo.”

Nagtanong ang hari, “Ano ang maituturo mo sa akin tungkol kay Jesucristo?”

Sumagot ako nang patanong: “Maaari ko bang itanong kung ano na ang alam ninyo tungkol sa Kanya?”

Inihayag ng sagot ng hari na siya ay seryosong estudyante ng Biblia at isang taong nagmamahal sa Panginoon.

At itinanong ko kung alam ba niya ang tungkol sa ministeryo ni Jesucristo sa mga tao sa sinaunang Amerika.

Gaya ng inasahan ko, hindi niya alam ito.

Ipinaliwanag ko na pagkatapos ang Pagkakapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, nagpunta Siya sa mga tao sa sinaunang Amerika, kung saan itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo. Itinatag Niya ang Kanyang Simbahan at hiniling sa Kanyang mga disipulo na mag-ingat ng talaan tungkol sa Kanyang ministeryo sa kanila.

“Ang talaang iyon,” sabi ko, “ay ang alam namin ngayon na Aklat ni Mormon. Ito ay isa pang tipan ni Jesucristo. Ito ay banal na kasulatang tulad ng Banal na Biblia.”

Sa puntong ito, naging *lubhang* interesado ang hari. Bumaling ako sa mission president na kasama ko at nagtanong kung may dala siyang kopya ng

Aklat ni Mormon. Kinuha niya ang isa mula sa kanyang briefcase.

Binuklat ko ito sa 3 Nephi kabanata 11, at binasa namin ng hari ang sermon ng Tagapagligtas sa mga Nephita. Pagkatapos ay ibinigay ko ang kopya ng Aklat ni Mormon sa kanya. Tumimo sa aking puso't isipan ang kanyang sagot: "Maaari mo akong bigyan ng mga diyamante o rubi, ngunit wala nang mas mahalaga sa akin kaysa sa dagdag na kaalamang ito tungkol sa Panginoong Jesucristo."

Matapos maranasan ang kapangyarihan ng mga salita ng Tagapagligtas sa 3 Nephi, ipinahayag ng hari, "Kung ako ay magbabalik-loob at sasapi sa Simbahan, isasama ko ang buong tribo."

"Oh, Hari," sagot ko, "hindi po ganyan ang paraan. Ang pagbabalik-loob ay nangyayari sa bawat tao. Ang Tagapagligtas ay naglingkod sa bawat Nephita. Bawat tao ay tumatanggap ng pagsaksi at patotoo ng ebanghelyo ni Jesucristo."¹

Mahal kong mga kapatid, gaano kahalaga sa inyo *ang* Aklat ni Mormon? Kung aalukan kayo ng mga diyamante o mga rubi o ng Aklat ni Mormon, alin ang pipiliin ninyo? Ang totoo, alin *ang* mas mahalaga sa inyo?

Sa sesyon sa Linggo ng umaga ng pangkalahatang kumperensya ng Abril 2017, nakiusap sa atin si Pangulong Thomas S. Monson na "pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw."² Marami ang tumugon sa pakiusap ng ating propeta.



Binabasa ni Riley ang kanyang Aklat ni Mormon sa tulong ng bookmark na "Ako ay Anak ng Diyos."



Sinusunod ni Pangulong Nelson ang payo ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2017 na pag-aralan at pagnilayan ang Aklat ni Mormon araw-araw.

Gusto kong sabihin na hindi ko alam ni ang walong taong gulang na si Riley na kinukunan kami ng retrato. Mapapansin na binabasa ni Riley ang kanyang Aklat ni Mormon sa tulong ng bookmark na "Ako ay Anak ng Diyos."

May makapangyarihang nangyayari kapag hangad ng isang anak ng Diyos na malaman pa ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Walang ibang lugar na itinuro ito nang mas malinaw at makapangyarihan kaysa sa Aklat ni Mormon.

Mula noong magbigay ng paanyaya si Pangulong Monson anim na buwan na ang nakalipas, sinikap kong sundin ang kanyang payo. Kabilang sa maraming bagay, gumawa ako ng listahan kung ano *ang* Aklat ni Mormon, ano ang *pinagtitiyag* nito, ano ang *pinabubulaanan* nito, ano ang *isinakatu-paran* nito, ano ang *nilililaw* nito, at ano ang *inihahayag* nito. Kapag pinag-aralan natin ang Aklat ni Mormon sa gayong paraan marami tayong

matututuhan at mahihikayat tayong ipamuhay ito! Hinihikayat kong gawin din ninyo ito.

Sa loob ng anim na buwang ito, inanyayahan ko rin ang iba't ibang grupo—kabilang na ang mga Kapatid sa Korum ng Labindalawa, mga missionary sa Chile, at mga mission president at kanilang mga asawa na nakatipon sa Argentina—na isipin ang tatlong magkakaugnay na tanong na hinihimok kong pag-isipan ninyo ngayon:

Una, ano kaya ang magiging buhay ninyo kung *wala* ang Aklat ni Mormon? Pangalawa, ano ang *hindi* ninyo *malamam*? At pangatlo, ano ang *hindi* *mapapasainyo*?

Ang masisiglang sagot mula sa mga grupong ito ay nagmula sa kaibuturan ng kanilang puso. Narito ang ilan sa mga sinabi nila:

"Kung wala ang Aklat ni Mormon, malilito ako sa magkakasalungat na turo at opinyon tungkol sa *maraming*

bagay. Magiging tulad pa rin ako ng dati bago ko natagpuan ang Simbahan, noong naghahanap ako ng kaalaman, pananalig, at pag-asa.”

Sinabi ng isa pa: “Hindi ko malalaman ang papel na maaaring gampanan ng Espiritu Santo sa aking buhay.”

Isa pa: “Hindi ko mauunawaan nang malinaw ang layunin ko rito sa mundo!”

Sinabi ng isa pang sumagot: “Hindi ko malalaman na may patuloy na pag-unlad sa kabilang-buhay. Dahil sa Aklat ni Mormon, alam ko na talagang may kabilang-buhay. Ito ang pinakamithiin na ating pinagsisikapan.”

Itong huling komento ang nagpaisip sa akin ng buhay ko maraming dekada na ang nakalipas noong ako’y surgical resident pa lang. Isa sa mabibigat na responsibilidad ng isang surgeon, kung minsan, ay ang sabihin sa pamilya na namatay ang isang mahal sa buhay. Sa ospital kung saan ako nagtrabaho, isang espesyal na silid ang itinayo na may makapal na sapin sa dingding kung saan maaaring tanggapin ng pamilya ang ganitong balita. Doon, ipinakikita ng ilang tao ang pighati sa pag-uuntog ng ulo nila sa dingding na may makapal na sapin. Gustung-gusto kong ituro sa mga taong iyon na ang kamatayan, kahit mahirap sa mga naiwang mahal sa buhay, ay mahalagang bahagi ng ating pagiging imortal. Kailangan nating mamatay upang mapunta sa kabilang daigdig.³

Isa pang sumagot sa tanong ko ang nagsabing: “Wala akong layunin sa buhay noong hindi ko pa nababasa ang Aklat ni Mormon. Kahit na nanalanganin ako at buong buhay na nagsimba, ang Aklat ni Mormon ang tumulong sa akin upang tunay na makipag-usap sa Ama sa Langit sa unang pagkakataon.”

Sinabi pa ng isa: “Kung walang Aklat ni Mormon, hindi ko mauunawaan na hindi lamang nagdusa ang Tagapagligtas para sa mga kasalanan ko, kundi kaya rin Niyang paghilumin ang aking mga pasakit at kalungkutan.”⁴

At isa pa: “Hindi ko malalaman na may mga propetang umaakay sa atin.”

Ang palagi at dibdibang pag-aaral ng mga katotohanan ng Aklat ni Mormon



ay makapagpapabago ng buhay. Isa sa aming mga apong missionary, si Sister Olivia Nelson, ay nangako sa isang investigator na kung babasahin niya ang Aklat ni Mormon araw-araw, ang makukuha niyang grado sa mga eksamin sa unibersidad ay tataas. Ginawa nga niya, at nangyari nga.

Mahal kong mga kapatid, pinatotohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay tunay na salita ng Diyos. Nilalaman nito ang mga sagot sa pinakamahahalagang tanong sa buhay. Itinuturo nito ang doktrina ni Cristo.⁵ Pinalalawak at ipinaliliwanag nito ang maraming



Ang apong babae ni Pangulong Nelson na si Olivia.

“malililaw at mahahalagang”⁶ katotohanan na nawala sa paglipas ng mga siglo at maraming pagsasalin ng Biblia.

Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng ganap at lubos na mapaniniwalaang kaalaman tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo na matatagpuan sa buong aklat. Itinuturo nito kung ano ang tunay na kahulugan ng ipanganak na muli. Mula sa Aklat ni Mormon nalalaman natin ang tungkol sa pagtitipon ng nakalat na Israel. Alam natin kung bakit tayo narito sa lupa. Ito at ang iba pang mga katotohanan ay mas mabisa at nakahihikayat na itinuro sa Aklat ni Mormon kaysa alinmang aklat. Ang buong kapangyarihan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay nasa Aklat ni Mormon. Tapos.

Ang Aklat ni Mormon ay kapwa nilililaw ang mga turo ng Guro at inilalantad ang mga taktika ng kaaway.⁷ Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo ng totoong doktrina para ituwid ang mga maling tradisyon ng mga relihiyon—tulad ng maling kaugalian ng pagbibinyag sa mga sanggol.⁸ Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng layunin sa buhay sa paghikayat sa atin na pagnilayan ang potensyal na magkaroon ng buhay na walang hanggan at “walang katapusang kaligayahan.”⁹ Pinabubulaanan ng Aklat ni Mormon ang mga maling paniniwala na may kaligayahan sa kasamaan¹⁰ at ang kabutihan ng bawat isa lamang ang kailangan upang makabalik sa piling ng Diyos.¹¹ Lubusan nitong inaalis ang mga maling konsepto na ang paghahayag ay nagwakas sa Biblia at ang kalangitan ay nakapinid ngayon.

Kapag iniisip ko ang Aklat ni Mormon, naiisip ko ang salitang *kapangyarihan*. Ang mga katotohanan ng Aklat ni Mormon ay may *kapangyarihan* na pagalingin, panatagin, ipanumbalik, tulungan, palakas, aluin, at pasayahin ang ating kaluluwa.


Mahal kong mga kapatid, ipinangangako ko na sa mapanalangin pag-aaral ng Aklat ni Mormon *araw-araw*, makagagawa kayo ng mas maiinam na desisyon—*sa araw-araw*. Ipinangangako ko na habang pinagninilayan ninyo ang inyong pinag-aaralan, ang mga

durungawan ng langit ay mabubuksan, at tatanggap kayo ng mga sagot sa inyong sariling mga tanong at patnubay sa inyong buhay. Ipinangangako ko na sa araw-araw ninyong dibdibang pag-aaral ng Aklat ni Mormon, mapoprotektahan kayo laban sa mga kasamaan ngayon, pati na sa laganap na salot ng pornograpiya at ng iba pang nakamamhanhid na mga adiksyon.

Sa tuwing maririnig ko ang sinuman, pati na ang sarili ko, na nagsasabing, “Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo,” gusto kong isigaw na, “Maganda ‘yan, pero hindi sapat!” Kailangan nating madama, sa “kaibuturan” ng ating puso,¹² na ang Aklat ni Mormon ay di-maikakailang salita ng Diyos. Kailangang madama natin itong mabuti upang hindi natin naising mabuhay kahit isang araw nang wala ito. Sasabihin ko ito nang halos kagaya ng pagkakasabi ni Pangulong Brigham Young na, “Sana ang tinig ko ay gaya ng pitong kulog para magising ang mga tao”¹³ sa katotohanan at kapangyarihan ng Aklat ni Mormon.

Kailangang maging katulad tayo nitong bata pang missionary na naglilingkod sa Europa na may matinding damdamin ukol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon kaya talagang tumakbo siya hawak ang isang kopya ng sagradong talaang ito papunta sa lalaking nasa isang liwasan na bagong kakilala lang nilang magkompanyon.

Alam ko na si Joseph Smith ay Propeta noon at ngayon ng huling



Tumatakbo ang isang binatang missionary para ibahagi ang Aklat ni Mormon sa isang lalaki sa parke.

dispensasyong ito. Siya nga, sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, ang nagsalin sa banal na aklat na ito. Ito ang aklat na tutulong upang maihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang literal at buhay na Anak ng ating buhay na Diyos. Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos, ang ating dakilang Huwaran, at ating Tagapamagitan sa Ama. Siya ang ipinangakong Mesiyas, ang mortal na Mesiyas, at ang magiging Mesiyas sa milenyo. Pinatotohanan ko nang buong kaluluwa ko na sa mahimala at pambihirang paraan, itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang propeta ng Diyos sa lupa ngayon. Mahal ko siya at sinasagayunan siya nang buong puso ko. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

Mga Listahan ni Pangulong Nelson tungkol sa Aklat ni Mormon

Ang Aklat ni Mormon ay:

- Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Ang mga pangunahing manunulat nito—sina Nephi, Jacob, Mormon, Moroni—at ang tagapagsalin nito, si Joseph Smith, *lahat* ay mga saksi ng Panginoon.
- Isang tala ng Kanyang ministryo sa mga taong nanirahan sa Sinaunang Amerika.
- Totoo, gaya ng pagpapatotoo mismo ng Panginoon.

Ang Aklat ni Mormon ay *pinagtitiyab*:

- Ang indibiduwal na pagkakakilanlan ng Ama sa Langit at ng Kanyang Minamahal na Anak na si Jesucristo.
- Na kinakailangan ang Pagkahulog ni Adan at ang karunungan ni Eva, upang ang mga tao ay magalak.

Ang Aklat ni Mormon ay *pinabubulaanan* ang mga paniniwala na:

- Ang paghahayag ay nagwakas sa Biblia.
- Ang mga sanggol ay kinakailangang mabinyagan.
- Ang kaligayahan ay matatagpuan sa kasamaan.
- Ang indibiduwal na kabutihan ay sapat para sa kadakilaan (ang mga ordenansa at mga tipan ay kinakailangan).
- Ang Pagkahulog ni Adan ay nagpasa sa sangkatauhan ng “orihinal na kasalanan.”

Ang Aklat ni Mormon ay *isinaskatuparan* ang mga propesiya sa Biblia na:

- Maririnig ng “iba pang tupa” ang Kanyang tinig.

- Ang Diyos ay gagawa ng “kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain,” na nagsasalita “mula sa alabok.”
- Ang “tungkod ng Juda” at ang “tungkod ng Jose” ay magiging isa.
- Ang nakakalat na Israel ay titipunin “sa mga huling araw” at kung paano iyan isasagawa.
- Ang lupaing pamana para sa lipi ni Jose ay ang Western Hemisphere.

Ang Aklat ni Mormon ay *nagpapalinalaw* ng pang-unawa tungkol sa:

- Ating buhay bago tayo isinilang.
- Kamatayan. Ito ay mahalagang bahagi ng dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos.
- Kabilang-buhay, na nagsisimula sa paraiso.
- Kung paano nagiging imortal na kaluluwa ang pagkabuhay na mag-uli ng katawan, na muling sumanib sa espiritu nito.
- Kung paano magiging batay sa ating mga gawa at naisin ng ating puso ang paghatol sa atin ng Panginoon.
- Kung paano isinasagawa nang wasto ang mga ordenansa: halimbawa, binyag, sakramento, pagkakaloob ng Espiritu Santo.
- Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
- Pagkabuhay na Mag-uli.
- Mahalagang papel ng mga anghel.
- Walang-hanggang katangian ng priesthood.
- Kung paano mas naiimpluwensyahan ang ugali ng tao ng kapangyarihan ng salita kaysa ng kapangyarihan ng tabak.

Ang Aklat ni Mormon ay *naghahayag* ng mga impormasyong hindi alam noon:

- Nagsagawa ng mga binyag bago isinilang si Jesucristo.
- Ang mga templo ay itinatayo at ginamit ng mga tao sa sinaunang Amerika.
- Si Jose, na ika-11 anak ni Israel, ay nakita ang papel na gagampanan ni Joseph Smith bilang propeta.
- Nakinita ni Nephi (600–592 B.C.) ang pagkatuklas at kolonisasyon ng Amerika.
- Ang malililaw at mahahalagang bahagi ng Biblia ay nawala.
- Ang Liwanag ni Cristo ay ibinibigay sa bawat tao.
- Ang kahalagahan ng kalayaan sa pagpili ng bawat isa at ang pangangailangan sa pagsalungat sa lahat ng bagay.
- Mga babala tungkol sa “mga lihim na sabwatan.”

MGA TALA

1. Tingnan sa 3 Nephi 17:9–12.
2. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 87.
3. Tingnan sa Alma 42:8.
4. Tingnan sa Alma 7:11–12.
5. Tingnan, halimbawa, sa 2 Nephi 31:2–21.
6. Tingnan sa 1 Nephi 13:29–33.
7. Tingnan sa 2 Nephi 26–33.
8. Tingnan sa Moroni 8:11–15.
9. Mosias 2:41; tingnan din sa Alma 28:12.
10. Tingnan sa Alma 41:10–11.
11. Ang espesyal na mga sagradong ordenansa at mga tipan ay kailangan din.
12. Tingnan sa Alma 13:27.
13. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Brigham Young (1997), 311. Tinutukoy niya ang kahalagahan ng gawain sa templo at family history.



Ni Elder Dale G. Renlund
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng Ama sa Langit, ang pagpapala ng nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo ay kailangang matanggap ng mga anak ng Diyos. Ang priesthood ang naghahatid ng ganitong mga pagkakataon.

Isipin natin na may isang rocket na maingat na dinadala papunta sa isang launchpad upang maihanda ito para sa paglipad. Ngayon, isipin ang ignition. Ang gasolina, sa isang kontroladong pagsunog, ay naging mainit na gas na bumubuga, nagbibigay ng kinakailangang lakas upang mapalipad ang rocket patungo sa kalawakan. Sa huli, isipin ang payload, o kargamento, na nasa ibabaw ng rocket. Ang halaga ng payload ay lubos lamang makikita kapag nakarating ito sa dapat nitong kalagyan at gumana ayon sa gamit nito. Hindi ninyo kailangang maging rocket scientist para malaman na ang mamahaling global communications satellite ay di-gaanong mahalaga kapag nakatambak lang sa bodega. Ang misyon lang ng isang rocket ay maihatid ang payload.

Ngayong gabi ay nais kong ihambing ang *priesthood na taglay* natin sa isang rocket at *ang pagkakataong makinabang mula sa nagbabayad-salang*



kapangyarihan ng Tagapagligtas sa payload na inihahatid ng isang rocket.

Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, si Jesucristo ay may kapangyarihan at awtoridad na tubusin ang buong sangkatauhan. Upang magamit ang Kanyang nagbabayad-salang kapangyarihan, ipinagkaloob Niya ang isang bahagi ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa kalalakihan sa daigdig. Ang ipinagkaloob na kapangyarihan at awtoridad ay tinatawag na *priesthood*. Nagtutulot ito sa mga maytaglay ng priesthood na tulungan ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa Kanilang gawain—upang maisakatuparan ang kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos. Nangyayari ito dahil nagbibigay ito sa Kanyang mga anak ng pagkakataong matanggap ang mga pagpapala ng nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas.

Ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Jesucristo ay mahalaga sapagkat walang sinuman sa atin ang makababalik sa ating tahanan sa langit nang walang tulong. Sa buhay, lagi tayong nagkakamali at lumalabag sa mga batas ng Diyos. Nababahiran tayo ng kasalanan at hindi tayo maaaring tulutang makabalik sa piling ng Diyos. Kailangan natin ang nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas upang magawa nating makipagkasundo sa Ama sa Langit. Kinalag ni Jesucristo ang mga gapos ng pisikal na kamatayan, na nagtutulot ng pagkabuhay na mag-uli para sa lahat. Nagpapatawad Siya ng mga kasalanan, na nakabatay sa pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Kanyang ebanghelyo. Sa pamamagitan Niya, maibibigay ang kadakilaan. Ang pagkakataong makinabang mula sa nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas ang pinakamahalagang payload o bahagi ng paglikha.

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng Ama sa Langit, ang pagpapala ng nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo ay kailangang matanggap ng mga anak ng Diyos.¹ Ang priesthood ang naghahatid ng ganitong mga pagkakataon. Ito ang rocket. Mahalaga ang priesthood dahil ang mga kinakailangang ordenansa at tipan

sa daigdig ay naisasagawa lamang sa pamamagitan ng awtoridad nito. Kung nabigo ang priesthood na maihatid ang pagkakataong makinabang mula sa nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas, ano ang magiging layunin nito? Magiging isa lang ba itong komplikado at agaw-pansing paputok? Nilayon ng Diyos na magamit ang priesthood nang higit pa sa isang klase sa Linggo o bilang pagkakataong maglingkod. Nilayon Niya na maihatid nito ang payload.

Ang maliliit na depekto sa mga rocket ay maaaring magdulot ng pagkabigo ng misyon. Ang malulutong na seal at material fatigue ay maaaring maging dahilan para magloko ang isang rocket. Sa matalinghagang pahayag, upang mapangalagaan ang priesthood mula sa malulutong na seal at material fatigue, pinoprotektahan ng Diyos ang pagkakaloob at paggamit nito.² Ang pagkakaloob ng priesthood ay pinangangalagaan ng mga susi ng priesthood, na siyang karapatan ng panguluhan na ibinigay sa tao.³ Ang paggamit sa priesthood ay pinangangalagaan din sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood pati na rin ng mga tipan na ginawa ng isang maytaglay ng priesthood. Dahil dito, ang paggamit ng priesthood ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng mga susi ng priesthood at ng mga tipan. Ang atas ng priesthood ng isang lalaki ay ibinibigay nang indibiduwal at hindi umiiral nang hiwalay sa kanya;⁴ ang priesthood ay hindi isang walang hugis na pinagmulan ng nakapagsasariling kapangyarihan.

Ang Aaronic at Melchizedek Priesthood ay parehong tinatanggap sa pamamagitan ng tipan.⁵ Diyos ang nagtatakda ng mga tuntunin at tinatanggap ito ng tao. Sa pangkalahatan, nakikipagtipan ang mga maytaglay ng priesthood na tutulungan ang Diyos sa Kanyang gawain. Sa simula ng dispensasyong ito, ipinaliwanag ni Jesucristo na ang tipan ng priesthood ay “pinagtibay sa inyo para sa inyong kapakanan, at hindi lamang para sa inyong kapakanan, kundi para sa kapakanan ng buong sanlibutan . . . sapagkat sila



ay hindi lumalapit sa akin.”⁶

Itinuturo nito na ang layunin ng priesthood ay ang anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na matanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Nasa atin ang priesthood para matulungan natin ang mga anak ng Ama sa Langit na maalís sa kanila ang bigat ng kasalanan at maging katulad Niya. Sa pamamagitan ng priesthood, nakikita ang kapangyarihan ng kabanalan sa mga buhay ng lahat nila na gumagawa at tumutupad sa mga tipan ng ebanghelyo at tumatanggap sa kaakibat na mga ordenansa.⁷ Ito ang paraan para makalapit kay Cristo ang bawat isa sa atin, madalisay, at makipagkasundo sa Diyos. Ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo ay magagamit sa pamamagitan ng priesthood, na siyang naghahatid ng payload.

Ang pakikipagtipan sa Diyos ay dapat tapat at taos-puso. Ang isang lalaki ay dapat maghanda, matuto, at pumasok sa mga ganitong tipan nang may layuning igalang ang mga ito. Ang tipan ay nagiging isang panata sa sarili. Katulad ng pagkakasabi ng taga-England na manunulat ng mga dula na si Robert Bolt, ang isang tao ay gagawa lamang ng tipan kapag nakatitiyak

siyang tutuparin niya nang lubos ang isang pangako. Iniuugnay niya ang katapatan niya sa pangako sa kanyang sariling kabutihan. Kapag ang isang tao ay nakikipagtipan, hawak niya mismo ang kanyang sarili, tulad ng tubig, sa kanyang nakasalok na mga kamay. At kapag binuksan niya ang kanyang mga daliri, hindi na niya maaasahang matagpuan muli ang kanyang sarili. Ang lumalabag sa tipan ay wala nang mapapangako o garantiyang maibibigay.⁸

Ang isang maytaglay ng Aaronic Priesthood ay nakikipagtipan na iiwas sa kasamaan, tutulungan ang iba na makipagkasundo sa Diyos, at maghahandang tumanggap ng Melchizedek Priesthood.⁹ Ang mga sagradong responsibilidad na ito ay nagagawa kapag siya ay nagtuturo, nagbibinyag, nagpapalakas sa mga miyembro ng Simbahan, at nag-aanyaya sa iba na tanggapin ang ebanghelyo. Ito ang mga gamit ng kanyang “rocket.” Bilang kapalit, nangako ang Diyos na magkakaloob ng pag-asa, kapatawaran, paglingkod ng mga anghel, at mga susi ng ebanghelyo ng pagsisisi at binyag.¹⁰

Ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay nakikipagtipan na tutuparin ang mga responsibilidad na kaakibat ng Aaronic Priesthood at



gagampanan ang kanyang tungkulin sa Melchizedek Priesthood.¹¹ Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusang kaakibat ng tipan. Kabilang sa mga kautusang ito ang “[paki]kinig [nang] mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan” sa pamamagitan ng pamumuhay nang ayon sa “bawat salita na [nagmumula] sa bibig ng Diyos,”¹² pagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang gawain sa mga huling araw,¹³ hindi pagyayabang sa sarili,¹⁴ at pagiging kaibigan ng Tagapagligtas, nagtitiwala sa Kanya tulad ng gagawin ng isang kaibigan.¹⁵

Bilang kapalit, nangako ang Diyos na tatanggap ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ng mga susi upang maunawaan ang mga hiwaga ng Diyos. Siya ay magiging perpekto upang makatayo siya sa harapan ng Diyos. Magagawa niya ang kanyang tungkulin sa gawain ng kaligtasan. Ihahanda ni Jesucristo ang daan para sa maytaglay ng priesthood at sasamahan siya. Ang Espiritu Santo ay mapapasapuso ng maytaglay ng priesthood, at dadalhin siya ng mga anghel. Ang kanyang katawan ay mapalalakas at mapasisigla. Siya ay magiging tagapagmana sa mga pagpapala ni Abraham at, kasama ang kanyang asawa, kasamang-tagapagmana ni Jesucristo sa kaharian ng Ama sa Langit.¹⁶ Ang mga ito ay “mahahalaga at napakadakilang pangako.”¹⁷ Wala

nang maisip pang mas dakilang mga pagpapala.

Para sa bawat lalaking tumatanggap ng Melchizedek Priesthood, pinagtiti-bay ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa tipan gamit ang isang sumpa.¹⁸ Ang sumpang ito ay nauukol lamang sa Melchizedek Priesthood,¹⁹ at ang Diyos ang sumusumpa, hindi ang maytaglay ng priesthood.²⁰ Dahil ang kakaibang sitwasyong ito ay kinapapalooban ng Kanyang banal na kapangyarihan at awtoridad, gumagamit ang Diyos ng isang sumpa, ginagamit ang pinakamatinding salita na magagamit Niya, upang matiyak sa atin ang nagbubuklod at hindi mapapawalang-bisang katangian ng Kanyang mga pangako.

Matinding kaparusahan ang ibubunga ng paglabag sa mga tipan ng priesthood at sa lubusang pagtalikod mula sa mga ito.²¹ Ang pagiging kaswal o walang pakialam sa tungkulin sa priesthood ay katulad ng pagdaragdag ng material fatigue sa isang bahagi ng rocket. Inilalagay nito sa alanganin ang tipan ng priesthood sapagkat maaari itong humantong sa kabiguan ng misyon. Ang hindi pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay pagsira sa tipan. Para sa isang taong patuloy na lumalabag sa tipan at hindi nagsisisi, binabawi ang ipinangakong mga pagpapala.

Mas lubos kong naunawaan ang kaugnayan ng “priesthood” bilang rocket at ng “pagkakataong makinabang

mula sa nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo” bilang payload ilang taon na ang nakararaan. Isang katapusan ng linggo, nagkaroon ako ng dalawang responsibilidad. Ang isa ay iorganisa ang unang stake sa isang bansa, at ang isa pa ay interbyuhin ang isang binata at, kung magiging maayos ang lahat, ipanunumbalik ang kanyang priesthood at ang mga pagpapala sa templo. Ang 30-taong gulang na lalaking ito ay sumapi sa Simbahan noong halos magbibinata na siya. Marangal siyang naglingkod sa kanyang misyon. Subalit nang umuwi siya, naligaw siya ng landas, at nawala sa kanya ang pagiging miyembro ng Simbahan. Matapos ang ilang taon, “nang siya’y makapagisip,”²² at sa tulong ng mapagmahal na mga lider ng priesthood at mababait na miyembro, siya ay nagsisi at tinanggap muli sa pamamagitan ng binyag sa Simbahan.

Kalaunan, hiniling niyang maipanumbalik ang kanyang priesthood at mga pagpapala sa templo. Nagtakda kami ng appointment para sa Sabado ng alas-10 n.u. sa meetinghouse. Nang dumating ako para sa mas maagang mga interbyu, naroon na siya. Sabik na sabik siya na magkaroon muli ng priesthood, hindi siya makapaghintay.

Sa aming interbyu, ipinakita ko sa kanya ang liham na nagpapaliwanag na personal na nirebyu ni Pangulong Thomas S. Monson ang kanyang aplikasyon at binigyang-awtorisasyon ang interbyu. Umiyak ang mahinahong binatang ito. Pagkatapos ay sinabi ko sa kanya na ang petsa ng aming interbyu ay walang opisyal na kahulugan sa buhay niya. Tila nagtaka siya. Ipinalaalam ko sa kanya na matapos kong maipanumbalik ang kanyang mga pagpapala, ang ipakikita lang ng kanyang membership record ay ang kanyang orihinal na binyag, kumpirmasyon, ordinasyon sa priesthood, at petsa ng endowment. Humikbi siyang muli.

Hiniling ko sa kanya na magbasa mula sa Doktrina at mga Tipan:

“Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito.

“Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon.”²³

Napuno ng luha ang kanyang mga mata sa ikatlong pagkakataon. Pagkatapos ay inilagay ko ang aking mga kamay sa kanyang ulo, at sa pangalan ni Jesucristo, sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood, at nang may pahintulot mula sa Pangu-lo ng Simbahan, ipinangumalik ko ang kanyang priesthood at mga pagpapala ng templo.

Napakalaki ng kagalakang nadama namin. Alam niya na muli siyang binigyan ng karapatan na taglayin at gamitin ang priesthood ng Diyos. Alam niya na ang kanyang mga pagpapala sa templo ay makakamtan niyang muli. Masaya siyang naglakad at nabanaag ang liwanag sa kanya. Talagang ipinagmamalaki ko siya, at nadama kong ipinagmamalaki rin siya ng Ama sa Langit.

Pagkatapos niyon, naorganisa na ang stake. Ang mga miting ay lubos na dinaluhan ng masisigasig at matatapat na Banal, at sinang-ayunan ang isang kahanga-hangang stake presidency. Gayunman, para sa akin, ang makasaysayang okasyon ng pag-organisa ng unang stake na ito sa bansang iyon ay napangibabawan ng kagalakang nadama ko sa pagpapanumbalik ng mga pagpapala sa binatang ito.

Natanto ko na ang layunin ng pag-oorganisa ng stake, o paggamit ng priesthood ng Diyos sa anumang paraan, ay upang tulungan ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa Kanilang gawain—magbigay ng pagkakataon para sa pagtubos at kadakilaan ng bawat isa sa mga anak ng Diyos. Tulad ng rocket na ang layunin ay ihatid ang isang payload, ang priesthood ang naghahatid ng ebanghelyo ni Jesucristo, nagtutulot sa lahat na gumawa ng mga tipan at tumanggap ng kaakibat na mga ordenansa. “Ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo”²⁴ ay magagamit kung gayon sa ating buhay kapag naranasan natin ang nagpapabalan na impluwensya ng Espiritu Santo at natanggap ang mga pagpapalang ipinangako ng Diyos.

Dagdag pa sa pagsunod ninyo sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo, inaanyayahan ko kayo na gumawa ng mga tipan ng priesthood at tuparin ito. Tanggapin ang sumpa ng Diyos at ang Kanyang pangako. Gampanan ang inyong mga responsibilidad sa priesthood upang matulungan ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Gamitin ang priesthood upang makatulong na maihatid sa iba ang pagkakataong makinabang mula sa nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas! Kapag ginawa ninyo ito, darating ang malalaking pagpapala sa inyo at sa inyong pamilya. Pinatotohanan ko na ang Manunubos ay buhay at pinamamahalaan ang gawaing ito, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa 1 Nephi 11:31; 2 Nephi 2:8.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:36.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:11; tingnan din sa Dallin H. Oaks, “Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2014, 49–52.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:95, 130, 132. Ang priesthood na natanggap ng isang lalaki ay hindi nahihinalay sa kanya tulad ng hindi nahihinalay ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo mula sa Kanya.
5. Ang mga pagtukoy sa tipan na nauugnay sa nakabababang priesthood ay matatagpuan sa Mga Bilang 25:10–13; Nehemias 13:29; at Malakias 2:2–8. Ang mga pagtukoy sa tipan na nauugnay sa Melchizedek Priesthood ay matatagpuan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:26–37 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan); Mga Awit 110:1, 4; at Doktrina at mga Tipan 84:39–42. Tingnan



- din sa Bruce R. McConkie, “The Doctrine of the Priesthood,” *Ensign*, Mayo 1982, 32–34.
6. Doktrina at mga Tipan 84:48, 50.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
8. Tingnan sa Robert Bolt, *A Man for All Seasons: A Play in Two Acts* (1990), xiii–xiv, 140.
9. Tingnan sa Mga Bilang 25:12–13; Nehemias 13:29; Ezekiel 34:2–6; Malakias 2:2–9; Doktrina at mga Tipan 13:1; 20:46–59; 84:33–40.
10. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 7:19; Doktrina at mga Tipan 84:26–27.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:43–44.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:61–62.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:73.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:77–88.
16. Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:26–37 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan); Sa mga Hebreo 7:11; Doktrina at mga Tipan 84:19, 33–34, 38, 42, 77–88.
17. II Ni Pedro 1:4.
18. Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:27–31 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan); Mga Awit 110:1, 4; Joseph Smith Translation, Hebrews 7:19–21 (sa Bible Dictionary sa LDS English version ng Biblia); Doktrina at mga Tipan 84:33–40, 48.
19. Tingnan sa *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 223; Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Abr. 1970, 59; *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith (1976), 323.
20. Walang scripture reference o tala sa mga banal na kasulatan na ang taong tatanggap ay susumpa habang ginagawa niya ang tipan ng Melchizedek Priesthood. Sa halip, sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:27–31 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan); Awit 110:1, 4; Sa Mga Hebreo 7:21; at Doktrina at mga Tipan 84:40, ang Diyos ang sumusumpa kapag gumagawa Siya ng tipan sa taong tatanggap. Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: “Sumumpa ang Panginoon sa kanyang sariling pangalan . . . na lahat ng tumutupad sa tipan na kaakibat ng Melchizedek Priesthood ay magmamana, makatatanggap, at magkakaroon ng lahat ng bagay sa kanyang walang hangang kaharian. . . . Ang Diyos ay sumumpa na dadakilain si Cristo, at sumumpa siyang muli, na sa panahong tatanggapin ng bawat isa sa atin ang Melchizedek Priesthood, magkakaroon tayo ng gayunding kadakilaan kung tunay at tapat tayo sa lahat ng bagay” (“The Doctrine of the Priesthood,” 33).
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:41–42. Palaging posible ang pagsisisi para sa mga handang magbago. Tingnan, halimbawa, sa Dale G. Renlund, “Pagsisisi: Isang Pagpiling Puno ng Kagalakan,” *Liahona*, Nob. 2016, 121–24.
22. Lucas 15:17.
23. Doktrina at mga Tipan 58:42–43.
24. Mosias 4:2.



Ni Elder David F. Evans
Ng Pitumpu

Ang Katotohanan ng Lahat ng Bagay

Bawat isa sa atin ay may personal na responsibilidad na gawin kung ano ang kinakailangan upang magkaroon ng malakas na patotoo at mapanatili ito.

Pumarito tayo ngayong gabi nang may pag-asa at pananampalataya na sa anumang paraan, aalis tayo nang napalakas at napagpala ng Espiritu Santo, na nagtuturo ng katotohanan.¹ Tungkol sa ating kani-kaniyang paghahanap ng katotohanan ang nais kong talakayin.

Noong tinedyer ako, nagkaroon ako ng maraming tanong tungkol sa Simbahan. Ang ilan sa mga tanong ko ay taos-puso. Ang iba naman ay hindi at sumasalamain sa mga pagdududa ng iba.

Madalas ay itinatanong ko ang mga ito sa aking ina at pinag-uusapan namin. Tiyak kong nahihiwatigan niya na marami sa aking mga tanong ay tapat at mula sa aking puso. Sa tingin ko hindi siya gaanong natutuwa kapag hindi taos-puso at masyadong maargumento ang pagtatanong ko. Gayunman, hindi niya ako iniinsulto sa pagtatanong ko. Siya ay makikinig at susubukang sagutin ang mga ito. Kapag nahihiwatigan niyang nasabi na niya ang lahat ng kanyang nalalaman at mayroon pa rin akong mga tanong, ganito ang sasabihin niya: “David, magandang

tanong iyan. Habang naghahanap at nagbabasa *ka* at nananalangin para sa sagot, bakit hindi *mo* gawin ang mga bagay na alam mong dapat gawin at huwag gawin ang mga bagay na alam mong hindi dapat gawin?” Ito ang sinunod ko sa paghahanap ko ng katotohanan. Sa pamamagitan ng pag-aaral, pananalangin, at pagsunod sa mga kautusan, nalaman ko na may mga sagot sa lahat aking mahahalagang



tanong. Nalaman ko rin na para sa ilang mga tanong, kinakailangan ang patuloy na pananampalataya, pagtitiyaga, at paghahayag.²

Ibinigay ni Inay sa akin ang responsibilidad na palakasin ko ang aking pananampalataya at maghanap ng mga sagot. Alam niya na magmumula ang mahahalagang sagot sa paghahanap ko ng katotohanan sa paraang itinakda ng Ama sa Langit. Alam niya na kailangan kong mahanap ang katotohanan. Alam niya na kailangan kong maging tapat sa aking pagtatanong at maging handang kumilos ayon sa alam ko nang totoo. Alam niya na kailangan kong mag-aral at manalangin at kailangan kong magkaroon ng dagdag na pagtitiyaga habang naghahangad ako ng mga sagot mula sa Panginoon. Ang kahan-daang maging matiyaga ay bahagi ng ating paghahanap sa katotohanan at bahagi ng paraan ng Panginoon sa paghahayag ng katotohanan.³

Sa paglipas ng panahon, naunawaan ko na itinuturo sa akin ng aking ina ang paraan ng Ama sa Langit para sa paghahanap ng katotohanan. Lumakas ang pananampalataya ko, nagsimulang dumating ang mga sagot, at tinanggap ko ang mission call.

Dumating ang panahon, noong kasisimula pa lang ng misyon ko, na nadama kong kailangan kong malaman kung totoo ang Simbahan at kung si Joseph Smith ay propeta ng Diyos. Nadama ko ang napakalinaw na sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson noong huling pangkalahatang kumprensya natin: “Kung wala pa kayong matibay na patotoo sa mga bagay na ito, gawin ninyo ang kailangan para matamo ito. Mahalagang magkaroon kayo ng sariling patotoo sa mahihirap na panahong ito, dahil hindi kayo lubos na matutulungan ng patotoo ng ibang tao.”⁴ Alam ko ang kinakailangang gawin. Kinakailangan kong basahin ang Aklat ni Mormon nang may matapat na puso, nang may tunay na layunin, at magtanong sa Diyos kung ito ay totoo.

Pakinggan ang kamanghamang pangako ng ating Ama sa Langit na ibinigay sa pamamagitan

ni propetang Moroni: “Kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”⁵

Upang matanggap ko kung ano ang nasa Aklat ni Mormon, kailangan kong basahin ito. Sinimulan kong basahin ang aklat mula sa umpisa at binasa ko ito araw-araw. May ilang tao na nakatanggap agad ng patotoo. Sa iba naman, kakailanganin pa ang mas maraming oras at mas maraming panalangin at ilang beses na pagbabasa ng aklat. Kinailangan kong basahin ang buong aklat bago ko natanggap ang ipinangakong patotoo. Gayunpaman, ipinaalam ng Diyos ang katotohanan sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Sa aking missionary journal, ini-larawan ko ang aking kagalakan sa pag-alam sa katotohanan gayundin ang aking personal na pagpapahayag ng pangako at tunay na layunin na kumilos ayon sa katotohanang natanggap ko. Isinulat ko: “Nangangako ako sa aking Ama sa Langit at sa aking sarili na gagawin ang lahat ng aking makakaya, na ibibigay rito ang 100 porsiyento habang ako ay nabubuhay, anuman ang iutos sa akin ay gagawin ko, subalit sa ngayon narito ako sa aking misyon at pagbubutihan ko ang pagmimisyon ko, hindi ko ito panghihinayangan, hindi para sa akin, kundi para sa Panginoon. Mahal ko ang Panginoon, at mahal ko ang gawain, at idinadalangin ko na huwag maglaho kailanman ang damdaming iyan.”

Nalaman ko na ang palagiang pangangalaga sa espirituwal at patuloy na pagsisikap na magsisi at sundin ang mga kautusan ay kinakailangan upang hindi maglaho ang damdaming iyon. Sinabi ni Pangulong Monson, “Kailangang . . . manatiling masigla at buhay [ang patotoo] sa pamamagitan ng



pagsunod sa mga kautusan ng Diyos at araw-araw na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.”⁶

Sa paglipas ng mga taon, nagtatanong ako sa mga missionary at mga kabataan sa iba’t ibang dako ng mundo kung paano sila nagsimula sa kanilang personal na pagsisikap na hanapin ang katotohanan at magkaroon ng patotoo. Halos lahat sa kanila ay nagsabing nagsimula ang kanilang pagsisikap na magkaroon ng personal na patotoo sa kanilang personal na desisyon na basahin ang Aklat ni Mormon mula sa simula at tanungin ang Diyos kung totoo ito. Sa paggawa nito, pinili nilang “[kumilos]” kaysa “pinakikilos”⁷ ng pagdududa ng iba.

Upang malaman ang katotohanan, kailangan nating ipamahayag ang ebanghelyo⁸ at “subuk[an]”⁹ ang salita. Tayo ay binalaang huwag salungatin ang Espiritu ng Panginoon.¹⁰ Ang pagsisisi, kasama ang pagsisikap na sundin ang mga kautusan, ay mahalagang bahagi ng paghahanap sa katotohanan ng bawat tao.¹¹ Katunayan, maaaring kailanganin nating “talikuran” ang ating mga kasalanan upang malaman ang katotohanan.¹²

Iniutos sa atin na “maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” at “maghanap . . . sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan.”¹³ Ang paghahanap natin ng katotohanan ay

dapat nakatuon sa “mga pinakamabubuting aklat” at sa mga pinakamabubuting mapagkukuhanan. Kabilang sa pinakamabubuti ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga buhay na propeta.

Hiniling ni Pangulong Monson sa ating lahat na “gawin [kung ano] ang kailangan” upang magkaroon ng malakas na patotoo at mapanatili ito.¹⁴ Ano ang kinakailangan upang mapalalim at mapalakas ang inyong patotoo? Bawat isa sa atin ay may personal na responsibilidad na gawin kung ano ang kinakailangan upang magkaroon ng malakas na patotoo at mapanatili ito.

Ang matiyagang pagtupad sa ating mga tipan habang “[ginagawa natin kung ano] ang kailangan” upang makatanggap ng mga sagot mula sa Panginoon ay bahagi ng paraan ng Diyos sa pag-alam sa katotohanan. Lalo na kapag mahirap ang mga bagay-bagay, maaaring kailanganin nating “[m]agpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kaloo-ban ng Panginoon.”¹⁵ Ang matiyagang pagtupad ng tipan ay nagdaragdag sa ating pagpapakumbaba, nagpapatindi sa ating hangaring malaman ang katotohanan, at nagtutulot sa Espiritu Santo na “patnubayan [tayo] sa mga landas ng karunungan nang [tayo] ay pagpalain, paunlarin, at pangalagaan.”¹⁶

Kami ng asawa kong si Mary ay may isang taong mahal na mahal namin na



halos buong buhay niya ay naghahanap pa rin ng kasagutan sa ilang aspeto ng Simbahan. Mahal niya ang ebanghelyo, at mahal niya ang Simbahan ngunit may mga katanungan pa rin siya. Siya ay ibinuklod sa templo, aktibo sa Simbahan, ginagawa ang kanyang mga tungkulin, at isang kahanghangang ina at asawa. Sa paglipas ng mga taon, sinikap niyang gawin ang mga bagay na alam niyang tama at umiwas sa mga bagay na alam niyang mali. Tinupad niya ang kanyang mga tipan at nagpatuloy sa paghahanap. Kung minsan ay nagpapasalamat siya sa pagkapit sa pananampalataya ng iba.

Kamakailan lang nang hilingin ng kanyang bishop na kausapin silang mag-asawa. Hiniling niya sa kanila na tanggapin ang isang gawain sa templo na magsilbing mga proxy para sa mga taong nangangailangan ng mga ordenansa sa templo. Ang tungkuling ito ay ikinagulat nila, subalit tinanggap nila ito at nagsimula sa kanilang paglilingkod sa bahay ng Panginoon. Kamakailan lang ay nakibahagi ang kanilang binatilyong anak sa isang family history research at natagpuan ang isang pangalan ng kamag-anak na hindi pa kumpleto ang mga ordenansa sa templo. Kalaunan ay nagsilbi silang mga proxy at ginawa ang mga ordenansa sa templo para sa taong ito at sa kanyang pamilya. Habang sila ay nakaluhod sa altar at isinasagawa

ang ordenansa ng pagbubuklod, ang mabait at matiyagang babaeng ito na matagal nang naghahanap ng katotohanan ay nagkaroon ng isang pribadong espirituwal na karanasan kung saan nalaman niya na ang templo at ang mga ordenansang isinasagawa rito ay totoo at tunay. Tinawagan niya ang kanyang ina at sinabi rito ang karanasan niya at sinabi na bagama't may mga katanungan pa rin siya, alam niya na totoo ang templo, na totoo ang mga ordenansa sa templo, at totoo ang Simbahan. Ang kanyang ina ay umiyak nang may pasasalamat para sa isang mapagmahal at matiyagang Ama sa Langit at sa isang anak na babaeng matiyagang nagpapatuloy sa paghahanap.

Ang matiyagang pagtupad sa tipan ay nagdadala ng mga pagpapala ng langit sa ating buhay.¹⁷

Nakadama ako ng malaking kapanatagan sa pangako ng Panginoon na “sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay.”¹⁸ Kahit hindi natin nalalaman ang lahat ng bagay, maaari pa rin nating malaman ang katotohanan. Malalaman natin na totoo ang Aklat ni Mormon. Katunayan, tulad ng itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson nitong hapon, “madarama [natin], sa ‘kaibuturan’ ng ating puso [tingnan sa Alma 13:27] na ang Aklat ni Mormon ay di-maikakailang salita ng Diyos.” At “madarama natin ito sa kaibuturan ng ating puso na hindi natin nanaisin pang mabuhay nang isang araw nang wala ito.”¹⁹

Malalaman natin na ang Diyos ay ating Ama, na minamahal tayo; at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Malalaman natin na dapat pinahahalagahan ang pagiging miyembro sa Kanyang Simbahan at ang pagtanggap ng sakramento tuwing linggo ay makatutulong sa atin at sa ating pamilya na maging ligtas. Malalaman natin na sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo, ang mga pamilya ay tunay na magsasama-sama magpakailanman. Malalaman natin na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang mga pagpapala ng pagsisisi at kapatawaran ay totoo

at tunay. Malalaman natin na ang ating mahal na propetang si Pangulong Thomas S. Monson ay ang propeta ng Panginoon at ang kanyang mga tagapayo at ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa ay mga apostol, propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang lahat ng ito ay alam kong totoo at pinatotohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Moroni 10:5.
2. Isa sa mga tanong na iyon ay tungkol sa pagkakaroon ng priesthood ng lahat ng karapat-dapat na kalalakihan. Ang tanong na ito ay nasagot sa pamamagitan ng isang paghahayag na natanggap ni Pangulong Spencer W. Kimball, ng kanyang mga tagapayo, at ng mga miyembro ng Labindalawa noong Hunyo 1, 1978. Ang paghahayag na ito ay ang Opisyal na Pahayag 2 sa Doktrina at mga Tipan.
3. Tingnan, halimbawa, sa Lucas 21:15; Mga Taga Roma 8:5; Alma 32:41–43; Eter 12:19; Doktrina at mga Tipan 21:5; 101:38; 107:30–31.
4. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 87.
5. Moroni 10:4.
6. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” 87.
7. 2 Nephi 2:14; tingnan din sa David A. Bednar, “Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya,” *Liahona*, Set. 2007, 17–24.
8. Tingnan, halimbawa, sa Juan 7:17, kung saan ipinangako ng Panginoon, “Kung ang sinomang tao ay nagiiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili.” Tingnan din sa Alma 32.
9. Tingnan sa Alma 32:27.
10. Tingnan sa Alma 32:28.
11. Tingnan sa Alma 22:18; Doktrina at mga Tipan 93:27–28.
12. Alma 22:18.
13. Doktrina at mga Tipan 88:118.
14. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” 87.
15. Mosias 24:15; tingnan din sa Mosias 24:13–14; David A. Bednar, “Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan,” *Liahona*, Mayo 2014, 87–90.
16. Mosias 2:36.
17. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Dakilang Saserdote ng Mabubuting Bagay na Darating,” *Liahona*, Enero 2000, 45. Sa mensaheng ito, sinabi ni Elder Holland: “Ang ilang pagpapala ay dumarating kaagad, ang ilan ay sa bandang huli, at ang ilan ay dumarating sa kabilang buhay; ngunit para sa mga tumatanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo, dumarating ito.”
18. Moroni 10:5.
19. Russell M. Nelson, “Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?” *Liahona*, Nob. 2017, 63.



Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen



Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



L. Whitney Clayton



Craig C. Christensen



Ulisses Soares



Lynn G. Robbins



Gerrit W. Gong



Juan A. Uredea



Patrick Kearon

MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(ayon sa alpabeto)



Marcos A. Albaladejo



Jose L. Alonso



Wilford W. Andersen



Ian S. Arden



Mervyn B. Arnold



W. Mark Bassett



David S. Baxter



Randall K. Bennett



Shayne M. Bowen



Mark A. Bragg



Craig A. Cardon



Yoon Hwan Choi



Kim B. Clark



Weatherford T. Clayton



Carl B. Cook



Lawrence E. Conbridge



Valeri V. Cordin



J. Devin Cornish



Claudio R. M. Costa



Joaquin E. Costa



LeGrand R. Curtis Jr.



Massimo De Ieo



Benjamin De Hoyos



Edward Dube



Kevin R. Durcan



Timothy J. Dyckes



Larry J. Echo Hawk



David F. Evans



Enrique R. Galaballa



Bradley D. Foster



Randy D. Funk



Eduardo Gaiaret



Robert C. Gay



Carlos A. Godby



Taylor G. Godby



Christoffel Golden




Walter F. Gonzalez



C. Scott Grow



O. Vincent Haleck



Donald L. Hallstrom



Kevin S. Hamilton



Allen D. Haynie




Paul V. Johnson



Larry S. Kachter



Von G. Keetch



Jörg Klebingat



Joni L. Koch



Erich W. Kopschke



Hugo E. Martinez



James B. Martino



Richard J. Maynes



Peter F. Meurs




Hugo Montoya



Marcus B. Nash



K. Brett Nattress



S. Gifford Nielsen




Brent H. Nielson



Adrian Ochao



Allan F. Packer



S. Mark Palmer



Adilson de Paula Parella



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



John C. Pingree Jr.



Rafael E. Pino



Michael T. Ringwood



Gary B. Sablin




Evan A. Schmutz



Gregory A. Schwitzer



Joseph W. Slati



Steven E. Snow



Vern P. Stanfill



Brian K. Taylor



Michael John U. Teh



Jose A. Texeira



Arnulfo Valenzuela



Terence M. Vinson



Taniela B. Vakolo



Scott D. Whiting

ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies
Unang Tagapayo



Gerald Causeé
Presiding Bishop



W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo

MGA PANGKALAHATANG OPISYAL

SUNDAY SCHOOL



Devin D. Durant
Unang Tagapayo



Tad R. Calister
Pangulo



Brian K. Ashton
Pangalawang Tagapayo



Carol F. McConkie
Unang Tagapayo



Bonnie L. Oscarson
Pangulo



Neil F. Marriott
Pangalawang Tagapayo




Sharon Eubank
Unang Tagapayo



Jean B. Bingham
Pangulo




Reyna I. Aburto
Pangalawang Tagapayo



Bonnie H. Cordon
Unang Tagapayo



Joy D. Jones
Pangulo



Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo

PRIMARY



Douglas D. Holmes
Unang Tagapayo



Stephen W. Owen
Pangulo



M. Joseph Brough
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN





Ni Elder Richard J. Maynes
Ng Pitumpu

Makamtan ang Tiwala ng Panginoon at ng Inyong Pamilya

Ang mga taong may “katapatan ng puso” ay mga taong mapagkakatiwalaan—sapagkat ang tiwala ay nakasalig sa katapatan o integridad.

Mga kapatid, marahil ay wala nang mas dakilang papuri ang matatanggap natin mula sa Panginoon kaysa sa malaman na nag-titiwala Siya sa atin na maging karapat-dapat na mga maytaglay ng priesthood at mabubuting asawa at ama.

Isang bagay ang tiyak: ang makamtan ang tiwala ng Panginoon ay isang pagpapala na dumarating dahil pinagsikapan natin ito nang lubos. Ang tiwala ay isang pagpapalang nakabatay sa pagsunod sa mga batas ng Diyos. Ang natamong tiwala ng Panginoon ay bunga ng pagiging tapat sa mga tipan na ating ginawa sa mga tubig ng binyag at sa banal na templo. Kapag tinutupad natin ang ating mga pangako sa Panginoon, nadaragdagan ang Kanyang tiwala sa atin.

Gusto ko ang sinauna at makabagong mga banal na kasulatan na gumamit ng pariralang “katapatan ng puso” kapag inilalarawan ang katangian ng isang mabuting tao.¹ Ang katapatan o integridad o ang kawalan ng integridad

ay isang pangunahing bahagi ng katangian ng isang tao. Ang mga taong may “katapatan ng puso” ay mga taong mapagkakatiwalaan—sapagkat ang tiwala ay nakasalig sa katapatan o integridad.

Ang kahulugan ng pagiging isang taong may integridad ay dalisay at

mabuti ang inyong mga hangarin, gayundin ang inyong mga kilos sa lahat ng aspeto ng inyong buhay, sa harap man ng maraming tao at sa pribado ninyong buhay. Sa bawat pagpapasiya natin, maaaring nagiging mas nararapat tayo sa tiwala ng Diyos o nababawasan ang Kanyang tiwala sa atin. Marahil ang alituntuning ito ay mas malinaw na naipapakita sa itinalaga sa ating mga banal na responsibilidad bilang mga asawa at ama.

Bilang mga asawa at ama, naka-tanggap tayo ng banal na utos mula sa mga makabagong propeta, tagakita, at tagapaghayag sa pahayag na “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Ang pagpapahayag na ito ay nagtuturo sa atin na (1) “ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan,” (2) ang mga ama “ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay,” at (3) ang mga ama ang may responsibilidad na protektahan ang kanilang mag-anak.²

Upang makamtan natin ang tiwala ng Diyos, kakailanganin nating matupad ang itinalagang tatlong banal na responsibilidad na ito sa ating mga pamilya ayon sa paraan ng Panginoon. Katulad ng nakasaaad pa sa paghahayag tungkol sa pamilya, ang paraan ng Panginoon ay ang gawin ang mga responsibilidad na ito kasama ang ating mga asawa “bilang magkasama na may pantay na pananagutan.”³ Para





sa akin, ang ibig sabihin nito ay hindi tayo susulong sa anumang mahalagang pagpapasiya hinggil sa tatlong responsibilidad na ito nang walang ganap na pakikiisa sa ating mga asawa.

Ang unang hakbang sa ating pag-sisikap na makamtan ang tiwala ng Panginoon ay ang magtiwala sa Kanya. Ipinakita ni propetang Nephi ang ganitong uri ng katapatan nang nanalangin siya: “O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman. Hindi ako magtitiwala sa bisig ng laman.”⁴ Si Nephi ay lubos na tapat sa paggawa ng kalooban ng Panginoon. Bukod pa sa *pagsasabi* na kanyang “gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon,” hindi natinag si Nephi sa kanyang tapat na pangakong *isagawa* ang kanyang mga tungkulin, na ipinakita sa pahayag na ito: “Yamang ang Panginoon ay buhay, at habang tayo ay nabubuhay, hindi tayo bababa sa ating ama sa ilang hangga’t hindi natin naisasagawa ang bagay na ipinag-uutos ng Panginoon sa atin.”⁵

Dahil unang nagtiwala si Nephi sa Diyos, nagtiwala nang malaki ang Diyos kay Nephi. Pinagpala siya ng Panginoon ng maraming pagbubuhos ng Espiritu na nagbigay ng mga pagpapala sa kanyang buhay, sa buhay ng kanyang pamilya, at sa buhay ng kanyang mga tao. Dahil namuno si Nephi sa pagmamahal at kabutihan at

naglaan at pinrotektahan ang kanyang pamilya at mga tao, isinulat niya, “Kami ay namuhay nang maligaya.”⁶

Upang mailahad ang pananaw ng isang babae tungkol sa paksang ito, hiniling ko sa aking dalawang may-asawang anak na babae na tulungan ako. Tinanong ko kung maaari silang magbigay ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa kung paano nila naunawaan ang kahalagahan ng tiwala at ang epekto nito sa pagsasama nila ng kanilang asawa at sa kanilang pamilya. Narito ang sinabi nina Lara Harris at Christina Hansen.

Una, si Lara: “Isa sa mga bagay na pinakamahalaga sa akin ay ang alam ko na habang ginagawa ng aking asawa ang mga kailangan niyang gawin sa araw-araw, gumagawa siya ng mga pagpapasiya na nagpapakita ng respeto at pagmamahal sa akin. Kapag mapagkakatiwalaan namin ang isa’t isa sa ganitong paraan, nagdudulot ito ng kapayapaan sa aming tahanan, kung saan masaya naming mapapalaki ang aming pamilya nang magkasama.”

Ngayon ang mga sinabi naman ni Christina: “Ang pagkakaroon ng tiwala sa isang tao ay katulad ng pagkakaroon ng pananampalataya sa isang tao. Kung wala ang tiwala at pananampalatayang iyan, magkakaroon ng takot at pagdududa. Para sa akin, isa sa mga pinakamalaking biyaya na dulot ng pagtitiwala

sa aking asawa ay kapayapaan—kapayapaan ng isipan sapagkat nalalaman ko na ginagawa niya talaga ang sinabi niyang gagawin niya. Ang tiwala ay nagdudulot ng kapayapaan, pagmamahal, at ng isang kapaligiran kung saan mapalalago ang pagmamahal na iyan.”

Hindi nabasa nina Lara at Christina ang isinulat ng isa’t isa. Nasisiyahan ako na pareho nilang kinilala na ang pagkakaroon ng kapayapaan sa tahanan ay tuwirang dulot ng pagkakaroon ng isang asawang mapagkakatiwalaan nila. Katulad ng inilarawan ng mga halimbawa ng aking mga anak na babae, ang alituntunin ng pagtitiwala ay napakahalaga sa pagbuo ng isang tahananang nakasentro kay Cristo.

Naranasan ko rin ang ganoong kulturang nakasentro kay Cristo sa paglaki sa isang tahanan kung saan iginalang ng aking ama ang kanyang priesthood at nakamtan ang tiwala ng kanyang buong pamilya dahil sa “katapatan ng kanyang puso.”⁷ Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang isang karanasan mula sa aking kabataan na naglalarawan sa habambuhay at mabuting epekto sa kanyang pamilya ng isang ama na nauunawaan at ipinamumuhay ang mga alituntunin ng tiwala na nakasalig sa integridad.

Noong napakabata ko pa, nagtayo ang aking ama ng isang kumpanya na eksperto sa factory automation. Ang negosyong ito ay nagdisenyo, gumawa, at nag-install ng mga automated production line sa buong mundo.

Noong nasa middle school ako, gusto ng aking ama na matuto ako kung paano magtrabaho. Gusto rin niyang matutuhan ko ang lahat ng aspeto ng negosyo. Kabilang sa una kong trabaho ang panatilihiing malinis ang lugar at mga painting area ng pasilidad na hindi nakikita ng publiko.

Noong pumasok ako sa high school, na-promote ako na magtrabaho sa pabrika. Nagsimula akong matuto kung paano magbasa ng mga blueprint at magpatakbo ng malalaking steel fabrication machinery. Nang makatapos ng high school, nag-aral ako sa unibersidad at pagkatapos ay nagmisyon.

Pagkauwi ko galing ng misyon, bumalik ako agad sa pagtatrabaho. Kailangan kong kumita para sa mga gastusin sa eskuwela sa susunod na taon.

Isang araw pagkatapos ng aking misyon, nagtatrabaho ako sa pabrika nang papuntahin ako ng aking ama sa kanyang opisina at tinanong kung nais kong sumama sa kanya sa isang business trip sa Los Angeles. Ito ang unang pagkakataon na inanyayahan ako ng aking ama na samahan siya sa isang business trip. Ang totoo ay ipakikilala niya ako sa mga tao upang tumulong na katawanin ang kumpanya.

Bago kami umalis, inihanda niya ako sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ilang detalye tungkol sa aming potensyal na bagong kliyente. Una, ang kliyente ay isang multinasyonal na korporasyon. Ikalawa, ina-upgrade nila ang kanilang mga production line sa buong daigdig gamit ang pinakabagong teknolohiya sa automation. Ikatlo, hindi pa kailanman nakapag-suplay sa kanila ang aming kumpanya ng engineering services o teknolohiya. At pinakahuli, ang kanilang pinakamataas na corporate officer na namamahala sa purchasing ang nagpatawag ng miting na ito upang rebyuhin ang aming bid sa isang bagong proyekto. Ang miting na ito ay maaaring magbigay sa amin ng isang bago at mahalagang pagkakataon para sa aming kumpanya.

Pagkarating sa Los Angeles, kami ni Itay ay nagpunta na sa hotel na pagdarausan ng miting. Ang unang gagawin ay talakayin at suriin ang mga detalye ng engineering design ng proyekto. Ang sumunod na aytem ay patungkol sa mga detalye ng operasyon, kabilang ang logistics at mga delivery date. Ang pinakahuling agenda ay nakatuon sa presyo, mga tuntunin, at mga kondisyon. Dito sa mga bagay na ito talagang mapapaisip ka.

Ipinaliwanag sa amin ng corporate officer na ang iminungkahi naming presyo ang pinakamababa sa lahat ng mga isinumiteng bid sa proyekto. Pagkatapos, sinabi niya sa amin ang presyo ng pangalawang-pinakamababang bid. Pagkatapos ay itinanong niya sa amin kung nais naming bawiin ang aming

proposal at muling isumite ito. Sinabi niya na ang aming bagong presyo ay dapat mas mababa nang kaunti sa susunod na mas mataas na bid. Pagkatapos ay ipinaliwanag niya na hahatiin namin ang bagong dagdag na presyo nang 50–50 sa kanya. Pinangatwiranang niya ito sa pagsasabing makikinabang ang lahat. Makikinabang ang aming kumpanya sapagkat maaari kaming kumita nang lubhang mas malaking pera kaysa sa orihinal na bid na ibinigay namin. Makikinabang ang kumpanya niya sapagkat makikipagnegosyo pa rin sila sa pinakamababang bidder. At, siyempre, makikinabang siya dahil may porsiyento siya sapagkat siya ang gumawa ng kasunduang ito.

Pagkatapos ay binigyan niya kami ng isang post office box number kung saan namin maaaring ipadala ang perang hinihiling niya. Pagkatapos ng lahat ng ito, tumingin siya sa aking ama at nagtanong, “Ano, may kasunduan na ba tayo?” Laking gulat ko nang tumayo ang aking ama, kinamayan siya, at sinabihan siya na babalikan namin siya.

Matapos lisanin ang miting, sumakay kami sa inupahang kotse, at bumaling sa akin ang ama ko at itinanong, “Ano sa tingin mo ang dapat nating gawin?”

Sumagot ako sa kanya sa pagsasabing sa tingin ko ay hindi namin dapat tanggapin ang kanyang alok.

Pagkatapos ay itinanong ng aking ama, “Hindi mo ba naisip na may responsibilidad tayo sa lahat ng ating mga empleyado na panatilihin may sapat na backlog na trabaho?”

Habang pinag-iisipan ko ang tanong na ito at bago ako nakasagot, sinagot niya ang sarili niyang tanong. Sabi niya, “Makinig ka, Rick, kapag tumanggap ka ng suhol o ikinompromiso mo ang iyong integridad, napakahirap nang maibalik pa ito. Huwag mong gagawin ito, kahit isang beses lang.”

Ang katotohanang ibinabahagi ko ang karanasang ito ay nangangahulugan na hindi ko kailanman nalimutan kung ano ang itinuro sa akin ng aking ama sa unang business trip na iyon na kasama siya. Ibinabahagi ko ang karanasang ito upang ilarawan ang walang hanggang impluwensya natin bilang



mga ama. Maaari ninyong isipin ang malaking tiwala ko sa aking ama dahil sa integridad ng kanyang puso. Ipina-muhay niya ang mga alituntunin ding iyon sa kanyang pribadong buhay kasama ang aking ina, kanyang mga anak, at lahat ng mga nakahalubilo niya.

Mga kapatid, dalangin ko ngayong gabi na magtiwala muna tayong lahat sa Panginoon, tulad ng ipinakita ni Nephi, at pagkatapos, sa pamamagitan ng integridad ng ating puso ay makakamtan natin ang tiwala ng Panginoon, pati na rin ang tiwala ng ating asawa at mga anak. Kapag naunawaan at naipamuhay natin ang banal na alituntuning ito ng tiwala na nakasalig sa integridad, magiging tapat tayo sa ating mga sagra-dong tipan. Magiging matagumpay rin tayo sa pangungulo sa ating pamilya nang may pagmamahal at kabutihan, paglalaan ng mga pangangailangan sa buhay, at pagprotekta sa ating pamilya mula sa mga kasamaan ng mundo. Ang mga katotohanang ito ay mapagpakumbaba kong pinatotohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa, sa 1 Mga Hari 9:4; Doktrina at mga Tipan 124:15.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. “Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 129.
4. 2 Nephi 4:34.
5. 1 Nephi 3:7, 15.
6. 2 Nephi 5:27.
7. Doktrina at mga Tipan 124:15.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Tagadala ng Makalangit na Liwanag

Bilang maytaglay ng priesthood ng Diyos at disipulo ni Jesucristo, kayo ang tagadala ng liwanag.

Isang matandang lalaki ang nakapila sa post office upang bumili ng mga selyo sa service counter. Napansin ng isang dalagita na nahihirapan siyang maglakad at nag-alok na ipakita sa kanya kung paano bumili mula sa machine upang makatipid sa oras. Sinabi ng matandang ginoo, “Salamat, ngunit mas gusto kong maghintay. Hindi ako tatanungin ng machine tungkol sa aking arthritis.”

Kung minsan ay nakakatulong na makipag-usap sa isang taong may pakialam sa ating mga problema.

Ang sakit, kalungkutan, at karamdaman ay nararanasan nating lahat—ang mga sakuna, pagdurusa, at kasawian ay maaaring mag-ipun-ipon hanggang sa maging malaking memory sa sariling internal hard drive ng ating kaluluwa.

Kung pag-uusapan ang ating aspetong pisikal, tinatanggap natin ang pagtanda at karamdaman bilang bahagi ng ating paglalakbay sa buhay. Humihingi tayo ng payo sa mga propesyonal na nakauunawa sa pisikal na katawan. Kapag nahihirapan tayo dahil sa mga emosyonal na pagkabalisa o karamdaman sa isip, hinihingi natin ang tulong

ng mga ekspertong nagbibigay-lunas sa mga ganitong uri ng sakit.

Katulad ng pagharap natin sa mga pisikal at emosyonal na pagsubok sa buhay na ito, hinaharap din natin ang mga hamon sa espirituwal. Karamihan sa atin ay nakaranas na ng mga sandaling nag-aalab nang husto ang ating patotoo. Maaari ding nakaranas tayo ng mga panahong tila malayo ang ating Ama sa Langit. Mayroong mga pagkakataon na pinahahalagahan natin ang mga bagay ng Espiritu nang buong puso natin. Maaari ding mayroong mga pagkakataon na parang di-gaanong mahalaga o nabawasan ang kahalagahan ng mga ito.

Ngayon ay nais kong magsalita tungkol sa espirituwal na kagalingan—kung paano tayo makahahapan ng paggaling mula sa hindi pag-unlad at makatahak sa landas ng espirituwal na kasiglahan.

Espirituwal na Karamdaman

Minsan, ang espirituwal na karamdaman ay dumarating bilang resulta ng kasalanan o ng mga sugat sa damdamin. Minsan, ang mga espirituwal na panlulupaypay ay dumarating nang dahan-dahan kaya hindi natin masasabi

kung ano ang nangyayari. Tulad ng mga patung-patong na sedimentary rock, magpapatung-patong ang espirituwal na sakit at dalamhati sa paglipas ng panahon, nagpapabigat sa ating espiritu hanggang halos hindi na ito kayang pasanin. Halimbawa, mangyayari ito kapag ang ating mga responsibilidad sa trabaho, tahanan, at simbahan ay naging napakahirap na kaya hindi na natin makita ang kagalakan sa ebanghelyo. Maaaring madama pa nga natin na parang wala na tayong maibibigay o hindi na kaya ng lakas natin na sundin ang mga kautusan ng Diyos.

Subalit hindi dahil sa totoo ang mga espirituwal na pagsubok ay hindi na malulunasan ang mga ito.

Mapagagaling tayo sa espirituwal.

Maging ang pinakamalalalim na espirituwal na sugat—oo, maging ang mga tila hindi na malulunasan—ay mapagagaling.

Mahal kong mga kaibigan, ang nagpapagaling na kapangyarihan ni Jesucristo ay hindi nawala sa ating panahon.

Ang nakapagpapagaling na haplos ng Tagapagligtas ay magpapabago sa ating buhay sa panahong ito tulad ng Kanyang ginawa noong panahon Niya. Kung mananampalataya lang tayo, Kanyang mahahawakan ang ating mga kamay, mapupuno ang ating mga kaluluwa ng makalangit na liwanag at pagpapagaling, at masasabi sa atin ang nakasisiglang mga salita, “Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.”¹

Kadiliman at Liwanag

Anuman ang sanhi ng ating mga espirituwal na karamdaman, lahat ng mga ito ay may isang karaniwang bagay: ang kawalan ng banal na liwanag.

Binabawasan ng kadiliman ang ating kakayahang makakita nang malinaw. Pinalalabo nito ang ating pananaw tungkol sa alinmang simple at malinaw na. Kapag tayo ay nasa kadiliman, mas malamang na makagagawa tayo ng mga maling pagpili dahil hindi natin nakikita ang mga panganib sa ating landas. Kapag tayo ay nasa kadiliman, mas malamang na mawalan tayo ng

pag-asa dahil hindi natin nakikita ang kapayapaan at kagalakan na naghihin-tay sa atin kung nagpatuloy lang tayo.

Ang liwanag, sa kabilang banda, ay tumutulong sa atin na makita ang mga bagay sa kung ano talaga ang mga ito. Tumutulong ito sa atin na makilala ang tama at mali, ang mahalaga at ang di-gaanong mahalaga. Kapag tayo ay nasa liwanag, makagagawa tayo ng mabubuting pagpili batay sa mga totoong alituntunin. Kapag tayo ay nasa liwanag, magkakaroon tayo ng “ganap na kaliwanagan ng pag-asa,”² dahil makikita natin ang ating mga pagsubok gamit ang walang hanggang pananaw.

Makahahanap tayo ng espirituwal na paggaling kapag lumayo tayo sa kadiliman ng mundo at patungo sa walang hanggang Liwanag ni Cristo.

Habang mas nauunawaan at nai-pamumuhay natin ang doktrinal na konsepto ng liwanag, mas makapagbabantay tayo laban sa mga espirituwal na karamdaman na nagpapahirap o bumabagabag sa atin sa bawat panig at sulok, at mas makapaglilingkod tayo bilang masisigla, matatapang, mapag-malasakit, at mapagpakumbabang mga maytaglay ng banal na priesthood—mga tunay na tagapaglilingkod at disipulo ng ating minamahal at walang hanggang Hari.

Ang Ilaw ng Sanglibutan

Sinabi ni Jesucristo, “Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.”³

Ano ang ibig sabihin nito?

Ganito kasimple: Siya na mapagpakumbabang sumusunod kay Jesucristo ay makararanas at makababahagi sa Kanyang liwanag. At ang liwanag na iyon ay patuloy na magliliwanag hanggang kalaunan ay maitaboy nito maging ang pinakamatinding kadiliman.

Ang ibig sabihin nito ay mayroong kapangyarihan, isang malakas na impluwensya, na nagmumula sa Tagapagligtas. Nanggagaling ito “mula sa kinaroroonan ng Diyos upang punuin ang kalakhan ng kalawakan.”⁴ Dahil pinaliliwanag, pinasisigla, at pinasasaya ng kapangyarihang ito ang ating buhay,



madalas na tinatawag itong liwanag sa mga banal na kasulatan, ngunit tinutukoy rin itong espiritu at katotohanan.

Nababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, “Ang salita ng Panginoon ay katotohanan, at anumang katotohanan ay liwanag, at anumang liwanag ay Espiritu, maging ang Espiritu ni Jesucristo.”⁵

Ang mahalagang kaalamang ito—na ang liwanag ay isang espiritu, kung alin ay katotohanan, at ang liwanag na ito ay lumiliwanag sa lahat ng taong isinisilang sa mundo—ay hindi lang mahalaga kundi nagbibigay pag-asa rin. Ang Liwanag ni Cristo ay nagbibigay-liwanag at pumupuno sa mga kaluluwa ng lahat nilang nakikinig sa tinig ng Espiritu.⁶

Pinupuno ng Liwanag ni Cristo ang sansinukob.

Pinupuno nito ang daigdig.

At maaaring mapuno nito ang lahat ng puso ng tao.

“Hindi nagtatangi ang Diyos ng mga tao.”⁷ Ang kanyang liwanag ay para sa lahat—malaki o maliit, mayaman o mahirap, masagana o nagdarahop.

Kung bubuksan ninyo ang inyong isipan at puso upang tanggapin ang Liwanag ni Cristo at mapagpakumbabang susundin ang Tagapagligtas, makatatanggap kayo ng marami pang liwanag. Taludtod sa taludtod, kaunti rito at kaunti roon, kayo ay magkakaroon ng karagdagang liwanag at katotohanan sa inyong mga kaluluwa

hanggang sa mawala ang kadiliman sa inyong buhay.⁸

Bubuksan ng Diyos ang inyong mga mata.

Bibigyan kayo ng Diyos ng bagong puso.

Ang pagmamahal, liwanag, at katotohanan ng Diyos ay magbibigay-buhay sa mga bagay-bagay, at kayo ay magkakaroon ng panibagong buhay kay Cristo Jesus.⁹

Ipinangako ng Panginoon, “Kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo; at yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay.”¹⁰

Ito ang pinakadakilang lunas sa espirituwal na karamdaman. Naglalaho ang kadiliman sa presensya ng liwanag.

Isang Metapora para sa Espirituwal na Kadiliman

Gayunman, hindi ipipilit sa atin ng Diyos na tanggapin ang Kanyang liwanag.

Kung naging komportable tayo sa kadiliman, malamang na hindi magbago ang ating puso.

Upang magkaroon ng pagbabago, kailangan nating aktibong papasukin ang liwanag.

Sa mga flight ko noon sa iba’t ibang dako ng ating daigdig bilang airline captain, palagi akong namamangha sa

kagandahan at kasakdalan ng mga likha ng Diyos. Gustung-gusto ko lalo na ang kaugnayan ng daigdig at ng araw. Itinuturing ko itong isang napakagandang object lesson tungkol sa kung paano umiiral ang kadiliman at liwanag.

Katulad ng alam nating lahat, sa loob ng bawat 24 na oras ay nagiging umaga ang gabi at nagiging gabi ang umaga.

Kaya, ano ang gabi?

Ito ay walang iba kundi anino.

Kahit na sa pinakamadilim na mga gabi, hindi tumitigil ang araw sa pagbibigay ng liwanag nito. Ito ay patuloy na nagliliwanag nang napakaliwanag noon pa man. Ngunit kalahati ng daigdig ay nasa kadiliman ng gabi.

Ang kawalan ng liwanag ay nagdulot ng kadiliman.

Kapag sumapit ang kadiliman ng gabi, hindi tayo nawawalan ng pag-asa at nag-aalala na naglaho na ang araw. Hindi natin iniisip na ang araw ay wala na roon o patay na. Nauunawaan natin na nasa anino tayo, na patuloy na iikot ang daigdig, at kalaunan ay mararating tayong muli ng mga sinag ng araw.

Ang kadiliman ay hindi pahiwatig na wala nang liwanag. Kadalasan, ibig sabihin lang nito ay wala tayo sa tamang lugar upang tumanggap ng liwanag. Noong solar eclipse kamakailan, marami ang gustong pumaroon sa makitid na lilim ng aninong likha ng buwan, sa gitna ng isang maliwanag at maaliwalas na araw.

Sa paraang katulad na katulad nito, patuloy na sumisikat ang espirituwal na liwanag sa lahat ng nilikha ng Diyos. Gagawin ni Satanas ang lahat upang lumikha ng anino o dalhin tayo sa anino na tayo rin mismo ang may gawa. Pipilitin niya tayong lumikha ng ating sariling eclipse; itutulak niya tayo papasok sa kadiliman ng kanyang yungib.

Ang espirituwal na kadiliman ay maglalagay ng tabing ng pagkalimot sa paligid ng mga taong minsan ay naglakad sa liwanag at nagalak sa Panginoon. Gayunpaman, maging sa mga sandali ng pinakamatitinding kadiliman, dinirinig ng Diyos ang ating mga mapagpakumbabang kahilingan, kapag isinamo natin,

“[Panginoon,] nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya.”¹¹

Sa panahon ni Alma, maraming tao ang nahirapang tanggapin ang mga espirituwal na bagay, at “dahil sa kanilang kawalang-paniniwala,” hindi nakapasok ang liwanag at katotohanan ng Diyos sa kanilang mga kaluluwa; “at ang kanilang mga puso ay [tumigas].”¹²

Tayo ang mga Tagadala ng Liwanag

Mga kapatid, tayo ang magpapasiya na pumaroon sa tamang lugar upang makita ang banal na liwanag at katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kahit sumapit ang gabi at tila madilim ang mundo, mapipili nating lumakad sa liwanag ni Cristo, sumunod sa Kanyang mga kautusan, at matapang na magpatotoo tungkol sa Kanyang katotohanan at Kanyang kadakilaan.

Bilang maytaglay ng priesthood ng Diyos at disipulo ni Jesucristo, dala ninyo ang liwanag. Patuloy na gawin ang mga bagay na alam ninyong lalong magpapaliwanag sa Kanyang banal na liwanag. “Itaas ninyo ang inyong ilawan”¹³ at hayaang “lumiwanag . . . [ito] sa harap ng mga tao”—hindi upang makita at hangaan nila kayo, kundi “upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit.”¹⁴

Mahal kong mga kapatid, mga instrumento kayo sa mga kamay ng Panginoon na may layuning magdala ng liwanag at pagpapagaling sa mga kaluluwa ng mga anak ng Ama sa Langit. Marahil ay hindi ninyo nadaramang karapat-dapat kayong magpagaling sa mga may espirituwal na karamdaman—tiyak na tulad sa isang empleyado sa post office na hindi kwalipikadong tumulong para mapagaling ang arthritis. Marahil ay may hinaharap kayong mga espirituwal na hamon sa inyong sarili. Gayunpaman, tinawag kayo ng Panginoon. Binigyan Niya kayo ng awtoridad at responsibilidad na tulungan ang mga nangangailangan. Ipinagkaloob Niya sa inyo ang Kanyang sagradong kapangyarihan ng priesthood upang magdala ng liwanag sa kadiliman at pasiglahin at tulungan

ang mga anak ng Diyos. Ipinanumbalik ng Diyos ang Kanyang Simbahan at ang Kanyang mahalagang ebanghelyo, na “humihilom sa sugatang kaluluwa.”¹⁵ Inihanda Niya ang landas patungo sa espirituwal na paggaling upang mapagaling mula sa hindi pag-unlad at makasulong patungo sa masiglang espirituwal na kalusugan.

Sa tuwing itinuon ninyo ang inyong mga puso sa Diyos sa pagdara-sal nang may pagpapakumbaba, nararanasan ninyo ang Kanyang liwanag. Sa tuwing hinahangad ninyo ang Kanyang salita at kalooban sa mga banal na kasulatan, lalong tumitindi ang liwanag. Sa tuwing napapansin ninyo ang isang taong nangangailangan at isinasakripisyo ang inyong sariling kaginhawahan upang makatulong nang may pagmamahal, lalong lumiliwanag at nadaragdagan ang liwanag. Sa tuwing tinatanggihan ninyo ang tukso at pinipili ang kadalisan, tuwing naghahangad o nagbibigay kayo ng kapatawaran, tuwing matapang kayong nagpatotoo tungkol sa katotohanan, itinataboy palayo ng liwanag ang kadiliman at inaakit ang iba na naghahangad din ng liwanag at katotohanan.

Isipin ang inyong mga sariling karanasan, mga sandali ng paglilingkod ninyo sa Diyos at sa kapwa-tao kung saan nabanaag ang banal na liwanag sa inyong buhay—sa banal na templo, sa sacrament table, sa isang tahimik na sandali ng mapanalanging pagnilaynilay, sa pagtitipon ng inyong pamilya, o habang naglilingkod bilang maytaglay ng priesthood. Ibahagi ang mga sandaling ito sa inyong pamilya, mga kaibigan, at lalo na sa mga kabataang naghahanap ng liwanag. Kailangan nilang marinig sa inyo na sa pamamagitan ng liwanag na ito ay dumarating ang pag-asa at paggaling, maging sa isang mundong puno ng kadiliman.

Ang liwanag ni Cristo ay nagdadala na pag-asa, kagalakan, at pagpapagaling sa anumang espirituwal na sugat o karamdaman.¹⁶ Ang mga nakaranas ng ganitong nagpapadalisanay na impluwensya ay nagiging mga kasangkapan sa mga kamay ng Ilaw ng Sanglibutan

upang makapagbigay ng liwanag sa iba.¹⁷ Madarama nila ang nadama ni Haring Lamoni: “Ang liwanag na ito ang nagbigay ng kagalakan sa kanyang kaluluwa, sa pagkakapalis ng ulap ng kadiliman, at . . . ang liwanag ng buhay na walang hanggan ay nagingas sa kanyang kaluluwa.”¹⁸

Mahal kong mga kapatid, sikapin nating hanapin ang Panginoon hanggang ang Kanyang liwanag ng buhay na walang hanggan ay magliwanag nang husto sa ating puso at maging matibay at malakas ang ating patotoo maging sa gitna ng kadiliman.

Ito ang aking dalangin at basbas sa inyo na magtagumpay kayo sa pagtupad sa inyong tadhana bilang mga maytaglay ng priesthood ng Pinakamakapangyarihang Diyos at patuloy na maging masasayang tagadala ng Kanyang banal na liwanag. Sa sagra-dong pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 5:8.
2. 2 Nephi 31:20.
3. Juan 8:12.
4. Doktrina at mga Tipan 88:12; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:6–7.
5. Doktrina at mga Tipan 84:45.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:46.
7. Mga Gawa 10:34.
8. Itinuro sa Doktrina at mga Tipan 88:40 na ang “liwanag ay kumukunyahapit sa liwanag.” Ibig sabihin, kapag mas maraming liwanag, katotohanan, karunungan, at kabanalan ang natatanggap natin, mas marami ring ganito ang mapapasaating buhay. “Siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw” (Doktrina at mga Tipan 50:24).
9. Isa ito sa mga pangako ng binyag—na habang inililibing natin ang ating mortal at makamundong buhay, aahon tayo mula sa mga tubig ng binyag na buhay kay Cristo. Lalabas tayo bilang mga bagong nilalang na makalalakad sa panibagong buhay (tingnan sa Mga Taga Roma 6:4; II Mga Taga Corinto 5:17).
10. Doktrina at mga Tipan 88:67; tingnan din sa Mateo 6:22.
11. Marcos 9:24.
12. Mosias 26:3.
13. 3 Nephi 18:24.
14. Mateo 5:16.
15. Jacob 2:8.
16. Tingnan sa I Ni Juan 1:7; Alma 7:11–13.
17. Tingnan sa Mateo 5:14.
18. Alma 19:6.



Ni Pangulong Henry B. Eyring

Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan

Ang pamumuno ng Panginoon sa Kanyang Simbahan ay nangangailangan ng malakas at patuloy na pananampalataya ng lahat ng mga naglilingkod sa Kanya sa mundong ito.

Mahal kong mga kapatid na nagtataglay ng priesthood ng Diyos, ngayong gabi ay nais kong magsalita tungkol sa kahangahangang paraan ng pamumuno ng Panginoon sa Kanyang kaharian sa lupa. Alam na ninyo ang mga pangunahing alituntunin. Dalangin kong pagti-bayin ito ng Espiritu Santo sa inyo.

Una, si Jesucristo ang pinuno ng Simbahan sa buong daigdig.

Pangalawa, pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan ngayon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga kalalakihang tinawag bilang mga propeta, at ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng paghahayag.





Pangatlo, Siya ang nagbigay ng paghahayag sa Kanyang mga propeta noon, hanggang ngayon, at patuloy Niya itong gagawin.

Pang-apat, nagbibigay Siya ng nagpapatibay na paghahayag sa mga naglilingkod sa ilalim ng pamumuno ng Kanyang mga propeta.

Mula sa mga pangunahing alituning iyon, kinikilala natin na ang pamumuno ng Panginoon sa Kanyang Simbahan ay nangangailangan ng malas at patuloy na pananampalataya ng lahat ng mga naglilingkod sa Kanya sa mundong ito.

Halimbawa, kailangan ang pananampalataya upang maniwala na sinubaybayan ng nabuhay na mag-uling Panginoon ang mga detalye ng Kanyang kaharian sa araw-araw. Kailangan ang pananampalataya upang maniwala na tumatawag Siya ng di-perpektong mga tao para sa mga katungkulang ipinagkatiwala. Kailangan ang pananampalataya upang maniwala na kilala Niya nang lubos ang mga taong tinatawag Niya, kapwa ang kanilang kakayahan at kanilang potensyal, at hindi nagkakamali sa Kanyang mga pagtawag.

Maaaring dahil diyan ay mapangiti o mapailing ang ilan sa inyo sa kongregasyong ito—kapwa sa mga nag-iisip na maaaring may pagkakamali sa pagtawag sa kanila na maglilingkod, at sa mga may naiisip na kakilala nila na tila hindi akmang manungkulan sa kaharian

ng Panginoon. Ang payo ko sa parehong grupong ito ay ipagpaliban ang ganitong mga panghuhusga upang mas makita ninyo kung ano ang nakikita ng Panginoon. Sa halip ang kailangan ninyong isipin ay may kakayahan *kayo* na tumanggap ng paghahayag at kumilos ayon dito nang walang takot.

Kailangan ang pananampalataya upang magawa ito. At kailangan ang mas malaking pananampalataya upang maniwala na tumatawag ang Panginoon ng mga di-perpektong tao na maglilingkod upang pamunuan kayo. Ang layunin ko ngayong gabi ay pagtibayin ang inyong pananampalataya na ginagabayan kayo ng Diyos sa inyong paglilingkod sa Kanya. At mas mahalaga pa, inaasam ko na mapalakas ang inyong pananampalataya na binibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mga di-perpektong tao na tinawag Niya bilang inyong mga lider.

Maaari ninyong isipin, sa una, na ang ganoong pananampalataya ay hindi mahalaga sa tagumpay ng Simbahan at kaharian ng Panginoon. Gayunman, maaari ninyong matuklasan—saanman kayo naroroon sa hanay ng paglilingkod sa priesthood, mula sa propeta ng Panginoon hanggang sa pinakabagong maytaglay ng Aaronic Priesthood—na ang pananampalatayang iyan ay mahalaga.

Magsimula tayo sa kung ano ang ibig sabihin ng pananampalataya para

sa isang teachers o deacons quorum president. Mahalaga para sa kanya na magkaroon ng pananampalataya na personal siyang tinawag ng Panginoon, nalalaman ang mga kahinaan at kalakasan ng teacher na iyon. Kailangan niyang magkaroon ng pananampalataya na ang lalaking nagbigay ng tawag ay nakatanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Kailangan ng kanyang mga tagapayo at ng mga miyembro ng kanyang korum ang gayon ding pananampalataya upang sumunod sa kanya nang may walang takot na pagtitiwala.

Nakakita ako ng ganitong pagtitiwala nang ang isang batang lalaki ay kasamang naupo sa pulong ng kanyang deacons quorum presidency isang Linggo ng umaga. Siya ang kanilang bagong tawag na secretary. Nagsanggunian ang batang presidency na iyon. Nag-usap sila tungkol sa ilang paraan para magawa nila ang iniatas sa kanila ng bishop na ibalik sa simbahan ang isang batang lalaki na di-gaanong aktibo. Pagkatapos ng panalangin at pag-uusap, inatasan nila ang secretary na pumunta sa tahanan ng batang lalaking hindi pa kailanman nakadalo ng miting at anyayahan siya.

Hindi kilala ng secretary ang batang lalaki, subalit alam niya na ang isa sa mga magulang ng batang lalaki ay di-gaanong aktibo at ang isa ay hindi miyembro at may kasungitan. Nakadama ang secretary ng pagkabalisa ngunit hindi ng pagkatakot. Alam niya na iniutos ng propeta ng Diyos sa mga maytaglay ng priesthood na ibalik ang nawawalang tupa. At narinig niya ang panalangin ng kanyang presidency. Narinig niya sila na nagkasundo sa pangalan ng batang lalaki na sasagipin at nabanggit ang kanyang pangalan na gagawa niyon.

Nakamasid ako nang maglakad ang secretary sa kalye patungo sa tahanan ng di-gaanong aktibong batang lalaki. Marahan ang paglalakad niya na tila ba palapit siya sa malaking panganib. Subalit wala pang kalahating oras ay naglalakad na siya sa kalsada kasama ang batang lalaki, at masayang nakangiti. Hindi ko tiyak kung alam na niya

noon, subalit pumaroon siya nang may pananampalataya na nasa paglilingkod siya ng Panginoon. Nanatili sa kanya ang pananampalatayang iyon at luma-go sa paglipas ng kanyang panahon bilang missionary, ama, lider ng mga kabataang lalaki, at bishop.

Pag-usapan natin kung ano ang ibig sabihin ng ganoong pananampalataya para sa isang bishop. Kung minsan ay tinatawag ang isang bishop na maglingkod sa mga taong lubusang nakakakilala sa kanya. May alam ang mga miyembro ng ward tungkol sa kanyang mga kahinaan bilang tao at sa kanyang mga espirituwal na kalakasan, at alam nila na may mga iba pa sa ward na maaaring matawag—mga taong tila mas may pinag-aralan, mas bihasa, mas kaaya-aya, o mas guwapo.

Alam ng mga miyembrong ito na ang tawag na maglingkod bilang isang bishop ay nagmula sa Panginoon, sa pamamagitan ng paghahayag. Kung wala ang kanilang pananampalataya, makikita ng bishop, na tinawag ng Diyos, na mas mahirap tumanggap ng paghahayag na kailangan niya upang tulungan sila. Hindi siya magtatagumpay nang wala ang pananampalataya ng mga miyembro na magpapalakas sa kanya.

Mabuti na lang, ang kabaligtaran nito ay totoo rin. Isipin ang tagapaglingkod ng Panginoon na si Haring Benjamin, na inakay ang kanyang mga tao na magsisi. Ang mga puso ng mga tao ay lumambot sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya na tinawag siya ng Diyos, sa kabila ng kanyang mga kahinaan, at na ang kanyang mga salita ay mula sa Diyos. Naaalala ninyo ang sinabi ng mga tao: “Oo, pinaniniwalaan namin ang lahat ng salitang iyong sinabi sa amin; . . . alam namin ang katiyakan at katotohanan ng mga yaon, dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti” (Mosias 5:2).

Para magtagumpay ang isang lider sa gawain ng Panginoon, ang tiwala ng mga tao na tinawag siya ng Diyos ay dapat mangibabaw sa pananaw nila

tungkol sa kanyang mga kakulangan at mortal na kahinaan. Naaalala ninyo kung paano ipinaliwanag ni Haring Benjamin ang kanyang tungkulin sa pamumuno:

“Hindi ko kayo inutusang magtungo rito upang kayo ay matakot sa akin, o upang inyong isipin na ako sa aking sarili ay higit sa isang mortal na tao.

“Kundi ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako ay pinili ng mga taong ito, at itinalaga ng aking ama, at pinahintulutan ng kamay ng Panginoon na ako ay maging isang pinuno at isang hari sa mga taong ito; at inaruga at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon” (Mosias 2:10–11).

Ang lider ninyo sa Simbahan ng Panginoon ay maaaring tila mahina o may pagkukulang para sa inyo o maaaring makita ninyo siya na malakas at inspirado. Ang katotohanan ay mayroon ang lahat ng lider ng pinaghalong katangiang iyon at marami pang iba. Ang nakakatulong sa mga tagapaglingkod ng Panginoon na tinawag upang mamuno sa atin ay kapag tinitingnan natin sila tulad ng pagtingin ng Panginoon noong tawagin Niya sila.

Kilalang-kilala ng Panginoon ang Kanyang mga tagapaglingkod. Nakikita Niya ang kanilang potensyal at kanilang hinaharap. At alam Niya kung paano mababago ang kanilang pagkatao. Alam din Niya kung paano sila mababago ng kanilang mga karanasan kasama ang mga tao na pinamumunuan nila.

Maaaring maranasan ninyo na mas napalakas kayo sa pamamagitan ng mga taong pinaglilingkuran ninyo. Minsan na akong tinawag bilang bishop ng mga young single adult. Hindi ko tiyak kung ang mga layunin ng Panginoon ay matulungan ko Siya na makagawa ng pagbabago sa kanila o ng mga pagbabagong alam Niyang magagawa nila sa akin.

Sa kadahilanang hindi ko maunawaan, ipinapalagay ng karamihan sa mga young single adult sa ward na iyon na tinawag talaga ako ng Diyos para

sa kanila. Nakita nila ang aking mga kahinaan subalit hindi nila pinansin ang mga iyon.

Naalaala ko ang isang binata na humingi ng payo tungkol sa mga pinipili niyang pag-aralan. Unang taon pa lang niya sa isang magandang unibersidad. Isang linggo matapos ko siyang mapayuhan, nag-iskedyul siya ng appointment sa akin.

Nang dumating siya sa aking opisina, ginulat niya ako sa pagtatanong ng, “Bishop, puwede po ba tayong manalangin bago tayo mag-usap? At puwede po ba tayong lumuhod? At puwede po bang ako ang manalangin?”

Nagulat ako sa mga kahilingan niya. Subalit mas ginulat ako ng panalangin niya. Parang ganito ang sinabi niya: “Ama sa Langit, alam po Ninyo na binigyan ako ni Bishop Eyring ng payo noong nakaraang linggo, at hindi iyon umubra. Pakibigyan po Ninyo siya ng inspirasyon upang malaman kung ano na ang gagawin ko ngayon.”

Ngayon ay maaaring mapangiti kayo dahil dito, ngunit hindi ako. Alam na niya kung ano ang nais ng Panginoon na gawin niya. Subalit iginalang niya ang katungkulan ng isang bishop sa Simbahan ng Panginoon at marahil ay nais niyang magkaroon ako ng pagkakataong magtamo ng higit na tiwala na tumanggap ng paghahayag sa tungkuling iyan.

Epektibo iyon. Nang tumayo kami at naupo, dumating ang paghahayag sa akin. Sinabi ko sa kanya kung ano ang nadama ko na nais ng Panginoon na gawin niya. Siya ay 18-taong gulang pa lang noon, ngunit mataas na ang kanyang espirituwalidad.

Alam na niya na hindi na niya kailangang pumunta sa isang bishop para sa ganoong problema. Ngunit natutuhan niyang sang-ayunan ang tagapaglingkod ng Panginoon bagama’t may mga kahinaan ito. Naging stake president siya kalaunan. Isinapuso niya ang aral na natutuhan namin nang magkasama: kung nananampalataya kayo na pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag sa mga di-perpektong tagapaglingkod na iyon na Kanyang



tinawag, bubuksan ng Panginoon ang mga dungawan ng langit para sa kanya, at gagawin din Niya iyon sa inyo.

Mula sa karanasang iyon, natutuhan ko ang aral na ang pananampalataya ng mga taong pinaglilingkuran natin, na minsan ay higit pa sa ating sariling pananampalataya, ay nagbibigay sa atin ng paghahayag sa paglilingkod sa Panginoon.

Isa pang aral ang natutuhan ko. Kung hinusgahan na ako ng binatang iyon dahil sa aking kabiguang mabigyan siya ng magandang payo sa unang pagkakataon, hindi na sana siya lalapit upang humingi muli ng payo sa akin. At sa pagpiling huwag akong husgahan, natanggap niya ang pagpapatibay na hinangad niya.

At isa pang aral mula sa karanasang iyon ang lubos na nakatulong sa akin. Sa pagkakaalam ko, hindi niya sinabi kaninuman sa ward na hindi ko siya nabigyan ng magandang payo noong una. Kung ginawa niya iyon, maaaring nabawasan ang pananampalataya ng iba sa ward na magtiwala sa inspirasyon ng bishop.

Sinisikap kong huwag husgahan ang mga tagapaglingkod ng Panginoon o magsalita tungkol sa nakikitang kaniinang nila. At sinisikap kong ituro iyan sa aking mga anak sa pamamagitan ng halimbawa. Ibinahagi ni Pangulong James E. Faust ang isang alituntunin na sinisikap kong gawin sa aking sarili. Ibinibigay ko ito sa inyo:

“Kailangan . . . nating suportahan at sang-ayunan ang ating mga lokal na lider, sapagkat sila . . . ay ‘tinawag

at pinili.’ Bawat miyembro ng Simbahan ito ay maaaring tumanggap ng payo mula sa bishop o branch president, stake o mission president, at sa Pangulo ng Simbahan at sa kanyang mga kasama. Walang sinuman sa mga kapatid na ito ang hiniling ang kanyang tungkulin. Walang sinumang perpekto. Gayunpaman sila’y mga alagad ng Panginoon, na tinawag Niya sa pamamagitan ng mga taong karapat-dapat na mabigyang-inspirasyon. Ang mga tinawag, sinang-ayunan, at itinalaga ay nararapat sa ating pagsang-ayon.

“ . . . Ang di paggalang sa mga espirtuwal [na] lider ay nagpapahina at nagpapabagsak sa espirituwalidad. Dapat nating ipagpaumanhin ang anumang nakikitang mga kakulangan, kamalian, o kapintasan ng mga lalaking tinawag na mangulo sa atin, at sang-ayunan ang tungkuling hawak nila” (“Tinawag at Pinili,” *Liahona*, Nob. 2005, 54–55).

Ang payong iyan ay nagpapala sa mga tagapaglingkod ng Diyos sa lahat ng kalagayan.

Sa mga unang araw ng Simbahan ng Panginoon, ang mga lider na malapit kay Propetang Joseph Smith ay nagsimulang magsalita tungkol sa kanyang mga kamalian. Sa kabila ng lahat ng kanilang nakita at nalaman tungkol sa katayuan niya sa Panginoon, ang kanilang pamimintas at pagkainggit ay kumalat gaya ng isang salot. Isa sa Labindalawa ang nagpakita para sa ating lahat ng pamantayan ng pananampalataya at katapatan na dapat taglay natin kung naglilingkod tayo sa kaharian ng Panginoon.

Ganito ang nakatala: “Ilang elder ang nagpatawag ng isang pulong sa templo para sa lahat ng mga nagtuturing na si Joseph Smith ay isang hindi karapat-dapat na Propeta. Tinangka nilang italaga si David Whitmer bilang bagong pinuno ng Simbahan. . . . Matapos mapakinggan ang mga argumento laban sa Propeta, si Brigham [Young] ay tumayo at nagpatotoo, ‘alam ko na si Joseph ay Propeta, at maaari nilang ireklamo, at siraan siya ng puri hangga’t gusto nila; hindi nila masisira ang pagkakahirang ng Propeta ng Diyos, maaari lamang nilang sirain ang

sarili nilang awtoridad, putulin ang pisi na nagbubuklod sa kanila sa Propeta at sa Diyos at ibaon ang kanilang sarili sa impiyerno” (*Church History in the Fulness of Times Student Manual* [Church Educational System manual, 2003], ika-2 ed., 174; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 89).

May isang pisi na nagbubuklod sa atin sa Panginoon sa ating paglilingkod. Nakadugtong ito mula sa kung saanman tayo tinawag na maglingkod sa kaharian, paakyat sa mga tinawag na mamuno sa atin sa priesthood, at sa propeta, na nakabigkis sa Panginoon. Kinakailangan ang pananampalataya at pagpapakumbaba upang maglingkod sa katungkulan kung saan tayo tinawag, magtiwala na ang Panginoon ang tumawag sa atin at sa mga namumuno sa atin, at sang-ayunan sila nang may buong pananampalataya.

May mga pagkakataon, tulad noon sa Kirtland, na kakailanganin natin ang pananampalataya at integridad ng isang Brigham Young upang tumayo sa lugar kung saan tayo tinawag ng Panginoon, matapat sa Kanyang propeta at sa mga lider na tinawag Niya na manungkulan.

Ibinibigay ko sa inyo ang aking taimtim at masayang patotoo na ang Panginoong Jesucristo ang namumuno. Pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan at ang Kanyang mga tagapaglingkod. Nagpapatotoo ako na si Thomas S. Monson ang tanging tao na humahawak at gumagamit ng lahat ng mga susi ng banal na priesthood sa mundo sa panahong ito. At dalangin ko na ang mga pagpapala ay mapasalihat ng mga mapagpakumbabang tagapaglingkod na naglilingkod nang kusa at mahusay sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, na Siya mismo ang namumuno. Nagpapatotoo ako na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo. Sila ay nakipag-usap sa kanya. Ang mga susi ng priesthood ay ipinanumbalik para pagpalain ang lahat ng anak ng Ama sa Langit. Misyon at tungkulin natin na maglingkod sa ating katungkulan sa layunin ng Panginoon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Jean B. Bingham
Relief Society General President

Upang ang Inyong Kagalakan ay Malubos

Si Jesucristo ang pinagmumulan ng lahat ng paggaling, kapayapaan, at walang-hanggang pag-unlad.

Mahal kong mga kapatid, nagalak akong makasama kayo. At iyan ang gusto kong sabihin sa inyo sa umagang ito—ang pagkakaroon ng lubos na kagalakan.

Sabi sa ulo ng balita kamakailan, “Sinalanta ng mga kalamidad ang bansa [at] ang mundo.”¹ Sa mga pagbagyo at pagbaha, sa matinding init at tagtuyot, sa malalaking sunog at mga lindol, sa mga digmaan at malulubhang sakit, tila “ang buong mundo ay [n]agkakagulo.”²

Milyun-milyon ang nawalan ng tirahan, at napakaraming buhay ang nabagabag sa mga pagsubok na ito. Ang pagtatalo sa mga pamilya at komunidad pati na ang paghihirap ng kalooban na may kasamang takot, pagdududa, at di-natupad na mga inaasam ay lumiligalig din sa atin. Mahirap madama ang kagalakang itinuro ni Lehi na layunin ng buhay.³ May mga pagkakataon na naitanong na nating lahat, “Saan naroon ang aking kapayapaan? Kung ang ginhawa’y ’di ko matagpuan . . . ?”⁴ Itinatanong natin, paano ako magagalak sa kabila ng mga paghihirap sa buhay?

Tila napakasimple ng sagot, ngunit napatunayan na ito noon pang panahon ni Adan. Ang walang-hanggang

kagalakan ay nasa pagtutuo sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo at pamuhay ayon sa ebanghelyo na tulad ng ipinakita at itinuro Niya. Kapag lalo *tayong nag-aral* tungkol kay Jesucristo, *sumampalataya*, at *tumulad* sa Kanya, mas mauunawaan natin na Siya ang pinagmumulan ng lahat ng paggaling, kapayapaan, at walang-hanggang pag-unlad. Inaanyayahan Niya tayong

lumapit sa Kanya,⁵ na inilarawan ni Pangulong Henry B. Eyring na “pinakamahalagang paanyayang matatanggap ng sinuman.”⁶

Matuto kay Jesucristo

Paano tayo lalapit sa Kanya? Noong Abril, hinikayat tayo nina Pangulong Russell M. Nelson at Elder M. Russell Ballard na pag-aralan ang “Ang Buhay na Cristo”⁷ bilang bahagi ng pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas. Marami nang tumanggap sa hamong iyon at napagpala. Kamakailan lang, binigyan ng kaibigan ko ang kanyang mga anak ng mga kopya ng pahayag na ito na may mga larawan ng ebanghelyo para mailarawan ang bawat parirala. Hinikayat niya ang kanyang mga anak na tulungan ang kanyang mga apo na maunawaan at maisaulo ito. Kalauanan, ipinakita sa akin ng kaibigan ko ang video ng kanyang anim-na-taong gulang na apong babae, si Laynie, na binibigkas nang buong sigla at tikas ang kanyang isinaulong bersyon. Napag-isip-isip ko na kung kaya iyon ng isang sais anyos, kaya ko rin!

Nang pag-aralan ko ang buhay at mga turo ni Jesucristo nang may higit na pagtutuo at maisaulo ko ang “Ang Buhay na Cristo,” nag-ibayo ang pasasalamat at pagmamahal ko sa ating Tagapagligtas. Bawat pangungusap ng inspiradong pahayag na iyon ay may



aral at lalo kong naunawaan ang Kanyang banal na tungkulin at misyon sa lupa. Ang natutuhan at nadama ko sa panahong ito ng pag-aaral at pagninilay ay nagpapatunay na talagang si Jesus “ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo.”⁸ Ang sinaunang banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta na isinulat o sinambit para purihin Siya ay nagpapatotoo na “Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”⁹

Sumampalataya kay Jesucristo

Kapag pinag-aralan ninyo ang buhay at mga turo ni Cristo sa mara-ming paraan, mag-iibayo ang pananampalataya ninyo sa Kanya. Malalaman ninyo na mahal Niya ang bawat isa sa inyo at lubos kayong nauunawaan. Sa Kanyang 33 taon sa mortalidad, Siya ay tinanggihan; inusig; nagutom, nauhaw, at napagod;¹⁰ nalungkot; nilait at sinaktan; at sa huli, namatay sa napakasakit na paraan sa kamay ng mga makasalan. ¹¹ Sa Halamanan ng Getsemani at sa krus ng Kalbaryo, nadama Niya ang lahat ng *ating* pasakit, hiras, tukso, karamdaman, at kahinaan.¹²

Anuman ang ipinagdusa natin, Siya ang pinagmumulan ng *paggaling*. Ang mga taong nakaranas ng anumang uri ng pang-aabuso, nakapanlulumong kawalan, pabalik-balik na sakit o pagkabaldado, mga maling paratang, matinding pang-uusig, o espirituwal na kapahamakan dahil sa kasalanan o di-pagkakaunawaan ay mapapagaling lahat ng Manunubos ng sanlibutan. Gayunman, hindi Siya darating nang walang paanyaya. Dapat tayong lumapit sa Kanya at tulutan Siyang gawin ang Kanyang mga himala.

Isang magandang araw ng tagsibol iniwan kong bukas ang pinto para malanghap ko ang sariwang hangin. Isang maliit na ibon ang lumipad sa bukas na pinto at nalamang hindi iyon ang gusto nitong puntahan. Tarantang nagpaikot-ikot ito sa silid, paulit-ulit na lumilipad papunta sa salamin ng bintana para makalabas. Sinubukan kong dahan-dahan itong itaboy papunta sa pinto, pero natakot ito at mabilis na

lumipad palayo. Sa huli’y dumapo ito sa ibabaw ng kurtina ng bintana na pagod na pagod. Kumuha ako ng walis at dahan-dahang itinaas ang tambo kung saan nakadapo ang takot na ibon. Nang ilapit ko ang walis sa mga paa nito, bantulot na tumapak ang ibon sa tambo. Dahan-dahan akong lumakad papunta sa bukas na pinto, na hawak na maigi ang walis para hindi ito gumalaw. Pagkarating namin sa pinto, mabilis na lumipad ang ibon patungo sa kalayaan.

Tulad ng ibong iyon, kung minsan ay takot tayong magtiwala dahil hindi natin maunawaan ang lubos na pagmamahal at hangarin ng Diyos na tulungan tayo. Ngunit kapag pinag-aralan natin ang plano ng Ama sa Langit at misyon ni Jesucristo, mauunawaan natin na ang tanging hangad Nila ay ang ating walang-hanggang kaligayahan at pag-unlad.¹³ Natutuwa Silang tulungan tayo kapag tayo’y humingi, naghanap, at tumuktok.¹⁴ Kapag nanampalataya tayo at mapagpakumbaba nating tinanggap ang Kanilang mga sagot, hindi tayo mahahadlangan ng ating mga maling pagkaunawa at hinuha, at maipapakita sa atin ang daan.

Si Jesucristo ay pinagmumulan din ng *kapayapaan*. Inaanyayahan Niya tayong “sumandig sa [Kanyang] malakas na bisig”¹⁵ at nangangako ng “kapayapaan . . . na di masayod ng



pagiisip,”¹⁶ na nadarama kapag ang Kanyang Espiritu ay “[bumubulong] ng kapayapaan sa [ating] mga kaluluwa”¹⁷ anuman ang ating mga pagsubok. Mga personal na alalahanin man ito, problema sa pamilya, o krisis sa komunidad, darating ang kapayapaan kapag nagtiwala tayo na may kapangyarihan ang Bugtong na Anak ng Diyos na aliwin ang ating nasaktang kaluluwa.

Si Snježana Podvinski, isa sa iilang Banal sa Karlovac, Croatia, ay sumandig sa Tagapagligtas nang mamatay ang kanyang asawa at mga magulang sa loob ng anim na buwan noong nakaraang taon. Nagdadalamhati, ngunit may patotoo na magkakasama-sama ang pamilya magpakailanman, ginamit niya ang lahat ng ipon niya para makapunta sa templo, kung saan siya ay ibinuklod sa kanyang asawa at mga magulang. Ikinuwento niya na ang mga araw na iyon sa templo ang pinakamagandang nangyari sa kanyang buhay. Dahil sa matibay niyang patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, nadama niya ang kapayapaan at paggaling na nagpalakas din sa mga tao sa kanyang paligid.

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay hindi lang paggaling at kapayapaan ang kaloob. Tulad ng ibinahagi ni Pangulong Henry B. Eyring: “Noon ko pa pinasasalamatan ang mara-ming paraan ng pagdalaw sa akin ng Panginoon sa pamamagitan ng Mang-aaliw kapag kailangan ko ng kapayapaan. Subalit ang inaalala ng ating Ama sa Langit ay hindi lamang ang ating kapanatagan kundi higit pa rito ay ang ating pag-unlad.”¹⁸

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na may kaloob na pagtubos at pagkabuhay na mag-uli, maaari tayong magsisi, magbago, at *umunlad nang walang hanggan*. Dahil sa lakas na ibinibigay Niya kapag tayo’y masunurin, nagiging higit pa tayo sa kaya nating marating nang mag-isa. Maaaring hindi natin lubos na maunawaan kung paano, ngunit bawat isa sa atin na nag-ibayo ang pananampalataya kay Cristo ay nakatanggap din ng higit na pagkaunawa sa ating banal na pagkatao

at layunin, na humahantong sa mga desisyong akma sa kaalamang iyan.

Ituring man tayo ng mundo na kasingbaba ng “mga hayop lang,”¹⁹ ang nalaman natin na ang Diyos ay ating Ama ay tumitiyak sa atin na tayo’y may banal na potensyal at may maringal na patutunguhan. Sabihin man sa atin ng mundo na walang layunin ang buhay na ito, ang pagkaalam na ginawang posible ng Bugtong na Anak ng Diyos na tayo’y matubos at mabuhay na mag-uli ay nagbibigay sa atin ng pag-asang umunlad nang walang-hanggan.

Tumulad kay Jesucristo

Kapag mas nakilala natin si Jesucristo, lalago ang ating pananampalataya sa Kanya at kusa nating gugustuhing tularan ang Kanyang halimbawa. Ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan ang nagiging pinakamatindi nating hangarin. Hinahangad nating ibsan ang pagdurusa ng iba, tulad ng ginawa Niya, at gusto nating madama nila ang kapayapaan at kaligayahang nadama natin.

Bakit napakabisa ng pagsisikap nating gawin ang ginawa Niya? Dahil kapag kumilos tayo ayon sa ating pananampalataya, patotohanan ng Espiritu Santo ang walang-hanggan katotohanan.²⁰ Itinuon ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na sundin ang Kanyang mga kautusan dahil alam Niya na kapag tinularan natin ang Kanyang halimbawa, makadarama tayo ng kagalakan, at kapag patuloy tayong tumahak sa Kanyang landas, malulubos ang ating kagalakan. Ipinaliwanag Niya, “Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.”²¹

Nakasalig ba ang ating patotoo sa matibay na pundasyon ni Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo? Kapag hinagupit tayo ng mga unos ng buhay, agad ba tayong maghahanap ng guide book o internet post para sa tulong? Ang pag-uukol ng oras na palaguin at patagin ang ating kaalaman at patotoo tungkol kay Jesucristo ay maghahatid ng gantimpala sa mga panahon ng pag-subok at paghihirap. Ang araw-araw



na pagbabasa ng banal na kasulatan at pagninilay ng mga salita ng buhay na propeta, makabuluhang personal na pagdarasal, mapagnilay na pagtanggap ng sakramento bawat linggo, paglilingkod na tulad ng Tagapagligtas—bawat isa sa mga simpleng gawaing ito ay nagiging batong tututungan para sa masayang buhay.

Ano ang nagpapasaya sa inyo? Ang makita ang inyong mga mahal sa buhay matapos ang buong maghapon? Ang masiyahan sa trabahong mahusay na nagawa? Ang ningning sa mga mata ng iba kapag tinulungan ninyo sila sa kanilang pasanin? Ang mga titik ng himno na umaantig sa kaibuturan ng inyong puso? Ang mahigpit na pagkamay ng malapit na kaibigan? Mag-ukol ng pribadong sandali upang pagnilayan ang inyong mga pagpapala, at humanap ng mga paraan para maibahagi ito. Kapag pinaglingkuran at pinasigla ninyo ang inyong mga kapatid sa inyong komunidad o sa iba’t ibang dako ng mundong ito na puno ng kaguluhan, madarama ninyo ang higit na kapayapaan at paggaling at maging ang pag-unlad.

Lumapit sa Kanya. Pinatotohanan ko na kapag itinuon ninyo ang inyong buhay kay Jesucristo, magagalak kayo sa inyong sitwasyon, anuman iyon. Tunay ngang “Tanging [ang] Diyos”²² ang sagot. Mag-ukol ng oras na kilalanin si Jesucristo sa pamamagitan

ng masigasig na pag-aaral, higit na pagsampalataya sa Kanya, at pagsisikap na maging higit na katulad Niya. Kapag ginawa natin ito, tayo man ay mahihikayat na sabihin, kasama ang munting si Laynie na, “Salamat sa Diyos para sa Kanyang walang-kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak.”²³ Sa mapagpala at sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tamara Lush and Jay Reeves, “Disasters Rock the Nation, World,” *Deseret News*, Set. 10, 2017, A1.
2. Doktrina at mga Tipan 45:26.
3. Tingnan sa 2 Nephi 2:25.
4. “Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?” *Mga Himno*, blg. 74.
5. Tingnan sa 3 Nephi 9:14, 22.
6. Henry B. Eyring, “Lumapit Kay Cristo,” *Liahona*, Mar. 2008, 49.
7. Tingnan sa “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 2–3.
8. “Ang Buhay na Cristo,” 3.
9. “Ang Buhay na Cristo,” 3.
10. Tingnan sa Mosias 3:7.
11. Tingnan sa Lucas 24:7.
12. Tingnan sa Alma 7:11–12.
13. Tingnan sa Moises 1:39.
14. Tingnan sa Mateo 7:7.
15. “Lean on My Ample Arm,” *Hymns*, blg. 120.
16. Mga Taga Filipos 4:7.
17. Alma 58:11.
18. Henry B. Eyring, “Ang Aking Kapayapaan ay Iniwan Ko sa Inyo,” *Liahona*, Mayo 2017, 17.
19. “Know This, That Every Soul Is Free,” *Hymns*, blg. 240.
20. Tingnan sa Juan 7:17.
21. Juan 15:11.
22. “Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?” blg. 74.
23. “Ang Buhay na Cristo,” 3.



Ni Elder Donald L. Hallstrom
Ng Pitumpu

Tumigil na ba ang Araw ng mga Himala?

Ang dapat na unang pinagtutuunan natin ng pansin ay ang mga espirituwal na himala na maaaring mangyari sa lahat ng anak ng Diyos.

Noong nakaraang taon, sa isang assignment ko sa California, magkasama naming kinausap ng stake president sina Clark at Holly Fales at kanilang pamilya sa kanilang tahanan. Naikuwento sa akin na nakaranas sila kamakailan ng himala. Pagdating namin doon, hirap na tumayo si Clark para batiin kami dahil nakasuot siya ng brace sa likod, sa leeg, at sa mga braso.

Mahigit dalawang buwan bago iyon, si Clark, ang kanyang anak na si Ty, at mga 30 iba pang binatilyo at mga lider ay nagdaos ng aktibidad sa stake at inakyat ang tuktok ng Mount Shasta na may taas na 14,180-talampakan (4,322 m), isa sa pinakamatataas na bundok sa California. Sa ikalawang araw ng napakahirap na pag-akyat, narating ng karamihan ang tuktok—napakasayang tagumpay iyon na naging posible dahil sa maraming buwan ng paghahanda.

Isa sa mga naunang nakaakyat sa tuktok si Clark. Matapos makapagpahinga sandali sa gilid ng bundok, tumayo siya at nagsimulang maglakad. Habang naglalakad, natapilok siya at nahulog nang patalikod sa bangin, tuluy-tuloy na bumulusok nang mga

40 talampakan (12 m) at nagpagulung-gulong pababa sa mayelong dalisdis nang 300 pang talampakan (91 m). Nakapagtataakang nakaligtas si Clark, ngunit matindi ang pinsala niya at hindi makagalaw.

Ang mga himalang naranasan ni Clark sa kalunus-lunos na pangyayaring ito ay nagsisimula pa lamang. Isa sa mga naunang nakakita sa kanya ay “nagkataong” mga grupo ng hiker na

may kasamang mga mountain rescue guide at mga emergency medical professional. Kaagad nilang nilunasan ang pagkasindak ni Clark at sinuotan siya ng panlaban sa lamig. Ang grupong ito ay “nagkataon” ding nagte-test ng bagong communication device at kaagad na nakahingi ng tulong mula sa lugar na walang makuhang signal ang mga cell phone. Isang maliit na helicopter ang kaagad na ipinadala sa Mount Shasta na isang oras ang layo mula sa bundok. Matapos ang dalawang mapanganib at hindi matagumpay na pagtatangka na makalapag sa taas na sumubok sa kakayahan ng helicopter, at nahihirapan dahil malakas ang hagupit ng hangin, tinangkang muli ng piloto na makalapag sa ikatlo at huling pagkakataon. Habang lumalapit ang helioper mula sa ibang anggulo, “nagkataong” nagbago ang direksyon ng hangin at nakalapag ang helicopter nang sapat na oras para mabilis na maisakay ng grupo ang dumaraing sa sakit na si Clark sa maliit na espasyo sa likod ng upuan ng piloto.

Nang suriin si Clark sa trauma center, lumabas sa pagsusuri na nagkaroon siya ng maraming bali sa leeg, likod, tadyang, at pulso; nabutas na бага; at maraming sugat at galos. Isang kilalang neurotrauma surgeon ang “nagkataong” naka-duty nang araw na iyon; bihira lamang siyang pumunta sa ospital na ito sa loob ng isang taon. Kalaunan sinabi nito na wala pa siyang nakitang



sinuman na napinsala nang ganoon kalubha ang spinal cord at carotid arteries na nabuhay. Hindi lamang inaasahang mabubuhay si Clark kundi gagaling pa nang lubusan. Ayon sa doktor na ito, na nagsabing isa siyang agnostiko, naiiba ang naging pinsala ni Clark sa lahat ng napag-aralan niya sa neurolohiya at maituturing lamang ito na isang himala.

Nang matapos ang nakakaantig na kuwento nina Clark at Holly, hindi ako agad makapagsalita. Hindi lamang dahil malinaw na mga himala ito, kundi dahil sa isang bagay na higit pa roon. Nagkaroon ako ng matinding impresyon—isang espirituwal na patotoo—na si Holly at ang kanyang limang mababait na anak na nakaupo sa sala at nakapalibot sa kanilang mga magulang ay napakalakas ng pananampalataya kaya matatanggap nila anuman ang nangyari nang araw na iyon at patuloy pa rin silang espirituwal na uunlad. Sina Clark at Holly at ang dalawang pinakamataanda nilang mga anak, sina Ty at Porter, ay kasama natin ngayon sa Conference Center.

Habang pinagninilayan ko ang karanasan ng pamilya Fales, naisip ko ang mga kalagayan ng maraming iba pa. Paano na ang napakaraming Banal sa mga Huling Araw na puno ng pananampalataya, nakatanggap ng basbas ng priesthood, walang tigil na ipinagdarasal ng iba, tumutupad sa mga tipan, puno ng pag-asa ngunit hindi pa kailanman nakaranas ng himala? Kahit man lang sa paraan ng pagkaunawa nila sa himala. Kahit man lang sa paraan na nakatanggap ang iba ng mga himala.

Paano na ang mga taong dumaranas ng matitinding paghihirap—sa pisikal, mental, emosyonal—sa maraming taon o sa maraming dekada o sa buong buhay nila sa lupa? Paano na ang mga taong namatay na napakabata pa?

Dalawang buwan pa lang ang nakararaan, dalawang mag-asawa na parehong may temple recommend, na mayroon tatlong full-time missionary na mga anak at limang iba pang mga anak, ang sumakay sa maliit na eroplano para sa isang maikling biyahe. Naniwala ako na nagdasal sila na maging



ligtas bago sila lumipad at nagdasal nang napakataimtim nang magkaroon ng malaking problema sa makina ang eroplano bago ito bumagsak. Walang nakaligtas. Paano na sila?

Ang mabubuting tao ba at ang kanilang mga mahal sa buhay ay may dahilan upang itanong ang itinanong ni Mormon: “Tumigil na ba ang araw ng mga himala?”¹

Hindi kayang ipaliwanag ng limitado kong kaalaman kung bakit minsan ay may tulong ng langit at kung minsan ay wala. Marahil hindi pa natin lubos na nauunawaan kung ano talaga ang ibig sabihin ng himala.

Kadalasang inilalarawan natin ang isang himala sa isang paggaling sa paraan hindi maipaliwanag ng medisina o pagkaligtas sa panganib dahil sinunod natin ang isang malinaw na pahiwatig. Gayunman, ang pagpapakahulugan sa *himala* bilang “kapaki-pakinabang na pangyayaring dulot ng kapangyarihan ng langit na hindi kayang maunawaan ng mga mortal”² ay nagbibigay ng malawak na pananaw sa mga bagay na higit na walang hanggan ang katangian. Ang kahulugang ito ay naghihiikayat din sa atin na pagnilayan ang mahalagang papel na ginagampanan ng pananampalataya sa pagtanggap ng isang himala.

Itinurow ni Moroni, “Hindi kailanman nakagawa ang sinuman ng mga himala hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya.”³ Ipinahayag ni Ammon, “Ang Diyos ay nagbigay ng paraan upang ang tao, sa pamamagitan

ng pananampalataya, ay makagawa ng mga makapangyarihang himala.”⁴ Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith, “Sapagkat ako ang Diyos, . . . at aking ipakikita ang mga himala . . . sa lahat ng yaong maniniwala sa aking pangalan.”⁵

Iniutos ni Haring Nabucodonosor kina Sadrach, Mesach at Abed-nego na sumamba sa ginintuang imaheng ginawa niyang diyos, at nagbanta, “kung kayo’y hindi magsisamba, kayo’y ihahagis . . . sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas.” Pagkatapos ay nanunyang sinabi sa kanila, “Sinong dios ang magliligtas sa inyo sa aking kamay?”⁶

Sinabi ng tatlong tapat na disipulong ito: “Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas. . . . Ngunit kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglingkod sa iyong mga dios.”⁷

Lubos silang naniniwala na maililigtas sila ng Diyos, “ngunit kung hindi,” nagtitiwala sila nang lubos sa Kanyang plano.

Tulad niyon, minsan ay tinanong ni Elder David A. Bednar ang isang binitilyo na humingi ng babas ng priesthood, “Kung kalooban ng ating Ama sa Langit na kunin ka sa iyong kabataan at dalhin ka sa daigdig ng mga espiritu para ituloy ang iyong paglilingkod, may pananampalataya ka bang susunod sa Kanyang kalooban at hindi mapagaling?”⁸ May pananampalataya ba *tayo* na “hindi mapagaling” sa mga paghihirap sa mundo upang mapagaling tayo magpasawalang-hanggan?

Ang mahalagang tanong na dapat pag-isipan ay “Saan natin itinutuon ang ating pananampalataya?” Ang ating pananampalataya ba ay nakatuon lang sa hangaring mawalan na ng sakit at pagdurusa, o ito ba ay matibay na nakatuon sa Diyos Ama at sa Kanyang banal na plano at kay Jesus ang Cristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala? Ang pananampalataya sa Ama at Anak ay nagtutulot sa atin na maunawaan at tanggapin ang Kanilang kalooban habang naghahanda tayo para sa kawalang-hanggan.

Ngayon ay patotohanan ko ang mga himala. Ang pagiging anak ng Diyos ay isang himala.⁹ Ang pagtanggap ng katawan sa Kanyang anyo at wangis ay isang himala.¹⁰ Ang mapagkalooban ng isang Tagapagligtas ay isang himala.¹¹ Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay isang himala.¹² Ang potensyal na magkaroon ng buhay na walang-hanggan ay isang himala.¹³

Bagama’t mabuting ipagdasal at pagsikapan na pisikal na maproteksyunan at mapagaling sa ating buhay sa mundo, ang dapat na unang pinagtutuunan natin ng pansin ay ang mga espirituwal na himala na maaaring mangyari sa lahat ng anak ng Diyos. Anuman ang ating lahi, anuman ang ating nasyonalidad, anuman ang nagawa natin kung tayo ay magsisi-si, anuman ang maaaring ginawa sa atin—lahat tayo ay pantay-pantay na makararanas ng mga himalang ito. Tayo ay nabubuhay sa isang himala, at marami pang himala ang darating. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moroni 7:35.
2. *Encyclopedia of Mormonism* (1992), “Miracles,” 2:908.
3. Eter 12:18.
4. Mosias 8:18.
5. Doktrina at mga Tipan 35:8.
6. Daniel 3:15.
7. Daniel 3:17–18.
8. David A. Bednar, “Pagtanggap sa Kalooban at Takdang Panahon ng Panginoon,” *Liahona*, Ago. 2016, 19–20.
9. Tingnan sa Mga Awit 82:6; Mga Gawa 17:29.
10. Tingnan sa Abraham 4:26.
11. Tingnan sa Isaías 9:6.
12. Tingnan sa Mateo 20:28; Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 76:69.
13. Tingnan sa Juan 10:28; Moroni 7:41; Doktrina at mga Tipan 45:8.



Ni Elder David A. Bednar

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Napakadakila at Mahahalagang Pangako

Kabilang sa dakilang plano ng ating Ama sa Langit ang doktrina, mga ordenansa, mga tipan, at napakadakila at mahahalagang pangako kung saan maaari tayong makabahagi sa kabanalang mula sa Diyos.

Ang isa sa mga malalaking hamon na kinakaharap araw-araw ng bawat isa sa atin ay ang hindi pahintulutan ang mga alalahanin ng mundong ito na masaklawan ang ating panahon at lakas na magiging dahilan para mapabayaang natin ang mga bagay na pangwalang hanggan na siyang pinakamahalaga.¹ Madaling nalilihis ang ating pansin at nakakalimutang magtuon sa mahahalagang espirituwal na prayoridad dahil sa marami nating

responsibilidad at gawaing pinagka-kaabalahan. Kung minsan nagpipilit tayong tumakbo nang napakabilis kaya nalilimutan natin kung saan tayo papunta at bakit tayo tumatakbo.

Ipinaalala sa atin ni Apostol Pedro na bilang mga disipulo ni Jesucristo, “Ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa *kabuhayan at sa kabanalan*, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sari-ling kaluwalhatian at kagalingan:

“Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang *napakadakila at mahahalagang pangako*; upang sa pamamagitan ng mga ito ay *makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios*, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.”²

Ang mensahe ko ay magbibigay-diin sa kahalagahan ng napakadakila at mahahalagang pangakong inilarawan ni Pedro bilang mga tunay na paalaala sa kung saan tayo patungo sa buhay na ito at kung bakit. Tatalakayin ko rin ang mga ginagampanan ng araw ng Sab-bath, ng banal na templo, at ng ating



mga tahanan sa pagtulong sa atin na maalala ang mahahalagang espirituwal na pangakong ito.

Taimtim kong idinadalangin na turuan ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin habang magkasama nating pinagninilayan ang mahahalagang katotohanang ito.

Ang Ating Banal na Identidad

Kabilang sa dakilang plano ng ating Ama sa Langit ang doktrina, mga ordenansa, mga tipan, at napakadakila at mahahalagang pangako kung saan maaari tayong makabahagi sa kabanalang mula sa Diyos. Inilalarawan ng Kanyang plano ang ating walang hanggang identidad at ang landas na dapat nating tahakin upang matuto, magbago, umunlad, at sa huli, makasama Siya magpakailanman.

Tulad ng ipinaliwanag sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”:

“Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritong anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. . . .

“Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritong anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan.”³

Ipinangako ng Diyos sa Kanyang mga anak na kung susundin nila ang mga tuntunin ng Kanyang plano at tutularan ang halimbawa ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, susunod sa mga kautusan, at magtitiis nang may pananampalataya hanggang wakas, kung gayon dahil sa Pagtubos ng Tagapagligtas, sila ay “magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.”⁴ Ang buhay na

walang hanggan ang pinakadakila at pinakamahalagang pangako.

Espirituwal na Pagsilang na Muli

Nauunawaan natin nang mas lubusan ang napakadakila at mahahalagang pangako at nagsisimulang makibahagi sa kabanalang mula sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap sa tawag mula sa Panginoon tungo sa Kanyang kaluwalhatian at kagalingan. Tulad ng inilarawan ni Pedro, naisasagawa ang tawag na ito kapag nagsisikap na makaiwas sa kabulukan ng sanglibutan.

Kapag mapagpakumbaba tayong nagpatuloy nang may pananampalataya sa Tagapagligtas, kung gayon dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, may “malaking pagbabago [na magaganap] sa [atin], o sa [ating] mga puso, kaya nga [tayo] ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti.”⁵ Tayo ay “isi[ni]lang na muli; oo, isi[ni]lang sa Diyos, nagbago mula sa makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos.”⁶ “Kaya’t kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya’y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila’y pawang naging mga bago.”⁷

Ang gayong ganap na pagbabago sa ating likas na pagkatao ay hindi nangyayari kaagad o nang minsanan. Tulad ng Tagapagligtas, hindi tayo tumatanggap nang “kaganapan sa simula, subalit [tumatanggap] nang biyaya sa biyaya.”⁸ “Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, at ipa[pa]hiram ang tainga sa aking mga payo, sapagkat matututo sila ng karunungan.”⁹

Ang mga ordenansa ng priesthood at mga sagradong tipan ay mahalaga sa patuloy na prosesong ito ng espirituwal na pagsilang na muli; ang mga ito rin ang mga paraan na itinalaga ng Diyos upang matanggap natin ang Kanyang napakadakila at mahahalagang pangako. Ang mga ordenansa na

karapat-dapat na tinanggap at patuloy na inaalala ay nagbubukas ng mga daanan sa langit na pagdadaluyan ng kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay. Ang mga tipan na palaging tinutupad at inaalala sa tuwina ay nagbibigay ng layunin at ng katiyakan na matatanggap ang mga pagpapala sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Halimbawa, ipinangako sa atin ng Diyos, batay sa ating pananampalataya, na makakasama natin palagi ang ikatlong miyembro ng Panguluhan ng Diyos, ang Espiritu Santo,¹⁰ na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay matatanggap at mapapanatili natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan,¹¹ na makatatanggap tayo ng kapayapaan sa mundong ito,¹² na kinalag ng Tagapagligtas ang mga gapos ng kamatayan at napagtagumpayan ang libingan,¹³ at ang mga pamilya ay maaaring magkasama-sama sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.

Maliwanag na lahat ng napakadakila at mahahalagang pangakong ibinibigay ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak ay hindi mabibilang o mailalarawan nang lubusan. Gayunman, kahit ang iilan lamang na mga ipinangakong pagpapalang inilahad ko ay sapat nang dahilan para tayo ay “mamangha,”¹⁴ at “[magpatirapa] at [sambahin] ang Ama”¹⁵ sa pangalan ni Jesucristo.

Pag-alaala sa mga Pangako

Nagbabala si Pangulong Lorenzo Snow: “Madali nating [malimutan ang] dakilang layunin ng buhay, ang layunin ng ating Ama sa Langit sa pagpapadala sa atin dito sa mortalidad, gayundin ang banal na tungkuling ibinigay sa atin; at dahil dito, sa halip na iwasan ang walang kabuluhan at panandaliang bagay . . . , madalas ay hinahayaan nating maimpluwensiyahan tayo ng mundo nang hindi ginagamit ang banal na tulong na itinakda ng Diyos, na sapat na para mapagtagumpayan [ang mga panandaliang bagay] na ito.”¹⁶

Ang araw ng Sabbath at ang banal na templo ay dalawang partikular na mapagkukunan ng tulong ng langit na itinatag ng Diyos upang mapaitaas



tayo sa antas at kabulukan ng mundo. Sa una ay maaaring isipin natin na ang napakahalagang layunin ng pagpapatatiling banal ng araw ng Sabbath at pagpunta sa templo ay magkaugnay ngunit magkaiba. Gayunman, naniniwala ako na ang dalawang layuning iyon ay magkatulad at magkatulong na espirituwal na pinalalakas tayo bilang indibiduwal at bilang pamilya.

Ang Sabbath

Matapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, Siya ay nagpahinga sa ikapitong araw at ipinag-utos na ang isang araw bawat linggo ay magiging panahon ng pahinga upang tulungan ang mga tao na maalala Siya.¹⁷ Ang Sabbath ay panahon para sa Diyos, ang **sagradong panahon** na partikular na itinalaga sa pagsamba sa Kanya at sa pagtanggap at pag-alaala sa Kanyang napakadakila at mahahalagang pangako.

Itinuro ng Panginoon sa dispensasyong ito:

“At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

“Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga panalangin sa Kataas-taasan.”¹⁸

Sa gayon, sa araw ng Sabbath sinasamba natin ang Ama sa pangalan ng Anak sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga ordenansa at pag-alam, pagtanggap, pag-alaala, at pagpapani-bago ng mga tipan. Sa Kanyang banal na araw, ang ating mga iniisip, kilos, at ugali ay tanda na ibinibigay natin sa Diyos para maipakita ang ating pagmamahal sa Kanya.¹⁹

Ang isa pang layunin ng Sabbath ay ituong ang ating pansin sa mga pagpapala ng walang hanggan at hindi sa mga bagay ng mundo. Sa sagradong sandaling ito, kapag isinantabi natin ang mga karaniwang gawain natin sa abala nating buhay, tayo ay “[makaaasa] sa Diyos at mabubuhay”²⁰ sa pamamagitan ng pagtanggap at pag-alaala sa napakadakila at mahahalagang pangako kung saan maaari tayong makibahagi sa kabanalang mula sa Diyos.

Ang Banal na Templo

Iniuutos lagi ng Panginoon sa Kanyang mga tao na magtayo ng mga

templo, mga sagradong lugar kung saan ginagawa ng mga karapat-dapat na Banal ang mga sagradong seremonya at ordenansa ng ebanghelyo para sa kanilang sarili at para sa mga patay. Ang mga templo ang pinakabanal sa lahat ng lugar na pinagsasambahan. Ang templo ay literal na bahay ng Panginoon, isang **sagradong lugar** na sadyang itinalaga para sa pagsamba sa Diyos at sa pagtanggap at pag-alaala sa Kanyang napakadakila at mahahalagang pangako.

Iniutos ng Panginoon sa dispensasyong ito, “Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaa-yusan, isang bahay ng Diyos.”²¹ Ang pinakapangunahing pokus ng pagsamba sa templo ay pakikibahagi sa mga ordenansa at pag-alam, pagtanggap, at pag-alaala, sa mga tipan. Naiiba tayong mag-isip, kumilos, at manamit sa templo kaysa sa iba pang lugar na madalas nating puntahan.

Ang pangunahing layunin ng templo ay ituong ang ating pansin sa mga pagpapala ng walang hanggan at hindi sa mga bagay sa mundo. Kapag sa maikling panahon sa sagradong sandaling ito ay isinantabi natin ang karaniwang mga ginagawa natin sa buhay, tayo ay “[makaaasa] sa Diyos at mabubuhay”²² sa pamamagitan ng pagtanggap at pag-alaala sa napakadakila at mahahalagang pangako kung saan maaari tayong makibahagi sa kabanalang mula sa Diyos.

Mangyaring isipin na ang araw ng Sabbath at ang templo, ayon sa pagkabanggit, ay *sagradong panahon* at *sagradong lugar* na sadyang itinalaga para sa pagsamba sa Diyos at sa pagtanggap at pag-alaala sa Kanyang napakadakila at mahahalagang pangako sa Kanyang mga anak. Dahil itinatag ng Diyos, ang mga pangunahing layunin ng dalawang banal na mapagkukunan ng tulong na ito ay magkatulad: ang ituong nang lubos at paulit-ulit ang

ating pansin sa ating Ama sa Langit, sa Kanyang Bugtong na Anak, sa Espiritu Santo, at sa mga pangakong nauugnay sa mga ordenansa at mga tipan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ng Tagapagligtas.

Ang Ating mga Tahanan

Higit sa lahat, ang tahanan dapat ang tunay na kombinasyon ng **panahon at lugar** kung saan pinakanaaalala ng mga indibiduwal at pamilya ang napakadakila at mahahalagang pangako ng Diyos. Ang pag-alis sa ating tahanan para makadalo sa mga miting tuwing Linggo at makapasok sa sagradong lugar ng templo ay mahalaga ngunit hindi sapat. Kapag dinala natin sa ating mga tahanan ang diwa at lakas na natamo natin sa mga banal na aktibidad na iyon, saka lamang natin mapapanatili ang pagtutuon sa dakilang mga layunin ng mortalidad at mapagtatagumpayan ang mga kabulukan na nasa mundo. Ang mga karanasan natin sa araw ng Sabbath at sa templo ay dapat magpasigla sa espirituwal na naghihikayat sa bawat tao at mga pamilya at sa ating tahanan na patuloy na alalahanin ang mahahalagang aral na natutuhan, patuloy na madama ang presensya at kapangyarihan ng Espiritu Santo, patuloy na lumalim ang pagbabalik-loob sa Panginoong Jesucristo, at magkaroon ng “ganap na kaliwanagan ng pag-asa”²³ sa walang-hanggang mga pangako ng Diyos.

Ang Sabbath at ang templo ay makatutulong sa atin na maituro sa ating mga tahanan “ang higit na mabuting paraan”²⁴ habang “[tinitipon natin] ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya.”²⁵ Ang ginagawa natin sa ating mga tahanan sa Kanyang *sagradong panahon* at ang natututuhan natin sa Kanyang *sagradong lugar* ay napakahalaga upang makabahagi sa kabanalang mula sa Diyos.

Pangako at Patotoo

Madali tayong matangay ng mga nakaugaliang gawain at mga

karaniwang bagay sa buhay na ito. Ang pagtulog, pagkain, pananamit, pagtatrabaho, paglalaro, pag-eehersisyo, at iba pang nakagawiang aktibidad ay kailangan at mahalaga. Ngunit sa huli, ang kahihinatnan natin ay bunga ng ating kaalaman at kahandaang matuto mula sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo; ito ay hindi lamang ang kabuuan ng ating mga pang-araw-araw na hangarin sa buong buhay natin.

Ang ebanghelyo ay higit kaysa sa karaniwang checklist ng iba’t ibang gagawin; sa halip ito ay napakagandang tapiserya ng katotohanan na “nakalapat na mabuti”²⁶ at pinaghabibi, ginawa upang matulungan tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit at ng Panginoong Jesucristo, maging kabahagi ng mga banal na katangian. Tunay ngang tayo ay nabubulag sa “pagtingin nang lampas sa tanda”²⁷ kapag ang napakahalagang espirituwal na katotohanang ito ay napapangibabawan ng mga alalahanin, problema, at pagwawalang-bahala ng daigdig.

Kapag tayo ay maalam at aanyayahang maging gabay natin ang Banal na Espiritu,²⁸ ipinangangako ko na ituturo Niya sa atin kung ano ang totoo. Siya ay magiging “Saksi kay Jesucristo, [at] liwanag sa isipan”²⁹ kapag sinikap nating gampanan ang ating walang hanggang tadhana at maging kabahagi sa kabanalang mula sa Diyos.

Pinatototohanan ko na ang napakadakila at mahahalagang pangakong kaakibat ng ating mga ordenansa at tipan ay totoo at tiyak. Sinabi ng Panginoon:

“Ibinibigay ko sa inyo ang mga tagubilin kung paano kayo kikilos sa harapan ko, upang ito ay bumalik para sa inyong kaligtasan.

“Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako.”³⁰

Pinatototohanan ko na buhay ang ating Ama sa Langit at Siya ang may-akda ng plano ng kaligtasan. Si Jesucristo ay Kanyang Bugtong na Anak, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya ay buhay. At



pinatototohanan ko na dahil sa plano at mga pangako ng Ama, sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at sa patnubay ng Espiritu Santo ay magkakaroon ng “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”³¹ Pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 25:10.
2. II Ni Pedro 1:3–4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
4. Doktrina at mga Tipan 14:7.
5. Mosias 5:2.
6. Mosias 27:25.
7. II Mga Taga Corinto 5:17.
8. Doktrina at mga Tipan 93:12.
9. 2 Nephi 28:30.
10. Tingnan sa Moroni 2:2; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Espiritu Santo,” scriptures.lds.org.
11. Tingnan sa Mosias 4:10–12.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23.
13. Tingnan sa Mosias 16:7–8.
14. “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115.
15. Doktrina at mga Tipan 18:40.
16. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 114.
17. Tingnan sa Exodo 20:8–11.
18. Doktrina at mga Tipan 59:9–10.
19. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Sabbath ay Kaluguran,” *Liahona*, Mayo 2015, 130.
20. Alma 37:47; tingnan din sa Alma 37:46.
21. Doktrina at mga Tipan 88:119.
22. Alma 37:47.
23. 2 Nephi 31:2.
24. I Mga Taga Corinto 12:31; Eter 12:11.
25. Mga Taga Efeso 1:10.
26. Mga Taga Efeso 2:21.
27. Jacob 4:14.
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:57.
29. “Banal na Espiritu,” *Mga Himno*, blg. 85.
30. Doktrina at mga Tipan 82:9–10.
31. Doktrina at mga Tipan 59:23.



Ni Bishop W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Bumaling sa Panginoon

Hindi natin makokontrol ang lahat ng nangyayari sa atin, ngunit lubos nating makokontrol kung paano natin haharapin ang mga pagbabago sa ating buhay.

Noong tagsibol ng 1998, nagawa namin ng asawa kong si Carol na mapagsabay ang business trip at bakasyon ng pamilya sa Hawaii nang ilang araw, at maisama ang aming apat na anak, pati na ang aking biyenang kakamatay pa lang ng asawa noon.

Noong gabi bago kami lumipad papuntang Hawaii, ang apat-na-buwang-gulang naming anak na si Jonathon ay nasuring may impeksyon sa magkabilang tainga, at sinabihan kami na hindi siya puwedeng bumiyahang nang tatlo hanggang apat na araw. Napagdesiyunan namin na maiwan si Carol para bantayan si Jonathon, at ako naman ang sasama sa biyahe ng pamilya.

Ang unang indikasyon na hindi ito ang ipinlano kong bakasyon ay naganap pagkarating namin sa lugar. Habang naglalakad ako sa lansangang naliliwanagan ng buwan, at napapaligiran ng palmera, tanaw ang malawak na karagatan, bumaling ako para sabihing napakaganda ng isla, at sa romantikong sandaling iyon, sa halip na si Carol ang makita ko, ang tumambad sa akin ay ang aking biyenang—na, gusto ko lang idagdag, ay mahal na mahal ko. Hindi nga lang talaga iyon ang inasahan ko. At hindi rin inasahan ni

Carol na gugugulin niya ang bakasyon sa bahay kasama ang sanggol namin na maysakit.

May mga pagkakataon sa ating buhay na natatagpuan natin ang sarili sa hindi inaasahang landas, dinaranas ang kalagayan na mas malala pa kaysa sa naudlot na bakasyon. Ano ang ginagawa natin kapag may mga pangyayari, na kadalasang wala tayong kontrol,

Nag-iwan si Hyrum Shumway, na nabulag noong World War II, ng isang pamana ng pananampalataya at tiwala sa Panginoon sa kanyang mga inapo.



na nagpapabago sa ipinlano o inasahan natin?

Noong Hunyo 6, 1944, si Hyrum Shumway, isang bata pang second lieutenant sa U.S. Army, ay pumunta sa dalampasigan ng Omaha Beach upang maging bahagi ng D-day invasion. Ligtas siyang nakarating doon, ngunit noong Hulyo 27, noong kabilang siya sa Allied advance, malubha siyang nasugatan nang sumabog ang nakatanim na bombang patibong sa mga tangke. Sa isang iglap, ang buhay at kinabukasan niya bilang doktor ay naapektuhan nang labis. Kasunod ng maraming operasyon, na nakatulong para mapagaling ang karamihan sa pinsalang natamo niya, hindi na kailanman nakakitang muli si Brother Shumway. Paano niya ito haharapin?

Matapos ang tatlong taong pagpagaling sa ospital, umuwi na siya sa Lovell, Wyoming. Alam niya na ang pangarap niyang maging doktor ay imposible nang matupad, ngunit determinado siyang magpatuloy sa buhay, mag-asawa, at magtaguyod ng pamilya.

Kalaunan ay nakahanap siya ng trabaho sa Baltimore, Maryland, bilang rehab counselor at employment specialist para sa mga bulag. Sa ginawa niyang rehabilitasyon sa sarili, natuklasan niya na marami palang magagawa ang mga bulag kaysa sa inaakala niya, at sa walong taong pagtatrabaho niya sa posisyong ito, maraming bulag ang nabigyan niya ng trabaho kaysa sa sinumang counselor sa bansa.

Ngayong tiwala nang makapagtataguyod ng pamilya, niyayang

magpakasal ni Hyrum ang kanyang kasintahan at sinabi niya rito, “Kung ikaw ang magbabasa ng email, magpapares-pares ng mga medyas, at magmamaneho ng kotse, ako na ang bahala sa ibang gawain.” Hindi naglaon ay naibuklod sila sa Salt Lake Temple at biniyayaan ng walong anak kalaunan.

Noong 1954 bumalik ang pamilya Shumway sa Wyoming, kung saan nagtrabaho si Brother Shumway nang 32 taon bilang State Director of Education for the Deaf and Blind. Sa panahong iyon, naglingkod siya bilang bishop ng Cheyenne First Ward at, kalaunan, naglingkod nang 17 taon bilang stake patriarch. Pagkatapos niyang magretiro, naglingkod sina Brother at Sister Shumway bilang senior couple sa London England South Mission.

Pumanaw si Hyrum Shumway noong Marso 2011, at sa kabila ng mga pagsubok, ay nag-iwan ng pamana ng pananampalataya at tiwala sa Panginoon sa kanyang malaking angkan ng mga anak, mga apo, at mga apo-sa-tuhod.¹

Maaaring nabago ang buhay ni Hyrum Shumway dahil sa digmaan, ngunit hindi niya pinagdudahan kailanman ang kanyang banal na katangian at walang hanggang potensyal. Tulad niya, tayo ay mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, at ating “tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa [atin] na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan [natin] ang [ating] banal na tadhana bilang mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan.”² Walang anumang pagbabago, pagsubok, o oposisyon ang magpapabago sa walang hanggang landasing iyan—kundi ang mga pinili nating gawin, sa paggamit ng ating kalayaan.

Ang mga pagbabago, at mga hamong ibinunga nito, na dinaranas natin sa mortalidad ay dumarating nang may iba’t ibang hugis at sukat at nakakaapekto sa bawat isa sa atin sa iba-ibang paraan. Tulad ninyo, nakita ko rin ang aking mga kaibigan at pamilya na dumanas ng mga hamon sa buhay na dulot ng:



- Pagpanaw ng isang mahal sa buhay.
- Mapait na diborsyo.
- Marahil ay hindi pagkakaroon ng pagkakataong makapag-asawa.
- Malubhang sakit o pinsala.
- At pati mga kalamidad, tulad ng nasaksihan natin kamakailan sa iba’t ibang dako ng mundo.

At marami pang iba. Bagama’t iba-iba ang bawat “pagbabago” sa kani-kanya nating kalagayan, may isang bagay na karaniwan sa mga dumarating na pagsubok o hamon—ang pag-asa at kapayapaan ay laging matatamo sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay naglalaan ng lubos na pagwawasto at pagpapagaling sa bawat nasugatang katawan, nanghihinang espiritu, at nagdadalamhating puso.

Alam Niya, sa paraan na walang iba pang makauunawa, kung ano ang kailangan ng bawat isa sa atin upang sumulong sa gitna ng pagbabago. Hindi tulad ng ating mga kaibigan at mahal sa buhay, ang Tagapagligtas ay hindi lamang naaawa sa atin, kundi lubos Siyang nakikiramay dahil naranasan Niya noon ang nararanasan natin ngayon. Bukod pa sa pagbabayad at pagdurusa para sa ating mga kasalanan, tinahak din ni Jesucristo ang bawat landas, hinarap ang bawat hamon, dinanas ang bawat sakit—pisikal, emosyonal, o espirituwal—na mararanasan natin sa mortalidad.

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: “Ang awa at biyaya ni Jesucristo

ay hindi limitado sa mga taong nagkakasala . . . , kundi saklaw nito ang pangako ng walang hanggang kapayapaan sa lahat ng tatanggap at susunod sa Kanya. . . . Ang Kanyang awa ang tagapagpagaling, maging sa sugatang walang-muwang.”³

Sa buhay na ito, hindi natin *mako-kontrol* ang lahat ng nangyayari sa atin, ngunit lubos nating makokontrol kung paano natin *haharapin* ang mga pagbabago sa ating buhay. Hindi ito nangangahulugan na ang mga hamon at pagsubok natin ay magaan lamang at madaling lutasin o harapin. Hindi nito sinasabi na magiging malaya tayo mula sa pait o sakit ng kalooban. Ngunit nangangahulugan ito na may dahilan tayo para magkaroon ng pag-asa at dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makasusulong tayo at mas bubuti ang ating mga araw—maging mga araw na puno ng galak, liwanag, at kaligayahan.

Sa Mosias mababasa natin ang tala tungkol kay Alma, ang dating saserdote ni Haring Noe, at kanyang mga tao, na dahil “binalaan ng Panginoon . . . [,] lumisan patungo sa ilang bago dumating ang mga hukbo ni haring Noe.” Pagkalipas ng walong araw, “nakarating sila . . . sa napakaganda at nakasisiyang lupain” kung saan “nagtayo sila ng kanilang mga tolda, at nagsimulang magbungkal ng lupa, at nagsimulang magtayo ng mga gusali.”⁴

Tila magiging maganda na ang kanilang kalagayan. Tinanggap nila ang ebanghelyo ni Jesucristo. Nabinyagan sila bilang tipan na maglilingkod sila sa Panginoon at susunod sa Kanyang mga kautusan. At “dumami sila at labis na umunlad sa lupain.”⁵

Gayunpaman, hindi maglalaon at mababago na ang kanilang kalagayan. “Isang hukbo ng mga Lamanita ang nasa mga hangganan ng lupain.”⁶ Hindi nagtagal ay naging alipin si Alma at ang kanyang mga tao, at “napakasidhi ng kanilang mga paghihirap kung kaya’t nagsimula silang magsumamo nang mataimtim sa Diyos.” Bukod pa riyon, iniutos ng mga bumihag sa kanila na tumigil sa pagdarasal, dahil kung hindi, “sinuman ang matatagpuang nananawagan sa Diyos ay papatayin.”⁷

Walang ginawang masama si Alma at ang kanyang mga tao para danasin ang bago nilang kalagayan. Paano nila ito haharapin?

Sa halip na sisihin ang Diyos, bumaling sila sa Kanya at “ibinuho ang kanilang mga puso sa kanya.” Bilang sagot sa kanilang pananampalataya at tahimik na mga panalangin, sinabi ng Panginoon: “Maaliw. . . . Pagagaanin ko . . . ang mga pasanin ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod.” Hindi nagtagal, “pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon.”⁸ Kahit hindi pa napapalaya mula sa pagkaalipin, sa pagbaling nila sa Panginoon, at hindi mula sa Panginoon, pinagpala sila ayon sa kanilang mga pangangailangan at ayon sa karunungan ng Panginoon.

Ayon sa turo ni Elder Dallin H. Oaks: “Ang mga basbas na nagpapagaling ay maaaring dumating sa maraming paraan, bawat isa rito ay akma sa mga personal na pangangailangan natin, na batid Niya na lubos na nagmamahal sa atin. Kung minsan nagagamot sa ‘pagpapagaling’ ang ating sakit o gumagaan ang ating pasanin. Ngunit kung minsan ‘napapagaling’ tayo kapag nabigyan tayo ng lakas o pang-unawa o pagtitiis para mabata ang mga pasanin ngayon.”⁹

Sa huli, dahil “napakalakas ng kanilang pananampalataya at kanilang pagtitiis,” iniligtas ng Panginoon si Alma at ang kanyang mga tao, “at nagbigay-pasalamat sila sa Diyos,” “sapagkat nasa pagkaalipin sila, at walang makapagpapalaya sa kanila maliban sa Panginoon nilang Diyos.”¹⁰

Ang malungkot na kabalintunaan dito ay, kadalasan, ang mga nangangailangan ay lumalayo sa isang perpektong mahihingan nila ng tulong—ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang pamilyar na tala sa banal na kasulatan tungkol sa tansong ahas ay nagtuturo sa atin na mayroon tayong pagpipilian kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok. Matapos makagat ang mga anak



ni Israel ng “nagliliyab na mga ahas na lumilipad”¹¹ “isang kahalintulad ang itinaas . . . na kung sino man ang tumingin . . . ay mabubuhay. [Ngunit iyon ay isang pagpili.] At marami ang tumingin at nabuhay.

“ . . . Subalit marami ang napakatigas na tumanggi silang tumingin, kung kaya nga’t nasawi sila.”¹²

Tulad ng mga sinaunang Israelita, inaanyayahan at hinihikayat din tayong tumingin sa Tagapagligtas at nabuhay—dahil malambot ang Kanyang pamatok at magaan ang Kanyang pasan, kahit ang sa atin ay may kabigatan.

Itinuro ni Nakababatang Alma ang banal na katotohanang ito nang sabihin niyang, “Nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw.”¹³

Sa mga huling araw na ito, binigyan tayo ng Panginoon ng napakaraming mapagkukunang tulong, ang ating “mga tansong ahas,” na lahat ay ginawa upang tulong tayong umasa kay Cristo at magtiwala sa Kanya. Ang pagharap sa mga hamon ng buhay ay hindi tungkol sa pagwawalang-bahala sa katotohanan, kundi tungkol ito sa kung saan tayo magtutuo at kung anong pundasyon ang pagtatayuan natin.

Kabilang sa mga mapagkukunang ito, at marami pang iba, ang:

- Regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga buhay na propeta.

- Palaging pagdarasal at pag-aayuno nang taos-puso.
- Karapat-dapat na pakikibahagi sa sakramento.
- Regular na pagpunta sa templo.
- Mga basbas ng priesthood.
- Mahuhusay na payo mula sa mga ekspertong propesyonal.
- At pati na ang mga gamot, kapag inireseta nang tama at ginamit ayon dito.

Anumang pagbabago sa kalagayan sa buhay ang dumating sa atin, at anumang di-inaasahang landas ang dapat nating tahakin, pinipili natin kung paano natin ito haharapin. Ang pagbaling sa Panginoon at pagkapit sa Kanyang nakaunat na kamay ang laging pinakamagandang mapagpipilian natin.

Itinuro ni Elder Richard G. Scott ang walang-hanggang katotohanang ito:


“Ang tunay at walang maliw na kaligayahan lakip ang lakas, tapang, at kaka-yahang daigin ang pinakamahihirap na problema ay nagmumula sa buhay na nakasentro kay Jesucristo. . . .

Walang garantiya na magkakaroon ng resulta sa loob ng magdamag, ngunit lubos ang katiyakan na, sa takdang panahon ng Panginoon, darating ang mga solusyon, mananaig ang kapayapaan, at mapupunan ang kahungkagan.”¹⁴

Nagpapatotoo ako sa mga katotohanang ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Kasaysayang natanggap mismo mula kay Joseph Shumway, inapo ni Hyrum Smith Shumway.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. Boyd K. Packer, “Ang Dahilan ng Ating Pag-asa,” *Liahona*, Nob. 2014, 7.
4. Mosias 23:1–5.
5. Mosias 23:20.
6. Mosias 23:25.
7. Mosias 24:10–11.
8. Mosias 24:12–15.
9. Dallin H. Oaks, “Pinagpapahinga Niya ang Nangabibigatang Lubha,” *Liahona*, Nob. 2006, 7–8.
10. Mosias 24:16, 21, 22.
11. 1 Nephi 17:41.
12. Alma 33:19–20.
13. Alma 36:3.
14. Richard G. Scott, “Trust in the Lord,” *Ensign*, Nob. 1995, 17.



Ni Elder W. Craig Zwick
Emeritus Member ng Pitumpu

Panginoon, Itulot Ninyo Nawang Mabuksan ang Aking mga Mata

Dapat nating tingnan ang iba sa paningin ng ating Tagapagligtas.

Ang *Lion King* ay isang klasikong animated film tungkol sa sabana ng Africa. Nang mamatay ang hari ng mga leon sa pagliligtas sa kanyang anak, napilitang umalis ang batang prinsipeng leon at sinira naman ng isang malupit na pinuno ang balanse ng buhay sa sabana. Nabawi ng prinsipeng leon ang kaharian sa tulong ng isang mahusay na tagapayo. Nabuksan ang kanyang mga mata sa pangangailangan ng balanse sa ikot ng buhay sa sabana. Ngayong nabawi na niya ang karapatan bilang hari, ang batang leon ay sumunod sa payong “tumingin nang lampas pa sa iyong nakikita”¹

Habang natututuhan natin kung paano maging tagapagmana ng lahat ng mayroon ang Ama, itinaturo ng ebanghelyo na tumingin tayo nang lampas sa ating nakikita. Upang makatungin nang lampas sa ating nakikita, dapat nating tingnan ang iba sa paningin ng ating Tagapagligtas. Ang lambat ng ebanghelyo ay puno ng iba’t ibang uri ng tao. Hindi natin lubusang mauunawaan ang mga pagpapasiya at sikolohikal na pinagmulan ng mga tao

sa ating kapaligiran, sa mga kongregasyon ng Simbahan, at maging sa ating pamilya, dahil karaniwang hindi natin nakikilala nang lubos ang kanilang pagkatao. Dapat nating iwasan ang mga pag-aakala at karaniwang paniniwala at lawakan ang pagtingin sa ating mga karanasan.

Binuksan ko ang aking mga mata upang “tumingin nang lampas sa aking

nakikita” noong naglilingkod pa ako bilang mission president. Isang elder ang dumating na may pangamba na makikita sa kanyang mga mata. Noong magkausap kami sa interbyu, malungkot niyang sinabi na, “Gusto ko nang umuwi.” Naisip ko, “Maaayos namin ito.” Pinayuhan ko siyang magtrabahong mabuti at ipagdasal ang problemang ito sa loob ng isang linggo at tumawag sa akin pagkatapos. Pagkalipas ng isang linggo, tumawag siya. Gusto pa rin niyang umuwi. Muli ko siyang pinayuhan na magdasal, magtrabahong mabuti, at tawagan ako pagkatapos ng isang linggo. Sa sumunod na interbyu, wala pa ring nagbago. Nagpupumilit siyang umuwi.

Hindi ko basta hahayaang mangyari iyon. Sinimulan kong ituro sa kanya ang kahalagahan ng kanyang tungkulin. Hinikayat ko siyang “kalimutan ang [sarili] at magtrabaho.”² Pero kahit ano pang payo ang ibigay ko, hindi pa rin nagbago ang isip niya. Sa huli naisip ko na baka hindi ko talagang nauunawaan ang sitwasyon. Noon ko nadamang itanong ito sa kanya: “Elder, saan ka ba nahihirapan?” Naantig ang puso ko sa sinabi niya: “President, hindi po ako marunong magbasa.”

Ang mahusay na payo na akala ko ay napakahalaga para sa kanya ay hindi pala akma sa pangangailangan niya. Ang pinakakailangan niya ay huwag akong magpadalus-dalos at tulutan ang Espiritu na tulungan akong mauunawaan



ang talagang nasa isip ng elder na ito. Kailangan niyang makita ko ang talagang nadarama niya at bigyan siya ng pag-asa. Sa halip ay umasta ako na parang isang higanteng bolang pang-demolisyon. Ang magiting na elder na ito ay natutong magbasa at naging napakabuting disipulo ni Jesucristo. Binuksan niya ang aking mga mata sa mga salita ng Panginoon: “Sapagka’t ang tao ay tumitingin sa panlabas, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso” (I Samuel 16:7).

Kaylaking pagpapala kapag pinalalawak ng Espiritu ng Panginoon ang ating pananaw. Naaalala ba ninyo ang propetang si Eliseo, na nagising at nakita ang hukbo ng Siria na nakapalibot sa kanyang lungsod kasama ang kanilang mga kabayo at karo? Natakot ang kanyang tagapaglingkod at itinanong kay Eliseo kung ano ang gagawin nila sa gayong sitwasyon. Sinabi sa kanya ni Eliseo na huwag mag-alala, sa dimalilimutang mga salitang ito: “Huwag kang matakot: sapagka’t ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila” (II Mga Hari 6:16). Hindi maunawaan ng tagapaglingkod kung ano ang sinasabi ng propeta. Hindi niya makita ang nakikita ni Eliseo. Gayunman, nakita ni Eliseo ang napakaraming anghel na handang makidigma para sa mga tao ng propeta. Kaya idinalangin ni Eliseo sa Panginoon na idilat ang mga mata ng binata, “at siya’y nakakita, at narito,

ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo” (II Mga Hari 6:17).

Madalas nating inihihiwalay ang ating sarili sa iba ayon sa mga pagkakaibang nakikita natin. Komportable tayong makasama ang mga taong pareho nating mag-isip, magsalita, manamit, at kumilos at naaasiwa kapag kasama ang mga taong iba ang mga kalagayan o pinagmulan. Ang totoo, hindi ba’t lahat tayo ay nagmula sa iba’t ibang bansa at nagsasalita ng iba’t ibang wika? Hindi ba’t tinitingnan natin ang mundo batay lamang sa sarili nating karanasan sa buhay? Ang ilan ay nakakakita at nagsasalita gamit ang mga espirituwal na mata, tulad ng propetang si Eliseo, at ang ilan ay tumitingin at nakikipag-ugnayan gamit ang literal na paningin, tulad nang naranasan ko sa aking missionary na hindi marunong magbasa.

Nabubuhay tayo sa mundong mahilig magkumpara, magbansag, at mamintas. Sa halip na tumingin sa pananaw ng social media, kailangan nating tingnan ang mabubuting katangian na taglay ng bawat isa sa atin. Ang mabubuting katangian at hangaring ito ay hindi maipo-post sa Pinterest o sa Instagram.

Ang tanggapin at mahalin ang iba ay hindi nangangahulugang kailangan nating tanggapin ang kanilang mga ideya. Malinaw na hinihingi ng katoohan ang lubos na katapatan natin,

bagama’t hindi ito dapat na maging hadlang sa kabaitan. Ang tunay na pagmamahal sa kapwa ay nangangailangan ng patuloy na pagtanggap sa pinakamatinding pagsisikap ng mga taong hindi natin lubusang nalalaman ang mga karanasan at limitasyon sa buhay. Ang tumingin nang lampas sa nakikita natin ay nangangailangan ng kusang pagtutuon sa Tagapagligtas.

Noong Mayo 28, 2016, ang 16-taong-gulang na si Beau Richey at kanyang kaibigang si Austin ay nasa isang rantso ng pamilya sa Colorado. Sabik na sumakay sa kanilang all-terrain vehicle sina Beau at Austin para sa isang masayang araw. Hindi pa sila nakakalayo nang nalagay sila sa panganib na nauwi sa trahedya. Ang sasakyang minamaneho ni Beau ay biglang bumaligtad at nadaganan siya ng bakal na may bigat na 400 libra (180 kg). Nang makalapit si Austin sa kaibigang si Beau, nakita niya na nag-aagaw buhay na ito. Ubos lakas na pinilit niyang buhatin ang sasakyan na nakadagan kay Beau. Hindi man lang ito gumalaw. Ipinagdasal niya si Beau at pagkatapos ay nagmamadaling humingi ng tulong. Sa wakas ay dumating ang emergency personnel, ngunit makalipas ang ilang oras ay namatay si Beau. Lumisan na siya sa buhay na ito.

Dumating ang kanyang nagdadamhating mga magulang. Habang naroon sila sa maliit na ospital kasama ang matalik na kaibigan ni Beau at mga miyembro ng pamilya, pumasok sa silid ang isang pulis at ibinigay ang cell phone ni Beau sa kanyang ina. Nang kunin ng ina ang telepono, may tumunog na alarma. Binuksan niya ang telepono at nakita ang naka-alarma kay Beau sa araw-araw. Binasa niya ang mensaheng inihandang basahin araw-araw ng kanyang mapagmahal at napakahilig makipagsapalaran na binatilyong anak. Sabi rito, “Alalahaning ilagay si Jesucristo sa sentro ng buhay mo ngayon.”

Ang pagtutuon ni Beau sa kanyang Manunubos ay hindi nagpagaan sa pagdadalamhati ng mga mahal niya sa buhay sa kanyang pagkawala. Gayunman, nagbigay ito ng malaking pag-asa



at kahulugan sa buhay ni Beau at sa mga naging desisyon niya sa buhay. Ipinadama nito sa kanyang pamilya at mga kaibigan na tingnan hindi lamang ang lungkot sa kanyang maagang pagkamatay kundi ang tunay na kagalakan sa kabilang-buhay. Isang magiliw na biyaya para sa mga magulang ni Beau na makita sa paningin ng kanilang anak ang bagay na pinakamahalaga sa kanya.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, pinagkalooban tayo ng sariling espirituwal na mga alarma upang balaan tayo kapag tumitingin lamang tayo gamit ang mortal na mga mata na naglalayo sa atin sa kaligtasan. Ang sakramento ang nagpapaalala sa atin linggu-linggo na patuloy na magtuon kay Jesucristo upang alalahanin natin Siya sa tuwina at laging mapasaatin ang Kanyang Espiritu (tingnan sa D at T 20:77). Gayunman hindi natin pinapansin kung minsan ang mga paalala at alarmang ito. Kapag inilagay natin si Jesucristo sa sentro ng ating buhay, bubuksan Niya ang ating mga mata sa mas malalaking posibilidad kaysa sa kaya nating unawaing mag-isa.

Natanggap ko ang napakagandang liham na ito tungkol sa isang nagprotektang alarma na naranasan ng isang matapat na babaeng miyembro. Sinabi niya sa akin na sa kagustuhang maipaalam sa kanyang asawa ang naramdaman niya, gumawa siya ng listahan sa kanyang telepono ng mga bagay na ginawa o sinabi nito na ikinainis niya. Ipinaliwanag niya na sa tamang pagkakataon, may natipon na siyang nakasulat na katibayang maipapakita sa kanyang asawa na sa palagay niya ay magpapabago ng kanyang ugali. Gayunman, isang araw ng Linggo habang tumatanggap ng sakramento at nakatuon sa Pagbabayad-sala ng Tagpagligtas, natanto niya na ang pagtatala ng di-magagandang nararamdaman niya sa kanyang asawa ay naglalayo sa kanya sa Espiritu at hindi kailanman magpapabago sa kanyang asawa.

Isang espirituwal na alarma ang tumunog sa kanyang puso na nagsabing: “Alisin mo iyan; alisin mong lahat iyan. Tanggalin mo ang lahat ng inilista mo. Hindi iyan makakatulong.”



Pagkatapos ay ito ang isinulat niya: “Ang tagal bago ko pindutin ang ‘select all’ at mas matagal bago ko pindutin ang ‘delete.’ Pero nang magawa ko na iyon, nawalang lahat ang di-magandang nadarama ko. Napuno ang aking puso ng pagmamahal—pagmamahal sa aking asawa at pagmamahal sa Panginoon.” Tulad ni Saulo sa daan patungong Damasco, nabago ang kanyang pananaw. Ang mga kaliskis na nagpapalabo sa kanyang mga mata ay nalaglag mula rito.

Ang ating Tagapagligtas ay madalas na nagbubukas ng mga mata ng mga pisikal at espirituwal na bulag. Ang pagbubukas ng ating mga mata sa banal na katotohanan, literal at sa simbolo man, ay naghahanda sa atin upang mapagaling tayo mula sa kakitiran ng ating pananaw. Kapag pinagtuunan natin ng pansin ang espirituwal na “alarma” na nagsasabing kailangang ituwid ang landas o palawakin ang walang-hanggang pananaw, natatanggap natin ang pangako sa sakramento na mapapasaatin ang

Kanyang Espiritu. Nangyari ito kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Kirtland Temple noong ituro ni Jesucristo ang nakapupukaw na mga katotohanan, at nangakong “ang tabing” ng mga limitasyon ng tao ay “[aalisin] mula sa [kanilang] mga isipan, at ang mata ng [kanilang] pang-unawa ay [bubuksan] (D at T 110:1).

Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo, makikita natin nang espirituwal ang higit pa sa nakikita natin nang literal. Kapag aalalahanin natin Siya at sisikapang mapasaatin ang Kanyang Espiritu, ang mga mata ng ating pang-unawa ay mabubuksan. Sa gayon ang dakilang katotohanan ng kabanalang taglay ng bawat isa sa atin ay higit na makikitatal sa ating mga puso. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mula sa *The Lion King 1½* (2004); sa labas ng North America, kilala ito bilang *The Lion King 3: Hakuna Matata*.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 225.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti

Sinasabi sa atin ng Panginoon na kapag tumayo tayo nang may pananampalataya sa Kanyang bato, mababawasan ang pag-aalinlangan at takot; ang hangaring gumawa ng mabuti ay madaragdagan.

Mahal kong mga kapatid, mapagpakumbaba kong idinadalangin na mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon habang nagsasalita ako ngayon. Puno ng pasasalamat ang aking puso sa Panginoon, na may-ari ng Simbahang ito, sa inspirasyong nadama natin sa taimtim na mga panalangin, magagandang mensahe, at mala-anghel na pag-awit sa kumpe-rensang ito.

Noong Abril, nagbigay ng mensahe si Pangulong Thomas S. Monson na umantig sa mga puso sa buong mundo, pati na sa akin. Nagsalita siya tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Hinikayat niya tayo na pag-aralan, pag-nilayan, at ipamuhay ang mga turo nito. Nangako siya na kung maglalaan tayo ng panahon bawat araw na pag-aralan at pagnilayan at sundin ang mga kautusan na nasa Aklat ni Mormon, magkakaroon tayo ng mahalagang patotoo sa katotohanan nito, at ang patotoong ito sa buhay na Cristo ang gagabay sa atin tungo sa kaligtasan sa panahon ng kaguluhan. (Tingnan sa “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 86–87.)

Tulad ng marami sa inyo, narinig ko ang mga salita ng propeta na parang ang tinig ng Panginoon ang nangsap sa akin. At tulad rin ng marami sa inyo, ipinasiya kong sundin ang mga salitang iyon. Ngayon, mula pa noong maliit ako, nadama ko na totoong salita ng Diyos ang Aklat ni Mormon, na ang Ama at ang Anak ay nagpakita at

nakipag-usap kay Joseph Smith, at ang mga sinaunang Apostol ay nagpakita kay Propetang Joseph upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood sa Simbahan ng Panginoon.

Taglay ang patotoong iyan, binasa ko ang Aklat ni Mormon araw-araw sa loob ng mahigit 50 taon. Kaya marahil maaari ko nang isipin na para sa iba ang mga salita ni Pangulong Monson. Ngunit, tulad ng marami sa inyo, nadama ko ang panghihikayat ng propeta at nahimok ako ng Kanyang pangako na mas magsumikap pa. Ginawa ng marami sa inyo ang ginawa ko: nagdasal nang mas taimtim, pinagnilayan pa nang mas mabuti ang banal na kasulatan, at lalo pang sinikap na paglingkuran ang Panginoon at ang iba para sa Kanya.

Ang magandang resulta para sa akin, at para sa karamihan sa inyo, ay ang ipinangako mismo ng propeta. Lahat tayo na isinapuso ang kanyang magandang payo ay mas narinig ang pahiwatig ng Espiritu. Nakadama tayo ng karagdagang lakas para labanan ang tukso at nagkaroon ng mas matibay na pananampalataya sa nabuhay na muling Jesucristo, sa Kanyang ebanghelyo, at sa Kanyang buhay na Simbahan.

Sa panahon ng tumitinding kaguluhan sa mundo, ang mga lumakas ang patotoo ay nagtaboy ng pag-aalinlangan at takot at nagdulot sa atin ng payapang damdamin. Ang pagsunod sa payo



ni Pangulong Monson ay nagkaroon ng dalawang iba pang magagandang epekto sa akin: Una, ang Espiritung ipinangako niya ay nagdulot ng pag-asa sa mga mangyayari sa hinaharap, kahit tila patuloy na nadaragdagan ang kaguluhan sa mundo. At, pangalawa, mas ipinadama ng Panginoon sa akin—at sa inyo—ang Kanyang pagmamahal sa mga taong nagdurusa. Nadagdagan ang pagnanais nating sagipin ang iba. Ang pagnanais na iyan ay laging nasa sentro ng ministeryo at pagtuturo ni Pangulong Monson.

Nangako ang Panginoon ng ibayong pagmamahal sa iba at katapangan kina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery noong tila napakahirap ng mga gawaing naghihintay sa kanila. Sinabi ng Panginoon na ang kinakailangan na katapangang iyon ay magmula sa kanilang pananalig sa Kanya bilang kanilang bato:

“Huwag matakot na gumawa ng mabuti, aking mga anak, sapagkat kung anuman ang inyong itanim, iyon din ang inyong aanihin; samakatwid, kung kayo ay nagtanim ng kabutihan kayo rin ay aani ng kabutihan bilang inyong gantimpala.

“Samakatwid, huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig.

“Masdan, hindi ko kayo inuusig; humayo kayo sa inyong mga gawain at huwag na muling magkasala; isagawa nang mahinahon ang gawaing ipinag-uutos ko sa inyo.

“Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.

“Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mama-mana ang kaharian ng langit” (D at T 6:33–37).

Sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga lider ng Panunumbalik, at sinasabi Niya sa atin, na kapag tumayo tayo nang may pananampalataya sa



Kanyang bato, mababawasan ang pag-aalinlangan at takot; ang hangaring gumawa ng mabuti ay madaragdagan. Sa pagtanggap natin sa paanyaya ni Pangulong Monson na itanim sa ating puso ang patotoo kay Jesucristo, nagkakaroon tayo ng kapangyarihan, ng pagnanais, at ng tapang na iligtas ang iba nang hindi iniisip ang sarili nating mga pangangailangan.

Nakita ko ang pananampalataya at tapang na iyan nang maraming beses kapag nakararanas ng nakatatakot na pagsubok ang mapanampalatayang mga Banal sa mga Huling Araw. Para sa isang halimbawa, nasa Idaho ako nang magiba ang Teton Dam noong Hunyo 5, 1976. Umagos ang malakas na tubig. Libu-libong tao ang napilitang iwan ang kanilang mga tirahan. Libu-libong bahay at negosyo ang nawasak. Himalang hindi lumampas sa 15 katao ang namatay.

Ang nakita ko roon, ay ang nakikita ko sa tuwing matibay na nakasalig ang mga Banal sa mga Huling Araw sa bato ng patotoo kay Jesucristo. Dahil wala silang alinlangan na Kanya silang pina-ngangalagaan, hindi sila natatakot. Hindi nila iniinda ang sariling pagsubok para matulungan ang iba. At ginagawa nila ito dahil sa pagmamahal sa Panginoon, nang walang hinihinging kapalit.

Halimbawa, noong nagiba ang Teton Dam, isang mag-asawang Banal sa mga Huling Araw ang kasalukuyang nasa biyahe, na milya-milya ang layo

sa kanilang bahay. Pagkarinig nila ng balita sa radyo, nagmadali silang bumalik sa Rexburg. Sa halip na magpunta sa sariling bahay upang makita kung nawasak ito, hinanap nila ang kanilang bishop. Nasa loob siya ng gusaling ginagamit bilang recovery center. Tumutulong siya sa pamamahala sa libu-libong boluntaryo na dumarating sakay ng mga dilaw na school bus.

Lumapit ang mag-asawa sa bishop at sinabing, “Kababalik lang namin. Bishop, saan kami pwedeng tumulong?” Ibinigay niya sa kanila ang mga pangalan ng pamilya. Nilinis ng mag-asawang iyon ang mga bahay na napuno ng putik at tubig. Ginawa nila ito mula madaling-araw hanggang gumabi nang maraming araw. Tumigil sila sandali para tingnan ang sariling bahay. Natangay na ito ng baha, kaya wala nang lilinisin. Kaya umalis na sila kaagad at bumalik sa bishop. Itinanong nila, “Bishop, may gusto ka pa bang tulungan namin?”

Ang himalang iyon ng tapang ng kalooban at pagmamahal—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—ay paulit-ulit na nangyayari sa paglipas ng mga taon at sa lahat ng panig ng mundo. Nangyari ito sa mga kakila-kilabot na araw ng pag-uusig at pagsubok sa panahon ni Propetang Joseph Smith sa Missouri. Nangyari ito nang pamunuan ni Brigham Young ang exodo mula sa Nauvoo at pagkatapos ay pinapunta ang mga Banal sa mga lugar na hindi

pa natitirahan sa buong kanlurang Estados Unidos, upang magtulungan sa paglikha ng Sion para sa Panginoon.

Kung babasahin ninyo ang mga itinala ng mga pioneer na iyon sa kanilang journal, makikita ninyo ang himala ng pananampalataya na nagtataboy sa pag-aalinlangan at takot. At mababasa ninyo ang tungkol sa mga Banal na isinasantabi ang kanilang sariling kapakanan para tulungan ang iba para sa Panginoon, bago bumalik sa kanilang sariling mga tupa o sa sariling bukirin na hindi pa naararo.

Nakita ko ang gayunding himala ilang araw pa lang ang nakalipas sa naiwang pinsala ng Hurricane Irma sa Puerto Rico, Saint Thomas, at sa Florida, kung saan nakipagtulungan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa ibang mga simbahan, mga grupo sa komunidad, at mga samahang pambayan para simulan ang paglilinis.

Tulad ng aking mga kaibigan sa Rexburg, isang mag-asawa na dimiyembro sa Florida ang tumulong sa komunidad sa halip na unahin ang sariling ari-arian. Nang ilang Banal sa mga Huling Araw ang nagboluntaryong alisin ang dalawang malaking punong nakaharang sa paradahan nila, ipinaliwanag ng mag-asawa na hindi nila alam ang gagawin dito kaya nagpasiya silang tumulong sa iba, naniniwalang ibibigay ng Panginoon ang tulong na kailangan nila para sa kanilang sariling tahanan. Ikinuwento iyon ng lalaki bago pa man dumating ang miyembro ng Simbahan na nag-alok ng tulong, na siyang ipinagdarasal ng mag-asawa. Natanggap nila ang sagot na may tulong na darating. Dumating ito ilang oras matapos tiyakin ito sa kanila.

Nabalitaan ko na may mga tao na nagsimulang tawagin ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakasuot ng dilaw na Helping Hands T-shirt na “The Yellow Angels.” Isang Banal sa mga Huling Araw ang nagpagawa ng sasakyan, at ikinuwento sa kanya ng lalaking nag-asikaso sa kanya ang “espirituwal na karanasan” nito noong alisin ng mga taong nakadilaw na kamiseta ang mga bumagsak na puno sa kanyang bakuran at pagkatapos, sabi niya,

“kinantahan nila ako ng tungkol sa pagiging anak ako ng Diyos.”

Isa pang residente ng Florida—ang hindi rin natin kamiyembro—ang nagkuwento na may dumating na mga Banal sa mga Huling Araw sa kanyang bahay noong inaayos niya ang nawasak na bakuran nila at halos naiiyak na siya sa pagod at init. Gumawa ang mga boluntaryo, ayon sa kanyang mga salita ng, “tunay na himala.” Hindi lang sila naglingkod nang buong sigasig kundi nang may tawanan at ngiti, na walang hinihinging kapalit.

Nakita ko ang sigasig at narinig ang tawanang iyon nang, isang Sabado ng gabi, ay nakausap ko ang isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Florida. Itinigil ng mga boluntaryo ang paglilinis kaya nakamayan ko ang iba sa kanila. Sinabi nila na mga 90 miyembro ng kanilang stake sa Georgia ang nagplanong sumama sa pagtulong sa Florida noong nakaraang gabi.

Umalis sila ng Georgia nang alas 4:00 ng umaga, bumiyahe nang ilang oras, tumulong nang buong maghapon at magdamag, at nagplanong muli na tutulong kinabukasan.

Ikinuwento nila ito nang nakangiti at masaya. Pero naramdaman ko na gusto na nilang matapos ang pagpapasalamat sa kanila para makabalik na sa ginagawa nila. Pinaandar na muli ng stake president ang kanyang chain saw at pinuputol na ang bumagsak na puno habang binubuhat naman ng isang bishop ang tatlong sanga ng puno nang papasok na kami sa sasakyan para puntahan ang isa pang rescue team.

Bago iyon, nang papaalis na kami mula sa isa pang lugar, isang lalaki ang lumapit sa sasakyan, inalis ang kanyang sombrero, at pinasalamatan kami para sa mga boluntaryo. Sabi niya, “Hindi ako miyembro ng simbahan ninyo. Hindi ako makapaniwala sa nagawa ninyo para sa amin. Pagpalain kayo ng Diyos.” Ang LDS volunteer na nakatayo sa tabi niya na nakasulot ng dilaw na kamiseta ay ngumiti at nagkibit-balikat, na para bang nagsasabing hindi na siya dapat pang pasalamatan.

Habang hindi makapaniwala ang lalaking ito na tinulungan siya ng mga

boluntaryo mula sa Georgia, daan-daang Banal sa mga Huling Araw sa mismong nasalantang bahaging iyon ng Florida ang bumiyahe nang milya-milya patimog sa isa pang lugar sa Florida kung saan nabalitaan nila na mas napinsala ang mga tao roon.

Nang araw na iyon, naalala at mas naunawaan ko ang ipinropesiya ni Propetang Joseph Smith: “Ang taong puspos ng pagmamahal ng Diyos, ay hindi nasisiyahan na pagpalain lamang ang kanyang pamilya, bagkus ipinalaganap ito sa buong mundo, sabik na pagpalain ang buong sangkatauhan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 499).

Nakikita natin ang gayong pagmamahal sa buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako. Sa tuwing may trahedyang nangyayari saanman sa mundo, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nag-aambag at nagboboluntaryo sa gawaing pantao ng Simbahan. Halos hindi na kailangang humiling ng mga boluntaryo. Sa katunayan, sa ilang pagkakataon, kailangan naming sabihin sa mga magboboluntaryo na maghintay hanggang sa handa na ang mga taong namamahala sa gawain na papuntahin sila sa recovery site.

Ang pagnanais na iyan na tumulong ay bunga ng pagkakaroon ng mga tao ng patotoo kay Jesucristo, sa Kanyang ebanghelyo, sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, at sa Kanyang propeta. Iyan ang dahilan kaya ang mga tao ng



Panginoon ay hindi nag-aalinlangan at hindi natatakot. Iyan ang dahilan kaya nagboboluntaryong maglingkod ang mga missionary sa bawat sulok ng mundo. Iyan ang dahilan kaya ipinag-darasal ng mga magulang at kanilang mga anak ang ibang tao. Iyan ang dahilan kung bakit hinihikayat ng mga lider ang kanilang mga kabataan na isa-puso ang hiling ni Pangulong Monson na itinuon ang kanilang mga sarili sa Aklat ni Mormon. Ang resulta ng pag-sunod sa payong ito ay hindi dahil sa paghihikayat ng mga lider kundi dahil kumilos nang may pananampalataya ang mga kabataan at mga miyembro. Ang pananampalatayang iyon na nag-pakilos sa kanila, na nangailangan ng di-makasaring sakripisyo, ay nagpabago ng puso na nagtutulot sa kanila na madama ang pagmamahal ng Diyos.

Gayunman, mananatili lamang ang pagbabago sa ating puso kapag patuloy tayong sumusunod sa payo ng propeta. Kung hihinto tayo matapos ang minsanang pagsisikap, ang pagbabago ay maglalaho.

Ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw ay pinalalakas ang kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, sa Aklat ni Mormon bilang salita ng Diyos, at sa pagpapanumbalik ng mga susi ng priesthood sa Kanyang totoong Simbahan. Ang pinalakas na patotoong iyan ay nagbibigay sa atin ng ibayong tapang at ng pagmamalasakit sa iba pang mga anak ng Diyos. Ngunit ang mga darating na pagsubok at oportunidad ay mangangailangan ng higit pa rito.

Hindi natin makikinita ang mga detalye, ngunit alam natin ang karaniwang mangyayari sa hinaharap. Alam natin na sa mga huling araw, ang mundo ay magkakagulo. Alam nating sa kabila ng anumang kaguluhan, aakayin ng Panginoon ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw na dalhin ang ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. At alam natin na ang tunay na mga disipulo ng Panginoon ay magiging karapat-dapat at handang tumanggap sa Kanya kapag muli Siyang pumarito. Hindi tayo dapat matakot.

Dahil may pananampalataya at katapangan na tayo sa ating mga puso, marami pang inaasahan sa atin ang Panginoon—at sa mga henerasyong susunod sa atin. Kailangan nilang maging mas malakas at mas matapang sapagkat mas marami at mas mahirap ang kanilang mga gagawin kaysa sa nagawa natin. At haharapin nila ang mas matinding oposisyon mula sa kaway ng ating mga kaluluwa.

Ang paraan upang magkaroon ng magandang pananaw sa hinaharap ay ibinigay ng Panginoon: “Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot” (D at T 6:36). Sinabi sa atin ni Pangulong Monson kung paano gawin iyan. Dapat nating pagnilayan at ipamuhay ang Aklat ni Mormon at ang mga salita ng mga propeta. Manalangin tuwina. Maniwala. Paglingkuran ang Panginoon nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Dapat tayong manalangin nang buong lakas ng ating puso para sa kaloob na pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:47–48). At higit sa lahat, dapat tayong maging hindi pabagubago at patuloy sa pagsunod sa payo ng propeta.

Kapag mahirap ang daan, makakasa tayo sa pangako ng Panginoon—ang pangako na ipinapaalala sa atin ni Pangulong Monson kapag madalas niyang binabanggit ang mga salitang ito ng Tagapagligtas: “Sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo” (D at T 84:88).

Pinatototohanan ko na ang Panginoon ay magpapauna sa inyong harapan sa tuwing kayo ay nasa Kanyang paglingkod. Kung minsan kayo ang anghel na isinusugo ng Panginoon upang tulungan ang iba. Kung minsan kayo ang paliligiran ng mga anghel na tutulong sa inyo. Ngunit laging mapapasainyong puso ang Kanyang Espiritu, tulad nang ipinangako sa inyo sa bawat sacrament



meeting. Kailangan lamang ninyong sundin ang Kanyang mga kautusan.

Ang pinakamaiinam na araw ay darating para sa kaharian ng Diyos sa lupa. Ang oposisyon ay magpapalakas sa ating pananampalataya kay Jesucristo, tulad ng ginawa nito sa simula pa noong panahon ni Propetang Joseph Smith. Laging dinadaig ng pananampalataya ang takot. Ang pagtutulungan ay nagbubunga ng pagkakaisa. At ang mga panalangin ninyo para sa mga nangangailangan ay dinidinig at sinasagot ng isang mapagmahal na Diyos. Hindi Siya umiidlip at hindi Siya natutulog.

Pinatototohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay at nais Niyang bumalik kayo sa Kanya. Ito ang totoong Simbahan ng Panginoong Jesucristo. Kilala Niya kayo; mahal Niya kayo; binabantayan Niya kayo. Siya ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan at sa mga kasalanan ng lahat ng anak ng Ama sa Langit. Ang pagsunod sa Kanya sa inyong buhay at sa inyong paglilingkod sa iba ang tanging daan patungo sa buhay na walang hanggan.

Iyan ay aking pinatototohanan at iniinang ko sa inyo ang aking basbas at pagmamahal. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Patuloy ang Paglalakbay!

Ang paglalakbay pabalik sa ating Ama sa Langit ang pinakamahalagang paglalakbay sa ating buhay.

I-sandaan at pitumpung taon na ang nakalipas, si Brigham Young ay tumingin sa ibayo ng Salt Lake Valley sa unang pagkakataon at nagsabing, “Ito ang lugar!”¹ Alam niya ang lugar dahil inihayag ito ng Panginoon sa kanya.

Pagsapit ng 1869, mahigit 70,000 Banal ang gumawa ng katulad na paglalakbay. Sa kabila ng maraming pagkakaiba nila sa wika, kultura, at nasyonalidad, mayroon silang patotoo tungkol sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, at sa hangaring itayo ang Sion—na lugar ng kapayapaan, kaligayahan, at kagandahan bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Kasama si Jane Manning James sa mga Banal na unang dumating sa Utah—ang anak ng isang pinalayang alipin, na nagbalik-loob sa ipinangbabalik na Simbahan, at isang pinakapambihirang disipulo na humarap sa mahihirap na hamon. Si Sister James ay nanatiling matapat na Banal sa Huling Araw hanggang sa pagpanaw niya noong 1908.

Isinulat niya: “Gusto kong sabihin ngayon, na ang pananalig ko sa ebanghelyo ni Jesucristo na itinuturo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay kasinglakas

ngayon, kung hindi man, mas malakas kaysa noong araw na ako ay bininyagan. Nagbabayad ako ng aking ikapu at mga handog, sinusunod ang word of wisdom, natutulog ako nang maaga at bumabangon nang maaga, kahit nanghihina ay sinisikap kong maging mabuting halimbawa sa lahat.”²

Si Sister James, gaya ng marami pang mga Banal sa mga Huling Araw, ay hindi lang itinayo ang Sion sa pamamagitan ng dugo, pawis, at luha



Nanatiling tapat na Banal sa mga Huling Araw si Jane Manning James sa kabila ng mahihirap na hamon.

kundi hinangad rin ang mga pagpapala ng Panginoon sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo hanggang sa abot ng kanyang makakaya habang sumasampalataya kay Jesucristo—ang dakilang manggagamot ng lahat ng mga taong matapat na naghahanap sa Kanya.

Hindi perpekto ang mga naunang Banal, subalit nagtayo sila ng isang saligan kung saan ay naitatag natin ang mga pamilya at isang lipunan na nagmamahal at tumutupad sa mga tipan, na naitampok sa iba’t ibang balita sa buong mundo dahil sa katapatan natin kay Jesucristo at sa boluntaryo nating paggawa para tulungan ang mga nasa malapit at malayo.³

Pangulong Eyring, maaari ko bang idagdag sa iyong papuri ang aking pasasalamat sa libu-libong anghel na nakasuot ng dilaw na kamiseta na naglingkod sa Texas, Mexico, at sa iba pang mga lugar.

Lubos ang paniniwala ko na kung mapuputol ang ating bigkis sa mga nauna sa atin, pati na sa mga ninuno nating pioneer, mawawalan tayo ng napakahalagang kayamanan. Nagsalita na ako noon tungkol sa “Pananampalataya sa Bawat Hakbang” at patuloy na gagawin ito sa hinaharap dahil alam kong kailangan ng mga bagong henerasyon na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ipinangbabalik na ebanghelyo tulad ng sa naunang mga Banal.⁴

Ang aking mga ninunong pioneer ay kabilang sa matatapat na pioneer na humila ng mga kariton, sumakay sa mga bagon, at lumakad patungong Utah. Sila, tulad ni Sister Jane Manning James, ay may malalim na pananampalataya sa bawat paghakbang nila sa kanilang paglalakbay.

Ang kanilang mga journal ay puno ng paglalarawan ng kanilang mga paghihirap, pagkagutom, at pagkakasakit at maging ng kanilang mga patotoo tungkol sa pananampalataya nila sa Diyos at sa ipinangbabalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Kakaunti lang ang kanilang pag-aari sa mundo ngunit tinamasa nila ang saganang mga pagpapala mula sa

pagkakapatiran na natagpuan nila sa Simbahan ni Jesucristo. Kapag kaya nila, pinasisigla nila ang mga naapi at tinutulungan ang mga maysakit sa pamamagitan ng paglilingkod sa isa't isa at sa pamamagitan ng priesthood ng Diyos.

Ang mga kapatid na babae sa Cache Valley, Utah, ay naglingkod sa mga Banal sa diwa ng Relief Society na “nagkakaisang gumawa para tumulong sa mga nangangailangan.”⁵ Ang aking lola-sa-tuhod na si Margaret McNeil Ballard ay naglingkod na kasama ng kanyang asawang si Henry, nang pamunuan niya bilang bishop ang Logan Second Ward sa loob ng 40 taon. Si Margaret ang pangulo ng Relief Society ng ward sa loob ng 30 taon noon. Pinatuloy niya sa kanilang tahanan ang mga maralita, maysakit, at mga balo at ulila, at binihisan din niya ang mga patay ng kanilang malilinis na kasuotan sa templo.

Bagama't angkop at mahalagang alalahanin ang makasaysayang paglalakbay ng mga Mormon pioneer noong ika-19 na siglo, dapat nating alalahanin na “ang paglalakbay sa buhay ay nagpapatuloy!” para sa bawat isa sa atin habang pinatutunayan natin ang ating “pananampalataya sa bawat hakbang.”

Ang mga bagong binyag ay hindi na nagtitipon sa mga pamayanan ng mga pioneer sa kanlurang Estados Unidos. Sa halip, ang mga bagong binyag ay nagtitipon sa kanilang lokal na mga kongregasyon, kung saan sinasamba ng mga Banal ang ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. Sa mahigit 30,000 kongregasyong itinatag sa buong mundo, ang lahat ay nagtitipon sa kanilang sariling Sion. Gaya ng nakatala sa mga banal na kasulatan, “Dahil ito ang Sion—ang dalisay na puso.”⁶

Sa paglakad natin sa landas ng buhay, sinusubok tayo upang makita kung “tutuparin [natin] ang lahat ng bagay anuman ang iniutos [ng Panginoon].”⁷

Marami sa atin ay nasa kahangahangang paglalakbay ng pagtuklas—tungo sa personal na kaganapan at espirituwal na kaliwanagan. Gayunman, ang ilan sa atin ay nasa paglalakbay na

patungo sa kalungkutan, kasalanan, dalamhati, at kawalan ng pag-asa.

Sa kontekstong ito, itanong ninyo sa inyong sarili: Ano ang iyong huling destinasyon? Saan ka dinadala ng iyong mga paghakbang? At ang iyong paglalakbay ba ay patungo sa “pagkaramiraming pagpapala” na ipinangako ng Tagapagligtas?⁸

Ang paglalakbay pabalik sa ating Ama sa Langit ang pinakamahalagang paglalakbay sa ating buhay, at patuloy ito bawat araw, bawat linggo, bawat buwan, at bawat taon habang pinag-iibayo natin ang ating pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

Dapat tayong maging maingat kung saan tayo dinadala ng mga paghakbang natin sa buhay. Kailangan nating magbantay at dinggin ang payo ni Jesus sa Kanyang mga disipulo nang sagutin Niya ang mga tanong na ito: “Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan?

“At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila: Mangagingat kayo na huwag kayong malinlang ninuman [ng lalaki at pati ng babae].”⁹

Ulitin ko ngayon ang mga payo noon mula sa mga lider ng Simbahan.

- Mga kapatid, panatilihin dalisay ang doktrina ni Cristo at huwag magpalinlang kailanman sa mga taong nagbabago ng doktrina. Ang ebanghelyo ng Ama at ng Anak ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang propeta para sa huling dispensasyong ito.
- Huwag makinig sa mga hindi inorden at/o itinalaga sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan at kinilala sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon ng mga miyembro ng Simbahan.¹⁰
- Mag-ingat sa mga organisasyon, grupo, o indibiduwal na nagsasabing mayroon silang mga lihim na sagot sa mga tanong sa doktrina na sinasabi nilang wala sa o hindi nauunawaan ng mga apostol at mga propeta ngayon.



- Huwag makinig sa mga modus na nagsasabing yayaman kayo agad. Ang ating mga miyembro ay nawalan na ng napakaraming pera, kaya mag-ingat.

Sa ilang lugar, napakarami sa ating mga tao ang tumitingin ng lampas sa tanda at naghahangad ng mga lihim na kaalaman sa magastos at kahinahinalang mga gawain upang mapagaling at matulungan.

Ayon sa isang opisyal na pahayag ng Simbahan na inilabas noong isang taon: “Hinihikayat namin ang mga miyembro ng Simbahan na mag-ingat sa pagsali sa mga grupong nangangako—kapalit ng pera—ng mga mahimalang paggaling o nagsasabing may mga espesyal na paraan para magkaroon ng kapangyarihang magpagaling na labas sa mga maytaglay ng priesthood na inorden nang may wastong awtoridad.”¹¹

Ipinapayo sa *Hanbuk* ng Simbahan: “Hindi dapat gumamit ang mga miyembro ng mga pamamaraang medikal o pangkalusugan na kahina-hinala ayon



sa etika o sa batas. Dapat payuhan ng mga lokal na lider ang mga miyembro na may mga problemang medikal na kumonsulta sa mapagkakatiwalaang propesyonal na may lisensya sa bansa kung saan sila nagtatrabaho.”¹²

Mga kapatid, maging matalino at isipin na maaaring sa una ang ganitong mga paraan ay maganda sa pakiramdam ngunit sa huli ay mapatutunayang nakasisira sa espiritu at katawan.

Para sa ating mga ninunong pioneer, mahalaga ang pagsasarili at pag-asa sa sariling kakayahan, ngunit mahalaga rin na madama nila na kabilang sila sa komunidad. Magkakasama silang gumawa at nagtutulong upang malampasan ang mga pisikal at emosyonal na hamon sa kanilang panahon. Para sa mga kalalakihan, naroon ang korum ng priesthood, at ang kababaihan ay pinaglilingkuran ng Relief Society. Ang mga resultang ito ay hindi nagbago sa ating panahon.

Ang Relief Society at ang mga korum ng priesthood ay tumutulong sa

espirituwal at temporal na kapakanan ng ating mga miyembro.

Manatili sa landas ng ebanghelyo sa pagkakaroon ng “pananampalataya sa bawat paghakbang” upang makabalik kayo nang ligtas sa piling ng Ama sa Langit at ng Panginoong Jesucristo. Ang Panginoon ang ating pinakamamahal na Tagapagligtas. Siya ang Manunubos ng sanlibutan. Kailangan nating igalang ang Kanyang sagradong pangalan at huwag itong gamitin sa anumang maling paraan, palaging nagsisikap na sundin ang Kanyang mga kautusan. Kung gagawin natin ito, pagpapalain Niya tayo at ligtas tayong aakayin pabalik.

Inaanyayahan ko ang lahat ng nakakarinig ng aking tinig na salubungin at yakapin ang sinumang nasa kanilang paglalakbay ngayon, saan man silang yugto ng kanilang paglalakbay.

Tandaan na wala nang pagpapala na maibabahagi nang higit pa sa mensahe ng Pagpapanumbalik, na kung tatanggapin at ipapamuhay ay nangangako ng walang-hanggang

kaligayahan at kapayaan—maging buhay na walang-hanggan. Gamitin natin ang ating sigla, lakas, at patotoo sa pagtulong sa ating mga missionary na maghanap, magturo, at magbinyag ng mga anak ng Diyos upang magkaroon sila ng kapangyarihan ng doktrina ng ebanghelyo na gagabay sa kanilang araw-araw na buhay.

Kailangan nating yakapin ang mga anak ng Diyos nang may habag at alisin ang anumang panghuhusga, pati na ang pagkapoot sa lahi, diskriminasyon sa kasarian, at nasyonalismo. Hayaang masabi na tunay tayong naniniwala na ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay para sa bawat anak ng Diyos.

Pinatotohanan kong “patuloy ang paglalakbay,” at inaanyayahan ko kayong manatili sa landas ng ebanghelyo habang patuloy kayo sa pagsulong sa pagtulong sa lahat ng anak ng Diyos nang may pagmamahal at habag upang nagkakaisa nating dalisayin ang ating mga puso at linisin ang ating mga kamay upang matanggap ang “napakaraming pagpapalang” naghihintay sa lahat ng mga tunay na nagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang mapagpakumbabang dalangin ko sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Brigham Young, ayon sa pagsipi ni Wilford Woodruff, sa *The Utah Pioneers* (1880), 23.
2. Jane Manning James autobiography, ca. 1902, Church History Library, Salt Lake City; tingnan din sa James Goldberg, “The Autobiography of Jane Manning James,” *Dis.* 11, 2013, history.lds.org.
3. Tingnan, halimbawa, sa Jill DiSanto, “Penn Research Shows That Mormons Are Generous and Active in Helping Others,” *Penn News*, Abr. 17, 2012.
4. Tingnan sa M. Russell Ballard, “Faith in Every Footstep,” *Ensign*, Nob. 1996, 23–25.
5. “The Purpose of Relief Society,” *lds.org/callings/relief-society/purposes*; tingnan din sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.1.1.
6. Doktrina at mga Tipan 97:21.
7. Doktrina at mga Tipan 97:25.
8. Doktrina at mga Tipan 97:28.
9. Mateo 24:3–4.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 26:2; 28:13; 43:6–7.
11. Spokesman ng Simbahan na si Eric Hawkins, sa Daniel Woodruff, “The Business behind Christ-Centered Energy Healing,” *Set.* 28, 2016, kutv.com.
12. *Handbook 2*, 21.3.6.



Ni Tad R. Callister
Sunday School General President

Makapangyarihang Saksi ng Diyos: Ang Aklat ni Mormon

Ang Aklat ni Mormon ay makapangyarihang saksi ng Diyos sa kabanalan ni Jesucristo, sa pagiging propeta ni Joseph Smith, at sa lubos na katotohanan ng Simbahang ito.

Ang Aklat ni Mormon ay hindi lamang ang saligang bato ng ating relihiyon, kundi maaari din itong maging saligang bato ng ating mga patotoo upang kapag naharap tayo sa mga pagsubok o hindi nasa-sagot na mga tanong, mapananatili nito ang ating mga patotoo. Ang bigat ng katotohanan sa aklat na ito ay mas nakahihigit kaysa sa pinagsamasamang mga argumento ng mga kritiko. Bakit? Sapagkat kung ito ay totoo, kung gayon si Joseph Smith ay isang propeta at ito ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, anupamang kasaysayan o iba pang mga argumento ang sumalungat dito. Sa dahilang ito, layunin ng mga kritiko na pabulaanan ang banal na pinagmulan ng Aklat ni Mormon, ngunit ang mga balakid na kinakaharap nila ay napakalaki dahil ang aklat na ito ay totoo.

Una, kailangang ipaliwanag ng mga kritiko kung paanong si Joseph Smith, isang 23-taong-gulang na magbubukid na may limitadong edukasyon, ay

nakasulat ng isang aklat na mayroong daan-daang kakaibang pangalan at lugar, at mayroon ding mga detalyadong kwento at pangyayari. Maraming kritiko ang nagsasabing isa siyang henyo sa paglikha na ginamit ang maraming aklat at iba pang mga lokal na materyal

o mapagkukunan upang maisulat ang nilalaman ng kasaysayan ng Aklat ni Mormon. Subalit salungat sa ipinahayag nila, wala ni isang saksi na nagsasabing nakita si Joseph na mayroon nitong mga sinasabing materyal o mapagkukunan bago nagsimula ang pagsasalin.

Kahit pa maging totoo ang argumentong ito, hindi talaga sapat ang mga ito para maipaliwanag ang pagkakaroon ng Aklat ni Mormon. Kailangan ding sagutin ng isang tao ang tanong na: paano nabasa ni Joseph ang mga sinasabing materyal o mapagkukunan na ito, naalis ang mga hindi magkakaugnay, napanatiling magkakatugma ang napakadetalyadong mga katibayan tulad ng sino ang nasa anong lugar at kailan, at pagkatapos ay idikta ito gamit ang perpektong memorya? Dahil noong nagsalin si Joseph Smith, wala siya ni anumang tala na pagbabatayan. Sa katunayan, paggunita ng kanyang asawang si Emma: “Wala siyang manuskrito o aklat na mapagbabasahan. . . . Kung mayroon man siyang kahit anong tulad nito, hindi niya ito maitatago mula sa akin.”¹

Kaya paano nagawa ni Joseph ang kahanga-hangang gawaing ito na magdikta ng mahigit sa 500 pahinang aklat nang wala ni anumang tala? Upang magawa ito, siguro ay hindi lamang siya isang henyo sa paglikha kundi mayroon ding kagila-gilalas na perpektong memorya. Ngunit kung totoo ito, bakit hindi binigyang-pansin ng





kanyang mga kritiko ang pambihirang talentong ito?

At mayroon pang iba. Inilalahad lamang ng mga argumentong ito ang kasaysayang nakapaloob sa aklat. Naron pa rin ang mga totoong isyu: paano nakagawa si Joseph ng isang aklat na nakapagpapadama ng Espiritu, at saan niya nakuha ang ganoong kalalim na mga doktrina, na karamihan ay naglilinao o sumasalungat sa mga paniniwalang Kristiyano ng kanyang panahon?

Halimbawa, itinuro sa Aklat ni Mormon, salungat sa karaniwang paniniwalang Kristiyano, na ang Pagkahulog ni Adan ay isang mabuting hakbang sa pag-unlad. Inihahayag nito ang mga tipan na ginagawa sa binyag na hindi nabanggit sa Biblia.

Dagdag pa rito, maaaring itanong ng isang tao: saan nakuha ni Joseph ang napakatinding kaalaman na dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo, hindi lamang Niya tayo malilinis, kundi magagawa Niya rin tayong perpekto? Saan niya nakuha ang napakagandang sermon tungkol sa pananampalataya sa Alma 32? O ang sermon ni Haring Benjamin tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, na marahil ay ang pinakakahanga-hangang sermon tungkol sa paksang ito sa lahat ng mga banal na kasulatan? O ang alegorya ng punong olibo na napakakumplikado at may napakaraming doktrina? Kapag binabasa ko ang alegoryang ito,

kailangan ko itong gawan ng balangkas para masundan ang pagkadehelyado nito. Dapat ba tayong maniwala na idinikta lamang ni Joseph Smith ang mga sermong ito mula sa kaniyang memorya nang walang anumang tala?

Salungat sa ganitong konklusyon, ang impluwensya ng Diyos ay nasa buong Aklat ni Mormon, na pinatutunayan ng mga maringal na katotohanan sa doktrina nito, lalo na ng mga natatanging sermon nito tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Kung hindi propeta si Joseph, kung gayon para maipaliwanag ang mga ito at ang maraming iba pang kahanga-hangang kaalaman sa doktrina, kailangang gumawa ang mga kritiko ng argumento na siya ay isang henyo sa teolohiya. Ngunit kung ganoon nga ang mangyayari, maaaring itanong ng isang tao: bakit pagkaraan ng 1,800 taon pagkatapos ng ministryo ni Cristo, si Joseph lamang ang nagkaroon ng ganoon karaming natatangi at nakapagpapalinaw na mga doktrina? Dahil paghahayag at hindi katalinuhan ang pinagmulan ng aklat na ito.

Ngunit kahit isipin natin na si Joseph ay isang henyo sa paglikha at teolohiya, na may perpektong memorya—hindi sapat ang mga talentong ito upang siya ay maging isang bihasang manunulat. Upang maipaliwanag ang pagkakaroon ng Aklat ni Mormon, kailangan ding sabihin ng mga kritiko na si Joseph ay

may likas na angking talento sa pagsulat sa edad na 23. Kung hindi, paano niya napag-ugnay-ugnay ang napakaraming pangalan, lugar, at pangyayari upang magtugma-tugna ang mga ito nang walang mali? Paano niya naisulat ang mga istrategiya sa digmaan, nabuo ang mahuhusay na sermon, at nagawa ang mga parirala na minarkahan, kinabisa-do, sinipi, at inilagay sa mga pintuan ng refrigerator ng milyun-milyong tao, tulad ng, “Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos” (Mosias 2:17) o “Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan” (2 Nephi 2:25). Ang mga ito ay mga mensaheng nakaaantig—mga mensaheng buhay at masigla at nagbibigay-inspirasyon. Ang sabihing nagtataglay si Joseph Smith sa edad na 23 ng mga kasanayang kailangan para maisulat ang pambihirang gawaing ito sa iisang draft sa loob ng mga 65 araw na pagtatrabaho ay hindi makatotohanan.

Si Pangulong Russell M. Nelson, isang mahusay at bihasang manunulat, ay nagsabing 40 beses niyang paulit-ulit na isinulat ang katatapos lamang na mensahe sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. Mapaniniwalaan ba natin na maididikta ni Joseph Smith nang mag-isa ang buong Aklat ni Mormon na isinulat niya nang minsanang lang at pagkatapos ay mayroon lamang maliliit na pagkakamali sa gramatika?

Kinumpirma ni Emma, asawa ni Joseph, na imposibleng maisagawa ito sa ganoong paraan: “Si Joseph Smith [noong ito ay bata pa] ay hindi makasulat o makadikta ng isang liham na malinaw at mahusay ang pagkakasulat; lalo na ang makapagdikta ng isang aklat tulad ng Aklat ni Mormon.”²

At sa huli, bagama’t tanggapin ng isang tao ang lahat ng naunang argumento, gaano man kaduda-duda ang mga ito, nahaharap pa rin ang mga kritiko sa isa pang malaking balakid. Sinabi ni Joseph na ang Aklat ni Mormon ay nakasulat sa mga laminang ginto. Dahil sa pagsasabi nito, nakatanggap siya ng walang humpay na pangungutya sa kanyang panahon—sapagkat nalalaman ng “lahat” na ang

mga sinaunang kasaysayan ay nakasulat sa papyrus o pergamino, hanggang sa paglipas ng mga taon, nang matuklasan ang mga laminang metal na may sinaunang kasulatan. Dagdag pa rito, sinabi ng mga kritiko na ang paggamit ng semento, gaya ng inilalarawan sa Aklat ni Mormon, ay hindi kayang gawin ng mga sinaunang Amerikanong ito—hanggang sa matagpuan ang mga sementong gusali sa sinaunang Amerika. Paano ngayon ipaliliwanag ng mga kritiko ang mga ito at ang hindi inaasahang mga pagtuklas na kahalintulad nito? Si Joseph, kita ninyo, ay mahusay ding manghula. Sa paano mang paraan, sa kabila ng mga pagsalungat sa kanya, salungat sa mga umiiral na mga kaalaman sa siyensiya o akademiko, tama ang hula niya habang ang lahat ng iba pa ay mali.

Sa kabila ng lahat ng ito, maaaring isipin ng isang tao kung paano paniniwalaan ang lahat ng mga haka-hakang dahilan at pwersang ito, gaya ng sinasabi ng mga kritiko, na nagkataong nagkatugma sa paraang naisulat ni Joseph ang Aklat ni Mormon at dahil doon ay nakagawa ng napakasamang panlilingang. Subalit paano naging may kabuluhan ito? Salungat sa ganitong mga haka-haka, ang aklat na ito ay nakapagbigay ng inspirasyon sa milyun-milyon upang talikuran si Satanas at mamuhay nang mas tulad ni Cristo.

Bagama't maaaring piliin ng isang tao na maniwala sa pangangatwiran

ng mga kritiko, para sa akin, ito ay isang walang kabuluhan sa intelektuwal at espirituwal na aspeto. Upang maniwala sa gayong pangangatwiran, kailangan kong tanggapin ang isang hindi napatunayang haka-haka at ang iba pa. Dagdag pa rito, kailangan kong balewalain ang patotoo ng bawat isa sa 11 saksi,³ bagama't bawat isa sa kanila ay nanatiling tapat sa kanyang patotoo hanggang sa huli; kailangan kong hindi tanggapin ang banal na doktrina na pumuno sa mga pahina ng sagradong aklat na ito lakip ang mga banal na katotohanan; kailangan kong balewalain ang katotohanan na marami, kabilang ang aking sarili ay mas napalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat na ito kaysa sa iba pang mga aklat; at higit sa lahat, kailangang itatwa ko ang nagpapatibay na mga bulong ng Espiritu Santo. Magiging salungat ito sa lahat ng nalalaman kong totoo.

Ang isa sa mabubuti at matatalino kong kaibigan ay umalis sa Simbahan nang ilang panahon. Sumulat siya sa akin kamakailan tungkol sa kanyang pagbabalik: “Sa simula, gusto kong patunayan sa akin ang Aklat ni Mormon sa aspetong pangkasaysayan, heograpika, sa wika, at kultura. Ngunit nang pagtuunan ko ang itinuturo nito tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang nakapagligtas na misyon, nagsimula akong magkaroon ng patotoo sa katotohanan nito. Isang araw, habang nagbabasa ng Aklat ni

Mormon sa aking silid, huminto ako at lumuhod at nanalangin nang taos-puso at malinaw na nadamang ibinulong ng Ama sa Langit sa aking espiritu na ang Simbahan at ang Aklat ni Mormon ay talagang totoo. Ang tatlo at kalahating taon na muling pag-iimbestiga sa Simbahan ay umakay sa akin pabalik nang buong puso at pananalig sa katotohanan nito.”

Kung bibigyan ng panahon ng isang tao ang pagbabasa at pagninilay ng Aklat ni Mormon nang may pagpakumbaba, tulad ng aking kaibigan, at bibigyang-pansin ang matatamis na bunga ng Espiritu, matatanggap niya kalaunan ang kanyang ninanais na patotoo.

Ang Aklat ni Mormon ay isa sa mga kaloob ng Diyos sa atin na walang katumbas ang kahalagahan. Ito ay kapwa espada at kalasag—ipinadadala nito ang salita ng Diyos sa digmaan para ipaglaban ang mga puso ng mga matwid at nagsisilbing pangunahing tagapagtanggol ng katotohanan. Bilang mga Banal, hindi lamang pribilehiyo natin na ipagtanggol ang Aklat ni Mormon kundi pagkakataon din natin na gamitin ito—ipangaral nang may kapangyarihan ang banal na doktrina nito at magpatotoo sa pinakadakilang pagsaksi nito kay Jesucristo.

Taimtim kong pinatotohanan sa inyo na ang Aklat ni Mormon ay isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Ito ay makapangyarihang saksi ng Diyos sa kabanalan ni Jesucristo, sa pagiging propeta ni Joseph Smith, at sa lubos na katotohanan ng Simbahang ito. Nawa ay maging saligang bato ito ng ating mga patotoo, upang masabi tungkol sa atin, tulad sa mga nagbalik-loob na mga Lamanita, na sila “kailanman ay hindi nagsitalikod” (Alma 23:6). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Emma Smith, sa “Last Testimony of Sister Emma,” *Saints' Herald*, Okt. 1, 1879, 289, 290.
2. Emma Smith, sa “Last Testimony of Sister Emma,” 290.
3. Tingnan sa “Ang Patotoo ng Tatlong Saksi” at “Ang Patotoo ng Walong Saksi,” sa pambungad sa Aklat ni Mormon.





Ni Elder Joni L. Koch
Ng Pitumpu

Magkalayo, Subalit Nananatiling Lisa

Sa Simbahan, sa kabila ng ating mga pagkakaiba, inaasahan tayo ng Panginoon na maging isa!

Noong Hunyo 1994, sabik akong umuwi mula sa trabaho para manood sa TV ng paglalaro ng aming national soccer team sa World Cup. Kasisimula ko pa lang maglakbay pauwi, nakita ko mula sa malayo, sa may bangketa, ang isang lalaking mabilis na pinaandar ang kanyang wheelchair, na napansin kong may dekorasyon ng aming watawat sa Brazil. Sa sandaling iyon alam ko na pauwi na rin siya para manood ng laro!

Nang magkrus ang aming landas at nagtagpo ang aming paningin, nang wala pang isang segundo, malakas ang pakiramdam kong nagkakaisa kami ng lalaking iyon! Patungo kami sa magkaibang direksyon, hindi kilala ang isa't isa, malinaw na magkaiba ang kalagayan sa lipunan at sa pisikal, ngunit ang magkapareho naming hilig sa soccer at pagmamahal sa aming bansa ang nagpadama sa amin na iisa kami sa sandaling iyon! Hindi ko na nakita pa ang lalaking iyon magmula noon, ngunit ngayon, makalipas ang ilang dekada, nakikita ko pa rin ang mga matang iyon at nararamdaman ang malakas na koneksyon sa lalaking

iyon. Nanalo kami sa larong iyon at sa World Cup sa taon na iyon!

Sa Simbahan, sa kabila ng ating mga pagkakaiba, inaasahan tayo ng Panginoon na maging isa! Sinabi niya sa Doktrina at mga Tipan, “Maging isa, at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin.”¹

Kapag pumasok tayong lahat sa meetinghouse para sumamba bilang isang grupo, kailangan nating isantabi



ang ating mga pagkakaiba, kabilang na ang lahi, kalagayan sa lipunan, pulitikal na mga pagpili, mga tagumpay sa pag-aaral at propesyon, at sa halip ay magtuon sa ating magkakaparehong layuning espirituwal. Magkakasama tayong umaawit ng mga himno, nagninilay tungkol sa parehong tipan sa sakramento, nagsasabi nang sabay-sabay ng “amen” pagkatapos ng mga mensahe, lesson, at mga panalangin—na nangangahulugang sumasang-ayon tayo sa ibinahagi.

Ang mga bagay na ito na magkakasama nating ginagawa ay tumutulong para madama nang matindi ang pagkakaisa sa kongregasyon.

Gayunman, ang tunay na nagpapasaya, nagpapatibay, o sumisira sa ating pagkakaisa ay kung paano tayo kumikilos kapag hindi natin kasama ang mga miyembro natin sa Simbahan. Tulad ng alam nating lahat, hindi maiiwasan at karaniwan ang pag-usapan natin ang tungkol sa isa't isa kalaunan.

Depende sa pipiliin nating sabihin tungkol sa isa't isa, ang ating mga salita ay maaaring tumulong sa atin na magkaroon ng mga “[pusong] magkakasama sa pagkakaisa,”² tulad ng itinuro ni Alma sa mga Tubig ng Mormon, o mawawasak ng mga ito ang pag-ibig, tiwala, at mabuting pakikipagkapwatao na dapat ay umiiral sa atin.

Mayroong mga komentong dahan-dahang sumisira ng pagkakaisa tulad ng “Oo, mabuti siyang bishop; pero kung nakita lang ninyo siya noong kabataan niya!”

Maaaring ang mas nakatutulong na bersyon nito ay “Napakagaling ng bishop, at nag-mature siya nang husto at humusay sa paglipas ng mga taon.”

Kadalasan, palagi nating binabansagan ang mga tao sa pagsasabi ng “Ganoon talaga ang Relief Society president natin; napakatigas ng ulo niya!” Kabaligtaran nito, pwede nating sabihing, “Hindi gaanong nakikibagay sa sitwasyon ang Relief Society president natin nitong mga huling araw; siguro mayroon siyang mahirap na pinagdaraan. Tulungan at suportahan natin siya!”

Mga kapatid, wala tayong karapatang ilarawan ang sinuman, pati na ang

mga kasama natin sa Simbahan, bilang isang produktong pangit ang pagkaka-gawa! Bagkus, ang mga sinasabi natin sa ating kapwa ay dapat kakitaan ng ating paniniwala kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala at, sa Kanya at sa pamamagitan Niya, maaari tayong palaging magbago tungo sa kabutihan!

Ang ilan ay nagsisimulang mamin-tas at napahihwalay sa mga lider at miyembro ng Simbahan dahil sa napakaliliit na mga bagay.

Ganito ang kaso ng isang lalaking nagngangalang Simonds Ryder, na naging miyembro ng Simbahan noong 1831. Matapos basahin ang isang paghahayag tungkol sa kanya, naguluhan siya nang makita na ang kanyang pangalan ay nabaybay na *Rider*, nabaybay nang mali, na may titik *i* sa halip na titik *y*. Ang kanyang reaksiyon sa pang-yayaring ito ay nakaragdag sa kanyang pagkuwestyon sa propeta at kalaunan ay humantong sa pang-uusig niya kay Joseph at pagtalikod sa Simbahan.³

Malamang din na mararanasan nating lahat ang ilang pagtutuwid mula sa mga lider natin sa Simbahan, na magiging pagsubok kung gaano tayo nakikiisa sa kanila.

Ako ay 11 taong gulang pa lamang noon, ngunit naaalala ko na 44 na taon na ang nakalilipas, ang simbahan kung saan kami nagsisimba ng aking pamilya ay babaguhin at aayusin. Bago simulan ang gawaing iyon, nagkaroon ng pagpupulong kung saan ay tinalakay ng mga lider sa lokal at sa area kung paano makikibahagi ang mga miyembro sa pagtatrabaho sa gawaing iyon. Ang aking ama, na ilang taong namuno sa unit na iyon ay nagpahayag ng kanyang matinding opinyon na ang gawaing ito ay dapat gawin ng isang contractor at hindi ng mga baguhan.

Ang kanyang opinyon ay hindi lang tinanggihan, kundi narinig pa namin na pinagsabihan siya nang matindi at hayagan sa harap ng mga tao sa pang-yayaring iyon. Ngayon, ang lalaking ito na napakatapat sa Simbahan at isa ring beterano ng World War II sa Europa, ay sanay na panindigan at ipaglaban ang pinaniniwalaan niya! Marahil ay iniisip ng isang tao kung ano kaya ang naging



reaksiyon niya matapos ang pangyayaring ito. Ipaglalaban ba niya ang kanyang opinyon at magpapatuloy sa pagtutol sa nagawa nang desisyon?

Nakakita na kami ng mga pamilya sa aming ward na naging mas mahina sa ebanghelyo at huminto sa pagdalo sa mga miting dahil hindi nila kayang makiisa sa mga namumuno. Nakita ko rin mismo ang marami kong kaibigan sa Primary na hindi nana-tiling matapat sa kanilang kabataan dahil palaging naghahanap ng mali ang kanilang mga magulang sa mga nasa loob ng Simbahan.

Gayunpaman, nagpasiya ang aking ama na manatiling kaisa ng mga kapwa niya Banal. Pagkaraan ng ilang araw, nang nagtitipon ang mga miyembro ng ward para tumulong sa pagtatayo, “inanyayahan” niya ang aming pamilya na sundan siya sa simbahan kung saan ay makakatulong kami sa anumang paraan.

Nainis ako. Gusto ko siyang tanungin ng, “Itay, bakit po tayo tutulong sa pagtatayo kung tutol kayo na ang mga miyembro ang gumawa nito?” Ngunit nang makita ko ang kanyang mukha, hindi ko na naitanong iyon. Gusto kong maging maayos ako para sa muling paglalaan. Sa kabutihang palad, nagpasiya akong manahimik at humayo na lang at tumulong sa pagtatayo!

Hindi na nakita ni Itay na natapos ang simbahan dahil pumanaw siya bago matapos ang gawaing ito. Ngunit kami sa pamilya, na pinamumunuan ngayon ng aking ina, ay nagpatuloy sa paggawa ng aming bahagi hanggang sa matapos ito, at pinanatili kami nitong nakikiisa sa kanya, sa mga miyembro ng Simbahan, sa aming mga lider, at ang pinakamahalaga sa lahat, sa Panginoon!

Ilang sandali bago ang napakatin-ding pagdurusa Niya sa Getsemani, noong nagdasal si Jesus sa Ama para sa Kanyang mga Apostol at para sa ating lahat na mga Banal; sinabi Niya, “Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako’y sa iyo.”⁴

Mga kapatid, nagpapatotoo ako na kapag nagpasiya tayong maging kaisa ng mga miyembro at lider ng Simbahan—tuwing tayo ay nagtitipon, at lalo na kapag tayo ay magkakalayo—madarama rin natin na mas lubusan tayong nakikiisa sa ating Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 38:27.

2. Mosias 18:21.

3. Tingnan sa Milton V. Backman Jr., *The Heavens Resound: A History of the Latter-day Saints in Ohio, 1830–1838* (1983), 93–94.

4. Juan 17:21.



Ni Elder Stanley G. Ellis
Emeritus Member ng Pitumpu

Nagtitiwala ba Tayo sa Kanya? Ang Mahirap ay Mabuti

Anuman ang isyu, ang mahirap ay maaaring mabuti para sa mga susulong nang may pananampalataya at nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang plano.

Bago ako magsimula, bilang isa na kumakatawan sa ating lahat na naapektuhan ng pagsalanta ng mga bagyo at lindol kamakailan, ipinaaabot ko ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng Helping Hands at kanilang mga facilitator, na nagbigay sa atin ng tulong at pag-asa.

Noong Oktubre 2006, nagbigay ako ng aking unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Nadama ko na ang isang mahalagang mensahe para sa pandaigdigang Simbahan ay kinapapalooban ng pahayag na “Nagtitiwala ang Panginoon sa atin!”

Talagang nagtitiwala Siya sa atin sa napakaraming paraan. Ibinigay Niya sa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo at, sa dispensasyong ito, ang kabuuan nito. Ipinagkatiwala Niya sa atin ang awtoridad ng Kanyang priesthood, pati na ang mga susi para sa wastong paggamit nito. Gamit ang kapangyarihang iyon maaari tayong magbasbas, maglingkod, tumanggap ng mga ordenansa, at makipagtipan. Ipinagkatiwala

Niya sa atin ang Kanyang ipin anum-balik na Simbahan, pati na ang banal na templo. Ipinagkatiwala Niya sa Kanyang mga tagapaglingkod ang kapangyarihang magbuklod—upang maibuklod sa langit ang ibinuklod sa lupa! Ipinagkatiwala rin Niya sa atin ang pagiging magulang sa mundo, guro, at tagapag-alaga ng Kanyang mga anak.

Pagkatapos ng mga taon na ito ng paglilingkod bilang General Authority sa maraming bahagi ng mundo, ipinapahayag ko nang may higit na katiyakan: Nagtitiwala Siya sa atin.

Ngayon ang tanong sa kumperensyang ito ay “Nagtitiwala ba tayong siya sa Kanya?”

Nagtitiwala ba Tayo sa Kanya?

Madalas tayong paalalahanan ni Pangulong Thomas S. Monson na “tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

“Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.

“Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata” (Mga Kawikaan 3:5–7).

Nagtitiwala ba tayong siya sa Kanyang mga kautusan ay para sa ating ikabubuti? Na ang Kanyang mga lider, bagama’t hindi perpekto, ay pamumunuan tayong maayos? Na ang Kanyang mga pangako ay tiyak? Nagtitiwala ba tayong kilala tayong Ama sa Langit at ni Jesucristo at nais tayong tulungan? Maging sa gitna ng mga pagsubok, hamon, at paghihirap, nagtitiwala pa rin ba tayong siya sa Kanya?

Sa pagbabalik-tanaw, natutuhan ko ang ilan sa pinakamabubuting aral sa pinakamahihirap na panahon—noong kabataan ko man, sa misyon, sa pag-sisimula sa bagong propesyon, pag-sisikap na gampanan ang aking mga tungkulin, pagtataguyod ng malaking pamilya, o pagpupunyaging maging self-reliant. Tila malinaw na ang mahirap ay mabuti!

Ang Mahirap ay Mabuti

Ang mahirap ay mas nagpapalakas, nagpapakumbaba, at nagbibigay sa atin ng pagkakataong patunayan ang ating sarili. Nakilala ng ating minamahal na mga handcart pioneer ang Diyos sa kanilang sukdulang paghihirap. Bakit umabot sa dalawang kabanata ang pagkuha ni Nephi at ng kanyang mga kapatid sa mga laminang tanso at tatlong talata lang para hikayatin ang pamilya ni Ismael na sumama sa kanila sa ilang? (tingnan sa 1 Nephi 3–4; 7:3–5).

Tila nais ng Panginoon na palakasin si Nephi sa pamamagitan ng naranasang hirap sa pagkuha ng mga lamina.

Hindi tayong dapat mabigla sa mahihirap na bagay sa ating buhay. Ang isa sa pinakaunang mga pakikipagtipan natin sa Panginoon ay ang ipamuhay ang batas ng sakripisyo. Ang ibig sabihin ng sakripisyo ay isuko ang isang bagay na kanais-nais. Sa karanasan natin nalaman natin na maliit ang halaga nito kumpara sa mga pagpapalang darating. Sa pamumuno ni Joseph Smith, sinabi noon na, “Ang isang relihiyon na hindi

nangangailangan ng pagsasakripisyo ng lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na kapangyarihang lumikha ng pananampalatayang kailangan tungo sa buhay at kaligtasan”¹

Ang mga miyembro ng Panguluhang Diyos ay pamilyar sa mahihirap na bagay. Isinakripisyo ng Diyos Ama ang Kanyang Bugtong na Anak sa labis na pagdurusa sa Pagbabayad-sala, pati na sa pagkamatay sa krus. Sabi sa mga banal na kasulatan, si Jesucristo ay natuto ng “pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis” (Sa Mga Hebreo 5:8). Kusang-loob Niyang pinagdusahan ang matinding hirap ng Pagbabayad-sala. Ang Espiritu Santo ay nagtitiis nang matagal upang hikayatin, balaan, at gabayan tayo, para lang balewalain, hindi maunawaan, o makalimutan kung minsan.

Bahagi ng Plano

Ang mahirap ay bahagi ng plano ng ebanghelyo. Ang isa sa mga layunin ng buhay na ito ay ang masubukan tayo (tingnan sa Abraham 3:25). Kakauti lamang ang nagdusa nang higit na di-nararapat kaysa sa mga tao ni Alma. Tumakas sila mula sa masamang si Haring Noe, para lamang maging alipin sa mga Lamanita! Sa mga pagsubok na iyon tinuruan sila ng Panginoon na pinahihirapan Niya ang Kanyang mga tao at sinusubok ang “kanilang pagtitiyaga at kanilang pananampalataya” (Mosias 23:21).

Sa napakahihirap na araw sa Liberty Jail, tinuruan ng Panginoon si Joseph Smith na “[magtiis] na mabuti” (D at T 121:8) at pinangakuan na kung gagawin niya ito, “lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti” (D at T 122:7).

Nagsumamo si Pangulong Thomas S. Monson na, “Nawa’y piliin natin palagi ang tama na mas mahirap gawin sa halip na ang mali na mas madaling gawin.”² Tungkol sa ating mga templo, sinabi niya na “walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapala [sa templo].”³

Sa mundo ng kalikasan, ang paghihirap ay bahagi ng takbo ng



buhay. Mahirap para sa isang sisiw na lumabas sa matigas na balat ng itlog. Ngunit kapag pinadali ito ng iba, hindi magkakaroon ng lakas ang sisiw para mabuhay. Sa gayon ding paraan, ang hirap na naranasan ng isang paruparo na makalabas ng cocoon ang nagpapalakas dito para mabuhay.

Sa mga halimbawang ito, nakikita natin na ang paghihirap ay *hindi nagbabago*! Lahat tayo ay may mga hamon. Ang *nagbabago* ay ang ating pagharap sa mahirap.

May panahon na ang ilang tao sa Aklat ni Mormon ay nakaranas ng “malulupit na pag-uusig” at “labis na pagdurusa” (Helaman 3:34). Paano nila hinarap ang mga ito? “Sila ay madalas na nag-ayuno at nanalangin, at tumibay nang tumibay sa kanilang pagpapakumbaba, at tumatag nang tumatag sa kanilang pananampalataya kay Cristo, hanggang sa mapuspos ang kanilang mga kaluluwa ng kagalakan at kasiyahan” (Helaman 3:35). Isa pang halimbawa ang nangyari pagkaraan ng maraming taon ng digmaan: “Dahil sa labis na katagalan ng digmaan na namagitan sa mga Nephita at sa mga Lamanita ay marami ang naging matigtigas, . . . at marami ang napalambot dahil sa kanilang paghihirap, kung kaya nga’t sila ay nagpakumbaba sa harapan ng Diyos” (Alma 62:41).

Tayo ang nagpapasiya kung paano natin haharapin ang mahirap.

Mag-ingat sa Madadali

Bago ang tungkuling ito, financial consultant ako sa Houston, Texas. Malaking bahagi ng trabaho ko ang makisalamuha sa mga milyonaryong may sariling mga negosyo. Halos lahat sila ay nagkaroon ng matatagumpay na negosyo mula sa wala dahil sa kaspagan. Ang pinakamalungkot para sa akin ay ang marinig sa ilan sa kanila na gusto nilang padaliin ang buhay para sa kanilang mga anak. Ayaw nilang mahirapan ang kanilang mga anak na katulad nila. Sa madaling salita, ipagkakat nila sa kanilang mga anak ang mismong dahilan ng kanilang tagumpay.

Sa kabilang dako, may kilala kaming pamilya na gumawa ng ibang paraan. Ang mga magulang ay nahikayat ng karanasan ni J. C. Penney nang sabihin dito ng kanyang ama nang mag-walong taong gulang siya na bahala na siyang tustusan ang sarili niya. Gumawa sila ng sarili nilang bersyon: nang makatapos ng high school ang anak nila, sila na ang tumustos sa sarili nila—para magpatuloy sa pag-aaral (kolehiyo, graduate school, atbp.) at para matustusan ang kanilang pangangailangang pinansyal (talagang naging self-reliant) (tingnan sa D at T 83:4). Ang masaya, matalinong hinarap

ito ng mga bata. Lahat sila'y nakatapos ng kolehiyo, at ang ilan ay nakatapos din ng graduate school—lahat sa kanilang sariling pagsisikap. Hindi madali, pero nagawa nila iyon. Nagawa nila iyon dahil sa kasipagan at pananampalataya.

Pananampalatayang Magtiwala sa Kanya

Ang tanong na “Nagtiwala ba tayo sa Kanya? ay mas lilinaw kung sasa-bihing, “May *pananampalataya* ba tayong magtiwala sa Kanya?”

May *pananampalataya* ba tayong magtiwala sa Kanyang mga pangako tungkol sa ikapu na ang 90 porsiyento ng ating kita *na dinagdagan ng tulong ng Panginoon* ay mas makakabuti sa atin kaysa 100 porsiyento ng ating taunang kita *na tayo lang mag-isa?*

Sapat ba ang ating *pananampalataya* para magtiwala na dadalawin Niya tayo sa ating mga paghihirap (tingnan sa Mosias 24:14), na kakalabanin Niya ang mga kumakalaban sa atin (tingnan sa Isaias 49:25; 2 Nephi 6:17), at ilalaan Niya ang ating mga paghihirap para sa ating kapakinabangan? (tingnan sa 2 Nephi 2:2).

Magiging sapat ba ang ating *pananampalataya* para sundin ang Kanyang mga utos upang mapagpala Niya tayo kapwa sa temporal at sa espirituwal? At patuloy ba tayong magiging tapat hanggang wakas para tanggapin Niya tayo sa Kanyang kinaroroonan? (tingnan sa Mosias 2:41).

Mga kapatid, maaari tayong manampalataya para magtiwala sa Kanya! Hangad Niya ang pinakamabuti para sa atin (tingnan sa Moises 1:39). Diringgin Niya ang ating mga dalangin (tingnan sa D at T 112:10). Tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako (tingnan sa D at T 1:38). May kapangyarihan Siyang tuparin ang mga pangakong iyon (tingnan sa Alma 37:16). Alam Niya ang lahat ng bagay! At ang pinakamahalaga, alam Niya ang pinakamabuti (tingnan sa Isaias 55:8–9).

Isang Mapanganib na Mundo

Ang ating mundo ngayon ay mahirap. Nariyan ang laganap na kasamaan, katiwalian sa bawat bansa,

terorismo kahit sa mga ligtas na lugar, pagbagsak ng ekonomiya, kawalan ng trabaho, sakit, mga kalamidad, mga digmaang-sibil, malulupit na lider, at iba pa. Ano ang dapat nating gawin? Tatakas ba tayo o lalaban? Ano ang tama? Alinman ang piliin ay maaaring mapanganib. Mapanganib para kay George Washington at sa kanyang hukbo na lumaban gayundin para sa ating mga ninunong pioneer na tumakas. Mapanganib para kay Nelson Mandela na makibaka para sa kala-yaan. Sinabi nga, na para manaig ang kasamaan, kailangan lang na walang gawin ang mabubuting tao.⁴

Huwag Matakot!

Anuman ang ating gagawin, hindi tayo dapat magdesisyon o kumilos nang dahil sa takot. Tunay ngang “hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan” (II Kay Timoteo 1:7). (Naisip ba ninyo na ang ideyang “huwag matakot” ay binigyang-diin sa buong banal na kasulatan?) Itinuro na sa akin ng Panginoon na ang panghihina ng loob at takot ay mga kasangkapan ng kaaway. Ang sagot ng Panginoon sa mahihirap na panahon ay sumulong nang may pananampalataya.

Ano ang Mahirap?

Bawat isa sa atin ay maaaring may ibang opinyon kung ano ang mahirap. Itinuturing ng ilan na mahirap magbayad ng ikapu kapag gipit sila sa pera. Kung minsang nahihirapang umasa ang mga lider na magbayad ng ikapu ang mahihirap. Maaaring mahirap para sa ilan sa atin na sumulong nang may pananampalataya na mag-asawa o magpamilya. May mga nahihirapang “malugod sa [kung ano ang] iniukol sa [kanila] ng Panginoon” (Alma 29:3). Maaaring mahirap makuntento sa kasalukuyan nating tungkulin (tingnan sa Alma 29:6). Maaaring napakahirap ng disiplina sa Simbahan, subalit sa ilan, ito ay simula ng tunay na proseso ng pagsisisi.

Anuman ang isyu, ang mahirap ay maaaring mabuti para sa mga sumulong nang may pananampalataya at magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang plano.

Ang Aking Patotoo

Mga kapatid, nagpapatotoo ako na ang mga lider na nakaupo sa aking likuran ay tinawag ng Diyos. Hangad nilang maglingkod nang maayos sa Panginoon at maitatag ang ebanghelyo sa ating puso. Mahal ko sila at sinusuportahan.

Mahal ko ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Namamangha ako na lubos ang pagmamahal Niya para sa Ama at sa atin para maging ating Tagapagligtas at Manunubos; kaya sa paggawa nito ay kinailangan Niyang magdusa na naging sanhi upang Siya'y “manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at espiritu” (D at T 19:18). Subalit sa harap ng kakila-kilabot na sitwasyong ito at dahil kailangan ito, matatag Niyang sinabi sa Ama, “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo” (Lucas 22:42). Nagagalak ako sa salita ng mga anghel: “Siya'y wala rito: sapagka't siya'y nagbangon” (Mateo 28:6).

Ang Kanyang halimbawa talaga “ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay” (Juan 14:6). Sa pagtulad lamang sa halimbawang iyon tayo magkakaroon ng “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating” (D at T 59:23). Kapag sinusunod ko ang Kanyang halimbawa at ipinamumuhay ang Kanyang mga turo, nalalaman ko sa sarili ko na ang bawat isa sa Kanyang “mahahalaga at napakadakilang pangako” (II Ni Pedro 1:4) ay totoo.

Ang pinakadakila kong hangarin ay manindigang kasama ni Mormon bilang tunay na disipulo ni Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 5:13) at balang-araw ay marinig mula sa Kanyang mga labi, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na [tagapaglingkod]” (Mateo 25:21). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Lectures on Faith* (1985), 69.
2. Thomas S. Monson, “Mga Pagpili,” *Liahona*, Mayo 2016, 86.
3. Thomas S. Monson, “Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2011, 92.
4. Tingnan as John Stuart Mill, *Inaugural Address: Delivered to the University of St. Andrews, Feb. 1, 1867* (1867), 36.



Ni Elder Adilson de Paula Parrella
Ng Pitumpu

Mahahalagang Katotohanan—Ang Pangangailangan Nating Kumilos

Nagdala ang Unang Pangitain at si Propetang Joseph Smith ng karagdagang kaalaman at katotohanan na kinakailangan para sa ating kaligayahan sa buhay na ito at sa ating kadakilaan sa piling ng Diyos.

Noong mga pitong taong gulang ako, tinanong ko ang aking ina, “Kapag namatay na po tayo at pumunta sa langit, ikaw pa rin ba ang magiging nanay ko?” Hindi niya inaasahan ang ganoong tanong. Ngunit sumagot siya sa abot ng lahat ng nalalaman niya, sinabi niya, “Hindi, dahil magiging magkakapatid tayo sa langit. Hindi mo ako magiging nanay.” Hindi iyon ang sagot na inaasahan ko.

Ilang panahon pagkatapos ng pag-uusap na iyon, dalawang binatang lalaki ang dumating sa aming tarangkahan. Himala na pinapasok sila ng aking ama. Sinabi nilang sila ay mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Nagsimulang turuan ng mga elder na ito, na natutuhan naming tawag sa kanila, ang aming pamilya. Malinaw pa sa aking alaala ang nararamdaman

naming kaligayahan at pagkasabik tuwing pumupunta sila sa aming tahanan. Sinabi nila sa amin na isang batang lalaki ang pumunta sa kakahuyan upang magtanong sa Diyos kung aling simbahan ang totoo at nakita niya ang Diyos at si Jesucristo.¹ Ipinakita sa amin ng mga elder ang isang paglalarawan ng pangitaing iyon, at nang



makita ko ito, nalaman ko na tunay na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo. Sinabi sa amin ng mga missionary na dahil sa pangitaing iyon, muling nagkaroon ng totoong Simbahan ni Jesucristo sa mundo.²

Itinuro sa amin ng mga missionary ang plano ng kaligayahan ng Diyos at sinagot ang mga tanong ng aming pamilya tungkol sa relihiyon. Itinuro nila na ang mga pamilya ay talagang magkakasama pagkatapos ng buhay na ito bilang ama, ina, at mga anak na lalaki at babae.

Nabinyagan ang aming pamilya. Ang landas tungo sa pagbabago ng mga lumang nakagawian, pag-iwan sa mga tradisyon, at pagiging aktibong mga miyembro ng Simbahan ay mahirap kung minsan. Subalit dahil sa biyaya at pagmamahal ng Diyos at sa tulong ng maraming lider at miyembro, nalampasan namin ang mga unang taon na puno ng hamon.

Nagtamo ng patotoo sa Unang Pangitain ang milyun-milyong sumapi na sa Simbahan, kabilang ang maraming nagbabalik-loob at nagpabinyag bawat linggo. Mauulit nang madalas ng Espiritu Santo ang pagpatotoong ito sa bawat isa sa atin kung magsisikap tayong ipamuhay ang mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Nagdala ang Unang Pangitain at si Propetang Joseph Smith ng karagdagang kaalaman at katotohanan na kinakailangan para sa ating kaligayahan sa buhay na ito at sa ating kadakilaan sa piling ng Diyos. Babanggitin ko ang tatlong katotohanang natamo natin at dapat na ipamuhay dahil lumuhod ang isang batang lalaki upang taimtim na manalangin.

Tumatawag ang Diyos ng mga Propeta upang Pamunuan at Gabayan Tayo

Ang isang kinakailangang katotohanan na natutuhan natin sa Unang Pangitain at kay Propetang Joseph Smith ay tumatawag ang Diyos ng mga propeta,³ tagakita, at tagapaghayag upang magturo, gumabay, magbabala, at mamuno sa atin.⁴ Ang mga banal na kalalakihang ito ang mga tagapagsalita

ng Diyos sa mundo,⁵ na may awtoridad na magsalita at kumilos sa pangalan ng Panginoon.⁶ Sa pamamagitan ng mahigpit na pagsunod sa kanilang mga payo, mapoprotektahan at makatatanggap tayo ng mainam na pagpapala sa ating paglalakbay sa mundong ito.

Habang nag-aaral sa Brigham Young University noong ako ay binatang returned missionary, dumalo ako sa isang sesyon ng priesthood ng pangkalahatang kumperensya sa Tabernacle sa Temple Square. Hinikayat ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Simbahan, ang bawat returned missionary na seryosohin ang pag-aasawa at gawin itong pangunahing prayoridad sa kanilang buhay.⁷ Pagkatapos ng sesyon, alam kong tinawag akong magsisi at kailangang gawin ang tagubilin ng propeta.

Kaya nagpasiya akong bumalik sa Brazil, ang pinagmulan kong bansa, para maghanap ng magiging asawa. Bago magtungo sa Brazil para mag-intership nang dalawang buwan, tinawagan ko sa telepono ang aking nanay at ilang mga kaibigan at nakagawa ng listahan ng 10 kababaihan—ang bawat isa sa kanila ay maaari kong maging asawa.

Habang nasa Brazil, matapos ang lubos na pagninilay at panalangin, nakilala, idineyt, na-engage, at nagtakda ako ng petsa para pakasalan ang isa sa mga babae na nasa aking listahan. Hindi iyon ang pinakamabilis para sa mga estudyante sa Provo, Utah, para makipagdeyt at ma-engage, pero talagang napakabilis nito para sa mga taga-Brazil.

Makaraan ang ilang buwan, pinakasalan ko si Elaine. Siya ang pag-ibig ng aking buhay at isang napakagandang pagpapala.

Hindi ko iminumungkahing gumawa ang bawat isa ng katulad na listahan, subalit ang iminumungkahi ko—siguro ay higit pa ito sa pagmumungkahi—na palagi tayong kumilos kapag nagsalita ang ating buhay na propeta.

Ang propeta ng Diyos ngayon ay si Pangulong Thomas S. Monson, at pagpapalain tayo sa pamamagitan ng pagsunod nang may kahustuhan sa kanyang mga tagubilin.

Ang Kaalaman tungkol sa Totoong Katangian ng Diyos

Ang isa pang katotohanang natutuhan natin dahil sa Unang Pangitain at kay Propetang Joseph Smith ay ang totoong katangian ng Diyos. Isipin kung gaano tayo pinagpala na nalalaman natin na ang Diyos ay isang nilalang na may katawan na may laman at buto na nahahawakang tulad ng sa atin,⁸ na maaari nating sambahin ang isang Diyos na tunay, na kaya nating maunawaan, at nagpakita at inihayag ang Kanyang sarili at ang Kanyang Anak sa Kanyang mga propeta—kapwa sa mga propeta noong sinauna at nitong mga huling araw.⁹ Siya ay isang Diyos na nakikinig at sumasagot sa ating mga panalangin;¹⁰ isang Diyos na tumitingin sa atin mula sa langit sa kaitaasan¹¹ at patuloy na nag-aalala sa ating espirituwal at temporal na kalagayan; isang Diyos na nagbigay sa atin ng kalayaang magpasiya para sa ating sarili na sumunod sa Kanya at sundin ang Kanyang mga kautusan nang walang pamimilit;¹² isang Diyos na nagbibigay sa atin ng mga pagpapala at nagpapahintulot sa atin na harapin ang mga pagsubok upang lumago tayo at maging katulad Niya.

Siya ay isang mapagmahal na Diyos na naglaan ng isang plano upang sa pamamagitan nito ay matamasa natin ang kaligayahan sa buhay na ito at sa kawalang hanggan.

Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas

Mula sa Unang Pangitain at kay Propetang Joseph Smith, natanggap natin ang kaalaman tungkol sa katotohanan at banal na misyon ng Panginoong Jesucristo, na pangulong bato sa panulok ng ating relihiyon.

Dahil nagkaroon ng kamatayan sa mundo, yamang tayo ay nabubuhay ngayon, tayong lahat ay mamamata rin balang araw. Ang isa sa mga epekto ng kamatayan ay ang permanenteng pagkawala ng ating pisikal na katawan; wala tayong magagawa para makuha itong muli. Dagdag pa rito, dahil tayong lahat ay nagkakasala sa ating paglalakbay dito sa mundo, hindi na tayo makababalik pa sa piling ng ating Ama sa Langit.

Nahihinuha ba ninyo ang mga resulta ng hindi makapiling ang Diyos at ng hindi na muling magkaroon ng katawan?

Kailangan ang isang Tagapagligtas at Manunubos na magpapalaya sa atin mula sa kamatayan at kasalanan. Sa ilalim ng patnubay ng Ama sa Langit, si Jesucristo ay dumating sa mundo, nagdusa, namatay sa krus, at nabuhay na muli upang tayo rin ay mabuhay na muli at, sa pamamagitan ng taimtim na pagsisisi at paggawa at pagtupad ng mga banal na tipan, ay muling makababalik sa piling ng Diyos.

Ipinaliwanag ni Jacob, “O kaydakila ng kabutihan ng ating Diyos, na naghandang daan upang tayo ay makawala mula sa mahigpit na pagkakahawak ng kakila-kilabot na halimaw na ito; oo, yaong halimaw, na kamatayan at impierno, na tinatawag kong kamatayan ng katawan, at kamatayan din ng espiritu.”¹³

Si Jesus ang ipinangakong Mesiyas, ang Tagapagbigay ng Kautusan, ang Banal ng Israel, ang ating Panginoon, ang ating Tagapagligtas, ang ating Manunubos, ang ating Hari, ang ating Lahat.

Nawa ay patuloy nating isabuhay ang mahahalagang katotohanan at kaalamang ito, iniaalay ang ating pagsunod sa Diyos at sa Kanyang Bugtong na Anak. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–18.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:30.
3. Tingnan sa Amos 3:7.
4. Halimbawa, tingnan ang tungkol sa *magturo*: Mateo 28:20; 2 Nephi 9:48; *gumabay*: *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Gordon B. Hinckley (2016), 293–94; *magbabala*: Ezekiel 3:17; *mamuno*: Doktrina at mga Tipan 124:45.
5. Tingnan sa 2 Nephi 3:18.
6. Tingnan sa Ezekiel 3:4; Lucas 1:70; Mga Gawa 3:21; Doktrina at mga Tipan 1:38.
7. Tingnan sa Ezra Taft Benson, “To the Single Adult Brethren of the Church,” *Ensign*, Mayo 1988, 51–53.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:2–3.
10. Tingnan sa Mosias 9:18.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:1.
12. Tingnan sa 2 Nephi 2:27; Helaman 14:30; Doktrina at mga Tipan 58:28.
13. 2 Nephi 9:10.



Ni Elder Ian S. Ardern
Ng Pitumpu

Maghanap Kayo sa Pinakamabubuting Aklat

Sa pag-aaral natin ng pinakamabubuting aklat, pinoprotektahan natin ang ating mga sarili mula sa mapanganib na mga pangang naghahangad na ngatain ang ating mga espirituwal na ugat.

Isang umaga ng tag-init, nakakita ako ng isang gutom at mahusay na nakabalatkayong higad sa isang magandang halamang rosas. Sa hitsura ng ilan sa mga nawalan ng mga usbong na dahon, malinaw kahit sa isang kaswal na nagmamasid na nginata na nito ang mga murang dahon gamit ang mapanganib na mga panga nito. Bilang paghahambing, hindi ko mapigilang isipin na marami ang mga taong katulad ng higad na ito; matatagpuan sila sa buong mundo, at ang ilan ay mahusay na nakabalatkayo kaya maaaring napahihintulutan natin silang makapasok sa ating mga buhay, at bago pa natin ito mamalayan, nakain na nila ang ating mga espirituwal na ugat at gayundin ang sa ating mga kapamilya at kaibigan.

Nabubuhay tayo sa panahon kung saan laganap ang mga maling impormasyon tungkol sa ating mga paniniwala. Sa ganitong panahon, kapag hindi natin pinrotektahan at pinalalim ang ating mga espirituwal na ugat, inaanayahan natin na ngatain ito ng mga nagnanais na wasakin ang ating panampalataya kay Cristo at ang ating

paniniwala sa Kanyang ipinangumalik na Simbahan. Sa panahon ng Aklat ni Mormon, si Zisrom ang naghangad na wasakin ang panampalataya ng mga naniniwala.

Ang kanyang mga kilos at pananalita ay “isang patibong ng kaaway na kanyang inilatag upang mahuli ang mga tao . . . nang [sila] ay mapasailalim sa kanya, upang maigapos niya [sila] ng kanyang mga tanikala” (Alma 12:6). Mayroon pa rin ngayon ng ganoong mga patibong,



at maliban kung tayo ay masigasig sa espirituwal at nagtatayo ng matibay na saligan sa ating Manunubos (tingnan sa Helaman 5:12), maaari nating makita ang ating mga sarili na nakagapos sa mga tanikala ni Satanas at dahan-dahang inaakay sa mga ipinagbabawal na landas na binanggit sa Aklat ni Mormon (tingnan sa 1 Nephi 8:28).

Nagbigay ng isang babala si Apostol Pablo na magagamit natin sa ating panahon ngayon: “Aking talastas na . . . magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan” (Mga Gawa 20:29–30).

Nagpapaalaala sa atin ang kanyang babala at ang mga babala ng ating mga propeta at apostol na kailangang gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang patibayin natin ang ating sarili sa espirituwal laban sa mga salita ng pag-salungat at panlilinlang. Sa pagbisita ko sa mga ward at stake ng Simbahan, napapasigla ako sa aking nakikita, narinig, at nararamdaman kapag positibo at matapat na tumutugon ang mga Banal sa mga turo ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga tagapaglingkod.

Ang pagdami ng mga gumagalang sa araw ng Sabbath ay isang halimbawa lamang na pinalalakas ng mga miyembro ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga paanyaya ng propeta. Ang higit pang pagpapalakas ay makikita sa pagdami ng nagagawa sa templo at family history kapag ang mga pamilya ay tinitipon ang kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Mas lumalalim ang ating mga espirituwal na ugat kapag ginawang suporta ng ating panampalataya ang pagdarasal nang personal at bilang pamilya at kapag nagsisisi tayo araw-araw, naghahangad na makasama ang Espiritu Santo, at natututuhan ang tungkol sa ating Tagapagligtas at sa Kanyang mga katangian at nagsisikap na maging katulad Niya (tingnan sa 3 Nephi 27:27).

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang Ilaw ng Sanglibutan, at inaanayahan Niya tayong sumunod sa Kanya. Dapat tayong magtiwala



sa Kanya sa lahat ng oras at lalo na kung may madilim at mabagyang mga gabi kapag ang unos ng pagdududa at kawalang-katiyakan, tulad ng isang lumiligid na hamog, ay unti-unting lumalaganap. Kung ang mga mapanurong mga darili mula sa “kabila ng ilog ng tubig, [kung saan] isang malaki at maluwang na gusali [ang nakatayo]” (1 Nephi 8:26) ay parang nakaturo sa inyo na nanlalait, nanunuya, at nag-iimbita, hinihiling ko sa inyong agad na tumalikod upang hindi kayo mahikayat sa pamamagitan ng mga tuso at lihis na paraan para maihiwalay ninyo ang inyong mga sarili mula sa katotohanan at sa mga pagpapala nito.

Gayunman, hindi sapat na ito lamang ang gawin sa panahong ito kung saan ang masasamang bagay ay sinasabi, isinusulat, at inilalarawan. Itinuro sa atin ni Elder Robert D. Hales na “hangga’t di ninyo ganap na ipinamumuhay ang ebanghelyo—nang inyong buong ‘puso, kakayahan, pag-iisip at lakas’—di kayo makapagbibigay ng sapat na espirituwal na liwanag upang maiwaksi ang kadi-liman” (“Mula sa Kadiliman Tungo sa Kanyang Kagila-gilalas na Kaliwanagan,” *Liahona*, Hulyo 2002, 78). Tunay ngang ang ating pagnanais na sundin si Cristo, na Siyang Ilaw ng Sanglibutan (tingnan sa Juan 8:12), ay nangangahulugang kailangan nating gawin ang Kanyang mga turo. Tayo ay mapapalakas, mapapatibay, at mapoprotektahan sa espirituwal kapag namuhay tayo ayon sa salita ng Diyos.

Kapag nasa ating buhay ang higit na liwanag, mas kaunti ang mga anino.

Gayunman, kahit napakaraming liwanag, nakalantad pa rin tayo sa mga tao at komentong nagpapahayag nang mali tungkol sa ating mga paniniwala at sumusubok sa ating pananampalataya. Isinulat ni Apostol Santiago na “ang pagsubok ng [ating] pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis” (Santiago 1:3). Gamit ang kaalamang ito, itinuro ni Elder Neal A. Maxwell na “ang matiising disipulo . . . ay hindi magugulat o mawawasak kapag may maling ulat tungkol sa Simbahan” (“Patience” [Brigham Young University devotional, Nob. 27, 1979], speeches.byu.edu).

Ang mga katanungan tungkol sa kasaysayan at mga paniniwala ng ating Simbahan ay lumilitaw. Kailangan ng matinding pag-iingat kung saan tayo hahanap ng mga tamang kasagutan. Walang mapapala sa paggalugad ng mga pananaw at opinyon ng mga hindi masyadong nakaaalam o nawalan na ng gana. Ibinigay ni Apostol Santiago ang pinakamahusay na payo: “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios” (Santiago 1:5).

Dapat muna tayong mag-aral nang mabuti at pagkatapos ay humingi sa Diyos, dahil iniutos sa atin sa mga banal na kasulatan na maghanap “sa pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan” at “maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118). Napakarami ng mga aklat na ito, na isinulat ng mga inspiradong lider ng Simbahan at ng mga kilala, tapat, at mapagkakatiwalaang mga iskolar ng kasaysayan at doktrina ng Simbahan. Sa pagbanggit nito, wala nang hihigit pa sa karingalan ng ipinahayag na salita ng Diyos sa mga awtorisadong banal na kasulatan. Mula sa maninipis na pahinang mayaman sa kaalamang espirituwal, natututuhan natin ang katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu Santo at dahil doon ay lalo tayong nagliliwanag.

Hinikayat tayo ni Pangulong Thomas S. Monson na “pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw” (“Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 87).

Ilang taon na ang nakalilipas, habang naglilingkod ako bilang pangulo ng Fiji Suva Mission, nagkaroon ng karanasan ang ilang missionary na nagpatibay sa kanila ng nakapagpabalik-loob na kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Sa isang mainit at maalinsangang araw, dalawang elder ang dumating sa isang tahanan sa isang maliit na pamayanan sa Labasa.

Pinagbuksan sila ng pinto ng isang matandang lalaki na nakinig habang nagpapatotoo ang mga missionary sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. Binigyan nila siya ng isang kopya at inanyayahang magbasa at manalangin para malaman, tulad nila, na ito ay salita ng Diyos. Maikli ang sagot niya: “Babalik ako sa pangingsda bukas. Babasahin ko ito habang nasa laot, at pagbalik ko, maaari ninyo akong bisitahing muli.”

Habang nasa malayo siya, nagkaroon ng mga paglipat ng mga missionary, at pagkatapos ng ilang linggo, isang bagong pares ng mga elder ang bumisita sa mangingsda. Sa pagkakataong ito, nabasa na niya ang buong Aklat ni Mormon, nakatanggap ng pagpapatibay ng katotohanan nito, at nagnanais pang matuto.

Ang lalaking ito ay nagbalik-loob sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na nagpatotoo sa katotohanan ng mga mahahalagang salita sa bawat pahina ng mga pangyayari at doktrinang itinuro noong unang panahon at iningatan para sa ating panahon na nasa Aklat ni Mormon. Maaari din nating matanggap ang ganoong pagpapala.

Tamang-tamang lugar ang tahanan para mag-aral at magbahagi ang pamilya ng mahahalagang kaalaman mula sa mga banal na kasulatan, at mga salita ng mga buhay na propeta at magbasa ng mga materyal ng Simbahan sa LDS.org. Makikita ninyo roon ang napakaraming impormasyon tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo tulad ng mga tala tungkol sa Unang Pangitain. Sa pag-aaral natin ng pinakamabubuting aklat, pinoprotektahan natin ang ating mga sarili mula sa mapanganib na mga pangang naghahangad na ngatain ang ating mga espirituwal na ugat.

Sa kabila ng lahat ng ating pana-
langin, pag-aaral, at pagninilay,
mayroon pa ring ilang tanong na
nangangailangan ng sagot, ngunit
hindi natin dapat hayaan ito na pata-
yin ang apoy ng pananampalatayang
nagniningas sa ating puso. Ang mga
tanong na ito ay mga paanyaya sa atin
na palakasin ang ating pananampa-
lataya at hindi dapat maging dahilan
para malinlang tayo na magduda.
Ang pinakamahalagang katangian
ng relihiyon ay ang hindi pagkaka-
roon ng tiyak na mga kasagutan sa
bawat tanong, dahil ito ang isa sa
mga layunin ng pananampalataya.
Tungkol dito, itinuro sa atin ni Elder
Jeffrey R. Holland na “pagdating ng
mga sandaling iyon at magkaroon ng
mga problema, at hindi ito malutas
kaagad, *manangan nang mahigpit sa
nalalaman na ninyo at manindigan
hanggang sa dumating ang karagda-
gang kaalaman*” (“Panginoon,
Nananampalataya Ako,” *Liahona*,
Mayo 2013, 94).

Nakikita natin sa ating paligid ang
kagalakan ng napakaraming tao na
nananatiling matatag sa pamamagi-
tan ng patuloy na pangangalaga sa
kanilang mga espirituwal na ugat.
Sapat ang kanilang pananampalataya
at pagsunod na nagbigay sa kanila
ng malaking pag-asa sa kanilang
Tagapagligtas, at mula riyang ay nang-
gagaling ang malaking kaligayahan.
Hindi nila sinasabing nalalaman nila
ang lahat ng bagay, subalit nagsikap
sila nang husto upang magkaroon ng
kapayapaan at mamuhay nang may
pagtitiyaga habang hinahangad na mas
matuto pa. Nang taludtod sa taludtod,
ang kanilang pananampalataya ay
matibay na nakatuon kay Cristo, at sila
ay hindi natitinag bilang mga kababa-
yan na kasama ng mga Banal.

Nawa ay makapamuhay tayo
na hindi binibigyang-puwang ang
mapanganib na mga panga ng mga
nakabalatkayong higad, hindi ngayon
at kailanman, sa ating buhay upang
manatili tayong “matatag sa pananam-
palataya kay Cristo maging hanggang
sa katapusan” (Alma 27:27). Sa panga-
lan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Jose L. Alonso
Ng Pitumpu

Mangag-ibigan sa Isa't Isa Tulad ng Pag-ibig Niya sa Atin

Sa pamamagitan ng paglilingkod at pagpapatawad sa isa't isa nang
may tunay na pagmamahal, maaari tayong mapagaling at mapalakas
upang malampasan ang ating sariling mga pagsubok.

Sa Huling Hapunan, nagbigay ng
bagong kautusan ang Tagapaglig-
tas sa Kanyang mga disipulo, na
nagsasabing:

“Isang bagong utos ang sa inyo'y
ibinigay ko, na kayo'y mangagibigan
sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko
kayo, ay mangagibigan naman kayo sa
isa't isa.

“Sa ganito'y mangakikilala ng lahat
ng mga tao na kayo ay aking mga
alagad, kung kayo'y may pagibig sa
isa't isa.”¹

Ang mga disipulo ng Tagapagligtas
ay binigyan ng isang bagong kautusan
na gumawa ng isang bagay na mas
nakahihigit, isang bagay na mas dakila,
at isang bagay na mas banal. Maibubu-
od ang bagong kautusan at paanyayang
ito sa pinakamahalagang pariralang
“kung paanong iniibig ko kayo.”

**Ang Pag-ibig ay Gawa; Ang Pag-ibig ay
Paglilingkod**

“Ang pag-ibig ay isang damdaming
puno ng masidhing pagmamalasakit,

pag-aalala, at pagkagiliw. Ang pina-
kamagandang halimbawa ng pag-ibig
ng Diyos para sa Kanyang mga anak
ay makikita sa walang hanggang
Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”²

“Sapagkat gayon na lamang ang pag-
sinta ng Dios sa sanglibutan,” itinala ni
Juan, “na ibinigay niya ang kaniyang





bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”³ “Ang pag-ibig sa Diyos at kapwa-tao ay isang kata-ngian ng mga disipulo ni Jesucristo.”⁴

Ilang taon na ang nakalilipas, noong ang aming pinakamatandang apong si Jose ay apat na taong gulang, nakikipaglaro siya sa aking asawa. Habang nagtatawanan sila at nagkakatuwaan, tinanong siya ng aming apo, “Lola, mahal po ba ninyo ako?”

Sinagot niya ang bata, “Oo, Jose, mahal kita.”

Pagkatapos ay may isa pa siyang itinanong: “Paano po ninyo nalamang mahal ninyo ako?”

Ipinaliwanag niya sa kanya ang kanyang mga nararamdaman at sinabi rin sa kanya ang lahat ng mga nagawa na niya at mga handa pang gawin para sa kanya.

Kalaunan, itinanong din ito ng asawa ko kay Jose, kabilang na ang nakaaantig na tanong na ito: “Paano mo nalamang mahal mo ako?”

Sa kanyang inosente at taos-pusong sagot, sinabi niyang, “Mahal kita dahil nararamdaman ko po ito sa puso ko.” Ang mapagmahal na ugali ni Jose sa kanyang lola noong araw na iyon at sa tuwina ay nagpapakita na ang pag-ibig ay kombinasyon ng gawa at masidhing damdamin.

Itinuro ni Haring Benjamin, “Masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos.”⁵

Sa mundo ngayon na puno ng napakaraming paghihirap dahil sa iba’t ibang sitwasyon, ang pagpapadala ng isang text message na may isang nakakatawang emoji o ang pagpo-post ng isang magandang larawan na may mga salitang “Mahal kita” ay mabuti at mahalaga. Subalit ang kinakailangang gawin ng marami sa atin ay iwanan ang ating mga mobile device at, gamit ang ating mga kamay at paa, ay tumulong sa ibang may matinding pangangailangan. Ang pag-ibig na walang paglilingkod ay tulad ng pananampalatayang walang gawa; tunay na ito’y patay.

Ang Pag-ibig ay Pagpapatawad

Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, na pag-ibig sa kapwa-tao,⁶ ay hindi lamang pumupukaw sa atin na kumilos at magbigay ng mga paglilingkod kundi magkaroon din ng lakas upang magpatawad, anuman ang sitwasyon. Magbabahagi ako sa inyo ng isang karanasan na nakaapekto at nagpabago sa aking buhay. Binigyan ako ng pahintulot nina Ted at Sharon, mga magulang ni Cooper, na narito ngayon,

na ibahagi ang nangyari sa kanilang pamilya mahigit siyam na taon na ang nakararaan. Ilalahad ko ang karanasang ito mula sa pananaw ni Ted, ang ama ni Cooper:

Agosto 21, 2008 ang unang araw ng pasok sa paaralan, at ang tatlong nakatatandang kapatid ni Cooper na sina Ivan, Garrett, at Logan, ay nasa bus stop na lahat at naghihintay na makasakay ng bus. Si Cooper, na apat na taong gulang, ay nakasakay ng bisikleta, ang asawa kong si Sharon ay naglalakad.

Nasa kabilang kalsada ang asawa ko at sinenyasan si Cooper na tumawid. Sa oras din iyon, isang kotse ang dahan-dahang lumiko sa kaliwa at nasagasaan si Cooper.

Nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa isang kapitbahay na nagsabi sa aking nabangga ng isang kotse si Cooper. Mabilis akong nagmaneho patungo sa bus stop para makita siya. Nakahiga si Cooper sa damuhan, nahihirapang huminga, pero walang makikitang mga pinsala.

Lumuhod ako sa tabi ni Cooper at nagsabi ng nakahihikayat na mga bagay tulad ng “Magiging maayos ang lahat. Kumapit ka lang.” Sa sandaling iyon, dumating ang aking high priest group leader na si Nathan kasama ang kanyang asawa. Iminungkahi ng asawa ni Nathan na bigyan namin si Cooper ng priesthood blessing. Ipinatong namin ang aming mga kamay sa ulo ni Cooper. Hindi ko na maalala kung ano ang mga sinabi ko sa basbas, pero malinaw sa alaala ko ang presensya ng iba pa na nakapalibot sa amin, at sa sandaling iyon ko nalaman na papanaw si Cooper.

Inilipad si Cooper ng isang helicopter papunta sa ospital ngunit siya ay pumanaw na nga. Nadama kong sinasabi sa akin ng Ama sa Langit na natapos na ang pag-aalaga ko kay Cooper dito sa mundo at Siya na ngayon ang mag-aalaga rito.

Nakasama pa namin ng ilang sandali si Cooper sa ospital. Inihanda siya ng mga nagtatrabaho doon para mawakan namin siya at makapagpaalam at pinahintulutan kami na makapiling siya hangga’t maaari, hinahawakan siya hangga’t nais namin.

Sa aming pag-uwi, nagtinginan kami ng aking nagdadalamhating asawa at nagsimulang pag-usapan ang batang lalaking nagmamaneho ng kotse. Hindi namin siya kilala, kahit na isang kalye lang ang layo ng tinitirhan niya at sakop ng hangganan ng aming ward.

Napakahirap ng sumunod na araw dahil kaming lahat ay lubusang ginapi ng pagdadalamhati. Lumuhod ako at inusal ang pinakataimtim na panalanging nasambit ko. Hiniling ko sa Ama sa Langit sa pangalan ng Tagapagligtas na alisin sa akin ang nakagagaping pagdadalamhating ito. Ginawa Niya ito.

Kinalaunan noong araw na iyon, isa sa mga tagapayo sa stake presidency ang nag-iskedyul para makaharap namin ang binatilyo—ang nagmamaneho ng kotse—at ang kanyang mga magulang sa tahanan ng tagapayo. Hinintay namin ni Sharon ang pagdating ng bata at ng kanyang mga magulang.

Nang bumukas ang pinto, nakaharap namin sila sa unang pagkakataon. Ibinulong sa akin ng bishop namin na, “Lapitan mo siya.” Sabay namin siyang niyakap ni Sharon. Umiyak kami nang tila ba napakahabang panahon. Sinabi namin sa kanya na alam namin na talagang isang aksidente ang nangyari.

Himala ito para kay Sharon at sa akin, dahil kapwa namin naramdaman iyon at nararamdamam pa rin namin ito ngayon. Sa biyaya ng Diyos, nagawa naming tahakin ang malaking landas, ang malinaw na landas, ang tanging landas, at mahalín ang mabuting binatilyong ito.

Naging malapit kami sa kanya at sa kanyang pamilya sa paglipas ng mga taon. Ibinahagi niya sa amin ang kanyang mga pinakamahalagang karanasan. Pumunta rin kami sa templo na kasama niya habang naghahanda siya para sa kanyang misyon.⁷



Mga kapatid, walang dudang alam ni Ted na mahal tayo ng ating Ama sa Langit. Alam niya na ang makapagpatawad, at alisan ang sarili ng pasanin sa ganoong paraan, ay kasing saya ng mapatawad. Ang kaligayahang ito ay nagmumula sa pagtulad sa halimbawa ng ating pinakadakilang Halimbawa. Sa Aklat ni Mormon, ipinahayag ni Alma tungkol sa Tagapagligtas, “At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.”⁸

Mga kapatid, talagang kahanga-hanga ang kuwento ng tunay na pag-ibig at pagpapatawad. Maaari din tayong magkaroon ng kagalakan at kaligayahan kapag tayo ay naglilingkod at nagpapatawad sa iba. Madalas sabihin ni Georgy, isa pa sa aming mga apo, “Anong klaseng pamilya tayo?” At ang sagot niya, “Tayo ay isang masayang pamilya.”

Ipinayo sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson: “Suriin natin ang ating buhay at magpasiyang [tularan] ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagiging mabait, mapagmahal, at may pag-ibig sa kapwa-tao.”⁹

Alam kong mahal tayo ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, at handa silang tulungan tayong kumilos kapag nangag-iibigan tayo sa isa’t isa tulad ng pag-ibig Nila sa atin. At alam kong sa pamamagitan ng paglilingkod at pagpapatawad sa isa’t isa nang may tunay na pagmamahal, maaari tayong mapagaling at mapalakas upang malampasan ang ating sariiling mga pagsubok. At ipinahayag ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Juan 13:34–35.
2. “Love,” Gospel Topics, topics.lds.org.
3. Juan 3:16.
4. “Love,” Gospel Topics, topics.lds.org.
5. Mosias 2:17.
6. Tingnan sa Moroni 7:47.
7. Halaw at hango mula sa Ted Mardesich, manuskritong hindi nakalathala.
8. Alma 7:11.
9. Thomas S. Monson, “Kabaitan, Pag-ibig sa Kapwa-tao, at Pagmamahal,” *Liahona*, Mayo 2017, 67.



Ni Elder Neil L. Andersen
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Tinig ng Panginoon

Pinatotohanan ko na narinig natin sa kumperensyang ito ang tinig ng Panginoon. Ang pagsubok sa atin ay kung paano tayo tutugon.

Una, isang magiliw na mensahe para sa maliliit na bata. Oo, ito ang huling sesyon, at oo, ako ang huling tagapagsalita.

Kamakailan, habang bumibisita sa Provo City Center Temple, hinangaan ko ang isang ipinintang larawan na pinamagatang *First Vision from Afar*. Ipinapakita sa larawan ang liwanag at kapangyarihang mula sa langit nang binisita ng Ama at ng Anak ang batang Joseph Smith.

Bagaman hindi inihahambing sa napakabanal na pangyayaring nagpasimula ng Pagpapanumbalik, nakikinita ko ang katulad na imahe na nagpapakita ng liwanag at espirituwal na kapangyarihan ng Diyos na bumababa sa

pangkalahatang kumperensyang ito at, dahil dito, kumikilos ang kapangyarihan at liwanag na iyon sa buong mundo.

Nagpapatotoo ako sa inyo na si Jesus ang Cristo, na ginagabayan Niya ang mga nangyayari sa banal na gawaing ito, at ang pangkalahatang kumperensya ay isa sa mga pinakamahalagang panahon na nagbibigay Siya ng direksyon sa Kanyang Simbahan at sa atin mismo.

Tinuturuan Mula sa Kaitaasan

Noong araw na inorganisa ang Simbahan, itinalaga ng Panginoon si Joseph Smith bilang propeta, tagakita, at apostol ng Panginoong Jesucristo¹ at sinabi sa Simbahan:

“Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya.

“Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; . . . at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti.”²

Kalaunan, lahat ng miyembro ng Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay sinangayunan at inorden bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.³

Ngayon, habang nagtitipon tayo sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Thomas S. Monson, inaasahan nating marinig “ang kalooban ng Panginoon, . . . ang kaisipan ng Panginoon, . . . ang tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.”⁴ Nagtitiwala tayo sa Kanyang pangakong: “Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa.”⁵

Sa gitna ng kaguluhan at kalituhan ng ating modernong daigdig, ang pagtitiwala at paniniwala sa mga salita ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa ay mahalaga sa ating espirituwal na paglago at pagtitiis.⁶

Nagtipun-tipon tayo sa napakagandang kumperensyang ito. Milyun-milyong mga Banal sa mga Huling Araw at mga miyembro ng ibang relihiyon sa mahigit 200 bansa, na nagsasalita ng mahigit sa 93 wika, ang dumadalo



Ipinapakita ng painting na Unang Pangitain mula sa Malayo ang liwanag at kapangyarihan mula sa langit.



Bumababa ang liwanag at espirituwal na kapangyarihan ng Diyos sa pangkalahatang kumperensya.



Lumalaganap naman sa buong mundo ang kapangyarihan at liwanag na nagmumula sa pangkalahatang kumperensya.

sa mga sesyong ito o nagbabasa ng mga mensahe ng kumperensya.

Naparito tayo matapos manalangin at maghanda. Marami sa atin ang may matitinding alalahanin at seryosong mga tanong. Gusto nating mapanibago ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas na si Jesucristo, at palakas ang kakayahan nating labanan ang tukso at iwasan ang mga pang-aabala. Pumarito tayo upang maturuan mula sa kaitaasan.

Ang Nasasaisip at Kalooban ng Panginoon

Para sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa, na karaniwang nagsasalita sa bawat kumperensya, ang napakalaking responsibilidad na paghahanda ng kanilang mensahe ay kapwa paulit-ulit na pasanin at banal na pagtitiwala.

Ilang taon na ang nakalipas, bago maging General Authority, tinanong ko si Elder Dallin H. Oaks kung naghanda siya ng hiwalay na talumpati para sa bawat stake conference. Sumagot siya na hindi niya ito ginagawa ngunit idinagdag na, “Ngunit ang mga mensahe ko sa pangkalahatang kumperensya ay naiiba. Maaaring pasadahan ko ng 12 hanggang 15 ulit para matiyak na ang sasabihin ko ay ang gusto ng Panginoon na sabihin ko.”⁷

Kailan at paano dumarating ang inspirayon para sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya?

Nang walang nakaatas na mga paksa, nakikita namin ang pag-uugnay ng langit sa mga paksa at tema ng walang-hanggang katotohanan tuwing kumperensya.

Sinabi ng isa sa mga Kapatid na ang kanyang paksa para sa kumperensyang ito ay ibinigay sa kanya kaagad pagkatapos ng kanyang mensahe noong Abril. Binanggit naman ng isa pa na nitong nakaraang tatlong linggo lamang ay nananalangin pa siya at naghihintay sa Panginoon. Ang isa pa, nang tinanong kung gaano katagal ginawa ang isang napakasensitibong mensahe, ay sumagot na, “Dalawampu’t limang taon.”

Kung minsan, dumarating agad ang pinaka-ideya, ngunit ang nilalaman at detalye ay kailangan ng matinding espirituwal na pagsisikap. Ang pag-aayuno



at panalangin, pag-aaral at pananampalataya ay palaging bahagi ng proseso. Nais ng Panginoon na walang pagkukunwari sa Kanyang tinig sa Kanyang mga Banal.

Ang direksyon para sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay kadalasang dumarating sa gabi o sa madaling-araw, kung kailan ang mensahe ay malayo sa isipan. Ang bigla-bigla, di-inaasahang ideya at, kung minsan, mga tiyak na salita at parirala ay dumadaloy bilang dalisay na paghahayag.⁸

Habang nakikinig kayo, ang mga mensaheng natatanggap ninyo ay maaaring napakaliteral o kaya ay sadyang para sa inyo lamang.

Sa pagsasalita noon sa pangkalahatang kumperensya, binanggit ko ang isang parirala na pumasok sa isip ko habang iniisip ko kung handa na ba akong magmisyon. Ang parirala ay “Hindi mo alam ang lahat, pero sapat na ang alam mo!”⁹ Isang dalagang nakaupo sa pangkalahatang kumperensya noong araw na iyon ang nagsabi sa akin na ipinagdarasal niya ang tungkol sa isang alok ng kasal, iniisip kung gaano ba niya kakilala ang binata. Nang sinabi ko ang mga salitang, “Hindi mo alam ang lahat, pero sapat na ang alam mo,” nagpatotoo ang Espiritu sa kanya na sapat *nga* ang pagkakilala niya sa binata. Maligaya na silang nagsasama bilang mag-asawa sa loob ng maraming taon.

Ipinapangako ko sa inyo na kapag inihanda ninyo ang inyong espiritu, at pumarito na inaasahang maririnig ninyo ang tinig ng Panginoon, darating ang mga ideya at pakiramdam sa inyong isipan na sadyang para sa inyo. Nadama na ninyo ang mga ito sa kumperensyang ito, o mararamdaman pa lang habang inaaral ninyo ang mga mensahe sa darating na mga linggo.

Para sa Ngayon at sa mga Darating na Buwan

Sinabi ni Pangulong Monson:

“Pag-ukulan natin ng oras na basahin ang mga mensahe sa kumperensya.”¹⁰

“Pagnilayan [ang mga ito]. . . . Napag-alaman ko . . . na higit pa akong natututo mula sa mga inspiradong mensaheng ito kapag pinag-aaralan ko pa ito nang mas mabuti.”¹¹

Ang mga turo sa pangkalahatang kumperensya ay ang mga bagay na nais ng Panginoon na pag-isipan natin ngayon at sa darating na mga buwan.

Ang pastol ay “pinangungunahan ang [kanyang mga tupa], at nagsisisunod sa kaniya ang mga tupa: sapagka’t nakikilala nila ang kaniyang tinig”¹²

Kadalasan, inaakay tayo ng Kanyang tinig na baguhin ang isang bagay sa ating buhay. Inaanyayahan Niya tayong magsisi. Inaanyayahan Niya tayong sumunod sa Kanya.



Pag-isipan ang mga pahayag na ito mula sa kumperensyang ito:

Mula kay Pangulong Henry B. Eyring kaninang umaga: “Pinatototohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay at nais Niyang bumalik kayo sa Kanya. Ito ang totoong Simbahan ng Panginoong Jesucristo. Kilala Niya kayo, mahal Niya kayo, at pinangangalagaan Niya kayo.”¹³

Mula kay Pangulong Uchtdorf kahapon: “Pinatototohanan ko na kapag nag-simula o nagpatuloy tayo sa paglalakbay patungo sa Diyos, magiging mas mabuti ang ating buhay . . . gagamitin tayo ng Panginoon sa pambihirang mga paraan upang mapagpala ang nasa paligid natin at maisakatuparan ang Kanyang walang-hanggang mga layunin.”¹⁴

Mula kay Pangulong Russell M. Nelson kahapon ng hapon: “Ipinangangako ko na sa araw-araw ninyong dibdibang pag-aaaral ng Aklat ni Mormon mapoprotektahan kayo laban sa mga kasamaan ngayon pati na sa laganap na salot ng pornograpiya at ng iba pang nakama-manhid na adiksyon.”¹⁵

Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks kahapon: “Pinatototohanan ko na ang pagpapahayag tungkol sa pamilya ay isang pahayag ng katotohanan na walang-hanggan, ang kalooban ng Panginoon para sa Kanyang mga anak na naghahangad ng buhay na walang-hanggan.”¹⁶


At mula kay Elder Ballard ilang minuto lang kanina: “Kailangan nating yakapin ang mga anak ng Diyos nang may habag at alisin ang anumang

panghuhusga, pati na ang pagkapoot sa lahi, diskriminasyon sa kasarian, at nasyonalismo.”¹⁷

Dahil mayroon kaming karagdagang minuto, nais kong magdagdag ng maikling pagmumuni-muni lamang tungkol kay Elder Robert D. Hales. Sinabi ng Unang Panguluhan kay Elder Hales na makapagbibigay siya ng maikling mensahe sa sesyon sa Linggo ng umaga kung bubuti ang kanyang kalusugan. Dahil hindi pa bumuti ang kanyang kalusugan, naghandha siya ng mensahe, na natapos niya noong nakaraang linggo at ibinahagi sa akin. Dahil sa kanyang pagpanaw makalipas ang mga tatlong oras, magbabahagi ako ng tatlong linya lamang mula sa kanyang mensahe.

Mula kay Elder Hales: “Kapag pinili nating manampalataya, handa tayong tumayo sa harapan ng Diyos. . . . Matapos ang Pagpapako sa Krus sa Tagapagligtas, nagpakita lamang Siya sa mga ‘naging matatapat sa patotoo [sa Kanya] samantalang sila ay nabubuhay sa lupa.’ [D at T 138:12.] Yaong ‘mga tumanggi sa mga patotoo . . . ng mga . . . propeta [ay hindi] namasdan ang pagharap [ng Tagapagligtas], o makatingin sa kanyang mukha.’ [D at T 138:21.] . . . Inihahanda tayo ng ating pananampalataya na makarating sa piling ng Panginoon.”

Napakabait ng Panginoon na ipahiwatig kay Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng sesyon kaniyang umaga na mabilis na umalis ng



Noong 1979, nadama ni Dr. Nelson na dapat niyang sundin ang payo ni Pangulong Spencer W. Kimball na mag-aral ng Mandarin Chinese.



Ang hangarin ni Dr. Nelson na sundin ang payo ni Pangulong Kimball ay humantong sa pagbisita ni Dr. Wu Yingkai sa Salt Lake City at pagbibigay ni Dr. Nelson ng mga lektur at pag-oopera sa China.



Noong Oktubre 2015, pinarangalan si Pangulong Russell M. Nelson sa isang opisyal na deklarasyon na tinawag siyang “matagal nang kaibigan ng China.”



gusali, hindi kumain ng tanghalian, at nagmadaling tumungo sa kinaroroonan ni Elder Hales, kung saan siya ay nakarating at naroroon, ang pangulo ng korum, kasama ang mala-anghel na si Maria Hales habang nililisan ni Elder Hales ang mortalidad.

Pagsunod sa Tinig ng Panginoon

Pinatotohanan ko na sa kumperensyang ito ay narinig natin ang tinig ng Panginoon.

Hindi tayo dapat mabahala kung ang mga salita ng mga lingkod ng Panginoon ay salungat sa paraan ng pag-iisip ng mundo, at kung minsan, sa sarili nating iniisip. Ganito na noon pa man. Ako'y nakaluhod sa templo kasama ng aking mga Kapatid. Nagpapatotoo ako sa kabutihan ng kanilang mga kaluluwa. Ang pinakadakilang mithiin nila ay ang malugod ang Panginoon at tulungan ang mga anak ng Diyos na bumalik sa Kanyang piling.

Ang Pitumpu, ang Bishopric, ang mga General Presidency ng Relief Society, Young Women, Primary, at iba pang mga lider ng auxiliary ay nagdagdag ng napakaraming inspirasyon sa kumperensyang ito, gayundin ang magandang

musika at taimtim na mga panalagin.

May baul ng kayamanan ng patnubay ng langit na naghihintay na inyong matuklasan sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Ang pagsubok sa atin ay kung paano tayo tutugon sa ating naririnig, nababasa, at nadarama.

Hayaang ibahagi ko sa inyo ang tungkol sa pagsunod sa mga salita ng mga propeta mula sa buhay ni Pangulong Russell M. Nelson:

Noong 1979, limang taon bago siya tinawag bilang General Authority, dumalo sa isang miting si Brother Nelson bago ang pangkalahatang kumperensya. “Hinikayat ni Pangulong Spencer W. Kimball ang lahat ng naroon na pagibayuhin ang kanilang pagsisikap na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo. Kabilang sa mga bansang binanggit ni Pangulong Kimball ang China, na nagpahayag na, ‘Kailangan nating paglingkuran ang mga Tsino. Kailangan nating matutuhan ang kanilang wika. Kailangan natin silang ipagdasal at tulungan.’”¹⁸

Sa edad na 54, nadama ni Brother Nelson habang nasa miting na kailangan niyang pag-aralan ang wikang Mandarin. Bagama’t abala bilang heart

surgeon, agad siyang humanap ng isang tutor.

Hindi pa natatagalan nang magsimula ng kanyang pag-aaral, si Dr. Nelson, habang nasa isang kumbensyon, ay hindi inaasahan na nakatabi niya sa upuan ang “kilalang Tsining surgeon na si Dr. Wu Yingkai. . . . Dahil si [Brother Nelson] ay nag-aaral ng Mandarin, nagsimula siyang makipag-usap [kay Dr. Wu].”¹⁹

Ang kagustuhan ni Dr. Nelson na sundin ang propeta ay humantong sa pagbisita ni Dr. Wu sa Salt Lake City at sa paglalakbay ni Dr. Nelson patungong China upang mag-lecture at magsagawa ng mga operasyon.

Ang pagmamahal niya sa mga Tsino, at ang kanilang pagmamahal at paggalang sa kanya, ay lumago.

Noong Pebrero 1985, sampung buwan matapos siyang tawagin sa Korum ng Labindalawa, tumanggap si Elder Nelson ng isang sorpresang tawag mula sa China na nakikiusap kay Dr. Nelson na pumunta sa Beijing para operahan sa puso ang pinakasikat na opera singer sa China. Sa panghihikayat ni Pangulong Hinckley, bumalik si Elder Nelson sa China. Ang huling operasyong ginawa niya ay sa People’s Republic of China.

Dalawang taon pa lang ang nakalipas, noong Oktubre 2015, si Pangulong Russell M. Nelson ay muling pinarangalan sa pamamagitan ng isang opisyal na deklarasyon, binansagan siya bilang “matagal nang kaibigan ng China.”

At kahapon, narinig natin ang ngayo’y 93-taong gulang nang si Pangulong Russell M. Nelson na nagsalita tungkol sa pakiusap ni Pangulong Thomas S. Monson sa huling kumperensya nitong Abril na “ang bawat isa sa atin [ay] pag-aralan at pagnilayan ang Aklat ni Mormon araw-araw.”

Tulad ng kanyang ginawa bilang abalang heart surgeon, nang kumuha siya ng Mandarin tutor, kaagad na sinunod ni Pangulong Nelson ang payo ni Pangulong Monson at ginamit ito sa kanyang buhay. Higit pa sa pagbabasa, sinabi niyang siya ay “gumawa ng mga listahan kung *ano* ang Aklat ni Mormon, *ano* ang *pinagtitiibay* nito,

ano ang *pinabubulaanan* nito, ano ang *tinutupad* nito, ano ang *nililinau* nito, at ano ang *ipinahahayag* nito.”²⁰

At ang nakakatuwa, nitong umaga lang, bilang ikalawang saksi, si Pangulong Henry B. Eyring ay nagsalita rin ngayong umaga sa kanyang pagsunod sa payo ni Pangulong Monson. Naaalala ba ninyo ang mga salitang ito? “Tulad ng marami sa inyo, narinig ko ang mga salita ng propeta na parang ang tinig ng Panginoon ang nangusap sa akin. At tulad rin ng marami sa inyo, ipinasiya kong sundin ang mga salitang iyon.”²¹

Nawa ay ituring natin ang mga ito na halimbawa sa ating sariling buhay.

Isang Pangako at Isang Pagpapala

Ipinapangako ko na habang naririnig ninyo ang tinig ng Panginoon sa mga turo sa pangkalahatang kumperensyang ito, at kapag kumilos kayo sa mga pahiwatig na iyon, madarama ninyo ang paggabag ng langit, at ang inyong buhay at ang buhay ng mga nakapaligid sa inyo ay pagpapalain.²²

Sa kumperensyang ito, inisip natin ang ating mahal na propeta. Mahal namin kayo, Pangulong Monson. Magtatapos ako sa mga salita niya na binigkas sa pulpitong ito. Naniniwala ako na ito ay isang pagpapala na nais niyang ibigay sa bawat isa sa atin ngayon, kung makakasama lang sana natin siya. Sabi niya: “Sa pag-alis natin sa kumperensyang ito, dalangin ko na pagpalain ang bawat isa sa inyo ng langit. . . . Dalangin kong pagpalain kayo at ang inyong mga pamilya ng Ama sa Langit. Nawa ang mga mensahe at diwa nitong kumperensya ay makita sa lahat ng inyong ginagawa—sa inyong tahanan, sa inyong trabaho, sa inyong mga miting, at sa lahat ng inyong gawain.”

Nagtapos siya sa pagsasabing: “Mahal ko kayo. Ipinagdarasal ko kayo. Nawa’y pagpalain kayo ng Diyos. Nawa’y sumaiyo ang Kanyang pangakong kapayapaan ngayon at magpakailanman.”²³

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 21:1.
2. Doktrina at mga Tipan 21:5–6.

3. Itinala ni Joseph Smith na nangyari ang sumusunod sa paglalaan ng Kirtland Temple noong Marso 27, 1836:

“Pagkatapos ay nagbigay ako ng maikling pananalita, at nanawagan sa ilang korum, at sa buong kongregasyon ng mga Banal, na kilalanin ang [Unang] Panguluhan bilang mga Propeta at Tagakita, at suportahan sila sa kanilang mga dalangin. Nakipagtipan silang lahat na gagawin nila iyon, sa pamamagitan ng pagtayo.

“Pagkatapos ay nanawagan ako sa mga korum at kongregasyon ng mga Banal na kilalanin ang Labindalawang Apostol, na naroon, bilang mga Propeta, Tagakita, Tagapaghayag, at mga natatanging saksi sa lahat ng bansa sa mundo, na mayhawak ng mga susi ng kaharian, upang buksan ito, o pahintulutan magawa iyon, para sa kanila, at suportahan sila sa kanilang mga dalangin, na sinang-ayunan nila sa pamamagitan ng pagtayo” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 231).

4. Doktrina at mga Tipan 68:4.

5. Doktrina at mga Tipan 1:38.

6. Minsan ay sinabi ni Pangulong

Henry B. Eyring:

“Ang pagpiling huwag pakinggan ang payo ng propeta ay nagpapabago sa mismong lugar kung saan tayo nakatayo. Ito ay nagiging mas mapanganib. Ang kabiguang sundin ang payo ng propeta ay nagpapahina sa kakayahan nating sundin ang inspiradong payo sa hinaharap. Ang pinakatamang panahon na magpasayang tulungan si Noe na gumawa ng arka ay noong una niya itong hiniling. Sa bawat paghiling niya pagkatapos noon, ang hindi pagtugon ay nagpapahina sa kakayahan nating mahiwatigan ang panghihikayat ng Espiritu. At kaya ang bawat hiling pagkatapos ay nagiging tila mas malaking kahangalan, hanggang sa dumating ang ulan. At huli na ang lahat.

“Sa bawat pagkakataon sa buhay ko na pinili kong ipagpaliban ang pagsunod sa inspiradong payo o nagpasiya na hindi ako kasali doon, napag-alaman ko na inilagay ko ang sarili ko sa panganib. Sa bawat pagkakataon na nakinig ako sa payo ng mga propeta, nadama ang pagpapatibay nito sa panalangin, at pagkatapos ay sinunod ito, natuklasan kong napunta ako sa ligtas na lugar” (“Finding Safety in Counsel,” *Ensign*, Mayo 1997, 25).

7. Tingnan sa Neil L. Andersen, “Teaching Our Children to Love the Prophets,” *Ensign*, Abr. 1996, 47.

8. Sinabi minsan ni Pangulong Boyd K.

Packer:

“Narinig ko si Pangulong Harold B. Lee na nagsimula ng isang pahayag tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa paghahayag na nagsasabi ng katulad nito: ‘Sa madaling-araw, habang pinagninilayan ang paksang iyon’ Nakagawian niyang pagnilayan ang mga problemang nangangailangan ng paghahayag sa mga oras sa madaling-araw kung saan tahimik ang paligid at gising ang kanyang diwa.

“Nalalaman ito ng Panginoon kaya nga iniutos Niya sa Doktrina at mga Tipan, ‘Tumigil sa pagtulog nang mahaba kaysa sa kinakailangan; magpahinga sa inyong higaan nang maaga, upang kayo ay hindi mapagal; gumising nang maaga, upang ang inyong mga katawan at inyong mga isip ay mabigyang-lakas.’ (D at T 88:124.) . . .

“Nalaman ko na epektibo ang kasabihang, ‘Maagang matulog, maagang gumising.’ Kapag kapos ako sa oras, hindi ninyo ako makikitang magsindi ng lampara sa gabi. Mas gusto kong matulog nang maaga at gumising sa madaling-araw, kung kailan ay mararamdaman kong malapit ako sa Kanya na gumagabay sa gawaing ito.” (*Teach Ye Diligently* [2005], 244–45).

9. Neil L. Andersen, “Sapat na ang Alam Ninyo,” *Liahona*, Nob. 2008, 13.
10. Thomas S. Monson, “Hanggang sa Muli Nating Pagkikita,” *Liahona*, Mayo 2014, 115.
11. Thomas S. Monson, “Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita,” *Liahona*, Nob. 2012, 110.
12. Juan 10:4.
13. Henry B. Eyring, “Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti,” *Liahona*, Nob. 2017, 103.
14. Dieter F. Uchtdorf, “Pananabik na Makauwi,” *Liahona*, Nob. 2017, 22, 24.
15. Russell M. Nelson, “Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?” *Liahona*, Nob. 2017, 63.
16. Dallin H. Oaks, “Ang Plano at ang Pagpapahayag,” *Liahona*, Nob. 2017, 30.
17. M. Russell Ballard, “Patuloy ang Paglalakbay!” *Liahona*, Nob. 2017, 106.
18. Spencer J. Condie, *Russell M. Nelson: Father, Surgeon, Apostle* (2003), 215.
19. Spencer J. Condie, *Russell M. Nelson*, 215.
20. Russell M. Nelson, “Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?” 61.
21. Henry B. Eyring, “Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti,” 100.
22. Sinabi minsan ni Pangulong Gordon B. Hinckley:
“Ang pagsubok ay darating sa pamumuhay ng mga turong ibinigay. Kung, pagkaraan nito ay naging mas mabait tayo, mas matulungin tayo sa kapwa, mas napalapit tayo sa Tagapagligtas, na may mas matibay na pangakong sundin ang Kanyang mga turo at ang Kanyang halimbawa, magiging isang malaking tagumpay ang kumperensyang ito. Kung, sa kabilang dako, walang magbabago sa ating buhay, malaking kabiguan ang pagsisikap ng mga nagsalita.
“Maaaring hindi masukat ang mga pagbabagong iyon sa loob lamang ng isang araw o isang linggo o isang buwan. Madaling gumawa ng mga pangako at madali ring malimutan. Ngunit, isang taon mula ngayon, kung bumubuti tayo kaysa rati, ang ating mga pagsisikap sa mga araw na ito ay hindi mawawalan ng saysay” (“Isang Mapagpakumbaba at Bagbag na Puso,” *Liahona*, Nob. 2000, 88).
23. Thomas S. Monson, “Mensahe sa Pagtatapos,” *Liahona*, Mayo 2010, 112.

Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan na ikinuwento sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

Tagapagsalita	Kuwento
Jose L. Alonso	(119) Pinagdudahan ng apo ni Jose L. Alonso ang pagmamahal ng kanyang lola sa kanya. Inalis ng mga magulang na namatayan ng anak sa isang aksidente ang kanilang pasanin sa pamamagitan ng pagpapatawad.
Neil L. Andersen	(122) Tinulungan ng Espiritu Santo ang isang dalaga na tanggapin ang isang alok na magpakasal. Binasbasan ni Russell M. Nelson ang mga Chinese dahil sinunod niya ang payo ng propeta.
Ian S. Arderin	(117) Tumanggap ng patotoo ang isang mangingisda tungkol sa Aklat ni Mormon habang nasa karagatan.
M. Russell Ballard	(104) Nanatiling tapat ang pioneer na Banal sa mga Huling Araw na si Jane Manning James sa kabila ng mga hamon. Tapat na naglingkod nang napakaraming taon ang mga lolo't lola-sa-tuhod ni M. Russell Ballard.
Jean B. Bingham	(85) Isinaulo ni Jean B. Bingham ang "Ang Buhay na Cristo." Isang Croatian sister ang naglakbay patungong templo upang mabuklod sa kanyang pumanaw na asawa at mga magulang.
Tad R. Callister	(107) Nagbalik sa Simbahan ang kaibigan ni Tad R. Callister matapos tumanggap ng patotoo tungkol sa Simbahan at sa Aklat ni Mormon.
D. Todd Christofferson	(36) Nagsisi at nagbago ng puso ang isang mission president kasunod ng isang panaginip.
Quentin L. Cook	(51) Nagmisyon si Heber C. Kimball sa England. Habang kausap si Thomas B. Marsh, natanggap ni Joseph Smith ang Doktrina at mga Tipan bahagi 112.
Stanley G. Ellis	(112) Pinalakas ng isang ama at ina ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng hindi pagtulong sa kanilang pangangailangang pinansyal nang makatapos sila ng high school.
Sharon Eubank	(6) Binago ng isang babae ang landas ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagsisisi. Iniligtas ng nagkabit-kabit na mga tao ang mga manlalangoy sa malakas na alon. Nag-text ang mga kabataang babae sa isang dalagitang lilipat sa kanilang ward.
David F. Evans	(68) Nasumpungan ng bata pang si David F. Evans ang mga sagot sa mga tanong tungkol sa ebanghelyo at nagtamo ng patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Nagtamo ng patotoo ang isang babae tungkol sa mga ordenansa sa templo.
Henry B. Eyring	(81) Inanyayahan ng isang deacons quorum secretary ang isang di-gaanong aktibong batang lalaki sa simbahan. Ipinagdasal ng isang young adult na mabigyang-inspirasyon si Bishop Henry B. Eyring sa pagpapayo sa kanya. Pinatotohanan ni Brigham Young na tinawag na propeta si Joseph Smith. (100) Pinagpala si Henry B. Eyring sa pagsunod sa payo ni Pangulong Monson na pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Tumulong ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga biktima ng kalamidad.
O. Vincent Haleck	(58) Nagsakripisyo ang isang mag-asawang matatanda na para makasapi sa Simbahan. Binuksan ng isang pinunong Samoan ang kanyang nayon sa ebanghelyo. Ibinigay ng mga Banal na Samoan ang kanilang "kasalatan" para magtayo ng isang templo.
Donald L. Hallstrom	(88) Mahimalang nakaligtas ang isang miyembro ng Simbahan sa California nang mahulog mula sa isang talampas. Tinanong ni David A. Bednar ang isang binata kung may pananampalataya itong "hindi gumaling."
Jeffrey R. Holland	(40) Sa isang kuwento ni Leo Tolstoy, ipinagtanggol ng isang paring nagkakamali ang itinuturo niyang mali.
Joy D. Jones	(13) Pinagtibay ng Espiritu Santo sa tatlong babae ang kanilang banal na kahalagahan bilang mga anak ng Diyos.
Joni L. Koch	(110) Pakiramdam ni Joni L. Koch ay "kaisa" siya ng isang kapwa Brazilian soccer fan. Nagpasiya ang ama ni Joni L. Koch na "manatiling kaisa" ng mga kapwa Banal sa kabila ng panlilibak.
Neill F. Marriott	(10) Sinabi ng mga batang lalaking Primary sa isang malungkot na miyembro ng klase kung bakit siya espesyal. Ipinagdasal ni Neill F. Marriott na tulungan siyang mahalin ang isang "makulit" na kamag-anak.
Richard J. Maynes	(75) Natutuhan ni Richard J. Maynes sa kanyang ama na huwag ikompromiso ang kanyang integridad kailanman.
Russell M. Nelson	(60) Nagbigay si Russell M. Nelson ng Aklat ni Mormon sa hari ng isang tribo sa Africa. Sinunod ni Russell M. Nelson ang payo ni Pangulong Monson na pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Bilang isang surgical resident, inasam ni Russell M. Nelson na ituro sa nagdadalamhating mga miyembro ng pamilya na ang kamatayan ay bahagi ng ating imortalidad.
Bonnie L. Oscarson	(25) Naghanap ng mga paraan ang isang 10-taong-gulang at 17-taong-gulang para mapaglingkuran ang mga miyembro ng pamilya. Tumanggap ng impresyon ang isang Relief Society president na paglingkuran ang kanyang kapitbahay.
Stephen W. Owen	(48) Natanto ni Stephen W. Owen na ang mga bagong missionary ay "nagkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi." Sinikap ng isang returned missionary na panatilihin ang kanyang sarili "sa tamang landas."
Adilson de Paula Parrella	(115) Itinuro ng mga missionary sa pamilya Parrella na maaari silang magkasama-sama magpakailanman. Noong nag-aaral siya sa kolehiyo, sinunod ni Adilson de Paula Parrella ang payo ng propeta na maghanap ng mapapangasawa.
John C. Pingree Jr.	(32) Naglingkod ang isang miyembro ng Simbahan na taga-Nepal sa mga Nepalese refugee sa Utah at tumulong sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa Nepali. Ipinanunaw na Espiritu Santo kay John C. Pingree Jr. ang layunin ng "mga banal na gawain." Nagbibigay ang Panginoon ng mga espirituwal na kaloob at pagsubok para mapagpala ang Kanyang mga anak.
Ronald A. Rasband	(55) Nagalak ang apong babae ni Ronald A. Rasband sa madamdaming pagtatagpo nila ng kanyang kapatid na lalaki sa misyon nito. Nakilala ni Ronald A. Rasband ang isang sister missionary sa Temple Square na tinulungan niyang sumapi sa Simbahan.
Dale G. Renlund	(64) Nagalak si Dale G. Renlund na maipanumbalik ang mga pagpapala ng priesthood ng isang binata.
Gary E. Stevenson	(44) Ipinagdiwang ng mga Banal ang kaarawan ni Pangulong Monson. Umakit sa milyun-milyon ang isang total solar eclipse sa Estados Unidos.
Dieter F. Uchtdorf	(21) Nilakad ng isang nawawalang aso ang 2,000 milya (3,220 km) pauwi. Naging totoo ang mga naunang pinuno ng Simbahan kay Dieter F. Uchtdorf nang bumisita ang pamilya sa mga makasaysayang lugar ng Simbahan.
W. Christopher Waddell	(94) Hindi umayon sa plano ang isang bakasyon ng pamilya Waddell. Nag-iwan ng pamana ng pananampalataya, paglilingkod, at tiwala sa Panginoon ang isang Banal sa mga Huling Araw na nabulag noong World War II.
W. Craig Zwick	(97) Ipinanunawa ng Espiritu Santo kay W. Craig Zwick ang mga pangangailangan ng isang missionary na hindi marunong magbasa. Nakatulong ang pagtutuo ng isang anak na lalaki sa Tagapagligtas bago siya namatay para asamin ng kanyang pamilya nang may kagalakan ang kabilang-buhay. Napuspos ng pagmamahal ang isang maybahay pagkatapos niyang alisin ang di-magagandang nararamdaman niya sa kanyang asawa.



Elder Juan A. Uceda

Panguluhan ng Pitumpu

Habang naglalakad sa mga guho ng Machu Picchu sa Peru bilang isang binatang missionary, nadulas si Elder Juan A. Uceda sa makitid na daan. Habang nakakapit nang husto sa ilang sanga at nakabitin sa 2,000 talampakang (610 m) taas mula sa ilog, marubdob siyang humingi ng tulong sa panalangin. Maaga pa noong araw na iyon, nanalangin siyang gamit ang kanyang bibig, ngunit “nang malapit na akong mamatay, taimtim akong nagdasal.” Nang mahuhulog na siya, hinila siya pataas ng isa pang missionary at nakaligtas.

Ang isa sa maraming aral na natutuhan niya noong araw na iyon ay “palaging manalangin ‘nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na [sumasampalataya] kay Cristo’ (Moroni 10:4).”

Si Elder Uceda ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 3, 2010. Siya ay naglilingkod bilang Assistant Executive Director sa Missionary Department at Area Assistant sa North America Southeast Area nang tawagin siya sa Panguluhan ng Pitumpu noong Agosto 1, 2017.

Mula 2010 hanggang 2013 naglingkod siya bilang tagapayo sa South America Northwest Area Presidency, at mula 2013 hanggang 2016 naglingkod siya bilang Pangulo ng South America Northwest Area.

Si Elder Uceda ay nag-aral sa Peru. Nag-enrol siya sa Jose Carlos Mariátegui Institute sa Lima, kung saan siya nag-aral ng accounting at public relations. Nag-aral din siya ng business administration sa Centro Andino de G.E. Institute. Nagtapos siya sa San Luis Gonzaga University, kung saan siya tumanggap ng bachelor's degree sa public relations.

Si Elder Uceda ay nagtrabaho sa Church Educational System bilang area director para sa Peru at Bolivia. Nilisan niya ang Peru noong 2003 at lumipat sa New Jersey, USA, para tulungan ang kanyang ama sa negosyo ng kanilang pamilya.

Mula nang sumapi sa Simbahan noong 1972, nakapaglingkod na si Elder Uceda sa maraming calling, kabilang na ang pagiging full-time missionary sa Lima Peru Mission, stake Sunday School presidency, bishop, high councilor, tagapayo sa stake presidency, stake president, president ng Lima Peru North Mission (1992–95), at Area Seventy.

Pinakasalan niya si Maria Isabel Bendezu noong Marso 1979. Sila ay may limang anak. ■



Elder Patrick Kearon

Panguluhan ng Pitumpu

Habang naglilingkod bilang Pangulo ng Europe Area, nasaksihan ni Elder Patrick Kearon ang paglalakbay ng dalawang milyong refugee mula sa Gitnang Silangan na winsak ng digmaan tungo sa kaligtasan sa Europa. “Nang titigan ko ang kanilang mga mata at marinig ang mga kuwento nila, tungkol sa takot sa pagtakas nila at sa mapanganib na paglalakbay sa paghahanap ng makakanlungan, hindi na ako magiging katulad ng dati,” wika niya. “Nakasisiglang masaksihan ang napakaraming iniambag ng mga miyembro ng Simbahan mula sa iba’t ibang panig ng mundo upang tulungan ang mga tao at pamilyang ito na nawalan ng halos lahat.”

Si Elder Kearon, na sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 3, 2010, ay tinawag sa Panguluhan ng Pitumpu noong Agosto 1, 2017.

Si Elder Kearon ay isinilang sa Carlisle, Cumberland, England, noong Hulyo 1961, kina Paddy at Patricia Kearon. Nang magsilbi sa British Royal Air Force ang kanyang ama, nag-aral si Elder Kearon sa Middle East at sa United Kingdom.

Habang sinisiyasat niya ang Simbahan, nabasa niya ang isang talata sa Aklat ni Mormon na nagsasaad na, “Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan” (2 Nephi 2:25). “Umalingawngaw ang talatang iyon sa mga tainga ko,” sabi ni Elder Kearon. “Sa mga nakakilala ko, nakita ko kung paano lubhang mapapayaman ang ating buhay sa pagsunod sa payo ng Tagapagligtas na magalak.” Sumapi siya sa Simbahan sa Bisperas ng Pasko ng 1987.

Nakilala niya si Jennifer Carole Hulme habang nag-aaral ito sa Brigham Young University sa England. Ikinasal sila sa Oakland California Temple noong 1991 at nanirahan sa England hanggang sa tawagin siya noong 2010. Apat ang anak nila.

Nanirahan siya at nagtrabaho sa United Kingdom, Saudi Arabia at Estados Unidos sa iba’t ibang industriya, kabilang na ang health care, pagkain, transportasyon, at automotive, at nagpatakbo ng sarili niyang communications consultancy. Ang kanyang mga pansibiko at panlipunang gawain ay kinabibilangan ng paglilingkod sa mga lupon ng mga kawanggawa, isang paaralan, isang ahensiya ng negosyo, at isang kolehiyo.

Si Elder Kearon ay nakapaglingkod na sa maraming calling sa Simbahan, kabilang na ang assistant ward clerk, ward Young Men president, tagapayo sa bishopric, branch president, stake president, at Area Seventy. ■

Tulong sa mga Panahon ng Kagipitan

Kasunod ng isang bagyo at matinding pagbaha sa Houston, Texas, USA, nakita ng isang matandang babae ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakasuot ng dilaw na Helping Hands T-shirts na papunta sa mga biktima ng bagyo para tumulong. “Alam kong darating ang mga Mormon!” wika niya.

Ang pangyayaring ito, na nakaulat sa isang Facebook post ng Pangulo ng Texas Houston South Mission na si Aaron T. Hall, ay halimbawa ng kung paano tumutulong ang Simbahan kapwa sa mga miyembro at sa mga kapitbahay sa panahon ng kagipitan. “Walang hamon na napakalaki para sa mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon!” pagsulat ni Pangulong Hall.

Kapag tumama ang kalamidad, kadalasa’y kasama ang Simbahan sa mga unang tumutugon, at sa mga apektadong lugar, kadalasa’y patuloy ang pagkakawanggawa ng Simbahan kapwa sa panandalian at sa pangmatagalang pagbangon, na may mithiing patatagin ang kakayahang itaguyod ang sarili. Nakikipagtulungan ang mga lokal na lider sa headquarters ng Simbahan sa pagsusuri at paglalaan ng mga pangangailangan at sa pag-oorganisa ng mga miyembro para tumulong sa pamamahagi ng resources, paglilinis,

pagpapanumbalik, at pagtatayong muli ng mga tirahan.

Sa pamamagitan ng LDS Charities at ng pakikiisa sa mga matatatag na mga relief agency sa mga apektadong lugar, kamakailan ay tumulong ang Simbahan sa mga biktima ng pagbaha sa Peru; mga pagguho ng putik sa Sierra Leone; malalaking sunog sa Montana, USA, at Alberta, Canada; mga bagyo sa Texas, Florida, at Caribbean islands, kabilang na ang Puerto Rico, Haiti, at Dominican Republic; at dalawang malalakas na lindol sa Mexico.

Noong Setyembre, ibinalita ng Simbahan na magbibigay ito ng U.S. \$11 milyon para suportahan ang mga proyektong pantawid-gutom at pakainin ang mga batang kulang sa nutrisyon sa walong bansa sa Afrika at Middle East. Ang LDS Charities ay nakikiisa sa 11 organisasyon sa 25 proyekto para mamahagi ng tulong.

Ang LDS Charities ay nakapagbigay ng halos \$2 bilyon sa pagtulong sa milyun-milyong tao sa 189 na bansa mula pa noong 1985, simula sa tulong na ibinigay sa mga biktima ng taggutom sa Ethiopia. ■

Ang mga nais mag-ambag sa Humanitarian Aid Fund ng Simbahan ay maaaring gawin ito sa kanilang tithing slip.

Tatlong Templo ang Inilaan

Simula noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2017, tatlong templo na ang inilaan o muling inilaan. Ang Paris France Temple ay inilaan noong Mayo, ang Idaho Falls Idaho Temple (USA) noong Hunyo, at ang Tucson Arizona Temple (USA) noong Agosto.

Ang Meridian Idaho Temple (USA) ay ilalaan sa Nobyembre 19, 2017; ang Cedar City Utah Temple (USA) sa Disyembre 10; at ang Jordan River Utah Temple (USA) ay muling ilalaan sa Mayo 20, 2018.

Naipaalam na ang mga plano, o patuloy ang paghahanda at pagtatayo, para sa 23 templo sa buong mundo. Anim na templo ang kasalukuyang isinara para sa renobasyon, at limang templo ang nakaiskedyul na isara para sa renobasyon sa 2018. ■

Matatagpuan ang mga update at impormasyon sa temples.lds.org.



Naglingkod ang mga Propeta at Apostol sa Buong Mundo

Ang mga propeta at apostol ay tinatawag bilang “mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig” (D at T 107:23). Narito ang ilan sa kanilang mga aktibidad simula noong pangkalahatang kumperensya ng Abril.

Tahimik na ipinagdiwang ni Pangulong Thomas S. Monson ang kanyang ika-90 kaarawan sa **Utah, USA**, noong Agosto 21. Inulit niya ang kanyang nais para sa kanyang kaarawan na ipinahayag na niya dati, na ang pinakamagandang regalong maaari niyang matanggap ay ang “maghanap [ang mga tao] ng taong nahihirapan o may karamdaman o nalulungkot at gumawa ng isang bagay para sa kanya.”

Sa Hamilton, **New Zealand**, inilaan ni Pangulong Henry B. Eyring ang mga pasilidad sa Temple View, dating kampus ng Church College of New Zealand. Pagkatapos ng Bagyong Irma, bumisita siya sa **Puerto Rico**, sa **Saint Thomas**, at sa mga boluntaryo ng Simbahan na tumutulong sa paglilinis sa **Florida, USA**.

Bumisita si Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa **Texas, USA**, at nasaksihan niya ang mga pangkat ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Houston na tumutulong sa kanilang mga kapitbahay kasunod ng Bagyong Harvey, at sinabi na ang ugaling “tumulong-kahit-paano” ay karaniwan sa mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ng mundo.

Binigyan ni Pangulong Russell M. Nelson ang gobernador ng **Nebraska, USA**, ng isang aklat ng kasaysayan ng pamilya, binisita ang mga lider at missionary sa **New York, USA**, at sinabi sa mga estudyante ng institute sa **Utah** na ang Biblia ay “puno ng mga propesiya tungkol sa . . . Panunumbalik.”

Matapos bisitahin ang mga miyembro sa **Japan** at **Korea**, sinabi ni Elder Dallin H. Oaks, “Inaalala ng Panginoon ang Kanyang mga anak. Alam Niya ang kanilang sitwasyon at mga problema at sagana Siyang magmahal.” Sa isang Face to Face event sa Korea, sinagot

niya ang mga tanong ng mga kabataan. Kinausap niya ang ministrong namamahala sa 2020 Tokyo Olympics. At sa kahilingan ng pangulo ng **Peru**, nakipagkita si Elder Oaks para tanggapin ang pasasalamat ng pangulo para sa tulong ng Simbahan nang magkaroon ng mga pagbaha.

Sa **Utah**, hinikayat ni Elder Ballard ang mga young single adult na igalang ang Sabbath bilang “isang napakaganda at maluwalhating panahon” at pag-aralan ang mga pangunahing alituntunin at doktrina ng Simbahan. Sinabi niya sa mga temple worker na ang mga templong itinao ngayon ay gagamitin din sa panahon ng Milenyo. Kasama si Elder Ronald A. Rasband, binisita niya ang **Texas** para hikayatin ang mga boluntaryong naglilinis ng pinsalang sanhi ng bagyo at baha.

Natanggap ni Elder Robert D. Hales ang 2017 Pioneers of Progress President's Award mula sa isang organisasyon ng komunidad sa **Utah**. “Matulungan ang isa’t isa, mapasigla ang isa’t isa, mapalakas ang isa’t isa ang pinakadakilang katangian, palagay ko, ng pagiging isang pioneer,” wika niya.

Sa **Russia** at **Ukraine**, itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland na ang buhay ay sadyang may mga pagsubok, ngunit ang ebanghelyo ay naglalaan ng pananaw, pag-asa, at paghihikayat. Sa Second Windsor Conference on Religious Persecution sa **England**, sinabi niya na ang pananampalataya ay tumutulong sa marami na makabangon mula sa pagiging refugee at makapag-ambag sa lipunan. Kasunod ng kumperensya, nagbigay siya ng payo sa mga miyembro ng Simbahan, mission president, at missionary sa **Portugal** at **Spain**.

Bumisita si Elder David A. Bednar sa tatlong bansa sa West Africa na hindi pa nabisita ng isang Apostol: **Senegal**, kung saan siya nag-alay ng panalangin ng paglalaan; **Guinea**; at **Mali**. Kinausap din niya ang mga miyembro sa **Nigeria** at **Ghana**. Sa isang pandaigdigang debosyonal mula



sa **North Carolina, USA**, hinikayat niya ang mga young adult na maging “isang tagaunay” sa kanilang walang-hanggang pamilya.

Kinausap ni Elder Quentin L. Cook ang mga miyembro at missionary sa **Taiwan, Hong Kong, India, at Thailand**, at binanggit na “ang mga miyembro ay tuwang-tuwa sa Simbahan, na nakatuon sa templo at gawaing misyonero.” Sa **New Jersey, USA**, nagsalita siya sa Seymour Institute Seminar on Religious Freedom. “Dapat nating ituloy ang ating ginagawa at mahalagang mga pagsisikap na dagdagan ang moralidad at protektahan ang pamilya,” wika niya. Sa **California, USA**, hinikayat niya ang mga miyembro ng batas-lipunan na panatilihin ang pananampalataya at balanse sa kanilang buhay at ipagtanggol ang kalayaang pangrelihiyon.

Sa **Ecuador** at **Colombia**, itinuro



Pakanan, mula itaas dulong kaliwa: Dumalo si Pangulong Henry B. Eyring sa paglalaan ng Temple View sa New Zealand; niyakap ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang isang kabataang Helping Hands volunteer pagkaraan ng Bagyong Harvey sa Texas, USA; kausap ni Elder Jeffrey R. Holland si Baroness Emma Nicholson sa Second Windsor Conference on Religious Persecution; binati ni Elder Ronald A. Rasband ang isang miyembrong babae nang bumisita siya sa South Africa; binati ni Elder Christofferson ang mga estudyante sa Kamalabai Joshi School sa Kenjal, India; kausap ni Elder Quentin L. Cook ang mga miyembro ng Simbahan sa Taiwan.

ni Elder D. Todd Christofferson na ang paniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ay papanatagin at palalakasin tayo. Sa **India**, tinanggap niya ang World Peace Prize sa ngalan ng Simbahan at nagbigay siya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa Nepali sa pangulo at pangalawang pangulo ng **Nepal** at sa Kathmandu Branch.

Ilang buwan bago tumama ang mga bagyo at baha, bumisita si Elder Neil L. Andersen sa **Puerto Rico, Haiti**, at **Dominican Republic**, at nagsalita tungkol sa pagtataguyod ng sarili, edukasyon, at paghahandang tumanggap ng mga pagpapala ng templo. Sa LDS Family Education Night sa Arizona State University sa **Arizona, USA**, hinikayat niya ang mga Banal sa mga Huling Araw na “bukasan ang ating pintuan, pahalagahan ang mga paniniwala ng iba, [at] alamin pa ang iba tungkol sa kanila.” Binuo

ni Elder Andersen ang ika-100 stake sa **Pilipinas** at inilaan ang pinalawak na missionary training center sa Manila.

Sa **South Africa** at sa **Democratic Republic of Congo**, napansin ni Elder Ronald A. Rasband na sa tatlong templong gumagana sa Africa at lima pa ang itinatayo o ibinalitang itatayo, “inihahanda ng Panginoon ang mga African na matanggap ang lahat ng Kanyang pagpapala.”

Bumisita si Elder Gary E. Stevenson sa **Vanuatu, Australia, New Zealand, French Polynesia**, at Brigham Young University–Hawaii sa **Hawaii, USA**. “Kapag . . . tiningnan natin ang ating mga hamon sa pananaw ng ebanghelyo, matatagpuan natin ang mga sagot na maghahatid sa atin ng kaligayahan at kagalakan,” wika niya. Kinausap niya ang pangulo at prime minister ng Vanuatu at ang arsobispo ng Papeete, Tahiti.

Bumisita si Elder Dale G. Renlund sa limang bansa noong Hunyo: **Guatemala, Costa Rica, El Salvador, Nicaragua**, at **Honduras**, at inorganisa ang unang stake sa Guatemala na ang mga miyembro ay nagsasalita ng Q’eqchi’ at lumahok sa isang kumperensya sa kalayaang pangrelihiyon at sa isang youth conference. Noong Agosto, lumahok siya at ang kanyang asawang si Sister Ruth L. Renlund sa unang Face to Face event na nagmumula sa **Accra, Ghana**, at noong Setyembre ay hinikayat niya ang mga estudyante sa Brigham Young University–Idaho sa **Idaho, USA**, na umasa sa doktrina ni Cristo. ■

*Ang napapanahong impormasyon tungkol sa pagmiministeryo ng mga pinunong ito ng Simbahan ay matatagpuan sa kani-kanilang Facebook page at sa **prophets.lds.org**.*

Resources para sa mga Hindi Makarinig

“Para matulungan ang mga miyembro hindi makarinig, may mga teknolohiyang laan ang Simbahan na makukuha sa mga templo at meetinghouse,” sabi sa isang pabatid na ipinadala sa mga lider sa buong mundo noong Setyembre 14, 2017. “Dapat maging pamilyar ang mga lider sa mga teknolohiyang ito at tiyakin nila na alam at may access ang lahat ng maaaring makinabang sa aparato.”

Sa mga templo, ang mga miyembro hindi makarinig ay maaaring humiling ng mga headset na gumagamit ng infrared system na nagbroadkast sa loob ng templo. Sa mga meetinghouse, maaaring ma-access ng mga miyembro ang isang radio frequency system sa pamamagitan ng (1) mga radio frequency (RF) assistive listening receiver, mga pocket device na ginagamit ang chapel o cultural hall audio system para palakasin ang tunog sa isang earpiece, o kaya’y sa (2) mga assisted listening system (ALS) neck loop na direktang nagbroadkast ng tunog sa T-coil-compatible hearing aid ng indibiduwal.

Ipinagbilin pa sa pabatid na “ang mga ward at branch ay dapat magkaroon ng maraming receiver [RF] at [ALS] neck loop. Kung kailangan, maaaring humiling ng karagdagang mga aparato sa pamamagitan ng stake physical facilities representative.” ■

*Ang iba pang impormasyon tungkol sa listening systems ay makukuha sa **mhtech.lds.org**. Para sa impormasyon tungkol sa pagkawala ng pandinig, pagkabingi, at sign language, tingnan sa **disabilities.lds.org**.*

Mga Bagong Pagsasalin ng Banal na Kasulatan

Kabilang sa mga bagong proyekto sa pagsasalin ng banal na kasulatan na inaprubahan nitong huling ilang taon ang Book of Mormon sa Burmese, Efik, Georgian, Navajo, Pohnpeian, Sesotho, at Tshiluba at ang triple combination ng mga banal na kasulatan sa American Sign Language, Afrikaans, Amharic, Arabic, Bislama, Greek, Hiligaynon, Hindi, Hmong, Lao, Lingala, Malay, Persian, Polish, Serbian, Setswana, Sinhala, Slovak, Slovenian, Tahitian, Tamil, Telugu, Tok Pisin, Turkish, Twi, Urdu, at Yoruba.

Sa isang liham noong Oktubre 9, 2017, inilista ng Unang Panguluhan ang mga proyektong ito at pinasimulan ang isang bagong proseso na magtutulot sa mga tao na pag-aralan ang draft ng mga bahagi ng pagsasalin bago ilathala ang kahuli-hulihang mga pagsasalin.

“Habang patuloy ang pagsasalin, maaari nang i-release nang sunud-sunod ang nakumpletong mga bahagi paminsan-minsan,” sabi sa sulat. “Ang sunud-sunod na mga bahaging ito, bagama’t hindi itinuturing na kahuli-hulihan hanggang sa makumpleto ang buong pagsasalin, ay makukuha sa LDS.org at sa Gospel Library mobile application.” Ang unang release para sa ilang piling wika ay mag-sisimula sa Nobyembre 30, 2017. Kapag nakumpleto na ang mga pagsasalin, pati na ang kailangang mga pagrerepaso at pag-apruba, papalitan ng kahuli-hulihang mga bersyon ang naunang sunud-sunod na mga release, na susundan ng nakalimbag na mga edisyon.

Ang mga proyekto sa pagsasalin ay umaabot nang ilang taon habang maingat na isinasalin ang mga teksto ng banal na kasulatan. Samakatwid, ang mga proyekto ay kasalukuyang nasa iba’t ibang yugto. Kasama sa unang



release ng mga aprubadong draft na pagsasalin ang content na naisalin at narepaso ng mga lokal na lider. Ang iba pang mga bahagi ng pagsasalin ay patuloy na ire-release nang paunti-unti. Ang mga pagsasalin na kasalukuyang malapit nang matapos ay hindi na ilalathala ang mga draft.

Hinihiling ng Unang Panguluhan na habang ginagawa o naka-pending pa ang mga proyekto sa pagsasalin, ang mga miyembro at lider ay “patuloy na gagamitin ang kasalukuyang mga salin ng mga Saligan ng Pananampalataya, panalangin sa sakramento, at panalangin sa binyag hanggang makumpleto ang mga bagong pagsasalin.”

Ang mga LDS edition ng mga banal na kasulatan ay isinalin at makukuha sa sumusunod na dami ng mga wika: ang Banal na Biblia, 3; mas gustong Banal na Biblia na hindi LDS edition, 95; ang Aklat ni Mormon, 90; Mga Pini-li mula sa Aklat ni Mormon, 21; at ang Doktrina at mga Tipan at ang Mahalagang Perlas, 58. ■

Mga Missionary Training Center

Pinapakita ng bagong missionary training center sa Accra, Ghana, at pinalawak na missionary training center sa Provo, Utah, USA, ang patuloy na kahalagahan ng paglilingkod bilang misyonero.

Ang katatapos na Ghana MTC, sa tabi ng Accra Ghana Temple, ay nakakapaglamang ng 320 missionary at maaari pang palawakin. Ang mas malaking pasilidad ay nakakapaglamang ng mga missionary na nagmumula sa west at southeast Africa, gayon din ng mga missionary mula sa buong mundo na tinawag na maglingkod sa Africa. Pinaadali ng mga bagong gusali na matuto ang mga missionary sa kanilang katutubong wika—English o French—at matutuhan ang wika at kultura ng lugar kung saan sila inatasing maglingkod.

Dinoble ng pagpapalawak ng Philippines MTC ang kapasidad nito sa 280 missionary. Kabilang dito ang dalawang

bagong gusali sa isang kampus na may limang gusali, na katabi ng Philippines Area offices at katapat ng Manila Philippines Temple. Dahil nagbukas ang Philippines MTC noong 1983, nakapaglingkod na ito sa mga missionary mula sa, o halos, 60 bansa.

Ang pagpapalawak sa Provo MTC ay kinabibilangan ng dalawang bagong anim-na-palapag na mga gusali na may 200 bagong classroom, mahigit 100 practice teaching room, at 13 computer lab kung saan tumatanggap ng training ang mga missionary bago sila ipadala sa nakaatas na lugar sa kanila sa buong mundo. Ang Provo MTC ay may kapasidad na i-train ang hanggang 3,700 binata, dalaga, at senior missionary nang sabay-sabay.

Ang Simbahan ay may 15 missionary training center sa iba't ibang lugar sa buong mundo. ■



Nakikinig ang isang instructor sa bagong Ghana Missionary Training Center habang tinatalakay ng mga missionary kung paano ituro ang ebanghelyo.



Si Sister Bingham sa United Nations

Habang nagsasalita sa isang panel discussion na pangrelihiyon tungkol sa pagsama ng mga refugee sa United Nations sa New York City noong Abril 13, 2017, nagpahayag ng pag-asa si Relief Society General President Jean B. Bingham na ang mga organisasyong pangrelihiyon “ay magtutulungang lahat sa maliit at simpleng mga paraan upang maisakatuparan ang mga bagay na hindi pangkaraniwan.”

Sa taunang “Focus on Faith” briefing, tinalakay ni Sister Bingham ang mga pagkakawangawa ng Simbahan sa mga refugee at nagpahayag ng taos-pusong pasasalamat sa lahat ng nag-aabala sa “mahirap ngunit lubhang kapaki-pakinabang na gawain” sa pagbibigay-ginhawa sa mga naghihirap sa buong mundo.

Kamakailan ay nagbalik si Sister Bingham mula sa isang United Nations Children’s Fund (UNICEF) field visit sa Uganda kasama si Sister Sharon Eubank, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency at director ng LDS Charities. Dumalorin si Sister Eubank sa U.N. meeting sa New York City. ■

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa magagawa ninyo para tulungan ang mga refugee, magpunta sa **IWasAStranger.lds.org**.*

Isang Bagong Direksyon para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society Meetings

Ang bagong kurikulum ay naghahatid ng kapana-panabik na mga pagbabago sa ating mga miting tuwing Linggo na nakabatay sa Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas. Ang ating mga miting sa unang Linggo ay magiging isang pagkakataon para magsanggunian tungkol sa ating mga responsibilidad, oportunidad, at hamon habang ginagawa natin ang gawain ng Panginoon. Sa ibang mga araw ng Linggo, sa halip na isang bagong manual ng Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan, magtutuo tayo sa pagtuturo ng mga mensahe mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya at sa isang paksang napili ng ating mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan. Ngunit ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang sa mga paksang pag-aaralan natin—maaapektuhan din ng bagong kurikulum kung paano tayo maghanda, magturo, magsanggunian at matuto nang sama-sama, at tumanggap ng at kumilos ayon sa inspirasyon. Nakibahagi ang mga miyembro at lider sa Mexico at sa Utah, California, at Georgia sa Estados Unidos sa pagsubok sa mga bagong materyal. Narito ang ilan sa kanilang mga ideya at karanasan:

“**A**no ang gagawin ko kung walang manwal?” naisip ni Nancy Feragen, isang Relief Society teacher, nang una niyang rebyuhin ang isang kopya ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society*. “Noong una, natakot ako,” pag-amin niya. “Pagkatapos naisip ko: Gusto ng Panginoon na maging mas responsable tayo sa sarili nating pagkatuto at palakasin ang ating espirituwalidad bilang magkakapatid sa ebanghelyo.”

“Medyo nakakatakot magtiwala sa Panginoon at pumasok na handang mamuno sa talakayan nang walang

gaanong materyal,” sabi ni Linda Harmon, isang Relief Society president, “pero kapag ginawa mo ito—kung naihanda mo ang sarili mo sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral, pagpunta sa templo, at iba pa na nagkaroon ka ng inspirasyong gawin—nakakamangha ito.”

PAGTUTURO SA PARAAN NG TAGAPAGLIGTAS

“Isang hamon sa bagong kurikulum ang paghihikayat sa mga tao na huwag magturo ‘sa dating paraan,’” sabi ni Bishop Boyd Roberts. “Kailangan tayong tumigil na magpalaganap lang

ng impormasyon, huwag humarang sa daan, at hayaang ang Espiritu ang magturo.”

“Isang bagong paraan ito ng pagtuturo na maaaring mahirap para sa ilang tao,” sabi ni Lisa Smith, isang Relief Society president, patungkol sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*. “Kaya mahalagang ipakita ang mabubuting pamamaraan ng pagtuturo at hikayatin ang mga lider na palaging dumalo sa mga teacher council meeting na kasama ng mga guro,” sabi niya.

PAGHAHANDA AT PAGTUTURO

Sinabi ni David Mickelson, isang high priest group teacher, na ang pariralang “masigasig kayong magturo” sa Doktrina at mga Tipan 88:78 “ay may kinalaman sa paghahanda natin sa simula pa lang at sa kakayahan nating masigasig na sundin ang Espiritu habang nagtuturo tayo. Kung masigasig tayong magtuturo, tutulungan tayo ng biyaya ng Tagapagligtas at tuturuan tayo nang mas perpekto. Palagay ko iyan ang perpektong paraan ng pagtuturo ng Panginoon. Ang guro—ang taong namumuno sa talakayan—ay kailangang maging handang maturuan ng Espiritu.”

Naghanda si Adan Bushman, isang elders quorum teacher, para sa mga lesson sa pamamagitan ng pagrerebyu ng napiling mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at pagkatapos ay isipin nang may panalangin kung aling mga konsepto ang pinakamahalaga



para sa korum. “Para matulungan ang mga tao na magkaroon ng mas maraming oras na magnilay-nilay,” paliwanag niya, “may ipinapadalang isang email sa linggong iyon na nagsasabing, ‘Ito ang mensaheng tatalakayin natin at gusto naming pag-isipan ninyong lahat ang sumusunod na mga tanong.’”

PAKIKIPAGSANGGUNIAN AT PAG-AARAL NANG SAMA-SAMA

“Ang mga Linggo sa Relief Society ay hindi na responsibilidad lang ng mga lider,” sabi ni Brooke Jensen, isang tagapayo sa isang Relief Society presidency. “Bawat miyembro ay may aktibong tungkulin.”

Nadama ni Brother Bushman na ang pag-upo nila nang pabilog ay nakagawa ng kaibhan. “Gustung-gusto ko iyon,” sabi niya. “Binabago nito ang takbo ng pag-uusap. Binabago nito ang mga inaasahan ng mga tao. Ngayo’y mas marami nang nakikilahok. Sa halip na dalawa o tatlong kalalakihan na karaniwang sumasagot sa tanong, may mga iba nang nagkokomento.”

Nang unang marinig ni Rebecca Siebach, isang Relief Society sister, ang bagong pokus sa mga council, agad niyang naisip ang mga kaibigang naging di-gaanong aktibo. “Alam ko ang mga problema nila,” sabi niya. “Ipinagtapat nila sa akin ang kawalan nila ng tiwala sa sarili at pagsusumikap nilang magsimba, at naisip ko, tamang-tama ang oportunidad na ito para sabihin sa kanila na, ‘Kailangan namin kayo sa council! Pumunta kayo at magbahagi!’”

“Nang sa wakas ay nagsalita ako sa isang council meeting,” sabi ni LonaMarie Cook, isang tagapayo sa Relief Society presidency, “nakakatuwa na may mga taong nagpatunay sa naisip ko at maging bahagi ng komunidad na iyon.”

PAGTANGGAP NG AT PAGKILOS AYON SA INSPIRASYON

“Lumilikha tayo ng isang kapaligiran para makapagturo ang Espiritu at para marinig at makinig tayo,” sabi ni Bishop Roberts. “Ang Espiritu kung gayon ang

nagiging guro, na nagpapakita sa atin kung ano ang kailangan nating gawin sa ating personal na buhay, sa pamilya, at sa mga calling. Ang ginagawa natin dahil sa mga pahiwatig na iyon ay humahantong sa tunay na pagbabalik-loob at paglilingkod.”

Sinabi ni Susan Farr, isang Relief Society president, “Ang pamamaraang ito ang nagtutulak sa atin na tumindig at magtrabaho, hindi basta iwan ang lesson na iniisip ‘na nakasisigla iyon,’ ngunit pagkatapos ay agad itong kalimutan. Ang pagsasanggunian ay tumutulong sa atin na makita na ang pagkatuto at pagkilos ay nakasalalay sa ating lahat—hindi lamang sa guro.”

“Habang itinatala natin ang ating mga impresyon at pagkatapos ay kumikilos tayo ayon dito, nagbabago ang ating puso at nagiging mas mabubuting lingkod tayo ng Panginoon,” sabi ni Susan Mitchell, isang tagapayo sa Relief Society presidency.

“Dahil alam ninyo na pananagutin kayo sa isang bagay at may magtatanong sa inyo kung ano ang inyong nadama,” sabi ni Sister Smith, “nagiging aktibong kalahok kayo sa pagpapatatag ng inyong patotoo.”

Sinabi ni Landen Roundy, isang high priests group leader, na ang pag-email ng mga tala tungkol sa tinalakay at ipinlano ay “tumutulong sa mga miyembro na mapansin ang mga nararanasan nila sa buong linggo na maaari nilang ibahagi sa kasunod na Linggo.”

“Mula sa mga talang iyon,” dagdag pa ni Bishop Roberts, “nakita ko ang patuloy na diwa ng pagbabahagi at pagkatuto sa buong linggo habang tinatalakay ng kalalakihan sa pamamagitan ng email ang dagdag na mga kaisipan at damdamin, na nagpapalakas sa kanilang korum.”

“Nais ng Panginoon na ibaling natin ang ating puso sa isa’t isa at magagawa iyon kapag nagpulong tayo nang may layunin,” pagtatapos ni Sister Siebach. “Ang bagong kurikulum na ito ay tumutulong sa atin na tukuyin ang mga paksang naaayon sa ating interes, magtakda ng mga mithiin, hanapin ang tamang pagkukunan ng

mga sagot, tumanggap ng personal na paghahayag, at mapasigla ng isa’t isa sa pamamagitan ng pagbaling natin sa mga buhay na propeta para sa mga sagot na kailangan natin sa ating panahon.” ■

PAANO TAYO MAKAPAGHAHANDA?

Gagamitin ang bagong resources na *Pumarito Ka, Sumunod Ka* sa *Akin* para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society meetings sa buong Simbahan simula sa Enero 2018. Kaya ano ang magagawa ng mga unit ng Simbahan para mapaghandaan ang pagbabagong ito?

- Maglaan ng kaunting oras sa paparating na ward council para sama-samang tingnan ang resources at talakayin kung ano ang naiba. Anong mga pakinabang ang darating?
- Anyayahan ang ward council na magmungkahi ng mga paksa para sa mga council meeting sa unang Linggo na makakatugon sa mga pangangailangan ng ward o branch. Maaaring magpasiya ang priesthood at Relief Society leaders kung kailan at paano tutugunan ng kanilang organisasyon ang mga pangangailangang ito.
- Ipaalam at talakayin ang bagong resources sa isang paparating na quorum, group, o Relief Society meeting. Ano ang magagawa ng bawat miyembro upang maging handa para sa mga pagbabagong ito?
- Hikayatin ang mga guro at lider ng priesthood at Relief Society na dumalo sa teacher council meetings para ibahagi at talakayin ang kanilang mga karanasan, hamon, at tanong tungkol sa bagong resources.

Sulyap sa Isang Council Meeting

Linggo ng umaga, at nakaupo sa council ang 45 kababaihan ng Bugambillas Ward sa Guadalajara, Mexico. Pagkatapos ng pambungad na himno, inanyayahan ng Relief Society president na si Yara Ramirez ang ilan sa kanila na magbahagi ng mga karanasan mula sa kanilang lesson noong nakaraang linggo.

Matapos ibahagi ng kababaihan nang ilang minuto ang kanilang mga karanasan, isinulat ni Sister Ramirez sa pisara ang isang salita bago siya bumalik sa kanyang upuan sa bilog.

“Pagkakaisa,” nakasaad doon.

Sa ilalim ng pamamahala ni Sister Ramirez, binuklat nila ang Mosias 18:21 at binasa, “. . . ang kanilang mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa’t isa.”

“Ano ang magagawa natin bilang Relief Society para maipamuhay ang talatang ito?” itinanong niya.

Nag-isip sandali ang kababaihan. “Hindi makakapunta ang mga kabataan sa templo,” sabi ng isang sister. “Hindi sapat ang adult sisters na sasama sa kanila.”

“Hindi ko alam iyon,” sinabi ng isa pa, na mukhang nagulat. “Kung hindi mo alam na may pangangailangan,” itinanong niya, “paano ka makakatulong?”

“Kaya nga tayo narito,” sasagot si Sister Ramirez. “May mga pangangailangang katulad nito na nalalaman ko sa ward council kung saan ay makakatulong tayo.”

“Bakit hindi tayo gumawa ng isang kalendaryo?” mungkahi ng isa. Naging mas interesado na ang grupo ngayon. “Palagay ko nakaiskedyul ang mga kabataan sa templo isang Huwebes kada buwan.”

“Nahihirapan akong pumunta nang mag-isa sa templo,” pag-amin ng isang bata pang ina sa grupo. “Matagal na akong hindi nakakapunta roon, at

pakiramdam ko medyo sarili ko lang ang iniisip ko. Gustung-gusto kong pumunta at maglingkod,” sabi niya.

Tumango ang iba pa. Hirap na hirap silang dumalo nang kasindalas ng gusto nila.

Iminungkahi ng isang batang ina na magpalitan sila sa pag-aalaga ng bata at maghalinhinan sa pagpunta sa templo.

Pagkatapos, nagsimula ang mga kababaihan na magtanungan kung saan nakatira ang bawat isa at kung sino ang nakatira na malapit sa kanila. Tinalakay nila kung paano sila makakapaghalinhinan para makapunta ang mga kabataan sa kanilang mga aktibidad.

“Kakailanganin din nating kilalanin ang isa’t isa,” sinabi ng isa. “Dapat ay may mga aktibidad tayo!”

Patuloy na nagkomento ang kababaihan, nagbibigay ng mga mungkahi at nagtatanong.

Sa pagtatapos ng council, ipinabuod ni Sister Ramirez sa kanyang secretary ang mga napag-usapan. “Ano ang nadama ninyong lahat sa council?” tanong niya.

Sumagot sila na mas nalaman nila ang mga pangangailangan ng lahat, na kailangan ang kanilang paglilingkod, at na mga kaibigan ang kasama nila.

“Batay sa naranasan natin ngayon, ano ang partikular na gusto nating pagtuunang gawin sa buwang ito bilang Relief Society?” tanong niya.

Bilang isang grupo, nagpasiya silang magkaroon ng potluck sa Linggong iyon pagkatapos ng simba, magsimulang maglaro ng volleyball tuwing Huwebes ng gabi, magkalendaryo ng pagpunta sa templo, at magplano kung paano tutulungan ang mga kabataan na makapunta sa mga aktibidad.

“Nakaranas tayo ng pagkakaisa ngayon,” pagtatapos ni Sister Ramirez, na inanyayahan ang bawat miyembro na mag-isip ng mga paraan na makapaglilingkod sila sa buong linggo. “Patuloy tayong bibigyan ng Espiritu Santo ng mga pahiwatig kapag kumilos tayong mag-isa at bilang isang Relief Society. Inaanyayahan ko kayo na maghandang ibahagi ang inyong mga karanasan sa susunod na Linggo.” ■

MGA MUNGKAHI PARA SA COUNCIL MEETINGS

- Magtiyaga at tulutan ang Panginoon na ituro sa inyo kung ano ang ibig sabihin ng magsanggunian.
- May mga alituntunin na maaari nating isaisip: Sundin ang Espiritu, ibahagi ang inyong mga iniisip, at kumilos ayon sa mga impresyon.
- Panatiliing bukas ang inyong puso’t isipan sa mga bagong ideya, pananaw, at solusyon.
- Bago matapos ang bawat miting, isipin ang naituro sa inyo ng Espiritu; pagkatapos ay magpasiya kung paano kayo kikilos ayon sa Kanyang mga pahiwatig.




Nakaupo sa council ang Relief Society sisters sa Guadalajara, Mexico.



Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—
Para sa Melchizedek Priesthood at
Relief Society



*Hanapin ang mga resources na
ito sa Gospel Library app at sa
comefollowme.lds.org.*



Ano ang Naiiba?

Sa mga huling araw, ipinangyayari ng Diyos ang priesthood at inorganisa ang mga kumunyon ng priesthood at Relief Society upang makatulong sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain (tingnan sa Moises 1:39). Kaya tuwing Linggo kapag nagtitipon tayo sa mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society, tayo ay nagtitipon upang talakayin at planuhin kung paano natin maisasakatuparan ang Kanyang gawain. Kaya

kailangan na ang mga miting na ito ay maging higit pa sa mga klase. Ang mga ito ay mga oportunidad rin upang magsanggunian tungkol sa gawain ng kaligtasan, sama-samang matuto mula sa mga turo ng mga lider ng Simbahan sa gawaing iyan, at magplano upang maisakatuparan ito. Ang mga pagbabagong ito sa ating mga miting tuwing Linggo ay tutulong sa atin na tuparin ang mga layuning ito.

Buwanang Iskedyul

Ang mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing Linggo ay susunod sa buwanang iskedyul na ito:

LINGGO	LAYUNIN
Unang Linggo	Magsanggunian tungkol sa lokal na mga responsibilidad, oportunidad, at hamon at gumawa ng mga plano upang kumilos
Ikalawa at Ikatlong Linggo	Pag-aralan ang mga nakaraang mga mensahe sa pang-kalahatang kumperensya na pinili ng presidency o mga lider ng grupo, o minsan ng bishop o stake president
Ikaapat na Linggo	Talakayin ang isang piling paksa na itinalaga ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol
Ikalimang Linggo	Tumugon sa isang paksang pinili ng bishopric



Isang Pattern para sa Ating mga Miting

Sa bawat miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society, sinusunod natin ang isang pattern upang maisakatuparan ang gawain ng Diyos.

1. *Magbahagi ng mga karanasan* dulot ng mga pahiwatig at paanyayang natanggap sa mga nakaraang miting ng priesthood o Relief Society (pinamumunuan ng isang presidency o lider ng grupo).
2. *Magsanggunian* (unang Linggo, pinamumunuan ng isang presidency o lider ng grupo) o *magkakasamang matuto* (ikalawa, ikatlo, at ikaapat na Linggo, pinamumunuan ng isang tinawag na guro).
3. *Magplano upang kumilos* bilang isang grupo o indibidwal (pinamumunuan ng isang presidency o lider ng grupo).



MGA COUNCIL MEETING SA UNANG LINGGO

Sa unang Linggo ng bawat buwan, ang mga miting ng korum, grupo, at Relief Society ay *hindi magkakaroon ng isang lesson na itinuturo ng isang guro*. Sa halip, ang mga presidency o group leader ang mamumuno sa isang council meeting. Ang bawat korum, grupo, o Relief Society

ay mag-uusap tungkol sa mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon; matututo sa mga ideya at karanasan ng isa't isa; at magpapalano ng mga paraan upang sundin ang mga pahiwatig na natanggap mula sa Espiritu.

Bago Mag-Council Meeting

- Tinutukoy ng mga lider ang mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon at mapanalanging pumipili ng isang paksa na pag-uusapan.
- Hinahangad ng bawat isa ang patnubay ng Espiritu.
- Naghahanda ang lahat upang magbahagi ng mga ideya at karanasan.

Sa Oras ng Council Meeting

- Inaanyayahan ng mga lider ang mga miyembro na magbahagi ng mga karanasan sa pagsunod sa mga pahiwatig na natanggap nila sa nakaraang mga miting.
- Nagsasanggunion ang lahat tungkol sa paksa, nakikinig sa isa't isa, at naghahangad ng patnubay ng Espiritu.
- Ibinubuod ng mga lider ang maha-halagang punto at nag-aanyayang kumilos.

Pagkatapos ng Council Meeting

- Sinusunod ng lahat ang mga pahiwatig at paanyaya, nang sama-sama at bilang mga indibidwal.
- Naghahanda ang lahat upang ibahagi ang kanilang mga karanasan sa susunod na miting.



"NASA PALIGID NATIN ANG PAGHAHAYAG." ¹

Elder Neil L. Andersen

"TAYO ANG KANYANG MGA KAMAY." ²

Pangulong Dieter F. Uchtdorf

MGA TALA

1. Neil L. Andersen, sa Adam C. Olson, "Binigyang-diin sa Pagsasanay sa Hanbuk ang Gawain ng Kaligtasan," *Ensign* o *Liahona*, Abr. 2011, 76.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Kayo ang Aking mga Kamay," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2010, 68.

Mga Alituntunin ng Pagsasanggunian

Hindi lahat ng council meeting ay magkakatulad. Hayaan ninyong ang Panginoon ang magturo sa inyo. Narito ang ilang alituntunin upang makapagsimula kayo:

1. Ang layunin ng council meeting ay ang makapagsanggunian ang bawat isa tungkol sa mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon; matuto sa mga ideya at karanasan ng isa't isa; at magplano ng mga paraan upang sundin ang mga pahiwatig na natanggap mula sa Espiritu.
2. Ang isang council meeting ay dapat na humantong sa pagkilos—mga plano ng indibidwal at grupo na binigyang-inspirasyon ng Espiritu, na kumilos pagkatapos ng miting upang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon (tingnan sa D at T 43: 8-9).
3. Dapat gamitin ng mga council ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta at apostol sa mga huling araw, iba pang mga General Authority, at mga General Officer upang gabayan at suportahan ang talakayan. Sa ganitong paraan, ang mga salita ng inspiradong mga lider ng Simbahan ay makatutulong sa mga korum, grupo, at

Relief Society upang matugunan ang mahahalagang pangangailangan.

4. Hindi dapat talakayin ang mga kompidensyal o sensitibong isyu tungkol sa mga indibidwal na miyembro o mga pamilya.
5. Kahit pinamumunuan ng isang miyembro ng presidency o group leadership ang council meeting, hindi lamang siya ang magsasalita sa pagbabahagi. Pinasisimulan ng lider ang isang isyung tatalakayin at inaanyayahan ang lahat na magbahagi ng mga ideya at karanasan, ayon sa patnubay ng Espiritu.
6. Samantalang walang dapat makadama ng pamimilit na makibahagi, lahat ay dapat malayang makapagbahagi ng mga komento at mga ideya nang walang takot na mapuna.
7. Kung maaari, umupo nang pabilog dahil makatutulong ito sa bukas na pagbabahagi at talakayan.

Mga Paksang Maaaring Talakayin sa mga Council Meeting sa Unang Linggo

Ang mga ideya para sa mga paksang tatalakayin sa mga council meeting ay maaaring magmula sa ward council, presidency meeting, plano ng area, mga

impresyon ng mga lider mula sa paglingkod sa mga miyembro, at mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo. Ang mga paksa sa ibaba ay mga mungkahi lamang. Maaaring alam ng mga lider ang iba pang mga pangangailangan na nadarama nilang dapat talakayin.

- Paano natin mabibigyan ng tamang pansin at oras ang iba't ibang mga responsibilidad natin?
- Paano tayo mas mapapalapit sa Diyos at tatanggap ng higit pang patnubay mula sa Espiritu sa ating buhay at sa ating mga tahanan?
- Paano natin ibabahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan at kapitbahay? (tingnan sa Alma 17).
- Paano natin mapoprotektahan ang ating sarili at ating pamilya mula sa di-angkop na media at pornograpiya? (tingnan sa D at T 42:22-23).
- Ano ang gagawin natin para turuan at palakasin ang ating mga anak at mga kabataan sa ating ward?
- Paano natin mapag-iibayo ang pagkakaisa sa ating mga korum, grupo, o Relief Society? (tingnan sa Mosias 18:19-22).
- Paano tayo higit na makikibahagi sa gawain sa family history at pagsamba sa templo?
- Paano natin hihilingin ang tulong ng Panginoon kapag tayo ay naghahangad ng mga sagot sa ating mga katanungan at ng mas malalim na pag-unawa sa ebanghelyo?
- Paano magiging mas mabuting mga lider ang mga magulang sa tahanan?
- Paano natin mapapalakas ang ating patotoo tungkol sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo at matutulungan ang ating pamilya upang maging self-reliant sa espirituwal?
- Ano ang ibig sabihin ng maglingkod? Paano tayo naglilingkod sa mga taong nasa paligid natin? (tingnan sa I Ni Pedro 4:11).

Kung maaari, ipaalam ng mga lider sa mga miyembro ang paksa nang maaga upang sila ay maging handa na talakayin ito.



MGA MITING SA IKALAWA AT IKATLONG LINGGO

Sa ikalawa at ikatlong mga Linggo ng bawat buwan, pinag-aaralan ng mga korum ng Melchizedek Priesthood at mga Relief Society ang mga turo ng mga buhay na propeta, mga Apostol, at iba pang mga pinuno ng Simbahan mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. **Ang anumang mensahe mula sa pinakahuling kumperensya ay maaaring talakayin.**

Kadalasan, ang panguluhan ng korum, pamunuan ng grupo, o Relief Society presidency ang pipili ng isang mensahe sa kumperensya na pag-aaralan batay sa mga pangangailangan ng mga miyembro, kahit na ang mga bishop o stake president ay maaaring magbigay ng input. Ang mga lider ay maaaring pumili ng isang mensaheng nauugnay sa paksang tinatalakay sa council meeting sa unang-Linggo, o maaari silang pumili ng isa pang mensahe batay sa inspirasyon ng Espiritu. Ang mga lider at mga guro ay dapat humanap ng mga paraan upang hikayatin ang mga miyembro na basahin ang mga piniling mensahe nang maaga at maghandang magbahagi ng mga ideya. Ang iminungkahing mga aktibidad sa pag-aaral na nasa ibaba, na batay sa mga alituntunin sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*, ay paraan para maging abala ang mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya.

Sharon Eubank, “Pagliwanagin ang Inyong Ilaw”

Sabihin sa mga miyembro ng inyong korum o Relief Society na isipin kung paano naimpluwensyahan ang buhay nila sa kabutihan ng isang matwid at tapat na babae. Isiping anyayahan ang ilang miyembro na magbahagi kung paano inilalarawan ng babaeng ito ang isa o higit pa sa mga katangian ng mabubuting kababaihan na nakasaad sa mensahe ni Sister Eubank. Ano ang natututuhan natin mula kay Sister Eubank tungkol sa kung paano tayo magiging “isang *malaking puwersa* kapwa sa pagdami at sa espirituwal na pag-unlad ng Simbahan sa mga huling araw?”

Neill F. Marriott, “Pagsunod sa Diyos at Pag-alis ng Agwat”

Ang mensaheng ito ay makakatulong sa mga miyembro na maaaring nakadarama na sila ay nahihwalay sa Ama sa Langit o sa mga nasa paligid nila. Ano ang makakatulong sa mga tinuturuan mo para maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng agwat? Siguro maaari kang magdala ng mga larawan ng iba’t ibang uri ng mga agwat. Paano ipinaliwanag ni Sister Marriott ang agwat? Ano ang maaaring maging sanhi ng mga agwat sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa iba? Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe ni Sister Marriott para sa mga mungkahi kung ano ang magagawa natin upang ayusin ang mga agwat o sira sa ating buhay. Bigyan ng oras ang mga miyembro na isulat kung ano ang ipinahihiwatig ng Espiritu na dapat nilang gawin para mas mapalapit sa Diyos at sa iba pang tao.

Joy D. Jones, “Halagang Hindi Masusukat”

Ano ang mga pagpapalang dumadaloy sa ating buhay kapag nauunawaan natin ang ating banal na pagkatao? Para masagot ang tanong na ito, maaaring repasuhin ng mga miyembro ng inyong korum o ng Relief Society ang mga kuwento nina Mariama, Renu, at Taiana sa mensahe ni Sister Jones. Anong payo ang ibinibigay ni Sister Jones upang tulungan tayong “alalahanin at yakapin ang ating banal na pagkatao”? Anyayahan ang mga miyembro na hanapin at talakayin ang isang talata o sipi sa mensahe ni Sister Jones na tumutulong sa kanila na maunawaan ang kanilang tunay na kahalagahan sa Diyos. Sabihin sa kanila na ibahagi ang isa sa mga banal na kasulatan o mga siping ito sa isang taong nangangailangan ng paalala tungkol sa kanyang banal na kahalagahan.

Dieter F. Uchtdorf, “Tatlong Magkakapatid na Babae”

Ang isang paraan para repasuhin ang mensahe ni Pangulong Uchtdorf ay hatiin ang korum o ang Relief Society sa maliliit na grupo. Maaari mong atasan ang bawat grupo na basahin ang tungkol sa isa sa magkakapatid na babae sa mensahe ni Pangulong Uchtdorf. Bawat grupo ay



maaaring sumulat ng liham sa kapatid na iyon na ibinubuod ang kanyang payo at ibahagi ang isinulat nila sa iba pang grupo. Ano ang magagawa natin upang maging mas katulad ng ikatlong kapatid na babae? Paano natin magagawa ang ating korum o Relief Society na isang “ligtas na tahanan” para sa mga taong nahihirapan?

Dieter F. Uchtdorf, “Pananabik na Makauwi”

Paano mo matutulungan ang iyong mga tinuturuan na makilala kung paano sila ginagamit ng Diyos para pagpalain ang iba? Maaari mo silang anyayahan na repasuhin ang bahagi ng mensahe ni Pangulong Uchtdorf na pinamagatang “Gagamitin Kayo ng Diyos,” na hinahanap ang mga pangakong ginawa sa mga taong nagsisikap na maglingkod sa kaharian ng Diyos sa kabila ng kanilang mga kahinaan. Ang pagbabasa ng mensaheng ito ay maaari ding magpaalala sa mga miyembro tungkol sa mga karanasang maibabahagi nila kung saan ginamit sila ng Diyos para pagpalain ang iba—o kung saan ginamit Niya ang iba para pagpalain sila. Bigyan ng oras ang mga miyembro na mapagnilayan ang nadarama nilang dapat nilang gawin dahil sa talakayang ito.

Bonnie L. Oscarson, “Ang mga Pangangailangan na Nasa Ating Harapan”

Isang paraan para simulan ang talakayan tungkol sa mensahe ni Sister Oscarson ay bigyan ang lahat ng papel na may nakasulat na “Sino ang nangangailangan sa akin ngayon?” sa bandang itaas. Ang

mga miyembro ng inyong Relief Society o korum ay maaaring mag-ukol ng ilang minuto sa pagbubulay at paglilista ng mga sagot sa tanong na ito. Pagkatapos maaari nilang saliksikin ang mensahe ni Sister Oscarson para sa mga ideya tungkol sa kung paano nila mapaglilingkuran ang mga tao na nasa kanilang listahan—o magdagdag ng mga pangalan ayon sa inspirasyon. Maaari sigurong ibahagi ng ilan ang kanilang natutuhan.

Dallin H. Oaks, “*Ang Plano at ang Pagpapahayag*”

Paano kikilos ang mga miyembro ng inyong korum, grupo, o Relief Society sa paanyaya ni Elder Oaks na “ituro [at mamuhay]” ayon sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak, sa tahanan, sa komunidad, at sa simbahan? Anyayahan silang magbahagi ng mga ideya sa isa’t isa. Maaaring makatulong din ang pagsasaliksik sa mensahe para sa ilang mga doktrinal na pahayag mula sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak. Paano tayo tinutulungan ng mga pahayag na ito sa pagtugon sa “mga hamon sa pamilya sa kasalukuyan”? Ang bahagi IV ng mensahe ni Elder Oaks ay naglalaman ng ilang halimbawa ng gayong mga pahayag.

D. Todd Christofferson, “*Ang Tinapay na Buhay na Bumabang Galing sa Langit*”

Narito ang ilang tanong na maaaring nasa isip ng mga miyembro ng Relief Society at ng korum habang nirerepaso nila ang mensahe ni Elder Christofferson: Ano ang kabanalan? Paano natin hahanapin ang kabanalan? Paano nakakatulong sa ating mga pagsisikap ang pagtanggap ng sakramento? Maaaring magbahagi ang mga miyembro ng mga salita mula sa mensahe ni Elder Christofferson na tumutulong sa pagsagot sa mga tanong na ito. Paano natin tinutulungan ang bawat isa bilang “kapwa mga Banal” sa pagsisikap nating maging mas banal?

Jeffrey R. Holland, “*Kayo Nga’y Mangagpakasakdal—Sa Wakas*”

Maaaring nadarama ng ilan sa iyong mga tinuturuan na hindi sila makaabot sa pamantayan kapag pinag-uusapan na ang pamumuhay ng mga turo ng Tagapagligtas. Ano ang itinuturo ni Elder Holland

na maaaring magbigay ng kapanatagan at manghikayat sa mga taong maaaring ganito ang nararamdaman? Maaari mong anyayahan ang mga miyembro ng Relief Society o ng korum na maghanap ng isang bagay sa mensaheng ito na maibabahagi nila sa isang tao na nahihirapang madama na “sapat ang kabutihan” nila. O maaari nilang hanapin ang isang bagay sa mensahe na nagbigay-inspirasyon sa kanila upang madama ang “ibayong pagmamahal at paghanga [kay Cristo] at ang mas malaking pagnanais na maging katulad Niya.”

Gary E. Stevenson, “*Espirituwal na Eclipse*”

Naranasan na ba ng sinuman sa inyong korum o mga miyembro ng Relief Society ang isang solar eclipse? Kung oo, maaari mong anyayahan ang isa sa kanila na ipaliwanag ang analohiya na ibinahagi ni Elder Stevenson tungkol sa “espirituwal na eclipse.” Anong mga sagabal ang maaaring “[humaharang] sa lawak, ningning, at init ng ilaw ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo”? Paano tayo maaaring magambala ng social media sa “kagandahan, init, at makalangit na liwanag ng ebanghelyo”? Paano natin isusuot ang “mga salamin ng ebanghelyo” na nagpoprotekta sa atin mula sa espirituwal na pagkabulag? Ano ang itinuturo sa atin ng analohiya ni Elder Stevenson tungkol sa pagpapanatili ng pananaw ng ebanghelyo?

Quentin L. Cook, “*Ang Araw-Araw na Walang-Hanggan*”

Ipinapaalala sa atin ng mensahe ni Elder Cook ang kahalagahan ng pagsisikap na maging mapagpakumbaba sa iba’t ibang paraan. Ang isang paraan upang talakayin ang itinuturo niya ay hatiin sa dalawang grupo ang mga miyembro. Sabihan ang isang grupo na maghanap ng mga mungkahi sa mensahe ni Elder Cook na maaaring makatulong sa atin na maging mapagpakumbaba, at sa isang grupo na maghanap ng mga paraan na ang mga tao ay nagpapamalas ng kapalaluan. Anyayahan ang bawat grupo na ibahagi ang kanilang paglalarawan sa isa pang grupo. Ang mga miyembro ay maaari ding magbahagi ng mga paraan

na makapagpapakita sila ng “araw-araw na pagpapakumbaba” sa kanilang buhay at pag-isipan kung paano makakatulong sa kanila ang pagpapakumbabang ito na maghanda sa pagharap sa Diyos.

Ronald A. Rasband, “*Sa Banal na Plano*”

Para makahikayat ng talakayan tungkol sa mensahe ni Elder Rasband, maaaring makatulong ang pag-anyaya sa ilang miyembro na magdala ng isang pattern sa pananahi, isang blueprint, o isang putahe at pag-usapan kung bakit nakakatulong ang mga ito. Anong mga halimbawa o mga turo mula sa mensahe ni Elder Rasband ang nakahihikayat sa mga miyembro na makilala ang layunin o disenyo ng Diyos para sa kanilang buhay? Siguro maaaring magbahagi ang mga miyembro ng klase ng mga karanasan kung saan nakita nilang ginagabayan ng Panginoon ang kanilang buhay. Ano ang nagawa nila para maipakita sa Diyos na “pinahahalagahan” nila ang Kanyang patnubay? Bakit mahalagang kilalanin ang “banal na disenyo” ng Diyos?

Russell M. Nelson, “*Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?*”

Inanyayahan ni Pangulong Nelson ang mga miyembro na pag-isipan ang tatlong tanong: (1) “Ano kaya ang magiging buhay ninyo kung *wala* ang Aklat ni Mormon?” (2) “Ano ang *hindi ninyo malalaman?*” (3) “Ano ang *hindi mapapasainyo?*” Anyayahan ang mga miyembro ng inyong korum, grupo, o Relief Society na pagnilayan ang mga tanong at ibahagi kung paano nila sasagutin ang mga ito. Ano ang nakikita nila sa mensahe na nagbigay-inspirasyon sa kanila upang pahalagahan ang Aklat ni Mormon ng higit pa sa “mga diyamante o mga rubi”?

Dale G. Renlund, “*Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas*”

Paano mo matutulungan ang mga miyembro ng inyong korum o ng Relief Society na maunawaan kung paano sila tinutulungan ng priesthood na mapasakanila ang mga pagpapala ng

Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? Maaari mong isulat ang dalawang pamagat na ito sa pisara: “Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo” at “Paano ‘inihahatid’ ng priesthood ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala sa atin.” Pagkatapos ay anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe ni Elder Renlund, na naghahanap ng mga parirala na isusulat sa ilalim ng bawat pamagat. Paano nakakatulong ang priesthood at mga ordenansa nito sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak?

Dieter F. Uchtdorf, “Mga Tagadala ng Makalangit na Liwanag”

Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe ni Pangulong Uchtdorf at tukuyin kung paano nakakaapekto ang pagkakaroon o kawalan ng banal na liwanag sa ating buhay. Maaari mong anyayahan ang mga miyembro na pag-aralan ang ilan sa binanggit na mga banal na kasulatan ni Pangulong Uchtdorf at tukuyin ang mga katotohanang may kinalaman sa espirituwal na liwanag. Ano ang itinuturo sa atin ng metapora ng eclipse tungkol sa papel na ginagampanan ng kalayaan sa paghahanap ng espirituwal na liwanag? Ano ang magagawa natin upang ibahagi sa iba ang banal na liwanag si Jesucristo, lalo na sa ating pamilya at sa “ating mga kabataan, na naghahangad ng liwanag”?

Henry B. Eyring, “Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan”

Anyayahan ang mga miyembro ng inyong korum o ang mga miyembro ng Relief Society na magbahagi ng mga karanasan kung saan kinailangan nilang magkaroon ng pananampalataya na ang kanilang tungkulin o ang tungkulin ng ibang tao ay nagmula sa Diyos. Paano nila ipinakita ang kanilang pananampalataya? Paano nila nalaman na ang tungkulin ay mula sa Diyos? Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe ni Pangulong Eyring at tukuyin ang mga katotohanang natutuhan nila mula sa sariling karanasan na maaaring makatulong sa atin na magtiwala at pagpasensyahan ang ating sarili at ang iba na tinawag ng Panginoon.

Jean B. Bingham, “Upang ang Inyong Kagalakan ay Malubos”

Matutulungan ng mensahe ni Sister Bingham ang mga miyembro ng inyong Relief Society o ng korum na maunawaan kung paano makasusumpung ng kagalakan, sa kabila ng mga paghihirap sa buhay, sa paglapit natin kay Cristo. Ang isang paraan upang talakayin ang kanyang mensahe ay ang pagdrowing ng isang landas sa pisara na papunta sa salitang *kagalakan*. Anyayahan ang ilang miyembro na isulat sa landas ang isang mungkahi mula sa mensahe ni Sister Bingham na humahantong sa tunay na kagalakan. Hikayatin ang mga miyembro na mag-isip ng mga paraan na maaari nilang masunod ang payo ni Sister Bingham. Anyayahan ang ilang miyembro na ibahagi ang kanilang mga naiisip.

David A. Bednar, “Napakadakila at Mahahalagang Pangako”

Upang matulungan ang mga miyembro ng inyong Relief Society o ng korum na talakayin ang mensahe ni Elder Bednar, maaari kang maglagay ng mga larawan sa pisara na kakatawan sa Sabbath, sa templo, at sa ating mga tahanan. Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang kaukulang mga bahagi sa mensahe ni Elder Bednar at isulat sa pisara kung paanong ang araw ng Sabbath, ang templo, at ang ating mga tahanan ay tumutulong para makapagtuon tayo sa mga pangako ng Diyos sa atin. Anong mga bagay sa ating buhay ang maaaring makaagaw ng ating pansin mula sa mga pangakong ito? Anong mga hakbang ang magagawa natin para matiyak na naaalaala natin ang mga ito?

Henry B. Eyring, “Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti”

Matutulungan ng mensahe ni Pangulong Eyring ang mga tinuturuan mo na makita ang lakas-ng-loob at pananampalataya na gumawa ng mabuti sa mundo. Maaari mong anyayahan ang ilang miyembro na ibuod ang mga halimbawa ng matatapat na tao na ibinahagi ni Pangulong Eyring. Ano ang itinuturo sa atin ng mga halimbawang ito kung paano maglingkod sa ibang tao? Ano ang

iminumungkahi ng mga halimbawang ito tungkol sa mga paraan na makapaglingkod tayo bilang isang korum o Relief Society?

Ang isa pang paraan para talakayin ang mensaheng ito ay repasuhin ang mga pagpapala na nakita ni Pangulong Eyring sa pagsunod sa payo ni Pangulong Thomas S. Monson na pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Anong mga pagpapala ang nakita natin mula sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon?

M. Russell Ballard, “Patuloy ang Paglalakbay!”

Upang simulan ang isang talakayan tungkol sa mensahe ni Elder Ballard, maaari mong anyayahan ang isang tao na magbahagi ng karanasan nang sila ay may pupuntahan sana ngunit natuklasan na sila ay nasa maling ruta. Paano nauugnay ang mga halimbawang katulad nito sa ating personal na “paglalakbay” pabalik sa Ama sa Langit? Maaaring hanapin ng mga miyembro ang payo at mga babala na ibinibigay ni Elder Ballard na makakatulong sa atin na malaman kung tinatahak natin ang tamang direksyon sa ating buhay. Bigyan ng panahon ang mga miyembro na pagnilayan ang kanilang sariling landas at talakayin ang mga paraan na maaaring makatulong at makahikayat sa iba sa kanilang “paglalakbay” pabalik sa Ama sa Langit.

Neil L. Andersen, “Ang Tinig ng Panginoon”

Marahil maibabahagi ng mga miyembro ng inyong Relief Society o ng korum ang isang karanasan kung saan nadama nilang makabuluhan sa kanila ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Bakit naging makabuluhan ang mga mensaheng ito? Ano ang itinuturo ni Elder Andersen tungkol sa kahalagahan ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at ng pagsisikap at proseso sa paghahanda sa mga ito? Paano dapat maapektuhan ng kaalamang ito ang pagpipilit na pag-aralan natin at pakinggan ang mga salitang ito? Isiping gumawa ng listahan ng mga imbitasyon mula sa pinakahuling kumperensya. Ano ang ginawa natin para kumilos ayon sa mga imbitasyong ito?

MGA MITING SA IKAAPAT NA LINGGO

Sa ikaapat na Linggo ng bawat buwan, tatalakayin ng mga korum, grupo, at Relief Society ang isang paksa na pinili ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Ang mga pak-sang ito ay ia-update sa bawat pang-kalahatang kumperensya. Ang paksa hanggang sa susunod na pangkalahatang kumperensya ay ang araw ng Sabbath. Maaaring pumili ang mga lider o guro mula sa mga doktrina at mga aktibidad sa pagkatuto na iminungkahi sa ibaba, pagsama-samahin ang ilan sa mga ito, o lumikha ng kanilang sariling aktibidad ayon sa mga pangangailangan ng mga miyembro.

Ang Sabbath ay araw upang alalahanin ang nagawa ng Diyos para sa atin.

Sa buong kasaysayan, naugnay ng Diyos ang ilang mahahalagang kaganapan sa araw ng Sabbath. Kabilang sa mahahalagang kaganapang ito ang Paglikha (tingnan sa Genesis 2:1–3), ang paglalakbay ng mga anak ni Israel mula sa Egipto (tingnan sa Deuteronomio 5:15), at ang Pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas (tingnan sa Juan 20:1–19; Mga Gawa 20:7). Anyayahan ang mga miyembro na suriin ang mga talatang ito at talakayin kung paano makatutulong sa atin ang pag-alala sa bawat pangyayaring ito na igalang ang araw ng Sabbath. Ano ang ilan sa mga mahalagang ginawa ng Diyos para sa atin? Paano natin maaalala ang mga bagay na ito sa araw ng Sabbath? Kung naaangkop, anyayahan ang mga miyembro na talakayin ang ganitong uri ng katanungan sa kanilang pamilya.

Si Jesucristo ay ang Panginoon ng Sabbath.

Ang Sabbath ay tinatawag ding araw ng Panginoon (tingnan sa Apocalipsis 1:10). Bakit sa palagay ninyo si Jesucristo ay tinatawag na Panginoon ng araw ng Sabbath? (tingnan sa Mateo 12:8). Magkakasamang suriin ang ilang mga talata na maaaring makatulong na hikayatin ang mga miyembro na mag-isip ng mga paraan upang

isentro ang kanilang mga karanasan sa araw ng Sabbath kay Jesucristo (halimbawa, Helaman 5:12; Eter 12:41; Moroni 10:32; at D at T 6:36 – 37). Ano ang iba pang mga talata na maaaring ibahagi ng mga miyembro na makatutulong sa kanila na isentro kay Cristo ang Sabbath? Ano ang mga mithiin na maaari nating itakda upang makatulong sa atin na magtuon sa Tagapagligtas sa buong araw ng Sabbath?

Si Jesucristo ang ating halimbawa ng paggalang sa araw ng Sabbath.

Sa Kanyang mortal na ministeryo, ang Tagapagligtas ay naghanap ng mga pagkakataon na maituro ang tungkol sa araw ng Sabbath. Imbitahan ang mga miyembro na basahin ang sumusunod na mga salaysay at gumawa ng listahan ng mga bagay na ginawa ni Jesus sa araw ng Sabbath at ang mga alituntunin na Kanyang itinuro: Lucas 6:1–11; 13:11–17; Juan 5:1–20; 9:1–16. Anong iba pang mga alituntunin tungkol sa Sabbath ang matututuhan natin sa mga sumusunod na talata? Exodo 20:8–11; 31:12–18; Isaia 58:13–14; at D at T 59:9–19. Anyayahan ang mga miyembro na ibahagi ang maaari nilang gawin upang tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas.

Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Sabbath ay Kaluguran,” *Ensign o Liahona*, Mayo 2015, 129–32.

Ang Sabbath ay araw ng pagsamba.

Isulat ang salitang *pagsamba* sa pisara at imbitahan ang mga miyembro ng klase na isulat ang iba pang mga salita na may kaugnayan sa tabi nito. At pagkatapos ay gumawa ng tatlong column sa pisara na may mga heading na *bago*, *habang*, at *pagkatapos*. Ano ang maaari nating gawin bago, habang, at pagkatapos magsimba para sambahin ang Panginoon sa Kanyang banal na araw? Maaaring sama-samang basahin ng mga miyembro ng klase ang Mosias 18:17–29 at Moroni 6 para sa mga ideya. Anyayahan ang mga miyembro na pag-isipang mabuti kung paano nakatutulong ang kanilang pag-uugali at kilos sa araw ng Sabbath na sambahin ang Panginoon sa araw na iyon (tingnan sa Exodo 31:16–17). Ano ang magagawa natin para makatulong na pagbutihin pa

ang karanasan sa pagsamba ng ating mga pamilya at miyembro ng ward sa mga miting ng Simbahan?

Ang pagtanggap ng sakramento ay tutulong na mapasaatin tuwina ang Espiritu.

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: Paano naaapektuhan ng sakramento ang buhay mo? Para masagot ang tanong na ito, anyayahan ang mga miyembro na magpares-pares at pumili at talakayin ang isang parirala mula sa mga panalangin ng sakramento sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79 at ang payo sa Doktrina at mga Tipan 59:9. Bigyan ang bawat pares ng oras upang hanapin ang mga banal na kasulatan na tutulong sa kanila na mas maunawaan ang kanilang parirala at talakayin kung paano nila sasagutin ang tanong sa pisara. Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro ng klase na pumili ng mga paboritong himno sa sakramento at sama-samang kantahin ang mga ito.

Tingnan sa Cheryl A. Esplin, “Ang Sakramento — isang Pagpapanibago ng Kaluluwa,” *Ensign o Liahona*, Nob. 2014, 12–14.

Ang Sabbath ay araw upang paglingkuran ang iba.

Ano ang matututuhan natin tungkol sa paglilingkod sa iba sa araw ng Sabbath mula sa mga paraan ng paglilingkod at pagpapala ng Tagapagligtas sa mga taong nasa paligid Niya? Hikayatin ang mga miyembro na suriin at talakayin ang Mateo 9:10–13; Lucas 19:1–9; Juan 11:32–46; 13:1–5, 12–17; at 3 Nephi 17:5–10. Imbitahan ang mga miyembro na mag-isip tungkol sa mga banal na kasulatang ito habang isinasalang-alang nila kung paano sila maaaring maglingkod sa araw ng Sabbath. Halimbawa, maaari nilang paglingkuran ang mga miyembro ng pamilya, tumulong sa mga tao at pamilya na naka-assign sa kanila sa home at visiting teaching, gumawa ng family history, dalawin ang maysakit, o ibahagi ang ebanghelyo. Marahil ay maaaring magdaos ang mga miyembro ng isang family council upang magplano ng mga paraan na maaari nilang paglingkuran ang iba sa araw ng Sabbath.



“Ang plano ng ebanghelyo na dapat sundin ng bawat pamilya upang makapaghanda para sa buhay na walang hanggan at kadakilaan ay nakasaad sa pagpapahayag ng Simbahan noong 1995, ‘Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.’ . . .

“ . . . Naging batayan ito sa pagtuturo at gawain ng Simbahan sa loob ng nakalipas na 22 taon at magpapatuloy sa hinaharap. Pag-isipan ito, ituro ito, ipamuhay ito, at kayo ay pagpapalain sa inyong pagsulong tungo sa buhay na walang hanggan.

“Apatnapung taon na ang nakararaan, itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson na ‘bawat henerasyon ay may mga pagsubok at pagkakataong manindigan at patunayan ang sari-li.’ Naniniwala ako na ang saloobin natin sa pagpapahayag tungkol sa pamilya at ang paggamit nito ay isa sa mga pagsubok na iyon para sa henerasyong ito.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Plano at Pagpapahayag,” 29, 30–31.

Ang Pagsasayaw nila
Nanay at Tatay
ni Kathleen Peterson



“Nagpapatotoo ako sa inyo nang taimtim at masaya na ang Panginoong Jesucristo ang namumuno. Pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan at ang Kanyang mga lingkod,” sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, Ika-187 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Nagpapatotoo ako na si Thomas S. Monson ang tanging tao na humahawak at gumagamit sa lahat ng susi ng banal na priesthood sa lupa.

At dalangin ko ang mga pagpapala para sa lahat ng mapagpakumbabang lingkod na naglilingkod nang kusa at mahusay sa ipinangbabalik na Simbahan ni Jesucristo na Kanyang personal na pinamumunuan. Nagpapatotoo ako na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo. Sila ay nakipag-usap sa kanya. Ang mga susi ng priesthood ay ipinangbabalik para mabasbasan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit. Ang ating misyon at ating tungkulin ay maglilingkod sa ating lugar sa layunin ng Panginoon.”